Tunay na di-masukat na biyaya na ang Isang nag-aalalay sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng salita ng Kanyang kapangyarihan ay nagmamalasakit sa mga hakbang ng Kanyang mga nilalang. Inaalok Niya sa atin ang karunungang iyon na

Kanyang ginamit sa pagtatatag ng lupa, para gumabay sa atin sa ating landas bilang manlalakbay. Ang Salita ng Diyos ay isa pang pagpapahayag ng karunungang ito na nagsalita at nalikha ang mga sanlibutan, at ito ay "isinulat para sa ating ikatututo, upang sa pamamagitan ng pagtitiis at kaaliwan ng mga kasulatan ay magkaroon tayo ng pag-asa" (Roma 15:4).

3:21-24

May nagsabi, "Hindi sapat na hawak ng isang tao ang katotohanan, kung hindi siya hawak ng katotohanan." Dapat nating hawakan ang inihayag ng Diyos upang pamahalaan nito ang puso at buhay. Sa gayon, ang "pag-iingat ng wastong karunungan at pagkamaingat" ay tumutulong sa isang tao na mahawakan ang tunay na buhay. Pinapalamutian ng karunungan at pagkamaingat ang leeg ng biyaya at pinapatnubayan ang alagad sa daan ng katotohanan upang hindi matisod ang kanyang paa. Ang kapahingahan at kaginhawahan ay nagiging bahagi rin ng lahat ng nagpapahalaga sa Salita ng Diyos nang higit sa lahat ng mga kaisipan ng tao.

3:25-26

Tanging ang masunuring kaluluwa ang makakahawak sa mahahalagang pangako ng Kasulatan. Walang ganitong karapatan ang matitigas ang ulo at masuwayin. Ang mga lumalakad nang masunurin ay hindi kailangang matakot sa kapahamakan o sa pagkawasak ng masasama. Si Jehova ang magiging kanilang pagtitiwala at iingatan Niya silang ligtas.

3:27-28

Ang huwag magkautang kaninuman maliban sa pag-ibig ay isang utos na nakatali sa bawat anak ng Diyos (Roma 13:8). Ang pagkakait ng nararapat sa iba kahit may kakayahang magbayad ay nagpapakitang nasa puso ang kasakiman at nagsisimula nang pamahalaan ang buhay. Umaasa ang mga dukha sa mga bayad para matugunan ang mga pangangailangan ng buhay. Tunay na pagdurusa ang nagiging bunga kapag ang mga bayad na ito ay ipinagpapaliban nang walang dahilan ng mga mas pinagpala sa materyal na bagay. Madalas itong humahantong sa pait at pagkamuhi. Ang ganitong pag-uugali ng isang Cristiano ay sa lahat ng paraan ay dapat ikalungkot. Ang perang utang sa iba ay hindi akin. Ang paggamit nito para sa sarili kong mga layunin ay pandaraya. Nakikita ng mata ng Diyos ang bawat ganitong kilos, at sinabi Niya, "Tiyakin ninyong hahanapin kayo ng inyong kasalanan!" (Bilang 32:23)

3:29

Ang pag-abuso sa tiwala ay isang kasuklam-suklam na bagay sa paningin ng banal na Diyos. Ang maling pagtitiwala ay nakasira na sa marami. Napakasamang patotoo kapag ang umabuso sa tiwalang iyon ay nagpapahayag na siya'y Cristiano! Ang pagkukunwaring ito ay nagpapalala ng pagdududa sa hindi mananampalataya at sumisira sa impluwensiyang maaaring sana'y naging bahagi ng mga tapat.

3:30

Kahit may nanakit sa akin, sinabi ni Cristo, "Sinasabi Ko sa inyo, Huwag ninyong labanan ang masama" (Mateo 5:39). Sa ilalim ng kautusan, kasalanan ang makipagtalo sa iba nang walang sapat na dahilan; pero sa ilalim ng biyaya, dapat kong

pakitunguhan ang mga may utang sa akin gaya ng pakikitungo sa akin ng Diyos.

3:31-35

Nainggit si Asaph sa kasaganaan ng masasama hanggang sa pumasok siya sa santuwaryo ng Panginoon. Doon ipinaunawa sa kanya ang kanilang wakas. Nalungkot ang kanyang puso, at inamin niya ang kanyang kamangmangan (Awit 73). Sa paghahangad na busugin ang kanilang kaluluwa ng mga lumilipas na bagay ng lupa, nananatiling mangmang ang masasama sa mga payo ni Jehova, na nalalaman lang ng mga matuwid. Ang kanilang wakas ay hindi kaiinggitan, sapagkat ang sumpa ng Panginoon ay nasa kanilang mga bahay, at hinahamak Niya ang kanilang palalong pagkukunwari. Ang Kanyang pagpapala ay nananatili sa tahanan ng matuwid, at Siya'y "nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba." Ang mga nakukuntentong magpakababa at lumakad sa mga yapak ni Cristo ay hahamakin ng mga marunong sa sarili nilang paningin. Pero sa huli, mamanahin ng mapagpakumbaba ang tunay na kaluwalhatian, kapag ang huwad na kislap ng makasanlibutang katanyagan ay naglaho na magpakailanman, at "kahihiyan ang magiging pagtataas sa mga mangmang."

Kawikaan 4

Ang maagang pagsasanay kay Solomon ay nakakaantig na tinutukoy sa unang apat na talata ng kabanatang ito.

4:1-4

Bilang nag-iisang anak na lalaki ng kanyang ina, si Solomon ay buong-lambing na minahal at inalagaan; bilang pinakaiibig ng puso ng kanyang ama, maingat siyang tinuruan sa kautusan ng Panginoon, at nakinabang siya rito.

Ipinapakita ng malungkot na kasaysayan ni Adonijah, kapatid ni Solomon sa ama, kung gaano kalaki ang utang na loob ni Solomon sa payo ng kanyang ina at sa turo ng kanyang ama. Hindi kailanman nakialam si David sa mga ginagawa ni Adonijah sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanya, "Bakit mo ginawa iyon?" (1 Hari 1:6) Hindi masusukat ang halaga ng disiplina ng magulang. Ang mapalaki sa pag-aaruga at payo ng Panginoon ay isang pagpapalang hindi lubos na mapapahalagahan. Nakalulungkot na magkaibang-magkaiba ang pakikitungo ni David sa dalawang anak na ito! Pero ang pananagutan ng mga anak ang binibigyang-diin sa mga talatang ito, hindi ang sa mga magulang. Si Solomon, sa kabila ng kanyang mga pagkakalihis, ay lubos na nakakaalam ng halaga ng marunong at maka-Diyos na pagtuturo.

4:5-7

Hindi lang kaalaman ang kailangan ng kaluluwa, kundi karunungan at pang-unawa para magamit ito nang tama. Ito ang pangunahing aral na itinatanim ni Solomon sa mga kabataan. Iingatan ng karunungan mula sa kamangmangan at babantayan ang mga tunay na umiibig sa kanya.

4:8-9

Sa naunang kabanata, sinasabing "kahihiyan ang magiging pagtataas sa mga mangmang" (35). Kahit sa masamang sanlibutang ito, ang karunungan ay humahantong sa karangalan at tunay na pagtataas. Pero sa gitna ng mga anak ng Diyos, kay halaga ng isang taong may karunungan! Ang kaalaman lang ay maaaring magpalaki ng kapalaluan at gawing kasuklam-suklam ang may taglay nito; pero ang salita ng karunungan ay laging napapanahon. Kahit madalas itong tinatanggihan, pinapahalagahan ito kahit paano. Madalas na sumasang-ayon ang budhi ng taong hindi espirituwal sa karunungan, kahit nakapagpasya na siyang tanggihan ito.

4:10-12

Ang aklat ng Eclesiastes, gaya ng nabanggit sa ating panimulang kabanata, ay naglalarawan ng mga maling landas na nilakaran ng maharlikang manunulat. Pansamantala niyang iniwan ang Salita na naging patnubay ng kanyang kabataan at makasariling hinanap ang sarili niyang mga kasiyahan. Hindi kailangang sundan siya sa mga landas ng kamangmangan para malaman ang kanilang wakas. Minamarkahan ng aklat ng Mga Kawikaan ang mga tamang landas—ang daan ng karunungan. Lahat ng lumalakad sa mga landas na ito ay makakasumpong na walang hadlang ang kanilang mga hakbang at makakatakbo nang hindi natitisod.

4:13-17

Ang prinsipyo sa mga talatang ito ay pangunahing mahalaga at hindi maaaring maulit nang labis. Tinatawag ang anak ng Diyos sa paghihiwalay mula sa lahat ng gumagawa ng masama. Siya na nakakaalam kung ano ang nasa kadiliman ang naglarawan

ng kanilang di-banal na mga lakad. Tinatawag tayo sa kabanalan at dapat nating iwasan ang landas ng mga gumagawa ng masama. Ang paglalaro-laro sa kanila ay lubhang nakakapinsala at malaking hadlang sa espirituwal na pagsulong. Maaaring hindi alam ng tunay na piloto ang bawat bato o bahura, pero ang kanyang karunungan ay nasa pagpili ng ligtas na daanan. Gayon din, hindi kailangang malaman ng Cristiano ang lahat ng kasamaan ng panahon, kundi tahakin lang ang ligtas na landas gaya ng inilarawan sa mga talata 18-19.

4:18-19

May malaking pagkakaiba ang dalawang landas na ipinapakita sa mga talatang ito. Ang landas ng matuwid ay paakyat sa lungsod na iyon na iniilawan ng kaluwalhatian ng Diyos, kung saan ang Kordero ang tanging ilaw na kailangan. Ang daang ito ay lalong lumiliwanag habang ang di-nilikhang kaluwalhatian mula sa Langit ay nagbibigay-ningning dito. Sino ang hindi sisigaw, "Mamatay nawa ako ng kamatayan ng matuwid, at ang aking huling wakas ay maging gaya ng kanya" (Bilang 23:10)? Isang lalong higit at walang-hanggang bigat ng kaluwalhatian ang nasa dulo ng landas na iyon.

Kay laki ng pagkakaiba kapag bumaling tayo sa daan ng mga walang batas. Habang papalapit ang kanilang daan sa hukay ng kapighatian, nagsisimula itong balutin ng kadiliman. Kahit ang liwanag ng kalikasan at ng kapahayagan ay natatakpan, kaya natitisod ang mga tao nang bulag na hindi nalalaman kung ano ang nagpapabagsak sa kanila. Alam na alam natin ang wakas—walang-hanggang pagkatapon mula sa harapan ng Diyos. Sa dalawang ganitong landas na mapagpipilian, mabuting pakinggan natin ang paalala ng mga talata 20-22.

4:20-22

Masasabi ng Espiritu ni Cristo sa salmista, "Ang Iyong salita ay iningatan ko sa aking puso, upang huwag akong magkasala laban sa Iyo" (Awit 119:11). Ang pusong pinamamahalaan ng Kasulatan ay nagtitiyak ng paglakad sa katotohanan. Nais ng Diyos na pamahalaan ng katotohanan at karunungan ang ating kaloob-loobang pagkatao. Dito nagiging buhay at kalusugan nga ang mga salita ng kaalaman sa nag-iingat sa mga ito.

4:23

Ipinapakita ng talatang ito ang kaalamang siyentipiko at katumpakang higit na nauna sa panahon ni Solomon. Ang dakilang pagkatuklas ni Harvey sa pag-ikot ng dugo ay bumago sa kaisipang medikal. Gayunman, dito ay mahinahon itong itinuturing na batid na at ginagamit para ilarawan ang isang espirituwal na katotohanan. Ang puso ang sentro ng sistema ng katawan, na pinagmumulan ng mga daloy ng buhay. Ang puso, o kaluluwa, ay siya ring sentrong moral at espirituwal. Dapat itong bantayang mabuti upang tanging ang nakapagpapatibay lang ang lumabas mula rito.

4:24

Malapit na magkaugnay ang bibig at puso, sapagkat mula sa kasaganaan ng puso ay nagsasalita ang bibig (Mateo 12:34). Ang likong bibig ay tanda ng isang hindi nagpapasakop sa Diyos. Kapag may puwesto ang Salita ng Diyos sa kaluluwa, ipinapakita ito ng mga labi.

4:25-27

Hindi lang ang bibig ang nagpapakita ng kalagayan ng puso. Ang mga paa rin ay lalakad ayon sa kalagayan ng kaluluwa. Sa

paglimot sa mga bagay na nasa likuran, hinihimok tayong magpatuloy tungo sa gantimpala ng mataas na pagtawag ng Diyos. Dapat nakatuon ang mata sa hangganan, nakatingin nang tuwid sa unahan. Para sa atin, ang hangganang ito ay si Cristo. Tuwid ang tudling na hinuhukay ng mag-aararo kapag nakatuon ang kanyang mata sa isang malayong punto sa tuwirang harapan niya. Gayon din, magiging tuwid ang landas ng Cristiano kapag ang mata ng puso ay nakatuon sa Panginoong Jesus sa kaluwalhatian. Pero kasama rito ang taimtim na pagtatatag ng mga lakad ng isang tao ayon sa katotohanan. Dapat hatulan at layuan ang kasamaan, na hindi lumilihis ang paa sa kanan o sa kaliwa. Kapag nalaman na ang kalooban ng Diyos, dapat itong tapat na isagawa, anuman ang pansariling kapakanan o ang mga kaisipan ng ibang walang kaliwanagan.

Ang paglakad na kasama ng Diyos ay nangangahulugang mahuhusgahan nang mali at hindi mauunawaan ng mga walang alam sa kapangyarihan ng Diyos at sa halaga ng Kanyang katotohanan. Pero kung may pagsang-ayon ng Diyos ang isang tao, hindi siya dapat maimpluwensiyahan ng opinyon ng iba. Ang tanging dapat ikabahala ng Cristiano ay ang buong-buong pagsunod sa Salita ng Diyos.

Kawikaan 5

May karagdagang tagubilin sa Kawikaan 5 tungkol sa babaing hindi kilala na ibinabala sa Kabanata 2. Isang taimtim na paksa ito kung ang mapanganib at mapang-akit na babaing ito ay larawan ng huwad na relihiyon, na may mga bitag at pang-akit. Kahit sa payak at pangunahing kahulugan nito, napakahalaga ng paalalang ito. Kung may mabitag man, hindi iyon dahil sa kakulangan ng babala, kundi dahil sa sadyang pagpapabaya sa tagubilin.

5:1-2

Sa buong aklat ng Mga Kawikaan, iginigiit ang pangangailangan ng higit pa sa basta pagpansin sa mga salita ng karunungan. Ang pakikinig nang walang balak sumunod ay hindi ang tinutukoy dito; kundi ang pagkiling ng tainga upang pakinggan ang pagkamaingat at ingatan ang kaalaman. Ang aliping nakaalam ng kalooban ng kanyang panginoon at hindi gumawa nito ay hahampasin ng maraming hampas (Lucas 12:47). Kapag yumuyuko ang Diyos para ipaalam ang Kanyang kalooban, dapat ituring na pribilehiyo ang pagsunod, hindi lang tungkulin.

5:3-6

Maganda at kapani-paniwala ang mga salita ng manunuksong hindi kilala; madilim at kakila-kilabot ang wakas ng pakikisama sa kanya. Ginagawa pa rin niya ang kanyang kasuklam-suklam na gawain ngayon, at libu-libo ang nagiging biktima niya. Tulad ng patutot na iglesya na inilarawan sa aklat ng Apocalipsis, umaakit siya at nandaraya. Inilalayo niya ang puso mula sa kapayakan ng mga landas ng katotohanan at inaakay ito sa

kamatayan at Impiyerno. Marami siyang pakana para linlangin ang walang-ingat; liko ang kanyang mga daan upang hindi malaman ang masama nilang patutunguhan. Walang mas kaakit-akit sa mga tumatangging makinig sa mga salita ng Karunungan kaysa sa magagarang pakiusap ng mapanlinlang na sistemang ito. Ang tanging kaligtasan ay ang pagkapit sa mga salita ng Diyos.

5:7-14

Ang matuto sa masakit na karanasan, kung hindi sinusunod ang Salita ng Diyos, ay mapait at taimtim na bagay. Hindi mapaglalaruan ang Diyos; ang inihasik ay dapat anihin. Ang nanginginig na kamay, ang lito na isip, ang malabong mata, ang maagang pagtanda, at humihinang mga kakayahan, ang mga araw ng panghihinayang at mga gabi ng kamangmangan na hindi kailanman malilimutan: ilan lang ito sa mga pisikal na bunga ng hindi pakikinig sa payo ng karunungan. Sa espirituwal na larangan, maaaring ganito ang katumbas na mga bunga: kakulangan ng pagkilala, humihinang espirituwal na pandama, pag-uugaling hindi mapagkakatiwalaan, nasayang na panahon, at kawalan sa hukuman ni Cristo. Ilan ito sa malulungkot na bunga ng pagtanggi sa landas ng paghihiwalay mula sa tumalikod na relihiyon sa panahong ito ng pagtanggi kay Cristo.

Sa buong koleksiyong ito ng Mga Kawikaan, ang babaing hindi kilala ay itinuturing na nanghihimasok mula sa labas. Hindi siya nakikita bilang anak na babae ng Israel na lumihis mula sa landas ng kabutihang-asal. Ipinahayag ng kautusan na hindi dapat magkaroon ng patutot sa mga babae ng hinirang na bayan. Pumasok ang mga manunukso mula sa mga karatig-bansa para akitin ang mga kabataang lalaki ng hiwalay na

bansa. Kaya ang babaing hindi kilala ay hindi kakaiba sa diwa ng pagiging naiiba; isa siyang taga-labas na gumagamit ng kanyang mga mumurahing kasanayan para dayain ang mga dapat sana'y banal sa Panginoon. Pero naging napakababa na ng kalagayang moral ng Israel kaya kahit ang mga anak na babae ng bayan ng Diyos ay nahulog na sa kababaan ng mga pagano (Kawikaan 2:17). Iniwan nila ang patnubay ng kanilang kabataan, at nilimot ang kasunduang ginawa nila sa Diyos. Kaya itinuring silang mga taga-labas, na walang puwesto sa kapulungan ng Panginoon.

5:15-19

Inilalarawan ng mga talatang ito ang pinabanal na pag-ibig ng mag-asawa, kabaligtaran ng mga lakad na walang Diyos na ipinakita sa mga naunang talata. Para sa atin, kumakatawan ang pag-aasawa sa mahiwagang pagkakaisa ni Cristo at ng iglesya. Ang bawat tahanang Cristiano ay dapat maging maliit na larawan ng kaugnayan ng ating niluwalhating Ulo sa mga bahagi ng Kanyang katawan. Kay banal nga ng ugnayang panlupa na nagsasalita ng ganyang kadakilang mga hiwagang makalangit. "Marangal ang pag-aasawa sa lahat, at walang dungis ang higaan: ngunit ang mga mapakiapid at mga mangangalunya ay hahatulan ng Diyos" (Hebreo 13:4). Gaano karaming mahalagang turo sa Bagong Tipan, lalo na sa mga Sulat, ang dumadaloy mula sa katotohanang ito. Hinihimok ang mga mag-asawa na mamuhay nang magkasama ayon sa kaalaman upang hindi mahadlangan ang kanilang mga panalangin (1 Pedro 3:1-7). Napakalaking pagsubok nito! Kapag ang mag-asawa ay makakaluhod at makakapanalanging magkasama nang may kagalakan at pagtitiwala, magiging gaya ng nais ng Diyos ang tahanan; pero may malubhang mali kapag

hinahadlangan ng kanilang mga kilos ang pakikipag-isang ito sa isa't isa at sa Panginoon.

5:21

Ang katotohanang ito mismo ang kailangan ng kaluluwa para maunawaan ang kataimtiman ng pagiging nasa sanlibutang ito para sa Diyos. Nasa lahat ng ating mga lakad ang Kanyang mga mata. Walang nakakatakas sa banal na tinging iyon. Lahat ay hubad at lantad sa harap Niya. Tinitimbang at pinagninilayan Niya ang bawat kaisipan at salita at kilos. Walang napakaliit para hindi Niya mapansin; walang napakalaki para sa Kanyang pansin. Sa hukuman ni Cristo, ipapaalam Niya ang Kanyang pagtatasa sa lahat ng iyon. Sa araw na iyon, ilan sa atin ang magbibigay ng mga sanlibutan, kung taglay natin ang mga ito, para lang naging mas tapat tayo sa lupa!

5:22-23

Tiyak na ganti ang susunod sa masuwayin. Ang mismong mga kasalanang kinalulugdan niya ang mga kawing ng tanikalang gagapos sa kanya magpakailanman. Sa pagtanggi sa tagubilin sa buhay, mamamatay siyang wala nito; hahayaan siyang maligaw sa kamangmangang minahal ng kanyang kaluluwa. Sa pagkamatay sa kanyang mga kasalanan, lalabas siya sa kadiliman, kung saan ang liwanag na tinanggihan niya ay hindi na kailanman sisikat sa kanya!

Kawikaan 6

Kahit ang mga hindi pa ipinanganak na muli ay makakaiwas sa maraming kabiguan kung susundin nila ang tagubilin ng kabanatang ito sa kanilang buhay at sa kanilang mga negosyo.

6:1-5

Ang pagsasangla ng sarili bilang panagot sa utang ng iba ang naging pagbagsak ng marami na sana'y naging maginhawa at masagana. Sa mga talatang ito, hinihimok ang nabitag sa ganitong paraan na iligtas ang sarili kung maaari, bago pa kailangang bayaran ang multa.

Bagama't mukhang hindi kapani-paniwala sa unang tingin, kapalaluan ang karaniwang nag-uudyok sa pagpapanagot. Ang pagnanais na mapagbutihan ng tingin o ituring na matatag sa pananalapi ang nagtulak sa maraming tao na mag-alok ng panagot—kahit sa isang talagang walang kakayahang akuin ang ganoong utang at matugunan pa rin ang pangangailangan ng mga umaasa sa kanya. Ang maluwag na ugali ang nagtutulak sa ilan na gumawa ng mga pangakong walang pag-iisip na maaaring humantong sa kanilang pagkawasak. Paano man nabitag ang isang tao, dapat pakinggan ang utos sa mga talatang ito; dapat niyang ibaba ang sarili at aminin na umako siya ng higit sa ipapayo ng katuwiran at ng pag-iingat. Mas mabuti nang kaunting pansamantalang kahihiyan at hindi pagkakaunawaan, kahit pa sama ng loob, kaysa matuklasan sa huli na kailangang magdusa ang iba para panatilihin ang hangal at makasalanang kapalaluan.

6:6-8

Ang pag-iingat at pagpaplano (na hindi dapat ipagkamali sa pagkabalisa) ay kapuri-puring mga katangian na maaaring matutuhan sa pagmamasid sa langgam. Ang kapabayaan ay hindi pananampalataya; isang malaking kapangahasan ang maging tamad at pagkatapos ay umasa sa paglalaan ng Diyos sa oras ng pangangailangan. Dito, gaya sa lahat ng iba pa, ang pag-aani ay kasunod ng paghahasik. Ang kasipagan at pag-iingat ay iniuutos at pinupuri ng Panginoon, at parehong nagpaparangal sa Kanya ang mga katangiang ito; ang katamaran ng isang Cristiano ay kahihiyan sa Kanyang pangalan.

May mga kritikong nanunuya sa "langgam ni Solomon na kumakain ng butil" na nag-iimbak ng pagkain sa panahon ng anihan para sa hinaharap. Sinasabi raw na napagkamalan ni Solomon na butil ang mga itlog ng langgam. Pero lubos nang napatunayan ngayon na mas marunong siya kaysa sa kanyang mga kritiko. Sa Palestina, may uri ng langgam na hindi kumakain ng karne. Kumakain ito ng butil at tunay ngang nag-iimbak ng pagkain sa panahon ng anihan gaya ng sinabi ni Solomon. Ang Kasulatan dito, gaya ng lagi, ay tama at tumpak. Dapat tanggapin ng taong makitid ang paningin ang kanyang mga limitasyon at ipagpalagay man lang na tama ang Biblia hangga't hindi napapatunayang mali!

6:9-11

Ang pagtulog kung kailan dapat nagtatrabaho ay hindi akma sa utos na kumain ng tinapay sa pawis ng mukha (Genesis 3:19). Walang karapatan ang sinuman na umasa sa Diyos para sa kanyang pang-araw-araw na pangangailangan kung hindi siya kinakikitaan ng kasipagan. Kasunod ng katamaran ang

kahirapan; gayon din sa espirituwal na diwa, walang-katapusang paghihirap ang kasunod sa tumatangging magising sa mga bagay ng Diyos sa panahong ito ng biyaya. Sinabi ni Judson, "Kaunti pang tulog, kaunti pang idlip, at magigising ka sa impiyerno para hindi na muling makatulog magpakailanman!"

6:12-15

Ang pabaya sa sarili niyang mga gawain ay malamang na makialam nang labis sa buhay ng iba. Dahil walang ginagawa, nagiging tamad siyang pakialamero na abala sa kahangalan. Liko ang kanyang bibig; itinatago ng kanyang mga mata ang mga salitang binibigkas ng kanyang mga labi; ang kanyang mga paa at kamay ay tumatawag ng pansin sa mga bagay na mas mabuting hindi na lang pansinin; sapagkat sa kanyang puso ay may liko at masasamang balak. Nagiging manghahasik siya ng alitan. Ikinakalat niya ang masasamang salita na nagbubunga ng kalungkutang hindi kailanman lubos na mawawasak. May mga ganitong tao sa gitna ng mga banal sa Tesalonica. Binalaan ni apostol Pablo ang mga maka-Diyos na lumayo sa kanila upang mapahiya ang mga gumagawa ng masamang ito (2 Tesalonica 3:11-14).

6:16-19

Malinaw na inilalahad ang hatol ni Jehova sa nagsasalita ng masama. Pitong bagay ang kasuklam-suklam; anim ang kinamumuhian Niya bukod sa isa nang napansin. Ang isang iyon ay inilagay na parang ito ang pinakamasama sa lahat.

Laging kinasusuklaman ng Diyos ang palalong tingin. Ang natuto sa paanan ni Cristo, na maamo at mapagpakumbaba ang puso, ay walang mapagmataas na mga mata. Ang

ikalabindalawang Awit ng Pag-ahon ay nagbibigay ng mga salita ng isang naturuan sa paaralan ni Cristo: "Panginoon, ang aking puso ay hindi palalo, ni ang aking mga mata ay mapagmataas: ni hindi ako nagpapakaabala sa mga dakilang bagay, o sa mga bagay na napakataas para sa akin" (Awit 131:1). Ito ang saloobing lubos na kinalulugdan ng Panginoon na nagsasabi, "Sa taong ito Ako titingin, sa kanya na dukha [o, mapagpakumbaba] at may nagsisising espiritu, at nanginginig sa Aking salita" (Isaias 66:2).

Ang sinungaling na dila ay salungat sa Diyos na siyang katotohanan at nagnanais ng katotohanan sa panloob na pagkatao. Ang maling mga salita ay tanda ng mapandayang puso.

Iniuugnay ng Diyos ang palalong kalikasan at sinungaling na dila sa "mga kamay na nagbububo ng dugong walang sala." Ang maninirang-puri na gumagamit ng kanyang dila para sirain ang mabuting pangalan ng iba ay katulad ng mamamatay-tao na gumagamit ng masasamang kamay para pumatay.

Ang pusong nagbabalak ng masama ang ugat ng lahat ng kasamaang nabanggit. Lahat ng di-banal na salita at gawa ay nagmumula sa puso. Kaya agad na binabanggit ang mga paang nagmamadali sa kasamaan. Sumusunod sila kung saan nauna nang nagpunta ang puso.

Ang huling dalawa ay madalas magkasama: ang sinungaling na saksi at ang naghahasik ng pagkakabaha-bahagi. "Narito, kay buti at kay sarap para sa magkakapatid ang mamuhay nang magkakasama sa pagkakaisa!" (Awit 133:1) Kinasusuklaman ng Panginoon ang mapagkuwento ng alitan na sumisira sa masayang pagkakaisang iyon sa pagkakalat ng masasamang parunggit.

Ang tanging paraan para makaiwas ang sinuman sa atin sa mga kasuklam-suklam na lakad na ito ay ang taimtim na pagkapit sa Diyos at sa Kanyang Salita, upang mapabanal tayo sa pamamagitan ng katotohanan.

6:20-22

Ang pagsunod sa disiplina ng magulang ay pagsunod sa Diyos. Kapag hinahangad ng mga maka-Diyos na magulang na palakihin ang kanilang mga anak sa "pag-aaruga at payo ng Panginoon" (Efeso 6:4), naglalatag sila ng matibay na pundasyon para sa walang hanggan. Ang kanilang marunong na tagubilin ay nagiging praktikal at mahalaga. Saanmang lugar o anumang gawain, magiging matamis ang salita ng karunungan at mag-iingat ito sa isang tao mula sa pagkatisod.

6:23-29

Muling tinutukoy sa mga talatang ito ang natatanging bitag ng binata. Ang nakakalinis na impluwensiya ng Salita ng Diyos ang mag-iingat sa kanya mula sa mapanuyang mga labi ng babaing hindi kilala. Aakitin siya ng huwad na taga-labas na ito palayo sa landas ng katotohanan at kabutihang-asal, tungo sa kasinungalingan at pagkawasak. Taimtim na binabalaan ang binata na mag-ingat sa kanyang mga pang-akit.

Pinapaalalahanan tayong muli na dapat bantayan ang puso upang maiwasan ng mga paa ang mga ipinagbabawal na landas. Ang anumang paglalaro sa karumihan ay hahantong sa espirituwal at pisikal na kalungkutan at kahirapan. Sisikapin ng mangangalunya na bitagin sa pamamagitan ng kanyang mapang-akit na mga sulyap. Madadaig ang isang ang puso ay hindi iniingatan ng nagpapabanal na katotohanan ng Diyos.

Hindi dapat pagbigyan ang makasalanang mga kaisipan. Gaano karaming matuwid na buhay ang nasira ng isang nagsimula bilang walang-isip na pagkakapalagayang-loob. Hinayaang lumago ang ugnayan, hakbang-hakbang, tungo sa pangangalunya at nagwakas sa panghabambuhay na kalungkutan. Walang ibang kasalanan, maliban sa pagpatay, ang nag-iiwan ng ganoon kakila-kilabot na mantsa. Tingnan ang kaso ni David sa 2 Samuel 11-12.

6:30-35

Sa malinaw na pananalita, tapat tayong binabalaan ng Diyos tungkol sa kakila-kilabot na mga bunga ng kasalanang nagdala ng baha at magdadala ng apoy! Maaaring magpatawad at makalimot ang mga tao sa ibang mga pagkakamali. Ang isang ito ay hindi kailanman nalilimutan. Walang namumuhi sa magnanakaw na nagnanakaw para pawiin ang kanyang gutom. Kapwa hinihingi ng kautusan ni Jehova at ng batas ng tao ang pagbabayad kung mahuli ang magnanakaw. Pero maaari man lang siyang makabayad, kahit maubos ang lahat ng mayroon siya. Pero ang mangangalunya ay hindi kailanman makakabayad sa asawang nagawan ng mali o sa kasama sa kasalanan. Hindi mabubura ng pagsisisi sa Diyos ang kahihiyan. Mananatili ang mga bakas ng sugat at ng kasiraang-puri upang multuhin ang isang tao sa paglipas ng mga taon. Ang galit ng asawang may karapatang magselos ay hindi mapapayapa ng mga regalo gaano man kalaki, o ng mga paghingi ng tawad gaano man kataimtim at katapat.

Ang nagwawalang-bahala sa mga babalang ito at sadyang nagpapatuloy sa paglalaro sa kasalanan ay walang maidadahilan. Ang tanging ligtas na daan ay disiplinahin ang isip upang dalhin sa pagpapasakop ang bawat makasalanang

kaisipan at hayaang pamahalaan ng katotohanan ng Diyos ang puso (2 Corinto 10:5). Ito lang ang paraan para "tumakas... sa mga pagnanasa ng kabataan," (2 Timoteo 2:22)—ang mga "pagnanasa ng laman na nakikipagdigma laban sa kaluluwa" (1 Pedro 2:11). Ganito lumaban si Joseph sa mga kalagayang mas matindi ang tukso kaysa sa kinabagsakan ni David. Sumagot siya, "Paano ko magagawa ang malaking kasamaang ito, at magkasala laban sa Diyos?" (Genesis 39:9) Nawa'y maingatan din tayo mula sa tukso sa pamamagitan ng paghahayag sa Salita ng Diyos na pamahalaan ang ating buhay.

Kawikaan 7

Tanging ang Diyos ang makakapagtasa nang tama sa kabulukan ng puso ng tao. Alam Niya ang kalikuan nito at ang pangangailangan ng patuloy na babala. Kaya ang buong kabanatang ito ay nagpapatuloy sa paksang ating pinagninilayan. Malinaw na inilalarawan ang mga daan at asal ng babaing hindi kilala upang iligtas ang kabataan mula sa kanyang bitag. Kung pipiliin niyang sundan siya ngayon, gagawin niya iyon nang dilat na dilat ang mga mata.

7:1-5

Ang palagiang pananahan sa Salita ng Diyos ay nag-iingat mula sa kasalanan. Pansinin na ang Salita ay dapat itali at isulat kapwa sa kamay at sa puso. Higit pa ito sa padalos-dalos na pagbabasa ng Kasulatan. Ang paggawa sa Salita ng Diyos na mahalagang bahagi ng buhay sa pamamagitan ng araw-araw na pagkain dito ang nag-iingat sa kaluluwa.

Ang pinakamakapangyarihang sandata ni Satanas laban sa kabataan ay ang pambobola. Maiingatan ng karunungan at pang-unawa ang kabataan mula sa bitag na ito sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanya na huwag magtiwala sa mga mambobola at husgahan ang sarili nang tama. Sa gayon, makikilala niya ang mga sinungaling na salita ng sinumang magtatangkang sirain siya sa pamamagitan ng di-tapat na papuri.

7:6-23

Ang bahaging ito ng kabanata ay hindi na kailangan ng maraming paliwanag. Malinaw na inilalarawan ng isang nakasaksi ang isang tagpong naulit na nang milyun-milyong

beses. Kasinghalaga ito ngayon gaya noong panahon ni Solomon. Dapat itong pag-isipang mabuti ng binata, at mabalaan sa mga panganib ng pagtitiwala sa sarili niyang puso, at paglayo mula sa buhay na Diyos.

Ang babaing hindi kilala na inilarawan dito ay maaaring tingnan bilang larawan ng huwad at tumalikod na iglesya. Maingay siya at matigas ang ulo, at ang kanyang mga likong daan ay bumibitag sa mga hindi sana kailanman maghahangad makisama sa kanya. Ang pangitain sa Apocalipsis 17 ay mabuting pag-aralan kaugnay ng kabanatang ito.

Sa wakas, ibinubunyag ng may-akda ng Mga Kawikaan ang kakila-kilabot na kapalaran ng kabataang hangal na sumunod sa babaing hindi kilala. Kahiya-hiyang kamatayan ang magiging malungkot na bunga ng pagtanggi sa tagubilin at pakikinig sa mga salita ng mambobola.

7:24-27

Nang may matiyagang pagtitiis, patuloy na tinuturuan ng Diyos ang lahat ng nakikinig at nagnanais magkaroon ng pusong nakakaunawa. Sa bahaging ito, gaya ng sa buong Kasulatan, naririnig natin ang mismong tinig ng Diyos at nasusumpungang kapaki-pakinabang ang bawat salita. Mapalad ang kabataang nag-iingat ng mga tagubiling ito. Maiingatan siya mula sa pait ng pagsisisi na dinanas ng napakarami nang balewalain nila ang mga babala ng Diyos.

Kawikaan 8

Ang pagninilay na ito sa mga daan ng Karunungan ay isang kaaya-ayang ginhawa mula sa kahangalan at kasalanang inilarawan sa naunang kabanata. Totoo ito lalo na kapag nakikita ng pinahirang mata na ang karunungang iyon ay ang di-nilikhang Salita, ang Panginoong Jesu-Cristo, ang Karunungan ng Diyos! Bagama't anyong pambabae ang ginagamit sa kabuuan, malinaw na sa huling bahagi ng kabanata, si Jesus ang nasa harap natin.

8:1-7

Hindi naghihintay ang Karunungan na hanapin siya ng mga tao. Hinahangad niyang hilahin ang mga musmos mula sa mga landas ng kamalian patungo sa templo ng kaalaman at pang-unawa. Nang may nananabik na puso, tumatayo siya sa pamilihan, sa mga landas ng kasiyahan, sa mga hukuman, at sa mga paaralan. Saanman at kahit saan may mga tao, naroon siya—ang kanyang sigaw at pakiusap ay umaalingawngaw nang higit sa lahat ng kaguluhan ng buhay. (Tingnan ang 1:20-23.)

Ang Karunungang nagkatawang-tao ay matatagpuan sa ating Panginoong Jesu-Cristo, ang buhay na Salita. Gayon din, ang mga tagubilin ng Karunungan ay matatagpuan sa nasusulat na Salita. Ang tanging tunay at walang-hanggang karunungan at kaalaman ay nakapaloob sa mahalagang aklat na ito na "[isinulat ng] mga banal na tao ng Diyos habang sila'y inuudyukan ng Espiritu Santo" (2 Pedro 1:21). Tanging ang mga totoo at tamang bagay ang nakatala roon. Kahit kapag matalas na inilalarawan ang mga kasalanan ng mga lalaki at babae sa buong kahalayan nito, iyon ay upang matuto tayo mula sa mga ito.

Maaaring mangatuwiran ang tao; maaaring manuya ang kawalang-pananampalataya; maaaring tumanggi ang pekeng pag-aaral; pero Siya na hindi makapagsisinungaling ay nagpahayag, "ang kasulatan ay hindi masisira" (Juan 10:35). Kaawa-awa ang taong tumatalikod sa sakdal na karunungang ito tungo sa mga kalikuan ng isip ng tao!

8:8-9

Ang mga talatang ito ang sagot ng pananampalataya sa kritikong dumadaldal tungkol sa mga salungatan at kamalian sa kinasihang Salita ng Diyos. Ang kahinhinan lang sana ay magmumungkahing maaaring nasa mambabasa ang mali—hindi sa Salita. Pero hindi aaminin ng kawalang-kabuluhan at kapalaluan ng tao ang ganitong konklusyon. Gayunman, malapit na itong mapatunayang totoo; sapagkat "isang kudlit o isang tuldok [ang pinakamaliit na titik, o tandang patinig] ay hindi sa anumang paraan mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat" (Mateo 5:18). Kay bilis maglaho ng mga kahirapan kapag isinasagawa ang pananampalataya! Ang mga pagtutol na tila hindi malalampasan ay natatangay sa isang iglap kapag ang liwanag ng Langit ay sumisikat sa kaluluwa at sa Kasulatan. Binuksan ni Jesus kapwa ang Kasulatan at ang pang-unawa ng dalawang kasama Niyang naglakad patungong Emaus. Naglalaho ang mga kahirapan na parang ulap sa harap ng mga sinag ng araw kapag naliliwanagan ng Salita ang pang-unawa. "Lahat ng ito ay malinaw sa nakakaunawa," (Kawikaan 8:9) sapagkat "ang lihim ng Panginoon ay nasa mga natatakot sa Kanya" (Awit 25:14).

8:10-11

Walang-kapantay na kayamanan ang matatagpuan sa banal na Kasulatan, na walang-tigil na sinasalakay ng mga mapagmataas at di-espirituwal na kritiko. Ang pinakamahusay na mga sulat ng pinakamahusay na mga tao ay hindi maihahambing sa Kasulatan, sapagkat ito ang mismong hininga ng Diyos. Sa Job 28, nasa atin ang salaysay ng paghahanap ng patriyarka sa karunungan. Lahat ng mamahaling metal at hiyas ng lupa ay hindi makakapantay dito, "sapagkat ang halaga ng karunungan ay higit sa mga rubi" (Job 28:18). Nasusumpungan ito ni Job kapag tumalikod siya mula sa lahat ng bagay sa ibabaw o sa ilalim ng lupa tungo sa Diyos mismo.

8:12-13

Gaya ng nabanggit na, tinitingnan ang karunungan bilang mahalagang bahagi ng pagka-Diyos. Ito ang mismong katangian ng Diyos—ang katangiang iyon na sakdal na ipinakita kay Cristo. Ang kasamaan, kapalaluan, at kahangalan ay pawang kasuklam-suklam sa Kanya na siyang liwanag at hindi makakatiis ng kadiliman.

8:14-16

Hindi sinasabi ng mga talatang ito na laging kumikilos ayon sa pang-unawa ang mga namumuno, kundi na walang sinumang namumuno maliban sa pagtatalaga ng Diyos. "Ang Kataas-taasan ay naghahari sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay ito sa sinumang Kanyang maibigan" (Daniel 4:17). Nagbibigay ito sa taong may pananampalataya ng ganap na kapahingahan sa gitna ng lahat ng nagbabagong tanawing pampulitika ng lupa. Makakapagpasakop siya sa anumang anyo ng pamahalaan o

anumang uri ng pinunong hukom, sapagkat "ang mga kapangyarihang umiiral ay itinalaga ng Diyos" (Roma 13:1).

8:17-21

Nalulugod ang Karunungan na gantimpalaan ang mga naghahanap sa kanya nang maaga sa buhay, gaya ng kaso ni Solomon. Mahalagang tandaan na karunungan—at hindi ang Diyos mismo—ang tinutukoy dito. Ang Diyos din ay "tagapagbigay ng gantimpala sa mga masigasig na humahanap sa Kanya" (Hebreo 11:6). Pero mali kung lilimitahan ang Kanyang pag-ibig sa mga nagbabalik lang ng pag-ibig na iyon. Ang talata 17 ay tumutukoy sa aktibong pag-ibig ng Karunungan.

Sa mga talata 18-21, nakikita natin ang mga kayamanang ibinibigay ng Karunungan sa umiibig sa kanya. Ang mga kaloob na ipinagkakaloob ay di-mailarawang mahalaga at higit sa lahat ng pagpapahalaga ng tao. Sagana niyang ibinibigay ang mga ito sa masigasig na naghahanap na natutong umibig sa kanya alang-alang sa kanya mismo. Kung wala siya, maliligaw ang mga paa sa mga landas ng kahangalan.

8:22-31

Mula sa puntong ito, nawawala sa paningin ng pinahirang mata ang lahat ng iba pa at nakatuon ito kay Cristo; sapagkat Siya ang inihaharap ngayon para sa pagninilay ng ating mga kaluluwa. Nakikita natin si Cristo bilang di-nilikhang Salita, ngunit ang bugtong na Anak sa walang-hanggang pagkakaanak—mga titulong aminadong tila magkasalungat, pero sa huli ay malinaw na mula sa Kasulatan.

May mga nagmungkahi na ang katawagang *bugtong* ay nagpapahiwatig ng isang panahon, gaano man kalayo, na hindi

pa umiiral ang Anak. Malinaw itong pinabubulaanan ng Ebanghelyo ni Juan, sapagkat "siya ring ito ay sa pasimula'y kasama ng Diyos" (Juan l:2). Ipinanganak Siya, hindi sa diwa ng pagsisimula ng buhay, kundi bilang iisang kalikasan at diwa sa Ama. Walang kahit isang sandali sa nakaraang walang hanggan na hindi Siya kasama ng Ama. Ang apostol mismo ang nagpapahayag na imposibleng ipaliwanag ang hiwaga.

Dinadala tayo ng Espiritu pabalik, lampas sa pasimula ng Genesis 1:1, tungo sa pasimulang iyon na inilarawan sa Juan 1:1. Ang Salitang walang pasimula ang Karunungan ng Diyos mula sa nakaraang walang hanggan. Ang Kawikaan 8:22 ay isang tagpo ng pakikipag-isa—inari Siya ni Jehova. "Ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos." Ang Karunungan ang layon ng kagalakan ni Jehova mula sa walang hanggan.

"Walang nakakakilala sa Anak, kundi ang Ama" (Mateo 11:27). Kaya ang tapat na puso ay makakapagpahinga at makakasamba kung saan walang-kabuluhang naghahanap ang nagdududa ng mga makatuwirang paliwanag sa isang hiwagang higit sa pang-unawa ng tao.

Ang larawang ito ng paglikha ay nagpapahiwatig ng pagkakaisa ng banal na kalikasan. "Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak" (Juan 3:16). Ang mga kaisipan ng Diyos ay higit sa atin. Ang pinakamahusay nating wika ng tao ay kaawa-awang sasakyan para ipahayag ang ganoon kahanga-hangang mga katotohanan. Si Cristo ay walang hanggang Anak, ngunit tunay ding ang Ipinanganak.

Ang paglikha ay iniuugnay sa Anak sa ibang bahagi: "Kung wala Siya ay walang anumang nilikhang bagay na nalikha" (Juan 1:3). "Lahat ng bagay ay nilikha sa pamamagitan Niya, at para sa

Kanya... at sa pamamagitan Niya ang lahat ng bagay ay nananatili" (Colosas 1:16-17). Nakahihigit Siya sa buong nilikha sapagkat sa pamamagitan Niya ay dinala ng Ama ang lahat ng bagay sa pag-iral. Araw-araw na kagalakan ng Kanyang Ama, nakibahagi Siya sa pagpapakitang iyon ng kapangyarihan, laging nagagalak sa Kanyang harapan (Kawikaan 8:30). Kamangha-manghang biyaya na ang Kanyang mga kagalakan ay nasa mga nagkasalang anak ng tao. Ang pag-ibig ng Kanyang puso ay nakatuon sa mga hindi karapat-dapat dito (31). Ang tinutukoy Niya ay ang mga nagkasalang anak ni Adan —mga ligaw at nagkasalang makasalanan.

> *Bago pa itinayo ng Diyos ang mga bundok,*
> *O itinaas ang mabungang mga burol;*
> *Bago Niya pinuno ang mga bukal,*
> *Na nagpapakain sa umaagos na mga batis;*
> *Sa Iyo, mula sa walang hanggan,*
> *Ang kamangha-manghang* AKO NGA
> *Ay nakasumpong ng kasiyahang hindi nauubos,*
> *At Karunungan ang Iyong pangalan.*
>
> *Nang, parang tolda na matitirhan,*
> *Inilatag Niya ang kalangitan, At binalot ang pag-alon*
> *Ng makapangyarihang baha ng Karagatan,*
> *Gumawa Siya sa timbang at sukat;*
> *At Ikaw ay kasama Niya noon:*
> *Ikaw mismo ang kasiyahan ng Ama,*
> *At ang Iyo, ang mga anak ng tao.*
>
> *At malulugod Ka ba*
> *Sa mga nilalang na gaya namin,*
> *Na, nang makita Ka namin, ay hinamak*
> *At ipinako Ka sa punungkahoy?*

> *Di-maarok na kababalaghan!*
> *At hiwagang banal!*
> *Ang tinig na nagsasalita sa kulog*
> *Ay nagsasabi, 'Makasalanan, Ako ay iyo.'*

(Cowper)

8:32-36

Ang taimtim na pakiusap ng mga talatang ito ay nakabatay sa pahayag ng Karunungan ng pag-ibig sa mga tao. Ang mga tumatanggi sa tagubilin at humahamak sa pang-unawa ay tumatapak sa banal na pagmamahal at nagpapatigas ng puso laban sa banal na biyaya.

Binibigyan tayo ng malalakas na dahilan para pakinggan ang tinig ng Karunungan. Kabilang dito ang pagpapala, buhay, at ang mapagmahal na pabor ng Panginoon. Ang tumatangging makinig ay nagkakasala laban sa sarili niyang kaluluwa at tinatatakan ang sarili niyang pagkawasak.

Kawikaan 9

Inilalarawan sa kabanatang ito ang huling paghahambing ng Karunungan at Kahangalan. Ginagamit pa rin ang larawan ng naunang kabanata. Inihahalintulad ang Karunungan sa isang maingat na babaing nag-aanyaya sa manlalakbay na pumasok sa kanyang tahanan, kung saan ibinibigay ang tunay na kaalaman sa lahat ng taimtim na naghahanap nito. Tumatayo rin ang Kahangalan sa katulad na paraan, hinihimok ang lahat na dumaan sa kanya. Inaalok niya ang "mga kasiyahan ng kasalanan sa isang panahon" sa mga sumusuko sa kanyang mga pakiusap.

9:1-2

Ang Salita ng Diyos sa kabuuan, at ang Mga Kawikaan lalo na, ang templo ng Karunungan. Saganang paglalaan ang ginawa para sa pagtuturo at pagpapala ng mga pumapasok. Lahat ng kailangan ng tao para sa kanyang paggabay sa mga pasikot-sikot ng kanyang buhay sa lupa ay matatagpuan dito. Isang mesang puno ng pagkain ang nakahain sa harap ng lahat ng nagnanais ng espirituwal na pagkain at kasiyahan. Milyun-milyon na ang nagpiging doon, gayunman ay hindi pa rin nauubos ang panustos.

9:3-6

Hindi rin naghihintay ang Karunungan na hanapin siya ng mga tao. Sa kasalukuyang dispensasyon ng biyaya, ginagamit ng Diyos ang Kanyang mga sugo para pakiusapan ang mga tao na makipagkasundo sa Kanya; hindi Siya naghihintay hanggang magsimula silang manalangin, kundi talagang nagpapakababa Siya para makiusap sa kanila na tumalikod mula sa kanilang

kasalanan tungo sa Kanyang minamahal na Anak. Kaya, dito, ang mga alilang babae ng Karunungan ay matatagpuan sa mga pampublikong lugar, nakikiusap sa mga kulang sa tunay na pagkatao na dumaan at makibahagi sa tinapay na nagpapalakas at sa alak na nagpapasaya. Ang mapalad na taong sumusunod sa magiliw na paanyaya at umiiwan sa daan ng mga hangal ay humahawak sa tunay na buhay.

9:7-9

Tanging ang tunay na nasasanay ang makikinig sa tawag ng Karunungan. Walang saysay ang pakiusapan ang hungkag, mayabang, at kampanteng manunuya. Tinatahak niya ang sarili niyang daan hanggang sa huli ay bumagsak ang hatol na kanyang kinutya, at madurog siya sa ilalim nito.

Kapag mas mababaw at mas hungkag ang isang tao, mas ayaw niyang makinig sa maka-Diyos na payo; samantalang ang tunay na marunong ay natutuwang matuto mula sa sinumang makakapagtuwid at makakapagturo. Bilang panuntunan, kapag mas kaunti ang alam ng isang tao, mas inaakala niyang marami siyang alam. Kapag mas marami talaga siyang alam, mas napagtatanto niya ang kanyang kamangmangan at mga limitasyon. Kaya mahalaga ang maka-Diyos na payo mula sa mga naghahangad masanay ng Salita ng Diyos. Masasayang lang ang pagsaway sa manunuya. Magagalak siyang kutyain ang lahat ng nagsisikap ilayo siya mula sa kanyang kahangalan, gaano man kadalisay ang kanilang mga motibo.

Ang tatlong talatang ito ay tila isang panaklong, na nagpapaliwanag ng dahilan kung bakit ang paanyaya ng mga dalaga ng Karunungan ay nakakatagpo ng magkasalungat na mga tugon.

9:10-12

Sa mga talatang ito, nababasa natin ang patuloy na tawag ng Karunungan. Maaaring walang-saysay na magmayabang ang manunuya ng mas mataas na kaalaman dahil malaya siya mula sa maka-Diyos na pagpipigil. Pero ang tunay na karunungan ay matatagpuan lang sa pagkatakot sa Panginoon, at ang tunay na pang-unawa sa kaalaman sa mga banal na bagay. (Ang salitang *banal* ay nasa anyong pangmaramihan.) Ito lang ang bumubuo ng tunay na buhay. Kung walang kaalaman sa Diyos, ang buhay ay pag-iral lang kung pinakamabuti, na may walang-hanggang kadiliman sa dulo nito.

Hindi pinagkakautangan ng mga tao ang Diyos sa pagsagot sa tawag ng Karunungan, na para bang nagpapakababa sila sa paggawa niyon. Kung marunong sila, para iyon sa sarili nilang kapakinabangan—hindi sa Kanya. Hinahangad Niya ang kanilang kaligayahan at pagpapala. Nakakasumpong ang Diyos ng kagalakan sa kasiyahan ng Kanyang mga anak; gayunman, para sa sarili nilang ikabubuti kaya dapat pakinggan ng mga tao ang tawag ng Karunungan.

Hindi rin malulugi ang Diyos kung magpapatuloy ang manunuya sa kanyang walang-saysay at pangahas na landas. Kapwa sa buhay na ito at sa susunod, ipapaalam sa kanya at sa iba ang kahangalan ng hangal na ito.

9:13-18

Inilalarawan sa natitirang bahagi ng kabanata ang malungkot na kabaligtaran ng tawag ng Karunungan. May templo rin ang Kahangalan, at marami ang nakatalaga sa kanya. Napakahandang makinig ng mga tao sa Kahangalan kaya hindi niya kailangan ng sinumang makikiusap sa kanila na pumasok

sa kanyang bahay. Inilalarawan siyang nakaupo sa pintuan, inaakit ang mga dumaraan na pumasok sa kanyang tirahan ng kasalanan at kahihiyan. Maraming panauhin ang pumapasok pero kakaunti ang nakakabalik: sapagkat ang kanyang bahay ay pasukan lang tungo sa hukay. "Ang mga patay ay naroon; at... ang kanyang mga panauhin ay nasa kalaliman ng impiyerno" (18). Ang mga bawal na kasiyahan ay umaakit nang pansamantala at bumibitag sa mga musmos. Gayunman, sa huli, kailangang yumuko ang nagdurusang kaluluwa sa pait na hindi kailanman maiibsan. Mapipilitan siya sa wakas na aminin ang kanyang kakila-kilabot na pagkakamali ng pagtalikod sa tawag ng Karunungan para hanapin ang mapanlinlang na mga pang-akit ng Kahangalan.

Isang sumubok sa daan ng Kahangalan ang sumulat bago siya namatay:

> *Ang aking mga araw ay nasa dilaw na dahon;*
> *Wala na ang mga bulaklak at bunga ng pag-ibig;*
> *Ang uod, ang kanser, at ang kalungkutan*
> *Ay akin na lamang.*

(Byron)

Kawikaan 10

Dito nagsisimula ang ikalawang bahagi ng aklat, na purong mga kawikaan na. Bago nito, pinakinggan natin ang paanyaya ng Karunungan na pumasok sa kanyang bahay. Tinawag niya tayo na pakinggan ang mga turo na tinipon para sa ating kaliwanagan tungkol sa tamang pag-uugali sa lahat ng pagkakataon. Ang mapang-akit na tinig naman ng Kamangmangan ay gustong ilihis tayo mula sa tamang landas na ito.

Mapalad ang taong tumatanggi sa Kamangmangan at, dahil nahikayat ng Karunungan, ay buong-pusong sumusunod sa kanyang mga salita. Totoo ito lalo na sa kabataang lalaki, sapagkat ito ang aklat para sa pagtuturo at paggabay sa mga kabataan.

Puno ang Kasulatan mismo ng mga magagandang halimbawa ng halos bawat kawikaang nasa harap natin. Sa mga tala ay karaniwang magbibigay ako ng reperensiya sa isang tao o pangyayari na nagpapakita ng katotohanan ng kasabihang tinatalakay. Ipinapakita ng mga reperensiyang ito ang kapunuan at kayamanan ng Salita ng Diyos at ang kahanga-hangang paraan kung paano nakakabit ang bawat bahagi nito sa aklat ng Mga Kawikaan.

10:1

Ang pangunahing tono na tinutugtog sa talatang ito ay paulit-ulit na babalikan sa buong aklat ng Mga Kawikaan. Ang anak na may karunungan ay nagdadala ng kagalakan sa kanyang ama, gaya ng nangyari kay Solomon mismo (1 Cronica 22:12; 2 Cronica 1:7-12). Sa kabilang dako, ang ina ang pinakamatinding

nakakaramdam ng kamangmangan ng kanyang anak. Tingnan ang kuwento ni Esau sa Genesis 26:34-35; 27:46.

10:2

Hindi binitiwan ng Diyos ang Kanyang trono bilang moral na tagapamahala ng sansinukob; kaya ang pag-aani ay sumusunod sa pagtatanim, kasintiyak ng pagsunod ng gabi sa araw. "Kung paanong ang pugo ay lumilimlim sa mga itlog na hindi niya inilabas, gayon ang nagtatamo ng kayamanan na hindi sa matuwid na paraan; sa kalagitnaan ng kanyang mga araw ay iiwan niya ang mga iyon, at sa kanyang wakas ay magiging mangmang siya" (Jeremias 17:11). Sa kabilang dako, ang katuwiran, gaano man ang paghihirap na kailangang danasin ng isang tao dahil dito sa sanlibutang ito, ay "nagliligtas mula sa kamatayan," kapag ang kamatayang iyon (gaya ng sa baha) ay katibayan ng paghatol ng Diyos. Sa aklat ng Esther, ipinapakita ni Haman ang unang kalahati ng kawikaang ito at si Mordecai naman ang halimbawa ng matuwid.

10:3

Anuman ang kanyang panlabas na kalagayan, ang kaluluwa ng matuwid ay iniaangat sa ibabaw ng lahat ng iyon at nakakahanap ng dahilan upang magalak sa gitna ng kapighatian. Walang ganitong katiyakan ang mga suwail. Madalas na sa isang iglap lang ay inaalis ang kanilang ninanais, sa mismong sandaling nagsisimula silang makaramdam ng ginhawa. Ang matagumpay na awit ni Habakuk (3:17-19) ay angkop na halimbawa ng unang bahagi ng Kawikaan 10:3, at ang sinapit ng mayamang mangmang (Lucas 12:16-21) naman ng ikalawa.

10:4

Hindi kailanman pinupuri ng Kasulatan ang katamaran; sa halip ay inuutusan nito ang Cristiano na maging masigasig. Maliwanag na nakalimutan ng mga magugulo sa Tesalonica ang utos na ito (2 Tesalonica 3:7-12). Sumulat ang apostol at hinimok sila “na sa katahimikan ay magtrabaho sila, at kainin ang sarili nilang tinapay.” Hindi naghahalo ang pananampalataya at ang katamaran. Ang minsang maling tinatawag na pananampalataya ay sa totoo'y kapangahasan. Ang kasipagan ang angkop na kasama ng pananampalataya. Ipinakita ng Moabitang si Ruth ang dalawang katangiang ito. Tinanggap niya ang kalagayan ng dukha at dayuhan sa piling ng mga namumulot sa bukid ni Boaz, ngunit itinaas siya sa takdang panahon (Ruth 2-4).

10:5

Nananatili ang prinsipyong ito, maging tungkol sa panahon o sa walang hanggan. Ang oras ng pagkakataon, kung gagamitin nang may pakinabang, ay nagpapakita ng karunungan; kung pababayaan, ay nagsasabi ng kamangmangan ngayon at kahihiyan sa hinaharap. Napakahalaga na bigyan ng tamang halaga ng isang tao ang kasalukuyang ibinigay ng Diyos; “na sinasamantala ang panahon, sapagkat ang mga araw ay masasama” (Efeso 5:16). Pakinggan nawa ng manggagawa sa mga bukirin ng pag-aani ng Diyos ang salita ng Kawikaan 10:5. Ngayon ang panahon upang tipunin ang mahahalagang bigkis na magiging dahilan ng kagalakan sa araw ng malapit nang pagdating ng pag-uwi ng ani. Ang natutulog sa kasalukuyang panahon ng pag-aani ay magdaranas ng kahihiyan at kawalan sa hukuman ni Cristo. Si Pablo ay napakahusay na halimbawa ng masipag na manggagawa sa buong buhay niya ng walang-

tigil na paggawa at malasakit sa isang naghihingalong sanlibutan. Si Demas naman ay isang nahalina ng pag-ibig sa kasalukuyang sanlibutan, natulog, at iniwan ang paglilingkod sa ibang mga kamay. Nananatili ang kanyang kahihiyan hanggang ngayon (2 Timoteo 4:10).

10:6-7

Ang alaala ng matuwid at ng masama pagkamatay nila ay katulad ng pagpapahalagang ibinibigay sa kanila habang nabubuhay. Sa 2 Timoteo 4:17 ay makikita natin si Pablo na nakatayo sa harap ni Nero para hatulan. Tinawag ni Pablo si Nero na leon na mula sa bibig nito ay iniligtas siya noong panahong iyon. Sa kabila ng kanyang pag-iisa at ng tila kaawa-awa niyang kalagayan, naranasan ng matapang na lingkod na ito ni Cristo ang mga pagpapala ng Diyos. Sa kabilang dako, karahasan ang tumakip sa bibig ng nang-aapi sa kanya, at iniwan siya nitong walang maidadahilan sa harap ng paghatol ng tao at ng Diyos. Matagal nang wala sa sanlibutang ito ang dalawa. Hayaang magpatotoo ang mga dantaon kung kaninong alaala ang nabulok at kung kanino ang hanggang ngayon ay dahilan ng pasasalamat!

10:8

Ang tapat na pananalita ay nagpapakita ng katapatan ng puso; ang kasinungalingan ay nagpapakita ng pandaraya ng puso. Ang hindi nag-aatubiling magsinungaling nang sadya ay nagkakalat ng sakit at kalungkutan saanman. Tinutusok ng kanyang nakakalasong mga salita ang puso ng mga maamong kaluluwa na parang tabak. Ang dila ng marunong ay kapaki-pakinabang at nakapagpapatibay sa mga sensitibong ito. Pero darating ang araw ng pagtutuos, kapag ang mga labi ng katotohanan ay maitatatag magpakailanman at ang mga sinungaling na dila ay malilimot.

Dapat tandaan na sadyang pandaraya ang pinag-uusapan dito. Nakalulungkot marinig na padalos-dalos na pinaparatangan ng mabubuting tao ang iba ng pagsisinungaling dahil nakapagsabi sila ng hindi totoo nang walang malay ang kanilang puso. Maaaring mali ang isang pahayag sa katotohanan, pero totoo sa layunin nito; gaya rin na maaaring totoo ang isang pahayag sa katotohanan, na binigkas na may layuning mandaya. Ang pandaraya sa puso ang nagiging dahilan para magsabi ng kasinungalingan ang mga labi. Walang dapat paratangan ng

ganito maliban kung malinaw sa katibayan na may layuning magsinungaling.

Maiingatan ang matuwid mula sa kasamaan, gaya ng paghahangad nila sa ikabubuti ng iba. Pero hahatulan ang masuwayin nang walang awa; sapagkat hindi maiiwasang ipakita ng Diyos ang Kanyang pagkamuhi sa kasinungalingan at ang Kanyang pagsang-ayon sa katotohanan at katuwiran. Ihambing sina Nehemias at Sanballat (Nehemias 6:5-9).

12:23

Ang taong pinakakaunti ang mahalagang masasabi ay karaniwang ang taong pinakamadaldal. Ang maingat na tao ay hindi palaging nagpapakita ng kanyang kaalaman; hindi pinapalampas ng mangmang ang anumang pagkakataon para ipahayag ang kanyang hungkag na kahangalan. Tingnan sina Jeremias at Hananiah (Jeremias 28:1-11).

12:24

Hindi lang kakayahan ang nagpapatagumpay at nagpapasulong sa isang tao sa buhay. Dapat may taimtim na pagsisikap, kung hindi ay walang kabuluhan ang talento at talino. Ang tamad, gaano man kalaki ang kanyang likas na mga kaloob at katalinuhan, ay mahuhuli sa matiyagang nagpapatuloy sa huli. Ito ang tinawag ng isang tao na "ang ebanghelyo ng paggawa." Napakahalaga nito, kapwa sa natural at espirituwal na larangan. Ihambing sina Gideon at Barak (Mga Hukom 6:11-12; 4:4-9).

12:25

"Kay bisa ng tamang mga salita," (Job 6:25) na nagdadala ng kaaliwan, kasiyahan, at pampalakas-loob sa mga

nagdadalamhati ang kaluluwa at mapait ang espiritu! Tingnan sina Nehemias at Artaxerxes (Nehemias 2:2-8).

12:26

Ang taong malinis ang mga lakad at malinaw ang budhi ang makakapagpatibay at makakapagbalik sa kanyang naliligaw na kapatid sa Diyos. "Ang espirituwal ay humahatol sa lahat ng bagay" (1 Corinto 2:15). Ang mga salita ng masuwaying tao ay nakakatukso at nakakabitag. Wala sa kanyang puso ang ikabubuti ng kanyang kapatid, kundi ang pagkawasak nito. Si Nathan ang halimbawa ng una; ang babae ng Tekoa ang halimbawa ng pangalawa (2 Samuel 12:1-14; 14:1-20).

12:27

Ang ilang tao ay nakakapagsikap nang pansamantala, pero agad na bumabalik sa kanilang nakagawiang katamaran. Marami ang nakikinig sa ministeryo ng Salita pero nabibigong magnilay dito pagkatapos at gawin itong kanila. Para silang mangangaso na walang pinapalampas na hirap sa kasabikan ng pangangaso pero pagkatapos ay walang mabuting ginagawa sa kanyang nahuli. Ibang-iba ang daan ng masipag. Mahusay niyang ginagamit ang kanyang mga yaman kaya higit pa ang ibinibigay sa kanya. Tingnan ang talinghaga ng mga talento (Mateo 25:14-30). Si Ruth ay kapansin-pansing halimbawa ng masipag. Namulot siya buong araw at sa gabi ay "hinampas ang kanyang napulot" (Ruth 2:17). Ang aliping nagtago ng kanyang mina sa panyo ang larawan ng tamad.

12:28

Ang daan ng katuwiran ay ang landas na iyon ng matuwid na lalong lumiliwanag hanggang sa ganap na araw (Kawikaan 4:18).

Sa pagdaan sa tagpo ng kamatayan, nagpapatuloy ang landas tungo sa lupain ng buhay. Ang buhay na walang hanggan ay mahalagang pag-aari na ngayon ng lahat ng pumasok dito sa makipot na pintuan. Ang kamatayan, bagama't totoo at tunay para sa mga nasa landas ng kasalanan, para sa matuwid ay ang pasukan sa kagalakan at kaluwalhatian ng bahay ng Ama. "Sapagkat ang Diyos na ito ay ating Diyos magpakailanman: Siya ang ating magiging patnubay kahit *lampas* [hindi, gaya sa KJV, *hanggang]* sa kamatayan" (Awit 48:14). Mapalad ang lahat ng lumalakad sa landas ng kabanalan sa gitna ng sanlibutan ng kasalanan hanggang sa lungsod ng Diyos!

Kawikaan 13

Kinikilala ng tunay na marunong na ang pagkatuto mula sa mga karanasan ng iba ay maaaring makapagligtas sa kanya mula sa maraming kaguluhan. Matuturuan siya ng iba tungkol sa daang nilakaran na nila, na pawang bagong lupa para sa kanya.

13:1

Sa unang talata ng bahaging ito, muli tayong pinapaalalahanan na ang marunong ang nagpapasalamat sa payo at tulong; hindi tatanggapin ng hangal na manunuya ang pagsaway. Sa kanyang tiwala sa sarili, nagpapatuloy siya, walang pakialam sa mga salita ng marunong. Kailangan niyang matuto sa mapait na karanasan ng mga bitag at hukay na sana'y naiwasan niya kung mapagpakumbaba niyang tinanggap ang payo mula sa mga may kakayahang magturo. Ihambing si Isaac (Genesis 26) kina Simeon at Levi (Genesis 34:25-31).

13:2-3

Ang nagsasalita ng masama ay nag-iipon lang ng kaguluhan at kalungkutan para sa kanyang sarili sa hinaharap; at ang puno ng biyaya ang bibig ay tiyak na makakasumpong ng biyaya kapag nangangailangan siya. Ang pagpipigil sa mga labi ay pag-iingat sa buhay. Ang taong may-gulang ay ang nakakapigil ng kanyang dila. Ang kulang sa karunungan sa bagay na ito ay magdadala ng tiyak na pagkawasak sa kanyang sarili. Si Shimei ay taimtim na babala ng prinsipyong ito (1 Hari 2:8); samantalang si David, nang matinding natukso na magsalita para sa sarili, ay halimbawa ng kabaligtaran (1 Samuel 17:28-29).

13:4

Inuulit ng Bagong Tipan ang prinsipyong ipinahayag sa talatang ito: "kung ang sinuman ay ayaw gumawa, huwag din siyang kumain" (2 Tesalonica 3:10). Totoo ito sa mga bagay na espirituwal gaya ng sa pisikal. Ang masigasig na naghahanap ng mahahalagang katotohanan sa Salita ng Diyos ang nagagalak sa Salitang iyon na parang nakasumpong ng malaking samsam. Ang kapalaran ng tamad sa buhay ay kapayatan ng kaluluwa at patuloy na kawalang-kasiyahan. Ihambing ang Ezra 7:10 sa mga bumalik na bihag (Hagai 1:2-6).

13:5-6

Ang pusong nakatalaga sa katotohanan ang lihim ng praktikal na katuwiran. Ang sumusunod sa daan ng kabanalan ay namumuhi sa kasinungalingan. Hinatulan na niya ang kalikuan, at nais niyang mamuhay sa harap ng Diyos upang luwalhatiin ang Kanyang pangalan sa sanlibutang ito, kung saan lubha itong nalapastangan. Ginagawa ng masuwaying tao ang sarili na kasuklam-suklam at nawawasak siya ng sarili niyang kasalanan. Napapahiya siya kahit sa buhay na ito at ang kanyang bahagi sa hinaharap ay ang itapon sa kadiliman sa labas magpakailanman. Ihambing sina Jehoiada at Athaliah (2 Hari 11).

13:7

Likas sa taong nagkasala ang maging mapagkunwari. Madalas magkunwaring mayaman ang dukha at magkunwaring dukha ang mayaman. Ang walang-wala ay nagnanais ituring na may marami; at ang may malaking kayamanan ay nakadarama na mas ligtas na ituring na may kaunti o wala. Ang una ay palalo at mayabang; ang huli, sakim at kuripot. Ang unang saloobin ay

ipinakita ng mga taga-Laodicea (Apocalipsis 3:17). Ang isa pang saloobin ay nakita nating isinagawa ng tusong mga Gibeonita para dayain si Josue at ang hukbo ng Israel (Josue 9).

13:8

Aminadong malabo ang talata. Kaunti lang ang tulong ng iba't ibang salin. Tila ang kaisipan ay na ang kayamanan ang pagtitiwala ng may-ari nito. Kaya mapagmataas niyang mahahamak ang sasaway sa kanya. Pero ang dukha ay nadudurog ng pagsaway, na wala nang natitirang lakas ng loob para tumayo laban dito. Maliwanag na parehong makasanlibutang tao ang dalawa.

13:9

Maliwanag na nagniningas ang apoy ng patotoo kapag pinapakain ng langis ng biyaya, na tanging ang matuwid ang may taglay. Maaaring sumiklab sandali ang ilawan ng masama, pero malapit nang makita ang tunay nilang kalagayan. Kulang siya ng langis, kaya kailangang mamatay ang liwanag. Ihambing ang kawikaang ito sa sampung dalaga (Mateo 25:1-13).

13:10

Ang maraming mapait na alitan sa mga banal na nagtitipon sa pangalan ni Cristo ay matinding patunay sa panganib ng kapalaluan. Ang alitan ay nanggagaling lang sa kapalaluan. Dapat itong tandaan, ang taimtim na babalang ito. Kung ipagtatapat at hahatulan nang tapat sa harap ng Diyos ang kasalanan ng kapalaluan, makikita ang dahilan ng pagtatalo sa tunay nitong liwanag bilang salungat sa Kasulatan at laban sa espiritu ni Jesu-Cristo! Isang lumang kasabihan na "kailangan ng dalawa para magkaroon ng away." Nagsisimula ang

pagtatalo kapag nananaig ang pagsisikap na panatilihin ang hangal na dangal, o kapag pinagnanasaan ng puso ang pag-aari ng iba. Agad na tumitigil ang alitan kapag hinaharap ng naagrabyado ang umagrabyado sa kanya nang may kababaang-loob at biyaya. Pinapagawa ng karunungan sa pinayuhang mabuti ang malumanay na sagot na nagpapalayo ng poot. Sa usapin ng alitan ng mga pastol ni Abram at ni Lot, nakikita natin kung paanong kapalaluan ang nasa ugat. Pinakaepektibong nilutas ni Abram ang alitan nang ialok niya ang unang pagpili kay Lot, na walang anumang karapatan sa lupaing ibinigay ni Jehova kay Abram (Genesis 13).

13:11

Ang madaling dumating ay madaling mawala. Lubos na pinapahalagahan at maingat na ginagamit ng isang tao ang kayamanang kanyang pinagpagalan. Nananatili ang prinsipyo kapag inilapat sa tunay na kayamanan, ang mahalagang katotohanan ng Diyos. Ang ilan, gaya ng espongha, ay madaling sumipsip, pero kasindali ring naglalabas kapag pinipiga. Ang pinapahalagahan ay ang napanalunan sa pagpapagal. "*Pag-aralan* mong iharap ang iyong sarili na sinang-ayunan ng Diyos, isang manggagawang hindi kailangang mapahiya, na wastong humahati sa salita ng katotohanan" (2 Timoteo 2:15, idinagdag ang italiko). Ang ganitong kayamanan ay tiyak na sulit sa pagtanggi sa sarili at pagtatalagang kailangan para makamit ito; at kapag nakamit nang ganito, mananatili ito at lalago. Tingnan si Ziba (2 Samuel 16:4; 19:29), na inihahambing kay Caleb (Josue 14:6-14).

13:12

Ang hindi natutugunang pananabik ng gutom na kaluluwa ay nagbubunga ng panghihina ng espiritu at pagkasakit ng puso. Ganyan ang *walang-pag-asang* pag-asa ng mga walang Cristo. Kay pinagpala ng kabaligtaran sa kaso ng Cristiano! Siya rin, kung minsan, ay nagkakasakit sa pananabik: pananabik na makita ang Minamahal ng kanyang kaluluwa. Pero malapit nang matupad ang kanyang nais, at ang katuparan nito ay magiging mahalaga gaya ng punungkahoy ng buhay. Minsan ay nagkasakit si David sa matinding pananabik. Nais niyang matikman ang tubig ng balon ng kanyang kabataan. Pero nang matugunan ang kanyang nais at dalhin ang tubig, napakahalaga nito para tikman niya. Ibinuhos niya ito sa harap ng Panginoon (1 Cronica 11:15-19).

13:13-15

Ang salita ng tagubilin ay nagdadala ng pabor sa Diyos at tao, gaya ng saganang pinatunayan nina Joseph, Daniel, at napakarami pang iba. Ang paghamak sa batas na ito ng marunong ay paglalantad ng sarili sa kahihiyan ngayon at kawalan sa walang hanggan. Pero ang natatakot sa utos, na kinikilala ito bilang bukal ng buhay, ay maiingatan mula sa malungkot na daan ng lumalabag at sa kadiliman ng walang hanggan. Hinamak ni Faraon ang salita at bumagsak sa ilalim ng naghihiganting kamay ng Panginoon. Hinamak ni Saul ang salita at nalagay sa kalungkutan sa harap ng mga Filisteo. Hinamak ng huling tatlong hari ng Juda ang salita at huli na nang matutuhan ang kakila-kilabot na pagkakamaling nagawa. Ang taimtim na halimbawa ng mga ito at ng marami pang iba sa banal at sekular na kasaysayan ay dapat magsalita nang malakas sa mga nagpupumilit tumahak sa sarili nilang daan at

nagwawalang-bahala sa mga utos ng Panginoon. Sinabi ng Panginoon, "Sa taong ito Ako titingin, sa kanya na dukha at may nagsisising espiritu, at nanginginig sa Aking salita" (Isaias 66:2).

13:16

Isasapuso ng maingat na tao ang karunungan ng aklat ng Mga Kawikaan. Tanging ang mga mangmang ang tumatanggi rito, at sa gayon ay ipinapakita ang kanilang kahangalan. Nakalulungkot na napakarami na marunong sa sanlibutang ito ang mangmang sa susunod! Gayunman, ang tunay na karunungan para sa buhay na ito ay ipinapakita sa pagsunod sa Diyos at sa paggamit ng kaalamang ibinibigay ng Kanyang Salita. Ang makasalanang hangal ang nagbibingi-bingihan sa tinig ng katotohanan. Ihambing sina Moises at Aaron kay Korah at sa kanyang mga kasama (Bilang 16).

13:17

Ang sugong tumatakbong nauuna, nang hindi naghihintay ng kanyang atas, ay makakatagpo at magbubunga lang ng kaguluhan. Ang tapat na humahayo bilang sugo ng iba ay nagdadala ng kalusugan at pagpapala. Napakahalaga nito sa gawain ng Ebanghelyo. Nabubuhay tayo sa panahon ng matinding pagkabalisa at pagkaabala. Pero kakaunti ang mga lingkod na naghihintay para malaman ang kalooban ng Panginoon gaya ng inihayag sa Kanyang Salita. Ang bunga ay maraming nakakapinsalang turo at maling tagubilin na lumilito at gumugulo sa mga nakikinig. Mahalaga ang mensahe ng tapat na sugo habang humahayo siya na nakikiusap sa mga tao na makipagkasundo sa Diyos (2 Corinto 5:20).

13:18

Maaaring hangal na iturìng ng mga tao na mababa sa kanilang dangal ang yumuko sa tagubilin at matuto mula sa mga may kakayahang magturo. Pero nagtatagal ang karangalan ng isang sapat ang kababaang-loob para tumanggap ng tulong mula sa sinumang makakapagbigay ng tunay na kaalaman; samantalang kahihiyan at kahirapan ang magiging bahagi ng kaluluwang nagtitiwala sa sarili. Tingnan si Johanan at ang mga kapitan (Jeremias 42. Ihambing din sa Kawikaan 12:1).

13:19-20

Nagagalak ang kaluluwa kapag nakamit ang nais ng puso. Pero ang tanging nais ng mangmang ay ang pagbibigay-kasiyahan sa kanyang mga pagnanasang walang renda. Tumatanggi siyang maniwala na dapat iwasan ang kalikuan. "Ang masasamang pakikisama ay sumisira sa mabubuting ugali" (1 Corinto 15:33). Ang pakikisama sa marunong ay nagdadala sa karunungan. Ang pakikipagkaibigan sa mga walang-kabuluhang tao ay humahantong sa higit pang kawalang-kabuluhan at nagbubunga ng pagkawasak na moral at espirituwal. Ihambing si Rehoboam sa batang haring si Josiah (1 Hari 12:8; 2 Hari 22).

13:21-22

Sa buong aklat na ito, iginigiit ang prinsipyo ng ganti kahit sa buhay na ito. Hinahabol ng makasalanan ang kasamaan, para lang matagpuang hinahabol siya ng kasamaan; samantalang ang matuwid na tao na nagbibigay ng kanyang kabutihan sa iba ay binabayaran ng kabaitan. Kapag namatay ang mabuting tao, mag-iwan man siya ng kayamanan sa materyal na bagay o hindi, ipinamamana niya sa kanyang mga inapo ang pinarangalang pangalan at banal na halimbawa—isang manang

hindi masukat ang halaga. Ang inipon ng gumagawa ng masama ay agad nawawala at napupunta sa mga kamay na mas may kakayahang gamitin ito nang wasto. Ihambing si Jonadab na Rechabita (Jeremias 35:6-11) kay Coniah (Jehoiachin sa NIV, Jeremias 22:24-30).

13:23

Ang dukhang magsasaka, kung masipag, ay gagamitin ang bawat sulok ng kanyang maliit na lupa. Nakapagbubunga siya ng dami at sari-saring pagkain na madalas nakakagulat sa kanyang mas mayamang kapitbahay. Gayunman, ang mayamang kapitbahay ding ito ay hinahayaang nakatiwangwang ang kanyang mga ektarya at ang malaking bahagi ng kanyang ani ay pabayang nasasayang at nasisira.

Ang taong kakaunti ang pagkakataon ay madalas sinusulit ang mayroon siya, samantalang ang may malalaking pribilehiyo ay nagiging tamad at pabaya.

May mahalagang espirituwal na aral tayong makikita rito. Madalas nating makita ang isang kapatid na may kaloob, na maraming oras na libre para sa pag-aaral at panalangin at walang-hanggang pagkakataon na tamasahin ang ministeryo. Gayunman, madalas siyang pabaya at tamad, kakaunti ang tunay na pagkaing nakukuha araw-araw at kakaunti ang naibibigay sa iba. Sa kabilang banda, maaari nating makita ang isang ang araw-araw na pagpapagal ay sumasakop sa halos lahat ng kanyang oras na gising, at ang mga talento at pinag-aralan ay karaniwan lang. Gayunman, taimtim niyang inilalaan ang sarili sa paggamit ng mayroon siya at halos walang sandaling pinapalampas na nasasayang. Regular siyang nakakapag-ipon ng maraming pagkain para sa sarili niyang

kaluluwa at patuloy na nagbibigay ng kaginhawahan at pagpapala sa kanyang mga kapatid!

Ang kakulangan ng pagiging espirituwal ay hindi bunga ng kakulangan ng oras para linangin ang mga bagay ng Diyos; sa halip, tanda ito ng kabiguan ng isang tao na gamitin ang mga pagkakataong inihaharap.

Narinig natin ang tungkol sa isang panday na humihihip ng bubugan, na may pahina ng salita ng Diyos sa harap niya sa dingding, upang makakuha siya ng kaunting lakas para sa kanyang kaluluwa habang inaasikaso ang kanyang pandayan; at tungkol sa isang sapatero na nagpapako ng sapatos na nasa harap niya ang kanyang Tipan, kung saan paminsan-minsan ay sumasagap siya ng mahalagang subo para sa kanyang espirituwal na pagpapatibay. Gawain iyon ng dukha, pero puno ito ng kasiyahan.

Ang "Walang oras para sa Diyos" ay karaniwang nangangahulugang "Walang puso para sa Diyos," kung sasabihin ang buong katotohanan. Ang masigasig na kaluluwa ay gagawa ng oras. Madalas niyang napapatunayan na ang maliit na bahagi ng Kasulatan o ilang minuto ng panalangin ay nagbubunga nang sagana, kapag tunay na nasasanay ang puso at budhi. Tingnan ang panalangin ni Jabez (1 Cronica 4:9-10).

13:24

Ang disiplina sa pamilya ay dapat iayon sa banal na disiplina ng Hebreo 12. Hindi pag-ibig, kundi ang kakulangan nito, ang humahayaang hindi madisiplina ang isang bata. Hinahayaan siyang magpalago ng mga hilig at pagkiling na walang pumipigil, na magbubunga ng kalungkutan sa hinaharap. Panahon natin ngayon ng malaking kaluwagan sa disiplina.

Aanihin ng susunod na henerasyon ang mapait na bunga ng kawalan ng pagpipigil at ng hayag na pag-ayaw sa disiplina sa karamihan ng mga tahanan. Ang sakiting pagkamaramdamin, na kunwa'y mas marunong at mas mahabagin kaysa sa Diyos mismo, ang nagpauso sa pagtuligsa sa paggamit ng pamalo bilang labi ng barbarong panahon. Pero tiyak na pinapatunayan ng pagkakaiba sa pagkatao ng mga batang nadisiplina at ng maayos na tahanan ang katotohanan ng Kasulatan.

Mas masama pa kapag binabalewala ang pagpipigil sa mga Cristiano sa dahilang naghahari ang biyaya. Hindi kailanman isinasantabi ng biyaya ang pagpipigil. Hindi magkasalungat ang dalawang prinsipyo. Sa mga daan ng Diyos, magkaagapay na gumagawa ang biyaya at pagpipigil, gaya ng nararapat sa tahanan. Ihambing si Eli (1 Samuel 3:13-14) kay Abraham (Genesis 18:19).

13:25

Maaaring maliit ang bahagi ng matuwid, pero kasiya-siya ito dahil nasa kapahingahan ang puso at budhi. Pero ang masama, bagama't namumuhay siya nang magulo sa kasiyahan at kasaganaan nang pansamantala, ay walang nasusumpungang tunay na kasiyahan; dadalhin siya ng kanyang kapabayaan sa pangangailangan sa huli. Kay saya ng bahagi ni Lazarus sa pintuan ng mayaman, na naghihintay sa kanya ang sinapupunan ni Abraham, kaysa sa bahagi ng masuwaying alibughang anak ng naunang kabanata (Lucas 15:11-32 at 16:19-31).

Kawikaan 14

Sa unang talata ng kabanatang ito, malinaw na ipinakikita sa atin ang pagkakaiba ng marunong na babae at ng babaing mangmang.

14:1

Ang marunong na babae ang mangunguna sa kanyang sambahayan sa tamang daan sa pamamagitan ng payo at halimbawa. Ginagabayan niya ang kanilang mga hakbang ayon sa Salita ng Panginoon. Dahil dito, ang kanyang bahay ay nakatayo sa matibay at hindi matitinag na pundasyon ng katuwiran. Ang babaing mangmang naman, dahil sa kanyang masamang asal at sa maling pagtuturo, ay nag-iimbak ng kalungkutan para sa kanyang sarili at ng hinagpis para sa kanyang mga anak. Pagkumparahin ang ina ni Moises at ang ina ni Ahazias (Exodo 2; 2 Cronica 22:2-3).

14:2

Ang paraan ng pamumuhay ang nagpapatunay kung ang isang tao ay tunay na lumalakad na kasama ng Diyos o hindi. Walang halaga ang patotoo ng mga labi kung sinasalungat naman ito ng ugali. Ang taong may takot sa Panginoon ay makikilala sa kanyang kabanalan at katapatan. “Ang nagsasabing siya'y nananatili sa Kanya ay dapat ding lumakad na gaya ng Kanyang paglakad” (1 Juan 2:6).

Ang mga likong daan na salungat sa Kanyang ipinahayag na kalooban ay nagpapatunay na ang Diyos ay talagang hinahamak at hindi kinatatakutan; ang gusto Niya ay ang totoo. Ang pagsasalita tungkol sa paggalang sa Diyos habang sumusunod naman sa utos ng makasarili at makalamang

kalikasan ay pagkukunwari. Ito ang naging bitag ni Saul. Nilagom ni Samuel ang usapin ng pagsunod nang sabihin niya, “Narito, ang pagsunod ay mas mabuti kaysa hain, at ang pakikinig kaysa taba ng mga lalaking tupa” (1 Samuel 15:22). Ang patotoo ng mga tao mismo ang nagpatunay na si propeta Samuel ay lumakad sa harap nila sa pagkatakot sa Diyos (1 Samuel 12).

14:3

Ang mangmang ay humahatol sa kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang sariling bibig, dahil sa kanyang walang kabuluhang pagyayabang. Ang mga salita ng marunong ay nagpapahayag ng kalagayan ng kanilang puso. Kaya nilang magbigay ng malumanay na sagot na pumapawi ng galit, at sila'y mabagal sa pagsasalita at maagap sa pakikinig. Ang kanilang pananalita ay nagpapakita ng karununganga nasa kanila. Tingnan sina Goliat at David (1 Samuel 17:41-49).

14:4

Tiyak na isang marahas na hakbang ang patayin ang mga baka para lang maging malinis ang kuwadra. Matutupad nga ang layunin, pero sa anong halaga!

Ang lakas ng baka ay nagdaragdag sa kayamanan ng bukid. Kaya sulit ang panahong ginugugol sa regular na paglilinis ng kuwadra. “Ang mga baka ba ang iniintindi ng Diyos? O sinasabi ba Niya iyon nang lubos para sa atin? Para sa atin, walang duda, ito'y isinulat” (1 Corinto 9:9-10). Nakalulungkot na kung minsan ay napakabilis ng mga kapulungan na dumulog sa pagpapaalis ng mga banal na nagdudulot ng gulo. Pinuputol nito ang maraming paglago at pagpapalang maaari sanang dumating kung nagkaroon lang ng pagtitiyaga at biyaya.

Madalas ipinagpapalagay na ang malaking layunin ng disiplina sa bahay ng Diyos ay ang pagpapaalis sa nagkasala; pero ang totoo ay kabaligtaran nito. Ang una nating dapat gawin ay taimtim na pagsikapang maibalik ang nagkakamali. Kung tama ang ating saloobin sa harap ng Diyos, dadaing tayo sa Diyos at makikiisa tayo sa makasalanan. Sa huli, kung walang nangyari at nagpatuloy pa rin ang gumagawa ng masama sa kanyang kasalanan at ayaw magsisi, ang pagtitiwalag ang huling malungkot na pagkilala na ang kaso ay dapat nang ipaubaya sa kamay ng Diyos.

Ang pagdadala ng usapin sa harap ng mga banal at ang mabilisang pagkilos, bago pa nagawa ang lahat ng pagsisikap na pagalingin ang nagkasala, ay maaari ngang maglinis sa kapulungan; pero ito'y magiging kawalan ng lahat. Kailangan natin ang isa't isa. Dumarating ang pagpapala at paglago ng katawan kapag mabisang gumagana ang bawat bahagi. Gaano pa kaya kabuti ang maglinis sa pamamagitan ng pag-akay sa isang nagkakamaling kapatid tungo sa pagsisisi, at sa gayo'y natatakpan ang kanyang kasalanan, kaysa itiwalag siya bago pa nagamit ang lahat ng posibleng paraan upang maibalik siya sa Diyos! (Tingnan ang Mga Hukom 20:35-48; 21:1-3.)

14:5

Ang mga salita ng taong nagbibigay ng tapat na patotoo ay totoo at may pagpipigil. Hindi maaasahan ang sinungaling na saksi, dahil itinalaga na niya ang kanyang sarili sa pagsasabi ng kasinungalingan. Ang Cristiano ay tinawag na maging tagasunod Niya na higit sa lahat ay “ang tapat at totoong saksi.” Sa pagtangging hawakan nang may daya ang Salita ng Diyos, dapat niyang sabihin ang kanyang nalalaman batay sa awtoridad ng pahayag ng Diyos. Ang pagyayabang tungkol sa

mga walang kabuluhang haka-haka ng isip ng tao ay pagsasabi ng kasinungalingan sa halip na katotohanan. Tingnan si Pablo sa harap nina Festo at Agripa (Mga Gawa 26:25); at pansinin ang malungkot na kabaligtaran sa kaso ni Pedro sa pasilyo ng bulwagan ng konseho (Lucas 22:55-62).

14:6

Maaaring magtanong ang manunuya tungkol sa katotohanan, pero hindi niya inilalagak ang kanyang puso sa sagot. Kaya hindi niya natatagpuan ang karunungan. Ang mga may pang-unawa ay pinakikilos ng taos-pusong hangaring malaman ang katotohanan, kahit na kailangan nilang hatulan ang kanilang sarili at ang kanilang mga lakad sa pamamagitan nito. Sa kanila, madaling dumarating ang kaalaman.

Ang prinsipyong ito tungkol sa kahalagahan ng taos-pusong hangarin ay higit na totoo pagdating sa pag-unawa sa Kasulatan. Ang manunuya ay laging nakakahanap ng dahilan para tumutol at ng mga hangal na pagpuna sa Salita ng Diyos. Ang taimtim at matuwid na kaluluwa ay nakakakita lang ng liwanag kung saan ang isa ay nakakakita ng kadiliman. Kung nahihirapan ang isang tao na tanggapin ang katotohanan ng Biblia, halos palagi itong dahil kumakapit siya sa isang kasalanang hinahatulan ng Salita. Kapag nahatulan na ang kasalanang iyon at pinagsisihan na ang kasamaan, lumilinaw ang lahat. Minsang nagtanong si Pilato, “Ano ang katotohanan?” (Juan 18:38) Pero hindi siya sapat na nag-alala para hintayin ang sagot, kahit na ang Katotohanan mismo na nagkatawang-tao ay nakatayo sa harap niya. Matagal nang napatunayan ni Daniel na malinaw ang lahat sa taong may pang-unawang espirituwal.

14:7-9

Kapag naging malinaw na ang isang tao ay nakatuon sa kamangmangan at walang pakialam sa katuwiran, pinakamabuti nang hayaan siya sa kanyang sarili. Walang saysay ang makipagtalo o mangatuwiran sa ganitong tao. Nakakadungis ito sa marunong at nagbibigay lang ng kasiyahan sa kapalaluan ng mangmang. “Lumayo ka sa mga ganito” (2 Timoteo 3:5).

Ang maingat ay binibigyan ng karununganng gagabay sa kanya nang mabuti. Ang mangmang ay walang hangad sa karununganng ito. Ang kanyang puso ay huwad at ang kanyang mga labi ay mapandaya. Kinukutya niya ang kasalanan at hindi niya nauunawaan kung gaano ito kabigat. Hindi niya kailanman nakita ang pangangailangan ng pagsisisi. Dahil dito, walang saysay na subukang ilayo siya sa kanyang suwail na landas. Ang matuwid ay tinatanggap dahil hinatulan nila ang kanilang sarili at yumuko sa makatarungan at banal na hatol ng Diyos. Sa pagkilala sa kanilang tunay na kalagayan, nakakatagpo sila ng mas mabuting kalagayan. Sa paglakad sa pagsunod sa Diyos, sila'y kalugud-lugod sa Kanya.

Hindi ito nangangahulugang itinuturo ng Kasulatan na ang pagtanggap ng Diyos na humahantong sa kaligtasan ay nakabatay sa mga gawa ng kautusan. Malayong-malayo. Gaya ng ipinakita ng halimbawa ni Abraham, hangga't hindi pa inaaring-ganap sa pananampalataya ang isang tao, hindi ipinapahayag na matuwid ang kanyang mga gawa. Ang mababuting gawa ay hindi ang dahilan ng pag-aaring-ganap at ng bagong kapanganakan, kundi bunga ng mga dakila at mahalagang pagpapalang ito.

Para sa halimbawa ng mga mangmang na kumukutya sa kasalanan at tumatanggi sa turo, tingnan ang Jeremias 44:15-19. Doon natin mababasa ang tungkol sa nalabi sa Ehipto na humamon sa salita ng Panginoon na sinabi sa pamamagitan ng Kanyang propeta.

14:10

Bawat puso ay may sariling lihim na kagalakan o kalungkutan na hindi kailanman nahahati sa iba. Ang mga hinagpis o kagalakang hindi kayang ilarawan ng mga salita ay madalas nakatago nang malalim mula sa paningin ng iba. Gaano katotoo ito sa ating pinagpalang Panginoon mismo! Sino ang nakasukat kailanman sa lalim ng dalamhati ng Kanyang kaluluwa, o sino ang makapagtataya nang wasto sa Kanyang mga kagalakan?

Sa ganitong Dakilang Saserdote tayo makakalapit dala ang ating pinakamabibigat na kalungkutan; sa Kanya natin maibabahagi ang ating pinakamalalim na kaisipan ng galak at kasiyahan.

14:11-13

Kung ang kabataang lalaking bumabasa ng karunungan ni Solomon ay makakaligtaan pa rin ang landas ng buhay at sa huli'y mapapahamak, hindi ito dahil sa kulang ang babala o kulang ang turo. Malinaw at walang pag-aalinlangan, ang masama at ang matuwid ay madalas na pinagkukumpara.

Sa mga talatang ito, una nating mababasa ang tungkol sa bahay ng suwail at sa tolda ng matuwid. Ang bahay ay maaaring magmukhang mas matatag, pero ito'y guguho; ang mga pundasyon nito ay mawawasak dahil itinayo ito sa lumulubog na buhangin. Ang matuwid na manlalakbay ay naninirahan sa kanyang tolda habang naglalakbay siya sa sanlibutang ito na

banyaga sa kanyang bagong kalikasan. Ang toldang ito ay mananatili at uunlad hanggang sa matapos ang mga araw ng pagtotolda.

Likas na pinipili ng tao ang kanyang sariling daan—isang daang tila tama sa kanyang sarili. Pero nagwawakas ito sa kamatayan, dahil salungat ito sa katotohanan ng Diyos. "Ang pagpapagal ng mangmang ay nakakapagod sa bawat isa sa kanila, sapagkat hindi niya alam kung paano pumunta sa lungsod" (Eclesiastes 10:15).

May isang lungsod na kahit ang pinakamakasalanan at pinakamasama ay tiyak na nananabik na pasukin, kung naniniwala man sila sa buhay na darating. Ang lungsod na iyon ay inasahan na maging ni Abraham (Hebreo 11:10). Inilarawan ito ni Juan bilang ang bago at banal na Jerusalem, kung saan ang Korderong namatay ang sentro at ilawan na pinagmumulan ng buong kaluwalhatian ng Diyos. Siya mismo ang nagsabi, noong nasa lupa Siya, "Ako ang daan" (Juan 14:6). Ang Kanyang pangalan lamang ang kaligtasang ipinahahayag sa mga ligaw at nagkasalang makasalanan. Walang ibang pangalan at walang ibang daan na hahantong sa lungsod ng liwanag.

May *isang daan*—oo, maraming daan; pero walang matatawag nang wasto na *ang daan* maliban kay Jesus. Ang wakas ng daang tila tama ay kamatayan—kamatayang moral, espirituwal, walang hanggan, pero may malay magpakailanman!

Ang mga tumatanggi sa *Daan*, para tahakin ang *isang daan* na sarili nilang pinili, ay hindi nakakatagpo ng tunay na kagalakan o katiyakan. "Sa hindi nila pagkaalam sa katuwiran ng Diyos, at sa pagsisikap na itatag ang sarili nilang katuwiran, hindi sila nagpasakop sa katuwiran ng Diyos" (Roma 10:3). Kaya ang kanilang daan ay daan ng pagdududa at kawalang-katiyakan.

Kahit tumatawa sila, hindi payapa ang puso, at ang kanilang kasiyahan ay nakatakdang magwakas sa kabaliwan. Tingnan si Mikas sa Mga Hukom 17 at 18:14-26.

Mapalad ang mga tumatanggi sa mga pakana ng tao at bumabaling sa Kanya na siyang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay!

14:14

Ito lang ang talata sa Biblia (KJV) kung saan lumilitaw ang salitang *backslider* (tumatalikod). Ang ilang beses na matatagpuan ang salitang *backsliding* (pagtalikod) sa ating bersyong Ingles ay nasa mga aklat lang ng Jeremias at Hosea. Karaniwan itong ginagamit bilang pang-uri, pero ginagamit din bilang pandiwari at ilang beses bilang pangngalan. Dapat pansinin na wala sa dalawang anyo ng salita ang lumilitaw sa Bagong Tipan.

Ang tumatalikod ay isang taong binitiwan ang lupang minsan niyang tinayuan para sa Diyos. Maraming kaluluwa ang sumusuko na sa puso bago pa man ito makita sa kanilang buhay. Nadudungisan ang konsensya, at kung hindi susunod ang paghatol sa sarili, nagsisimulang mawalan ng kapangyarihan ang katotohanan sa puso. Hindi magtatagal at susunod ang malungkot na bunga ng gumuhong patotoo, hanggang sa ang tumatalikod ay nabubuhay na para sa sarili lang. Mahalaga, gayunman, na maingat na pag-ibahin ang pagtalikod at ang pagtalikod sa pananampalataya (apostasya). Ang tumatalikod ay isang taong nabigong isabuhay ang katotohanan ng kanyang ipinahahayag. Ang apostata naman ay lubusang binibitiwan ang katotohanan, at itinatanggi pa ang Panginoon; pinatutunayan nito ang kanyang pagiging huwad,

ano man ang dati niyang ipinahayag. Tinutukoy ni Juan ang mga apostata (1 Juan 2:19), gayundin si Pablo sa Hebreo 6 at 10. Hindi na kailangang sabihin, walang tunay na mananampalataya ang kailanman nagiging apostata.

Ang mabuting tao ay pinamamahalaan ng taos-pusong patotoo, at ang kanyang buhay ay kaayon ng kanyang patotoo. Tunay siyang nabubuhay para sa Diyos, at nagdudulot ito ng kasiyahan sa kanya.

Si Pedro ay tumalikod na sa puso bago pa man siya bumagsak; gayundin, makatitiyak tayo, si David. Sa matapat na paninindigan nina Sadrac, Mesac, at Abednego, nakikita natin ang mga taong ang puso ay nakatalaga sa mga prinsipyo ng Diyos noong sila'y nag-iisa. Kaya nagtagumpay sila sa harap ng madla (Daniel 3).

14:15-19

Ang *marunong* at *musmos* ay mga salitang magkaugnay. Tumutukoy ang mga ito hindi gaanong sa kalagayan ng isip kundi sa pagkatakot sa Panginoon sa isang banda, at sa walang-pakialam na pagtitiwala sa sarili sa kabilang banda.

Ang musmos ay handang maniwala sa anumang sabihin ng mga taong kasing-mangmang nila. Pero natitisod sila sa pinakamalinaw na katotohanan ng pahayag ng Diyos. Ang taong nagpupuna sa katotohanan ng Diyos ay may matibay na pananampalataya sa pinakamalalaking kahangalan. Kayang paniwalaan ng hindi mananampalataya nang walang pag-aatubili na siya'y inapo ng mahabang linya ng mas mababababang hayop, mula sa protoplasma hanggang sa unggoy. Pero kinukutya niya ang Cristianong tumatanggap sa pananampalataya ng pahayag ng Diyos na “ginawa ng Diyos

ang tao na matuwid; ngunit humanap sila ng maraming imbensyon" (Eclesiastes 7:29). Ang maingat na tao ay hindi nagtitiwala sa sarili at nagtitiwala sa Salita ng buhay na Diyos. Sa pag-aayos ng kanyang mga hakbang ayon sa Salita, maingat niyang tinitingnan ang kanyang mga landas.

Sa pagkatakot sa Panginoon, lumalayo sa kasamaan ang marunong. Ang mangmang ay hindi nakikinig kaninuman at pinangungunahan ng kanyang mga pagnanasa. Nagpapatuloy siya sa mayabang na pagtitiwala sa sarili tungo sa sarili niyang kapahamakan. Kapag sinalungat sa kanyang kamangmangan, nagngangalit siya sa galit. Pero nakikita niyang siya ang pinag-uukulan ng pagkamuhi ng iba, dahil sa kanyang masasamang pakana. Sa paghahanap ng masasamang kasiyahan, mamanahin niya ang kamangmangan. Kapag tapos na ang kanyang ligaw na takbo at lipas na ang kanyang mga taon ng kapabayaan, sa kanyang kahinaan at karalitaan ay yuyuko siya sa karunungan ng matuwid. Mapipilitan siya sa huli na aminin na sila ang pumili ng mas mabuting bahagi. Ang mabubuti ay nag-uukol ng sarili sa pagtatamo ng karunungan. Pinuputungan sila ng kaalaman at pinararangalan, habang ang musmos ay hinahamak. Pagkumparahin sina Saul at David.

14:20-22

Sa sanlibutang ito, kung saan naghahari ang kasakiman, ang mayaman ay laging may maraming pumupuri at humahanga sa kanila; samantalang ang mahirap ay hinahamak at inaapi. Mali ang ganitong pagkilos; dahil madalas pinipili ng Diyos ang mga dukha sa lupa para maging mayaman sa pananampalataya (Santiago 2:5). Nakikita ng Diyos ang lahat, at gagantimpalaan Niya ang mga magiliw at mabait sa pakikitungo sa mga aba. Titiyakin Niya na ang mga maawain ay tatanggap bilang kapalit

ng kagandahang-loob at katotohanan. Pagkumparahin ang mga prinsipe ng Juda at si Ebed-melec (Jeremias 38:1-13; 39:15-18).

14:23

Mapakinabangan ang paggawa dahil sa kung ano ang nalilikha at dahil pinupuno nito ang mga kamay at inaabala ang isip. Lubos nitong binabawasan ang panganib na magpadala sa isang tiwaling kalikasan. Pero ang salita lang at ang walang-lamang pagyayabang tungkol sa sarili ay nagbubunga ng karalitaang materyal at espirituwal. Gaano kaangkop para sa mga nagkasalang nilalang ang panalanging, "Maglagay Ka ng bantay, O Panginoon, sa aking bibig; bantayan Mo ang pinto ng aking mga labi" (Awit 141:3)! Tingnan ang talinghaga ng dalawang anak. Ang isa ay nagtrabaho sa ubasan at nakinabang; ang isa naman ay nagsabing magtatrabaho siya, pero hindi: salita lang ito ng mga labi (Mateo 21:28-31).

14:24

Mahirap man o mayaman sa mga bagay ng sanlibutang ito, ang marunong ay laging mayaman dahil may kayamanan silang hindi kailanman kukupas. Ang mangmang, anuman ang kanyang pag-aari, ay puno lang ng kamangmangan, at walang makikinabang sa kanya sa huli. Tungkol kay Nabal, kinailangang sabihin ni Abigail, "Nabal [mangmang] ang kanyang pangalan, at kamangmangan ang nasa kanya" (1 Samuel 25:25). At totoo ang mga salitang ito sa lahat ng katulad niya. Si Amnon ay angkop na halimbawa ng malungkot na pangkat na ito (2 Samuel 13:13). Para sa pangmatagalang gantimpala ng marunong, tingnan ang Daniel 12:3.

14:25

Sa Kawikaan 14:5 ay mayroon tayong tapat na saksi (KJV); dito ay mayroon tayong totoong saksi. Ang ganitong tao ay magliligtas ng mga kaluluwa. Ipinakikilala ng ating Panginoon ang Kanyang sarili sa dalawang katangian bilang ang "tapat at totoong saksi" sa Laodicea (Apocalipsis 3:14). Sa panahon ng pagkamaligamgam at pagluluwag, nananatili Siyang tapat na tagapagdala ng patotoo na nagpapanatili sa katotohanan, at totoong saksi na nagliligtas sa lahat ng yumuyuko sa pagsisisi. Ang mapandayang saksi ay sa lahat ng paraan kabaligtaran nito. Pinaglalaruan niya ang turo ng Kasulatan, sa walang-hanggang kapahamakan ng mga naniniwala sa kanyang mga hindi banal na haka-haka. "Kung ang bulag ay umaakay sa bulag, kapwa sila mahuhulog sa hukay" (Mateo 15:14). Pagkumparahin si Moises kina Janes at Jambres (2 Timoteo 3:8).

14:26-27

Ang layunin ng Espiritu Santo sa pagkasi kay Solomon na isulat ang Mga Kawikaan ay ituro ang pagkatakot kay Jehova. Ang natuto ng aralin na ito ay nakakatagpo ng matibay na katiyakan at ng isang kanlungan. Hindi ito ang alipin na takot ng isang hamak na alipin, kundi ang magalang na paggalang ng mapagmahal na mga anak. Ang mga ganito ay nagagalak na natagpuan nila ang bukal ng buhay at ng turo para sa kanilang landas sa lupa, upang maiwasan nila ang mga bitag ng kamatayan. Ang *mga anak* ay ginagamit sa talata 26 sa diwang moral. Ang kaugnayan sa Diyos, gaya ng alam natin ngayon, ay hindi pa naipahahayag bago dumating sa sanlibutan ang Anak ng Diyos upang ipakilala ang Ama. Pero ang mga tunay na may takot sa Panginoon ay itinuring Niyang mga anak kahit hindi

pa nila natatanggap ang Espiritu ng pagkupkop, na nagbibigay-kakayahan sa kanilang tumawag ng, "Abba, Ama." Tingnan si Cornelio (Mga Gawa 10).

14:28

Walang kabuluhan ang ranggo at titulo ng isang hari kung walang kumikilala sa kanyang awtoridad. Kapag ang Panginoong Jesus "sa Kanyang kapanahunan… ay ipakikita, kung sino ang pinagpala at tanging Makapangyarihan, ang Hari ng mga hari, at Panginoon ng mga panginoon" (1 Timoteo 6:15), ang buong tinubos na sangnilikha ay yuyuko sa harap Niya. Sina David at Is-boset ay naglalarawan ng talata (2 Samuel 3-4).

14:29

Ang tao ng Diyos ay magkakaroon ng kakayahang pamahalaan ang kanyang espiritu. Sa pagpipigil sa sarili, ipinakikita niya ang malaking pang-unawa; ang kulang sa pagpipigil sa sarili ay hindi makapagbibigay ng pakinabang sa iba. Ang padalus-dalos na espiritu ay nagtataas lang ng kamangmangan at humahadlang sa pag-unawa ng tunay na karunungan. Ang masamang ugali ay laging tanda ng kahinaan. Ang taong nakakaalam na nasa kanya ang isip ng Diyos ay kayang maghintay nang tahimik sa Kanya. Tingnan sina Micaias at Zedekias na anak ni Chenaana (1 Hari 22:24-25).

14:30

Ang malusog na puso ay ang puso ng taong wasak sa harap ng Panginoon at natutong huwag mag-isip ng kanyang sarili nang higit kaysa nararapat niyang isipin. Ang inggit ay nagpapakita ng kakulangan ng paghatol sa sarili. Sa isang Cristiano, nagpapahiwatig ito ng paparating na pagguho ng kanyang

pagkaalagad kung hindi siya magpapakumbaba nang lihim. Ito ang nakatagong dahilan ng kalungkutan ni Asaf hanggang sa pumasok siya sa santuwaryo ng Panginoon (Awit 73).

14:31

Ang pagiging malupit sa mga nasa karalitaan ay pag-insulto sa Diyos na lumikha sa mayaman at sa mahirap. Ang Kanyang di-maarok na karunungan ay nagpapahintulot na ang ilan ay nasa kapighatian, samantalang ang iba ay may higit pa sa ninanais ng puso. Ang nagpaparangal sa Diyos ay titingin sa mga nangangailangan bilang iniwan upang subukin ang puso ng mga nasa mas maginhawang kalagayan. Pahahalagahan din niya ang pribilehiyong maglingkod sa kanila ayon sa kanyang makakaya, at sa gayo'y ipinakikita sa kanila ang kabaitan ng Diyos. Tingnan ang kaso ni Mefiboset (2 Samuel 9).

14:32

Ang kamatayan ng masama at ng matuwid ay malinaw na magkaiba gaya ng kanilang buhay. Ang masama ay inaalis sa pamamagitan at dahil sa kanyang mga kasamaan. Lumalabas siya tungo sa walang-pag-asang kawalang-hanggan upang harapin ang kanyang talaan ng pagkakasala sa hukuman ng makapangyarihang katarungan. Ang matuwid sa puso ay hinarap na ang kanyang mga kasalanan sa buhay na ito sa harap ng Banal. Wala siyang kinatatakutang paghatol pagkatapos ng kamatayan, kaya umaalis siya sa sanlibutang ito na may mapagtiwalang pag-asa sa darating na kagalakan at kaligayahan. Hinangad ni Balaam ang ganitong kamatayan pero ang kabaligtaran ang kanyang natagpuan (Bilang 23:10; 31:8). Alam ni Esteban ang katiyakang ito. Nakaluhod siyang namatay

na may panalangin sa kanyang mga labi para sa kapatawaran ng mga pumatay sa kanya (Mga Gawa 7:59-60).

14:33

Ang katalinuhan at pang-unawa ng taong may unawa ay nagpapakita ng karunungang nasa kanyang puso; samantalang ang walang-saysay na asal ng mga mangmang ay malinaw na nagsasabi kung ano ang nasa loob ng kanilang puso. Tingnan ang tala sa talata 24.

14:34

Ang kasaysayan ay ang walang-katapusang paglalarawan ng ipinahahayag sa kawikaang ito. Ang mga bansa, gaya ng mga indibidwal, ay hinahatulan ayon sa kanilang mga lakad. Walang bansang tumalikod sa landas ng pambansang katuwiran ang umunlad nang matagal. Kapag ang kapalaluan at kahambugan, kasama ng kasakiman at kalupitan, ang namamahala, hindi na malayo ang oras ng pagpapakumbaba. Ang Israel ang magiging dakilang halimbawa para sa lahat ng tao magpakailanman. Nang pinahalagahan ang Salita ng Diyos at pinarangalan ang Kanyang kalooban, umunlad sila. Nang nagtagumpay ang kasalanan at ang pagpapabaya sa Diyos, naging kahihiyan sila. Tama ang nagsabing, “Ang Israel ay ang haliging asin para sa mga bansa, na sumisigaw sa lahat ng tao, ‘Alalahanin ninyo!’”

14:35

Kapag ang isang sugo ay nagpapakita ng karunungan at pag-iingat, pinahahalagahan ng hari ang kanyang paglilingkod. Pero kapag ang kanyang payo ay nauwi sa kapahamakan, walang hangganan ang galit ng hari. Nawa ang mga naghahangad na maglingkod sa isang mas dakilang Hari ay makilala sa

karunungang gagawa sa kanilang tunay na mahalaga sa gawaing ipinagkatiwala Niya sa kanila. Tingnan sina Dario at Daniel, kaiba kina Ahasuero at Haman (Daniel 6:3; Esther 7:7-9).

Kawikaan 15

Hindi kayang sukatin nang tama ng tao ang kapangyarihan para sa mabuti o masama na nasa dila. Ang mabait at magiliw na salita ay madalas na nakakapawi ng galit ng pinakamainitin at pinakamagagalitin na tao. Ang matalim at masakit na pananalita ay madalas nakapaghiwalay ng magkakaibigang malapit sa isa't isa nang maraming taon; may dumating na maliit na pangyayaring dapat sanang ginawang pagkakataon ng biyaya at pagtitimpi ng bawat isa, nang may pag-ibig.

15:1-2

Para sa marami, hindi raw lalaki ang hindi gumaganti sa insulto at hinahayaang lumipas ang galit na mga salita nang hindi sinasagot. Pero mas malaking tunay na katatagan ng loob ang kailangan para harapin ang galit na tao nang may katahimikan ng espiritu, at sumagot ng malamig at mahinahong salita sa mainit at padalus-dalos na mga salita. Ang taong nakapagpipigil ng kanyang dila ay nagpapakitang napapasailalim niya ang kanyang sariling damdamin. Ang taong gumaganti ng masama sa masama ay nagpapakitang hindi pa niya alam kung paano pamahalaan ang kanyang espiritu. Ang masasakit na salita ay nagdaragdag lang ng gatong sa apoy; ang magiliw na pakikitungo ay malaki ang magagawa para palamigin ang galit ng iba.

Alam ng marunong kung paano gamitin ang kaalaman nang mapakinabangan; alam din niya kung kailan magsasalita at kailan tatahimik. Ang mangmang ay laging handa sa pagsagot, akma man ito o hindi.

Sa sagot ni Gideon sa mga lalaki ng Efraim, may mahalaga tayong halimbawa ng malumanay na sagot na pumapawi ng galit at ng karununganng gumagamit ng kaalaman nang tama (Mga Hukom 8:1-3). Sa sagot ni Jefte sa parehong mga tao, nakikita natin ang malungkot na larawan ng kamangmangan ng paggamit ng masasakit na salita na pumupukaw ng galit (Mga Hukom 12:1-6).

15:3

Napakaaliw ng katotohanan ng kawikaang ito sa pagod na puso. Gaya ng kawawang si Hagar sa ilang, maaaring madama ng isang tao na pinabayaan na siya ng lahat maliban sa Diyos; gayunman, masasabi niya nang may katiyakan, "Ikaw, O Diyos, ay nakakakita sa akin" (Genesis 16:13). Ang malaman na ang Kanyang mga mata ay nasa lahat ng ating lakad ay tunay na matamis kapag may pagtitiwala at pag-asa sa Kanya. Pero para sa masama, ang malaman na hindi siya kailanman makapagtatago sa mga matang iyon na nakakakita ng lahat ay marahil ang pinakakakila-kilabot na bagay na kailangan niyang harapin. Hindi ito nakapagtataka kapag naalalang ang nakakakita ng lahat ay ang Banal at ang Totoo! Ang kasalanang hindi pinagsisihan ang dahilan kung bakit napakakakila-kilabot ang mapasailalim ng mata ng Diyos. Ang umaamin ng kanyang pagkakasala at yumuyuko sa pagsisisi sa harap Niya ay hindi na kailangang matakot. Ang kasalanang ipinagtapat ay kasalanang inalis sa pamamagitan ng pagtubos ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Ang mga pagninilay ni David sa Awit 139 ay mahalagang paliwanag sa talatang ito.

15:4

Mas karaniwan ang likong dila kaysa dilang nagpapagaling! Ang mapandayang dila ay naghihiwalay ng magkapatid at sumisira ng mga ugnayan. Ang malusog na dila ay nagbubuklod sa pamamagitan ng kasiyahan at kagalakan, at para itong puno ng buhay sa mga nagninilay sa mga sinasabi nito. Ang dilang nagpapagaling ay ang dila ng tagapamayapa. Ang likong dila ay pag-aari ng taong nagkakalat ng alitan sa magkakapatid. Nawa'y hangarin natin ang una at tumakas tayo sa huli.

Taglay ni Abraham ang dilang nagpapagaling nang sabihin niya, “Huwag sanang magkaroon ng alitan,... sapagkat tayo'y magkapatid” (Genesis 13:8). Si Seba na anak ni Bicri, dahil sa kanyang padalus-dalos na dila, ay nagdulot ng pagkakahati at pagkakabaha-bahagi sa Israel at nagdala ng paghatol sa kanyang sariling ulo (2 Samuel 20).

15:5

Ang kabataang lalaki ay madaling mag-isip na mas mataas ang kanyang kaalaman kaysa sa kanyang ama, at nakakalimutan niyang hindi maaaring balewalain ang mga taon ng karanasan. Kamangmangan ang hindi matuto sa taong nauna nang lumakad sa landas na tatahakin mo. Ang pagbibigay-pansin sa saway at ang may pasasalamat na pagtanggap sa pagtutuwid ay patunay ng tunay na karunungan. Pagkumparahin si Manases at ang kanyang amang si Ezequias (2 Hari 18-21).

15:6

Tingnan ang tala sa Kawikaan 14:24. Ang tunay na kayamanan ay matatagpuan sa bahay ng matuwid. Anumang kita ang maipon ng gumagawa ng masama, magkakaroon siya ng

malaking kaguluhan at kalungkutan. Tingnan si Acan (Josue 7:19-26).

15:7

Sa halip na mga walang-kabuluhang biro at malupit na pananalita, ang mga salita ng marunong ay nagdadala ng pakinabang at pagpapala—ang tunay na kaalamang nagpapatibay sa nakikinig. Ang mangmang ay nakakapagsabi lang ng nasa kanyang puso, at walang napapakinabangan dito ang sinuman, nakakapinsala lang. Sina Pablo at Elimas sa Pafos ay angkop na naglalarawan sa magkabilang panig (Mga Gawa 13:6-12).

15:8-9

“Ang mga nasa laman ay hindi makalulugod sa Diyos” (Roma 8:8). Ang hain ng masama, kasama ng lahat ng kanilang lakad, ay masama sa Kanyang paningin. Bago Niya matanggap ang anuman mula sa makasalanan, dapat munang magkaroon ng pagsisisi—isang pagyuko ng kaluluwa sa harap ng Diyos at paghahanap sa Kanyang mukha nang may katapatan. Ipakikita Niya ang Kanyang pabor sa mga tapat at matuwid ang puso, dahil nalulugod Siya sa mga sumusunod sa katuwiran.

Mahalagang maunawaan ng makasalanan na siya'y lubos na walang pakinabang. Walang hinihingi ang Panginoon at wala Siyang matatanggap mula sa kanya hangga't hindi niya muna tinatanggap ang kaloob ng Panginoong Jesu-Cristo. Kapag natanggap na Siya sa pananampalataya, magbabago ang buong buhay. Ang mapagmahal na paglilingkod sa Diyos ay magiging lubos na katanggap-tanggap at napakahalaga sa Kanyang paningin, dahil ito'y magiging bunga ng bagong buhay, hindi

ang pagpapagal ng isang nagtatrabaho para makamit ang buhay na iyon.

Ipinakikita ng mga talatang ito kung gaano kasalungat sa Kasulatan ang hilingin sa mga taong hindi pa nagbabalik-loob na suportahan ang gawain ng Panginoon o magsakripisyo alang-alang kay Cristo. Lahat ng kanilang magagawa o maibibigay ay may bahid ng kasalanan at hindi karapat-dapat sa Kanyang banal na presensya. Tingnan ang Awit 66:18.

15:10-12

"Lahat ng bagay ay hubad at lantad sa mga mata Niya na ating pananagutan" (Hebreo 4:13). At Siya ay "tumatalos ng mga pag-iisip at mga hangarin ng puso" (Hebreo 4:12). Ang di-nakikitang daigdig, na madilim at nakatago sa tao, ay lubos na bukas sa harap Niya. Siya lamang ang sumisiyasat sa puso ng mga tao at humahatol sa kanilang mga motibo. Kapag tumatanggi sila sa pagtutuwid, nakikita ng Kanyang mata ang kanilang kalikuan at titiyakin Niyang mahahatulan sila ayon sa kanilang mga gawa. Ikinagagalit ng manunuya ang pagtutuwid at saway, kaya iniiwasan niya ang marunong upang hindi makuwestiyon ang kanyang masasamang lakad. Pero hindi niya maiiwasan ang Diyos. Kailangan niyang harapin Siya, gusto man niya o hindi. Tunay na magiging kalunus-lunos kapag kailangan nang managot ng masama sa mga pagkakataong tinanggihan, turong pinabayaan, at biyayang hinamak. Tingnan ang marunong at ang mangmang na nagtayo sa Mateo 7:24-27.

15:13

Ang masayang tao ay ang taong may pusong payapa at kaya nagagalak sa lahat ng oras. Natagpuan niya kay Cristo ang isang Tagapagligtas at ang pang-araw-araw na kasiyahan. Ang

nagpapasan ng lahat ng kanyang alalahanin sa Kanya at natutong ipagkatiwala ang lahat ng kanyang mga gawain sa Kanyang kamay ay laging magkakaroon ng masayang puso at maaliwalas na mukha. Ang bahagi ng taong sinusubukang pasanin ang sarili niyang mga kalungkutan at pang-araw-araw na alalahanin ay isang pusong nabibigatan. Nabibigo siyang ipaubaya ang lahat sa Kanya na lubos na nalulugod na pasanin ang ating mga alalahanin para sa atin. Walang nakakasira ng espiritu na gaya ng nakatagong hinagpis; pero hindi ito kailangang maging kalagayan ng banal na hahayaang ang Panginoong Jesus ang maging tagapasan hindi lang ng kanyang kasalanan, kundi pati ng kanyang pasanin. Tingnan si Pablo sa Filipos 4.

15:14

Malaki ang kinalaman ng ating pagkain sa kung ano tayo. Totoo rin ito sa atin sa larangang moral. Nagiging katulad tayo ng ating kinakain; at kinakain natin ang hinahangad ng ating puso. Pinahahalagahan ng taong may pang-unawa ang kaalaman at iniuukol niya ang sarili sa paghahanap nito. Walang pakialam ang mangmang sa bagay na magbubuo ng tunay na pagkatao at maglalayo sa kanya sa kanyang masasamang lakad. Sa halip, kumakain siya ng kamangmangan at kahambugan, at nagiging mas hungkag at mas mangmang kaysa dati.

Pag-isipang mabuti ito ng batang Cristiano. Natuto ka na bang makilala si Cristo? Kung gayon, iwan mo na magpakailanman ang makalamang kasiyahan ng sanlibutan. Huwag mong subukang pakainin ang bagong buhay ng basurang babasahin ng sanlibutan at ng makasalanang kasiyahan nito. Kung gagawin mo, walang tunay na paglago, at tiyak na susunod ang pagguho ng moral at espirituwal. Pero kung ilalagay mo ang

Panginoon sa harap mo at hahanapin mo ang iyong pagkain sa Kanyang Salita at sa mga bagay na nakapagpapatibay, lalago ka sa biyaya at sa kaalaman ng katotohanan. Tularan mo si David (Awit 119:103-104), si Jeremias (Jeremias 15:16), at si Job (Job 23:12). Huwag mong hayaang mahulog ang sarili mo sa mga lakad ng halu-halong karamihan (Bilang 11:4-9), na nawalan ng gana sa pagkain ng mga anghel dahil sa pagnanasa sa masasarap na pagkain ng Ehipto.

15:15

Malapit na kaugnay ang talatang ito ng ikalabintatlong talata. Ang taong nalulumbay at malungkutin ay nakakakita sa bawat araw ng mga dahilan ng hinagpis at masamang kutob. Kaawa-awang paraan ito ng pamumuhay at nagpapakita ng kawalan ng pagtitiwala sa Diyos. Kapag masaya ang puso, maliwanag ang lahat ng araw, at ang kaluluwa ay may walang-tigil na piging. Hindi ito kagaanan ng ulo, kundi ang banal na kagalakang bunga ng pagbabalik sa Diyos ng lahat ng dumarating sa aking buhay. Si Habakuk ay pumasok nang malalim sa kagalakang ito (Habakuk 3:17-18).

15:16-17

Ang natagpuan ang kanyang kagalakan sa Panginoon ay lubos na makakaunawa sa minamahal na matandang banal na naghain sa kanyang mesa ng kapirasong tinapay, isang sibuyas, at isang basong tubig, at pagkatapos ay masayang nagpasalamat sa Diyos para sa “lahat ng ito at kay Jesus”! Mas mabuti nang kaunti ang tinatangkilik sa lupa at kilala si Jesus at nananatili sa pagkatakot sa Kanya, kaysa magkaroon ng malalaking kayamanan at iba't ibang karangyaan, kasama ng kaguluhan at pagkamuhi. Pag-isipan ang saloobin ni Daniel at

ng kanyang mga kasama nang tumanggi silang dungisan ang kanilang sarili ng pagkain ng hari (Daniel 1).

15:18

Ipinaalala na sa atin ng unang talata ng kabanatang ito ang katotohanang ito; pero makabubuting maibalik itong muli sa ating harapan, dahil napakatagal nating matuto. Ang taong magagalitin ay tiyak na taong palalo; kung hindi, hindi siya madaling magagalit sa mga bagay na tumatama sa kanya. Ang mapagpakumbabang tao ay magiging mabagal sa pagkagalit, dahil natuto siyang huwag mag-isip ng kanyang sarili nang higit kaysa nararapat niyang isipin. Kaya hindi siya agad magdaramdam sa mga insulto at pagkakasala. Pagkumparahin ang espiritung ipinakita nina Saul at David (1 Samuel 20:30-34; 24:8-22).

15:19

Sagana ang mga kahirapan sa isip ng taong tamad. Tila napapaligiran ng mga tinik ang kanyang buhay. Marami siyang dahilan para hindi agad kumilos ayon sa alam niyang tama. Ang matuwid, sa pagkaalam ng kanyang tungkulin, ay nagpapatuloy at natatagpuang nagiging malinaw ang kanyang daan sa harap niya habang humahakbang siya nang isa-isa.

Kung ang Diyos ang nag-uutos, dapat lang akong sumunod. Siya ang nananagot sa paglilinis ng mga hadlang sa aking landas o sa pagbibigay sa akin ng kakayahang malampasan ang mga ito. Pakinggan ang mga awit ng tagumpay ni David sa Awit 18:29 at 2 Samuel 22:30. Gaano kalungkot ang kabaligtaran sa kaso ng sampung espiya (Bilang 13).

15:20

Ihambing sa Kawikaan 10:1. Ang marunong na anak ay nagpapasaya sa puso ng kanyang ama sa pamamagitan ng pakikinig sa turo at pagsasagawa ng kabutihan. Ang mangmang na tao ay nag-iisip na mas mataas siya kaysa sa kanyang ina at hindi pinapansin ang kanyang mapagmahal na payo at nakatutulong na gabay. Tingnan ang 30:17.

15:21

Ang mangmang ay sumusugod, na nagagalak sa kanyang kamangmangan. Nalulugod siya sa kasamaan at determinadong masunod ang sarili niyang kagustuhan sa kabila ng bawat babala at pakiusap. Ang taong may integridad ay nagpapasakop sa pagkatakot sa Diyos at lumalakad sa katuwiran. Tumatanggi siyang maakit ng makasalanang kasiyahan at pang-akit. Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 14:16 at 18.

15:22

Tingnan ang tala sa 11:14, at ihambing sa 24:6. Tunay na marunong ang taong sumasangguni sa mga taong matalino at may karanasan tungkol sa mahahalagang bagay. Lalo itong totoo kapag malamang na maraming iba ang maaapektuhan. Tingnan ang ginawa nina Pablo at Bernabe sa Mga Gawa 15.

15:23

Ang angkop na sagot na sinabi sa tamang panahon ay hindi nag-iiwan ng pagsisisi. Ang mga totoong salita ay hindi palaging napapanahon. Maraming kalungkutan at sakit ng loob ang naidulot, sa nagsasalita at sa iba, ng pag-uulit ng bagay na sa sarili nito ay totoo naman, pero hindi dapat ipinasa sa

ikatlong tao. Pero ang salitang napapanahon ay mahalaga at nakatutulong. Nakapagpapaginhawa ito sa nakikinig at nagbibigay ng kagalakan sa nagsasabi nito. Pagkatapos ng mga walang-kabuluhang haka-haka ng tatlong kaibigan ni Job, gaano kanapapanahon ang sagot ni Eliu (Job 32).

15:24

Ang salitang Hebreo na *Sheol*, o ang *libingan* (NIV), ay tumutukoy hindi lang sa lugar ng parusa sa hinaharap, kundi sa kung ano ito bago ang krus, maging sa mga anak ng Diyos—isang di-nakikitang lupain ng kadiliman sa kabila ng libingan. Dahil ang mahabang buhay ay pagpapalang ipinangako sa tapat na Hebreo, ang maagang kamatayan ay kapahamakang dapat katakutan. Kaya masasabing ang daan ng buhay ay lumalayo sa Sheol sa ibaba. Ang mga lumalakad sa daan ng buhay ay iingatan hanggang sa marangal na katandaan sa lupaing ibinigay ng Diyos sa Kanyang makalupang bayan. Ang kaso ni Ezequias ay angkop na naglalarawan ng kaisipan tungkol sa kamatayan na karaniwan sa mga tunay na makadiyos na tao sa nakaraang dispensasyon (Isaias 38 at 2 Hari 20).

15:25

"Bagaman mataas ang Panginoon, gayunma'y pinapansin Niya ang mababa: ngunit ang palalo ay kilala Niya mula sa malayo" (Awit 138:6). Ang Kanyang mukha ay laging nakatutol sa mga nagtataas ng kanilang sarili; pero Siya ang laging naging tagasuporta ng ulila at ng balong nagtiwala sa Kanyang pag-ibig at pag-aalaga. Ang nangangailangang bayan ng Diyos ay maaaring lubos na magtiwala sa Kanyang biyaya, na nakatitiyak na ang Kanyang puso ay laging nakatuon sa kanila. Pero ang mga mapagmataas at hambog ay walang karapatan sa Kanyang

pagsasaalang-alang at kagandahang-loob. Guguho ang kanilang bahay at malalanta ang kanilang kapalaluan. Pagkumparahin ang paghatol sa sambahayan ni Conias (Jeremias 22:30) at ang pag-aalaga ng Panginoon sa balo ng Sarepta (1 Hari 17:10-16).

15:26

Napag-isipan na natin ang pagtingin ng Panginoon sa hain at sa lakad ng masama. Ngayon ay natututuhan natin na maging ang mga pag-iisip ng gumagawa ng masama ay kasuklam-suklam din sa Kanya na "ang mga mata ay napakadalisay upang tumingin sa kasamaan" (Habakuk 1:13). Pero ang pananalita ng dalisay ay kaaya-aya sa Kanyang paningin, bilang daloy mula sa pusong sinanay sa kabanalan. Nakikita natin ang dalawang uri sa Juan 6:68-71.

15:27

Ang mga nakaupo sa hukuman at ang mga tinatawag bilang saksi ay laging nalalantad sa bitag ng pagtanggap ng suhol. Ang kasakiman at pag-iimbot ang naging pagbagsak ng marami sa ganitong kalagayan. Ang mga taong tumanggap ng suhol ay nagdala ng pagkawasak sa kanilang sarili at kahihiyan sa lahat ng kasama nila. Ang napopoot sa mga regalo—ibig sabihin, ang taong matatag na tumatangging mabili—ay mabubuhay.

Ang mga kawal na nagbantay sa libingan ng ating Panginoon ay pinatahimik ng suhol, sa kanilang walang-hanggang kahihiyan (Mateo 28:11-15). Hinamon ni Samuel ang Israel na magpatotoo sa kanyang integridad sa bagay na ito (1 Samuel 12:3-4). Tingnan ang Kawikaan 29:4.

15:28

Ang taong lumalakad sa pagkatakot sa Diyos ay maingat na magtitimbang ng kanyang mga salita, baka dahil sa padalus-dalos na pananalita ay malapastangan niya ang kanyang Panginoon at makahadlang siya kung saan nais niyang tumulong. Ang masama ay walang ganitong pagsasaalang-alang; sinasabi niya ang anumang dumating sa kanyang mga labi, anuman ang pinsalang idulot nito. Madalas talagang ipinagmamalaki ng mga tao na sila'y prangka at tahasang magsalita, samantalang sa katotohanan ay ipinakikita lang nila ang pagkamanhid ng kanilang konsensya. Kung tunay silang nagising sa halaga ng mga salita, titimbangin nila itong mabuti bago sabihin, at sa gayo'y maiiwasan ang maraming gulo at kalungkutan. Dahil totoo ang isang bagay, hindi nangangahulugang angkop itong pag-usapan at ipasa mula sa isa patungo sa iba. Ang matuwid ay maingat na pag-iisipan ang epekto ng kanyang mga salita bago sabihin ang bagay na hindi na kailanman lubusang mababawi. Pagkumparahin si Eliseo at ang mga anak ng mga propeta sa Jerico (2 Hari 2:15-18).

15:29

Ang masama ay walang karapatang umasa ng anuman mula kay Jehova; wala Siyang pangakong pakikinggan ang kanilang daing. Kapag dumating ang araw ng kanilang kagipitan, wala silang matatagpuang matatawagan. Nang bumaling sa Diyos ang sumasamba-sa-diyus-diyosang Israel sa kanilang kaguluhan, tumanggi Siyang pakiusapan nila. Itinuro Niya sila sa mga diyos na kanilang pinaglingkuran, upang maunawaan nila kung ano ang ibig sabihin ng pagtalikod sa Kanya.

Pero ipinangako Niya ang Kanyang sarili na pakikinggan ang panalangin ng matuwid; at para sa Kanya, ang pakikinig ay

pagsagot. Ang taong nalulugod sa Diyos kapag maliwanag ang lahat ay matatagpuan Siyang isang Kaibigang malapit kapag binabalot ng kadiliman ang kaluluwa. Huwag nating kalimutang nasusulat, “Kung kayo'y mananatili sa Akin, at ang Aking mga salita ay mananatili sa inyo, hingin ninyo ang anumang ibig ninyo, at ito'y gagawin sa inyo” (Juan 15:7). Tingnan si Josue sa Gibeon (Josue 10:12-14).

15:30

Ang Ebanghelyo ng kaluwalhatian ng pinagpalang Diyos ang “mabuting balita” ng kawikaang ito. “Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig sa pamamagitan ng Salita ng Diyos” (Roma 10:17). Kasinghalaga ng liwanag para sa isang nangangapa sa kadiliman ang mabuting balitang ito para sa kaluluwang nananabik sa kalayaan mula sa nabibigatang konsensya.

Ang mabuting balitang ipinadala mula sa Langit sa mga tao sa kanilang mga kasalanan ay tungkol sa Anak ng Diyos, si Jesu-Cristo, “na ibinigay dahil sa ating mga pagkakasala, at muling binuhay para sa ating pag-aaring-ganap” (Roma 4:25). Isang Persona ang inihaharap sa tao sa Ebanghelyo. Kapag pinagtiwalaan Siya at naunawaan ang Kanyang gawa, tunay na nagpapagalak ito sa puso at nagpapataba sa mga buto. Tingnan ang bantay ng bilangguan sa Filipos (Mga Gawa 16:29-34).

15:31-33

Tingnan ang tala sa Kawikaan 15:10. Pinahahalagahan ni Jehova ang marunong na sapat ang kababaang-loob para magpasalamat sa pagtutuwid kapag naliligaw.

Ang mga matatalino ng sanlibutang ito ay madalas na masyadong palalo para tumanggap ng paalala. Sa pag-aakalang

nakahihigit sila, mapanghamak silang tumatalikod sa taong, sa pagkatakot sa Diyos, ay sasaway sa kanila kapag nagkakamali. Pero sa paggawa nito, ipinakikita nilang hinahamak nila ang sarili nilang kaluluwa.

Tanging ang mga nakikinig sa saway ang nagkakaroon ng pang-unawa. Sa pananatili sa pagkatakot sa Panginoon, inaamin nilang marunong ang kumilala sa kanilang mga pagkakamali at kapintasan. Kaya tinatanggap nila ang paalala bilang nagmumula sa Diyos mismo, dahil "bago ang karangalan ay ang kababaang-loob." Ang kumukuha ng mababa at hindi-makasariling puwesto ay itataas sa takdang panahon. Tingnan ang kahanga-hangang kasaysayan ni Jose (Genesis 37-50).

Kawikaan 16

Ang kasabihan ng tao na, “Ang tao ang nagbabalak, pero ang Diyos ang nagtatakda,” ay may mas naunang katumbas sa Kawikaan 16:1.

16:1

“Hindi nasa taong lumalakad ang pagtutuwid ng kanyang mga hakbang” (Jeremias 10:23). Maaari siyang magplano at mag-ayos, pero kapag dumating ang oras para magsalita o kumilos, ang sagot ay nagmumula kay Jehova. Tingnan si Balaam (Bilang 23-24).

16:2

Mula pa noong pagkahulog, naging likas na sa tao ang pangatuwiranan ang kanyang sarili. Hangga't hindi siya dinadala sa liwanag ng kabanalan ng Diyos, tiyak siyang maipagtatanggol ang kanyang asal. Ang kanyang mga lakad ay malinis sa sarili niyang paningin, pero hindi siya mapagkakatiwalaang hatulan nang tama ang kanyang sarili, dahil ang puso ay magdaraya nang higit sa lahat ng bagay at lubhang masama. Tinitimbang ni Jehova ang mga espiritu. Eksakto ang Kanyang timbangan. Walang mali ang Kanyang paghatol; Siya ang taimtim na nagpapahayag, “Ikaw ay tinimbang sa timbangan, at nasumpungang kulang” (Daniel 5:27).

Tanging sa pagpapahintulot sa Diyos na maging hukom ng kanyang kasalanan matatanggap ng tao ang kaligtasang inilaan sa pamamagitan ng tapos nang gawa ng Anak ng Diyos sa krus ng Kalbaryo. Kung hindi, ang hatol lamang ang kanyang magiging bahagi. Tingnan si Belsasar (Daniel 5:25-30).

16:3

Ang salitang *ipagkatiwala* ay maaaring isaling "igulong." Ang nagpapagulong ng kanyang mga gawain sa Panginoon ay matatagpuan Siyang laging handang mamahala sa lahat ng ito at dalhin ang mga ito sa wastong pagkakatapos. Pero dapat tandaan na kung ipagkakatiwala ko ang lahat sa Kanya sa ganitong paraan, hindi na ako ang pumipili para sa sarili ko kung ano ang dapat na kalabasan, kundi sinasabi ko nang may pagtitiwala, "Mangyari nawa ang Iyong kalooban." Gusto ng Diyos na ibulong sa Kanyang tainga ang bawat hangarin, at pagkatapos ay iwan ito sa pananampalataya upang kumilos Siya ayon sa Kanyang pag-ibig at walang-maling karunungan. Tingnan si Ana (1 Samuel 1:9-20).

16:4-5

Ang lahat ng bagay ay hahantong sa huli sa kaluwalhatian ng Diyos. Ang mahabang kuwento ng kasalanan at kalungkutan ng lupa ay sa huli'y magbubunga ng pagdakila sa Kanyang pag-ibig at sa Kanyang kabanalan. Ang mga naligtas sa pamamagitan ng Kanyang biyaya ay pupuri sa Kanya magpakailanman; pero kikilalanin din ng masama ang Kanyang katarungan sa araw ng kanilang hatol. Kinasusuklaman Niya ang kapalaluan; lahat ng lumalakad nang may kapalaluan ay mawawasak sa harap Niya, subukan man nilang labanan ang Kanyang kapangyarihan. Ipahahayag silang nagkasala kapag umupo Siya sa trono ng paghatol. Gaano pa kabuting yumuko sa pagsisisi ngayon, habang nasa trono Siya ng biyaya! Tingnan ang Kanyang salita tungkol sa paghatol sa Sodoma at Gomorra (Judas 7; 2 Pedro 2:6).

16:6

Ang pagkakasala ng tao sa kapwa tao ay pinakamainam na naaayos sa pamamagitan ng kagandahang-loob at katotohanan. Hindi tumutukoy ang kawikaang ito sa pagtubos ng ating mga kasalanan sa harap ng Diyos. Walang dami ng mabait na gawa at totoong salita ang makapaglilinis ng konsensya mula sa pagkakasala at makapagbibigay ng pagtanggap sa Kanya. Pero sa pagpapakita ng pagsisisi at sa pagbabayad sa taong nagkasalahan, malaki ang magagawa natin para alisin sa kanyang isip ang nakaraang kasamaan. Ang pagkatakot kay Jehova ang umaakay sa paglayo sa kung ano ang hindi banal at salungat sa wastong aral. Ang pagkatakot na ito sa Diyos ang aakay sa isang tao na pagsikapang magkaroon ng konsensyang walang sala sa Diyos at sa mga tao. Tingnan si apostol Pablo (Mga Gawa 24:16).

16:7

Ang katotohanan ng kawikaang ito ay isang malawak na pahayag na hindi gaanong pinagninilayan. Walang pinapayagang eksepsiyon. Kung ang mga lakad ng isang tao ay kalugud-lugod sa Panginoon, hindi makapagsasabi ang kanyang mga kaaway ng kahit isang salita laban sa kanyang pagkatao. Maaari siyang kamuhian nila, pero napipilitan silang aminin na ang Diyos ay kasama niya.

Kaya kung ang aking mga kaaway ay hindi payapa sa akin, dapat kong itanong sa sarili ko, Talaga bang kalugud-lugod sa Diyos ang aking mga lakad? Walang duda, malapit na akong paalalahanan ng isang bagay na kailangang hatulan sa Kanyang presensya.

Ang taong tahimik na nagpapatuloy “sa masamang balita at sa mabuting balita” ay magsasara ng bibig ng kanyang mga kaaway. Hindi siya nag-aaksaya ng panahon sa pagtatanggol sa sarili, kundi nag-aalala lang sa pagbibigay-lugod sa Diyos at sa pagpapaubaya ng lahat sa Kanya na humahatol nang matuwid. Ang banal at mapagpakumbabang paglakad ay magpapatahimik maging sa kanyang pinakamasasamang kaaway. Tingnan si Daniel (Daniel 6:4-5).

16:8

Ang integridad ng puso ay mas mabuti kaysa libu-libong pilak at ginto. Gaano kadukha ang taong nagbubunton ng kanyang mga milyon, pero isinasakripisyo ang kanyang konsensya para gawin ito! Ang simpleng pamumuhay, na payapa ang isip at puso, at ang paglakad ayon sa matuwid na mga prinsipyo ay walang-hanggang mas mainam kaysa malaking kita na may kasamang kasakiman at hindi banal na mga gawain. Tingnan sina Nabot at Ahab (1 Hari 21).

16:9

Ihambing ang talatang ito sa Kawikaan 16:1. Madalas iniisip ng mga tao na nasusunod nila ang sarili nilang kagustuhan, samantalang sa katotohanan ay inaakay sila ng Panginoon sa mga kakaibang landas para sa kanilang pagdidisiplina at pagpapala. Tingnan si Noemi (Ruth 1:21).

16:10-15

Ipinaaalala sa atin ng mga talatang ito ang huwarang hari. Paminsan-minsan, may ibinangon na mga haring makalupa na napoot sa kasamaan at umibig sa katuwiran. Pero ang sanlibutang ito ay dumadaing pa rin para sa pagdating at

paghahari ng tunay na Hari, na hahatol sa mga bansa nang may katarungan, at sa Kanyang bibig ay hahamakin ang taong masama.

Ang Pinahiran lamang ng Diyos ang may tronong itatatag sa pamamagitan ng katuwiran at para sa Kanya ang bawat uri ng kawalang-batas ay kasuklam-suklam. Sa Kanyang mga labi ay may tiyak na pasya, dahil ang Kanyang bibig ay hindi lumalabag sa mga batas ng wastong paghatol. Si Cristo ang dakilang huwaran para sa lahat ng pinuno ng tao. Sa sukat na tinutularan nila Siya, wasto nilang napananatili ang kaluwalhatian ng pagkahari.

Anumang tama at totoo sa mga tao ay mula sa Diyos. Lahat ng kahalayan at mapandayang panlilinlang ay kasuklam-suklam sa Kanyang mga mata. Kaya ipinakilala ang mga panimbang at timbangan sa gitna ng bahaging ito tungkol sa dangal ng hari. Dahil ang parehong integridad na gumagabay sa pasya ng matuwid na hari ay nakakaimpluwensya rin sa mga panukat na ginagamit ng pinakadukha sa kanyang mga nasasakupan.

Nalulugod ang hari sa mga labi ng katotohanan at iniibig niya ang wastong pananalita. Ang kanyang galit ay parang hatol na kamatayan, pero papayapain ito ng karunungan. Sa kanyang pabor ay may buhay at kaginhawahan. Kung may buhay sa liwanag ng mukha ng isang makalupang hari, gaano pa kaya kalaking buhay ang nasa liwanag ng Hari ng mga hari—"Sa Iyong presensya ay kapuspusan ng kagalakan" (Awit 16:11). Tingnan si David (2 Samuel 3:36).

16:16-17

Ihambing sa mga tala sa Kawikaan 2:1-9. Ang taong may karunungan at pang-unawa ay may nakahandang kayamanan

para sa dalawang daigdig (tingnan ang Daniel 5:11). Madaling malinlang ng huwad na karunungang hindi mula sa itaas, kundi makalupa, makalaman, at mula sa diyablo. Ang karunungang hindi nagsisimula sa pagkatakot sa Panginoon ay huwad na gawa ni Satanas. Maaaring ipagmalaki ng mga mayayabang at makasanlibutang tao na nasa kanila ang lahat ng kaalaman, pero hindi nila alam kung paano lumayo sa kasamaan. Sinusundan nila ang lansangan ng kasamaan.

16:18-19

Ang kapalaluan ang naging pagkawasak ng isang arkanghel, gaya ng naging pagkawasak ito ng di-mabilang na mga lalaki at babae sa lupa. Ito ang tiyak na nauuna sa pagbagsak; ang mataas at dakilang Isa na naninirahan sa walang hanggan ay hindi makapapayag na magpatuloy nang walang pagsaway ang pagtataas-sa-sarili ng Kanyang nilalang. Mas mabuting maging maliit sa sarili niyang paningin at makatagpo ng masayang pakikisama sa mapagpakumbaba, kaysa makibahagi sa mga hangarin at kayamanan ng mga palalo sa espiritu.

Kapag nakikita ng isang tao ang kapalaluan sa iba, saka malinaw na nabubunyag ang kapangitan nito. Gaano kadalas nating kampanteng pinahihintulutan sa ating sarili ang bagay na pumupuno sa atin ng pandidiri kapag nakikita natin ito sa iba. Pero napapansin ng Diyos ang pinakamaliit na simula ng hindi-nahatulang pagmamataas sa bawat puso. Anong isip ang makakaunawa kung gaano kasuklam-suklam ang lahat ng ito sa Kanya! Tiyakin nawa nating masusuri ang nakamamatay na kasalanang ito sa Kanyang presensya, bago tayo nito dalhin sa ating pangmatagalang kalungkutan! Tingnan si Haman (Esther 5-7).

16:20-24

Ang limang talatang ito ay bumubuo ng serye ng mga maiikling kasabihan tungkol sa halaga ng paggamit ng karunungan sa iba't ibang gawain ng buhay. Ang pagkilos nang may karunungan sa isang kasong may mahihirap na hadlang ay nagsisiguro ng mabuting resulta. Totoo ito sa mga nagtitiwala kay Jehova at nakatatagpo ng kanilang kaligayahan sa pagsunod sa Kanya.

Kapag ang karunungan ang namamahala sa ating kaloob-looban, magiging maingat ang ating asal. Ang mabait na mga labi ay magpapakita ng mapagpakumbabang puso at ng pagiging handang turuan. Ito ang tunay na pang-unawa, at gaya ng bukal ng tubig na buhay, dumadaloy ito upang magpala sa iba. Kabaligtaran ang totoo sa mga mangmang. Ang kanilang kamangmangan ay hayag sa sinumang taong may pang-unawa.

Ang kalagayan ng puso ang pinakamahalaga. Kung tama ang lahat doon, magiging matuwid din ang mga salita ng mga labi. Ang mapakikinabangan at kaaya-ayang payo ng marunong ang papalit sa mga haka-hakang pagyayabang ng makasanlibutang karunungan. Pansinin ang mga katangian ng tunay na karunungan gaya ng inilarawan sa Santiago 3:17, at tingnan ang pag-amin ng reyna ng Seba (1 Hari 10:6-9).

16:25

Inuulit ng talatang ito ang pahayag ng Kawikaan 14:12. Binibigyang-diin nito ang panganib ng pagtanggi sa landas ng karunungan para sa mga sariling-piniling daan na nagwawakas lang sa kamatayan. Tingnan ang tala sa talatang iyon.

16:26

Ang manggagawa ay nagpapatuloy sa kanyang hanapbuhay dahil sa kanyang hangaring masiyahan sa bunga ng kanyang pagpapagal. Ang kanyang gana ay naghahangad na mabusog, kaya nagpapatuloy siya sa kanyang paglilingkod. Ganito ang itinakda ng Diyos nang isara ng pagkahulog ang hardin sa tao, at inutusan siyang kumain ng kanyang tinapay sa pawis ng kanyang mukha. Ang kayamanang nakuha nang walang paggawa ay karaniwang napakapanganib na pag-aari. Ang nakakaalam ng pagod ng matapat na paggawa ay magiging maingat sa paggamit ng bunga ng kanyang pagpapagal. Pag-isipan ang mga kaso ni Ruth (Ruth 2), at ni Gideon (Mga Hukom 6:11-12).

16:27-28

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 11:13 at 17:9. Ang bawat isang nalulong sa makasalanang malupit na ugali ng pagtsitsismis ay dapat na maingat na pag-isipan ang mga salitang ito. Ang taong hindi makadiyos ang humuhukay ng kasamaan at ang mga labi ay tila pinaningas ng apoy ng Impiyerno. Ang ganitong tao ay naglilibot na nagkakalat ng mga binhi ng alitan gaya ng isang naghahasik ng bulak ng damo, o ng mga buto ng iba pang nakakapinsalang damo, na nagbubunga ng ani ng hinagpis at dalamhati sa maraming kaluluwa.

Walang duda na ang pagbubulungan at paninirang-puri ay isa sa pinakamalalaking sumpa sa mga Cristiano. Ang kasuklam-suklam na bisyong ito ay naghihiwalay ng pinakamatatalik na magkaibigan at lumilikha ng lahat ng uri ng hindi pagkakaunawaan. Marami ang nadudungisan sa pag-uulit ng mga kuwentong hahangarin ng isang makadiyos na tao na takpan at hindi kailanman uulitin. Tingnan kung anong gulo

ang idinulot ng pagsusumbong ni Doeg na Edomita, at tiyaking hindi ka susunod sa mga yapak ng ganoong kasuklam-suklam na hamak (1 Samuel 22:9-19).

16:29-30

Maraming kaluluwang mabait at magiliw sana ang nailigaw ng sigla at tila pagkamasigasig ng isang marahas na tao. Nabulag ang kanyang mga mata at inakay siya para sumama sa marahas na taong iyon sa mga bagay na lubos na salungat sa sarili niyang mas hinog na pagpapasya. Ang magandang pananalita na may kasamang kaakit-akit na personalidad ay madalas umakay sa isang tao sa daang hindi mabuti. Marunong ang hindi masyadong madaling makumbinsi. Bago magpasya, maglaan ng panahon para alamin ang isip ng Diyos, upang hindi ka makibahagi sa mga kasalanan ng ibang tao. Ang pagpapabaya dito ang umakay kay Josafat, isang lubhang mabait na tao, sa maraming bitag (2 Cronica 18:1; 20:35-37).

16:31

Marahil ang huling linya ng kawikaang ito ay dapat basahing simpleng, "Ito'y matatagpuan sa daan ng katuwiran." Hindi sinasabi ng talata na ang ulong may uban ay hindi kailanman matatagpuan sa mga landas ng kasamaan; sa kasamaang-palad, madalas na pumuputong ang puting buhok sa ulo ng makasalanan. Pero katangian ito ng daan ng katuwiran, at kapag natagpuan doon, tunay itong korona ng karangalan. Ang magulong pamumuhay sa kabataan ay karaniwang nangangahulugan ng kahinaan sa katanghaliang-gulang at maagang kamatayan. Ang pagtitimpi at katuwiran ay nagpapalakas ng katawan at nagpapahaba ng buhay. Pakinggan ang patotoo ni Caleb, na lubos na sumunod sa Panginoon

(Josue 14:11); at pansinin ang nasusulat tungkol kay Moises (Deuteronomio 34:7).

16:32

Ang pagpipigil sa sarili ang pinakadakila sa lahat ng tagumpay. May mga taong sumakop ng mga kaharian pero natalo sa pagsisikap na pamahalaan ang kanilang sarili. Ang masamang ugali ay madalas idinadahilan sa pagkakabuo ng kalikasan ng tao, pero sa halip ito'y patunay ng hindi-nahatulang kapalaluan at kawalan ng pasensya. “Matuto kayo sa Akin,” sabi ni Jesus, “sapagkat Ako'y maamo at mapagpakumbaba sa puso” (Mateo 11:29). Ang maamong tao ay hindi taong walang espiritu, pero siya'y mabagal sa pagkagalit. Maaari siyang mapukaw nang matuwid kapag kailangan ng pagkakataon, pero hindi kapag ang sarili niyang dangal ang pinag-uusapan. “Idagdag… sa [pagpipigil sa sarili] ang pagtitiis” (2 Pedro 1:6) ay talata para sa ating lahat. Karaniwang tanda ng kahinaan kapag hinahayaan ng isang tao ang sarili niyang magalit at mag-init sa harap ng pagsalungat. Pansinin ang kahinahunan ng espiritu ni Nehemias at ang kanyang pagtitiwala sa Diyos nang harapin niya ang nakakainis na pangungutya at tahasang pagsalungat ng mga kaaway ng Jerusalem.

16:33

Sa sanlibutang ito, maaaring tila pagkakataon ang namamahala sa buhay ng mga tao (Eclesiastes 9:11). Pero isang kataas-taasang katalinuhan ang kumokontrol sa lahat ng bagay, kahit na hindi Siya nakikita at hindi kinikilala.

Ang mga tao noong sinaunang panahon ay madalas dumulog sa pagpapalabunutan para magpasya sa mga mahihirap na tanong. Ginamit ito para hatiin ang Canaan sa mga tribo

(Bilang 26:55-56) at ginamit sa maraming pagkakataon para tukuyin ang mga nagkasala (halimbawa, Jonas 1:7). Ang huling pagbanggit ng paggamit ng palabunutan sa Kasulatan ay kaugnay ng paghalal kay Matias sa bakanteng pagka-apostol na iniwan ni Judas (Mga Gawa 1:15-26). Tila mula pa noong panahon ng mga patriyarka, nagbigay na ng pasya ang Diyos sa pamamagitan ng palabunutan, kaya ginamit ng pangkat ng labindalawa ang paraang ito para mapanatiling buo ang kanilang bilang. Maliwanag na si Pablo ay hindi kailanman nabilang sa kanila. Siya ang sugo ng kaluwalhatian ni Cristo sa mga bansa, samantalang ang labindalawa ay pangunahing kaugnay ng pagpapatotoo sa bansang Judio.

Para sa mga halimbawa ng pagbibigay-pasya ng Diyos sa pamamagitan ng palabunutan, tingnan ang mga kaso ng dalawang kambing (Levitico 16:8); ni Acan (Josue 7:16-18); at ni Jonatan (1 Samuel 14:41). Sa aklat ng Esther, matatagpuan natin ang palabunutan (tinatawag na Pur) na ginamit ni Haman para magtakda ng araw ng pagwasak sa mga Judio (Esther 3:7 at 9:24-25).

Kawikaan 17

Ibinabalik tayo sa Kawikaan 15:16-17 habang tinatalakay natin ang unang talata ng mga marurunong na kasabihan sa kabanatang ito.

17:1

Ang salitang *sacrifice* (KJV), o hain, ay tumutukoy sa mga handog pangkapayapaan, na ang ilang bahagi ay kinakain ng naghahandog at ng kanyang mga kaibigan. Ang ganitong salu-salo ay dapat sanang nagpapakita ng malaking kabanalan ng may-anyaya at ng kanyang mga malalapit na kasama; ngunit kapag nasira ito ng alitan at pagtatalo, nawawala ang buong halaga nito. Mas mabuti pa ang isang tuyong subo ng pagkain na may kapayapaan at katahimikan kaysa isang pagdiriwang na puno ng pagtatalo.

Ganoon din ang ginawa ng mga taga-Corinto nang abusuhin nila ang Hapunan ng Panginoon, na ginawa itong isang karaniwang salu-salo kung saan naghari ang away at ang diwa ng pagkakampi-kampi. Pinagsabihan sila ng apostol at pinayuhan na kumain na lang ng kanilang sariling pagkain nang tahimik sa bahay, at huwag magtipon para sa kahatulan (1 Corinto 11:17-34).

17:2

Mas mabuti ang isang maaasahang lingkod kaysa isang anak na pasaway. Ang huli ay walang masisisi kundi ang sarili niya kung ang kanyang nasaktang ama ay magbigay sa kanya ng kakarampot na mana o tuluyan na siyang alisin. Ngunit ang lingkod na naging tapat sa pagtupad ng kanyang mga tungkulin ay inaalala bilang isa sa sambahayan. Gayunman,

walang upahang lingkod ang makapagbibigay sa puso ng isang ama ng kagalakang dulot ng isang masunuring anak. Tingnan si Eliezer (Genesis 15:2-3).

17:3

Ang mga pagsubok at kapighatian para sa mga banal ng Diyos ay katulad ng tunawan at hurno sa paglilinis ng mga mahahalagang metal.

> *Na ito ang inyong lubos na ikinagagalak, bagama't ngayon sa sandaling panahon, kung kailangan, ay nalulumbay kayo dahil sa sari-saring tukso: Upang ang pagsubok sa inyong pananampalataya, na lalong mahalaga kaysa gintong nasisira, bagama't sinusubok sa apoy, ay masumpungang nauuwi sa kapurihan at karangalan at kaluwalhatian sa pagpapakita ni Jesu-Cristo (1 Pedro 1:6-7).*

Alam na alam ng tagapagdalisay ng pilak at ng tagapaglinis ng ginto kung gaano kainit ang kailangan para maalis ang lahat ng dumi. Sinisiguro nila na tamang-tama lang ang init na pinapayagan. Ganoon din ang ating Diyos at Ama. Nais Niya tayong palayain mula sa mga hamak na bagay ng lupa, at pinahihintulutan Niya tayong dumaan sa apoy ng kapighatian para sa layuning iyon. Ngunit tunay na napakahalagang malaman na nakaupo Siya sa tabi ng tunawan, naghihintay hanggang masalamin sa kaluluwa ang Kanyang sariling larawan; at lumalakad Siya sa loob ng hurno kasama ng Kanyang mga inuusig na anak. Tingnan ang mga anak ni Levi at ang tatlong kabataang Hebreo (Malakias 3:3; Daniel 3:19-27).

17:4

Kapag kinikimkim ng puso ang kasamaan, madaling nakikinig ang tainga sa mga sinungaling na labi at sa masamang dila. Ang matuwid ang puso ay natututong makilala ang tinig ng mandaraya at tanggihan ang kanyang mga salita; ngunit ang liko at sinungaling na kaluluwa ay madaling sumasama sa mga katulad niya. Tingnan ang mga tao ng Juda at ang mga sinungaling na saserdote at propeta (Jeremias 5:30-31).

17:5

Ihambing sa Kawikaan 14:21. Iniwan ng Panginoon ang mga dukha na laging kasama natin upang mapukaw tayo sa kabutihan at malasakit sa mga nasa mas mahirap na kalagayan kaysa atin. Ang kutyain at pabayaan ang mga dukha dahil sa kanilang karalitaan ay paglait sa Kanya na nagpahintulot na magkaiba-iba ang ating mga kalagayan.

Kapag dumating ang kapahamakan sa iba, dapat tayong tumugon nang may mapagmahal na pakikiramay. Kung sa halip ay kinikimkim natin sa ating puso ang tuwa dahil sa kanilang mga dalamhati, may isang Hukom na walang kinikilingan na nakamasid, at Siya ang maghihiganti sa takdang panahon. Hinatulan ng Diyos ang Edom dahil sa pagsasaya nito sa parusa ng Israel. Bilang bunga, pinarusahan din ang Edom. Tingnan ang Obadias 12-16.

17:6

Inilalagay ng Diyos ang bawat tao sa mga pamilya. Natatagpuan ng matatanda na nababago ang kanilang kabataan sa mga anak ng kanilang mga anak; samantalang iginagalang ng mga kabataan ang kanilang mga ama at pinararangalan sila sa pamamagitan ng pagsunod sa kanilang mga tagubilin. Ito ang

huwarang sambahayan, kung saan ang kaayusan ay pinamamahalaan ayon sa mga pamantayan ng Diyos at ang pag-ibig ang naghahari sa lahat ng puso. Maligaya ang tahanang nagpapakita ng huwarang mula sa Diyos. Tingnan si Jacob at ang mga anak ni Jose (Genesis 48:8-22).

17:7

Ang mabubuting salita mula sa bibig ng isang masamang tao ay nakakasuya at hindi bagay, sapagkat hindi ito sinusuportahan ng kanyang buhay. May kakulangan ng katapatan sa mga ito na lubhang nakakadiri sa isang matuwid na kaluluwa. Sa kabilang banda, *noblesse oblige* ("may obligasyong kaakibat ang katayuan"). Ang kasinungalingang nagmumula sa isang iginagalang bilang pinuno ng bayan ay lalong dapat tuligsain. Likas na nararamdaman ng mga tao na ang nangunguna sa iba ay dapat na tunay sa kanyang sarili. Palalampasin nila ang kakulangan ng kakayahan at ang kawalan ng talino o ng likas o natutuhang talento; ngunit ang pandaraya ay hindi kailanman mapapatawad. Ang ganitong pagkadama sa pananagutan ng mga nasa katungkulan ang nagtulak sa mga tao na magtanong nang may panunuya, "Si Saul ba ay kabilang din sa mga propeta?" nang bumigkas ang kanyang mga labi ng "mahusay na pananalita" (1 Samuel 10:10-12). Ang gayunding damdamin ang dahilan kaya naaalala ng mga hindi pa ligtas nang may paghamak ang pagtanggi ni Abraham sa kanyang asawa. Ang mismong katotohanang mataas ang kanyang katayuan ang nagpalitaw lalo sa kanyang kasalanan (Genesis 20:1-13).

17:8

Ang isang regalong ibinigay bilang tanda ng dalisay na pagmamahal at paggalang ay pahahalagahan nang lubos ng

tumanggap nito. Magbubukas ito ng daan para sa mas malalim na ugnayan. Ang nagnanais makatagpo ng pag-ibig ay dapat maging tagapagbigay, hindi lang tagatanggap. Ang mga regalo ni Jonathan kay David ay nagpatibay ng kanilang pagkakaibigan sa pamamagitan ng pagpapahayag ng pag-ibig na nasa kanyang puso (1 Samuel 18:3-4).

Sa espirituwal na paraan, ipinapaalala sa atin na si Cristo ay umakyat sa kaitaasan at nagbigay ng mga kaloob sa mga tao (Efeso 4:8)—hindi para gamitin sa pagpapadakila ng sarili, kundi para sa paglilingkod sa iglesya. Kapag ginamit nang tama, ang kaloob ay tunay na magiging imbakan ng biyaya, na nagbibigay sa may hawak nito ng pagtanggap sa mga nagpapahalaga sa mga espirituwal na kaloob. Ngunit mag-ingat sa panganib na binabanggit sa Kawikaan 17:23.

17:9

Tingnan ang mga tala sa 10:12; 11:13; at 25:23. Ang nagpapatawad at lumilimot sa mga kasalanan ng iba ay tumutulad sa Diyos at mamahalin ng lahat. Ang umuulit ng isang bagay para sa ikapipinsala ng iba ay sumusunod sa halimbawa ng masamang espiritung tinatawag na "tagapagsumbong ng ating mga kapatid."

Ngunit ang pagtatakip sa isang pagsalangsang ay hindi nangangahulugang babalewalain ang kasalanan at hahayaang hindi masaway ang kasamaan sa iba. Sa kabaligtaran, ito ay ang personal na paglapit sa nagkasala nang may lambing at kabutihang pangkapatid; ginagawa ito para gisingin ang kanyang budhi tungkol sa bagay na nagdudulot ng kahihiyan sa kanyang Panginoon. Kung magtagumpay ang gayong misyon,

hindi na dapat banggitin pang muli ang kasalanan. Natakpan na ito at hindi na kailangang malaman pa ng iba.

Nakalulungkot na bihira itong maisagawa sa gitna natin! Ikinakalat ang kasamaan; nagpapatuloy ang paninirang-puri nang palihim; at dahil dito, marami ang nadudungisan, humihina ang pag-ibig, at nasisira ang pagsasamahan. Ang taong lumilibot at paulit-ulit na nagkukuwento ng mga bagay na hindi naman kailangan ay nasa isang kahabag-habag na gawain. Pinaghihiwalay niya ang tunay na magkakaibigan sa pamamagitan ng kanyang kasuklam-suklam na mga gawi at nagdadala ng kahihiyan sa pangalan ng Panginoon. Nakakalungkot na hindi mas gising ang bayan ng Diyos sa masamang katangian ng tsismoso. Dapat siyang iwasan tulad ng isang maruming ketongin na magdudungis sa lahat ng makikinig sa kanya.

Ang Diyos lamang ang ligtas na makapakikinig sa malungkot na kuwento ng kahihiyan ng isang kapatid. Sa Kanyang tainga maibubuhos ang lahat ng ito, kasama ng taimtim na panalangin para sa pagpapanumbalik ng naligaw. Ang pagpupumilit na ulit-ulitin ang mga kuwento ng kasamaan sa kapwa mga banal ay nagdudulot lamang ng pagkabalisa at pinsala sa mga nahikayat na makinig. Tunay na kakaunti ang mga taong magdadala sa puso ng pagkakamali ng isang kapatid at gagawin itong pagkakataon para hatulan ang sarili at ipagtapat ang sarili nilang kasalanan sa Panginoon.

May nagsabi na kapag natutuksong magkuwento ng mga hindi kaaya-ayang bagay tungkol sa isang taong wala roon, tatlong tanong ang dapat itanong: Totoo ba ito? Mabait ba ito? Kailangan ba ito? Sa mga ito ay maaaring idagdag ang ikaapat: Nasabi ko na ba ito sa kanya nang personal? Ang pagtatanong

nito sa ating sarili ay pipigil sa napakaraming makasalanang tsismisan.

Hindi ikinalat ni Nathan ang kasalanan ni David kundi sinaway siya nito sa takot sa Diyos (2 Samuel 12). Kay Sanballat nakikita natin ang tipikal na bulung-bulungero na nagsisikap paghiwalayin si Nehemias at ang kanyang mga kapatid sa pamamagitan ng pagyanig sa kanilang tiwala sa kanyang katapatan (Nehemias 6).

17:10

Parusahan mo nang matindi ang mangmang at mananatili pa rin siyang kampante sa sarili; ngunit sawayin mo nang marahan ang isang marunong at isasapuso niya ito. Lubos na nabibighani ang mangmang sa sarili niyang kahabag-habag na paghatol kaya hindi niya maisip na may mas may kakayahan pa kaysa sa kanya. Ang isa naman ay nakikilala ang sarili niyang mga limitasyon at nagpapasalamat sa payo at pagtutuwid. Ihambing si Abimelech at si Herodes (Genesis 21:25-26; Lucas 3:19).

17:11-13

Walang mas nakakayamot sa isang palalo at mapaghimagsik na tao kaysa ang pigilan siya ng lehitimong awtoridad. Hinihinga niya ang hangin ng pagtataksil at paghihimagsik; kaya kailangan siyang pakitunguhan nang mahigpit. Ang makipagtalo sa kanya ay parang pakikipaglaban sa isang nagngangalit na hayop na inagawan ng anak. Gaganti siya ng masama sa mabuti; kaya hindi hihiwalay ang kasamaan sa kanyang bahay. "Ang gumagawa ng masama ay tatanggap ng ayon sa masamang kanyang ginawa: at walang itinatanging tao" (Colosas 3:25). Pansinin ang mga lakad at kapahamakan ni Joab

nang itaas niya ang kanyang sarili sa sarili niyang paningin (1 Hari 2:28-34).

17:14

Ang isang butas sa pilapil ay matatakpan ng isang maliit na bato kung mapapansin sa simula. Ngunit kung pababayaan, lalaki ito nang lalaki hanggang sa wakas ay tatangayin ng rumaragasang tubig ang lahat ng nasa harapan nito. Ganoon din ang alitan. Ilang habambuhay na pag-aaway ang nagsimula sa ilang padalos-dalos na salita. Kung pinagsisihan at humingi ng tawad kaagad, tumigil sana agad ang mga away at naiwasan ang maraming taon ng kalungkutan. Sinabi ng Espiritu ng Diyos, "Magalit kayo, at huwag kayong magkasala: huwag lumubog ang araw sa inyong galit" (Efeso 4:26). Kung susundin lang nang literal ang simpleng tuntuning ito, napakaraming sakit ng loob ang maiiwasan! Maligaya ang taong gabi-gabing nagpapatong ng ulo sa unan na alam niyang wala siyang hindi pinagsisihang padalos-dalos na kilos o galit na salita sa kanyang pananagutan. Kapag ang mga araw at linggo ng mga paratang at pagganting-paratang ay sinundan ng mga buwan ng pagsisisihan at pagbabalikan ng sisi, mahirap at masalimuot na ang pagkakasundo. Mas mabuti pang magpakumbaba at aminin ang pagkakamali sa simula pa lang. Ang kabilang pagpipilian ay ang pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos at sugatan ang mga puso ng mga minamahal na banal sa pamamagitan ng mahabang panahon ng pagtatalong hindi katulad ni Cristo. Ang pagtatalong ito ay mag-iiwan ng mga sugat na hindi na kailanman gagaling o mga peklat na hindi na kailanman mabubura. Tingnan sina Pablo at Bernabe (Mga Gawa 15:35-40).

17:15

Ang pagbibigay-katuwiran sa masama at ang paghatol sa matuwid ay pagtawag ng mabuti sa masama at masama sa mabuti (Isaias 5:20). Nais ni Jehova ang makatotohanang paghatol. Ang anumang salungat sa katarungan ay kasuklam-suklam. Pansinin na ang pagbibigay-katuwiran ay nangangahulugang *ipahayag* na matuwid, hindi *gawing* matuwid, gaya ng gusto ng ilang teologo. Binibigyang-katuwiran ng Diyos ang hindi banal batay sa natapos na gawa ni Cristo—ibig sabihin, pinapawalang-sala Niya ang mga makasalanang nagkasala sa bawat paratang kapag nagtiwala sila sa Kanyang Anak at bumaling sa Kanya nang may pagsisisi. Ibang-iba ito sa paggawa sa mga makasalanan na maging matuwid sa kanilang pamumuhay sa aktuwal. Ang kanilang matuwid na pag-uugali ay bunga ng pagpapawalang-sala, ngunit hindi ito ang pagpapawalang-sala mismo. Mahalagang pagkakaiba ito kung nais nating maunawaan nang tama ang Cristianong aral ng biyaya na inilahad sa mga sulat sa Roma at sa Galacia.

Sa talatang ito, ang pagbibigay-katuwiran sa masama ay ang pagpikit sa kanilang kasalanan at paglampas sa kasamaan nang walang angkop na pantubos; samantalang ang paghatol sa matuwid ay ang pagparatang sa kanila ng kasamaan nang hindi makatarungan. Ang paggawa nito ay hindi matatanggap sa paningin Niya na siyang matuwid na Hukom. Ito ang kakila-kilabot na kasalanan ni Pilato nang, para masiyahan ang mga tao, pinalaya niya si Barabas at hinatulan si Jesus, kahit na idineklara niya ilang sandali pa lang na wala itong sala (Mateo 27:24-26).

17:16

Walang saysay para sa isang hindi itinakda ang puso sa pagkamit ng karunungan na subukang matutuhan ito sa pamamagitan ng pagsasaulo. Walang halagang makabibili ng karunungan kung ang mga pandama ay hindi sinanay na kumilala ng mabuti at masama. Maaaring masapo ng mangmang ang ilang anyo ng kaalaman sa pamamagitan ng pag-aaral at pagsisikap ng isip; ngunit ibang-iba ito sa pagkakaroon ng kalooban na pinamamahalaan ng pang-unawa. Nalalaman lang natin ang katotohanan habang lumalakad tayo rito. Tingnan si Simon na salamangkero (Mga Gawa 8:18-22).

17:17

Sa pagbabasa ng talatang ito, kusang bumabaling ang puso ng Cristiano sa nag-iisang Kaibigan na ang pag-ibig ay hindi napatay ng maraming tubig ng paghatol, ni nalunod ng mga baha ng poot. Ang ating Panginoong Jesu-Cristo ang Kaibigang iyon. Hindi nagbabago ang Kanyang pag-ibig, at Siya higit sa lahat ang Kapatid na ipinanganak para sa kagipitan. Walang halimbawang tao, gaano man katotoo at katapat, ang makatutupad sa talatang ito.

Gayunman, hindi sinusuportahan ng kaisipang ito ang nakakasuyang sentimentalidad na lumilimot sa Kanyang pagka-Diyos at tumatawag sa Kanya na ating "Nakatatandang Kapatid" o iba pang katulad na titulong hindi ayon sa Kasulatan. Ngunit tulad ng isang tapat na kapatid na maaasahan sa araw ng kagipitan, gayon din Siya maaasahan sa oras ng pangangailangan at pagsubok. "Yamang inibig niya ang mga kanya na nasa sanlibutan, inibig niya sila hanggang sa katapusan" (Juan 13:1).

> *Pag-ibig Niya'y di nagbabago,*
> *Mas mataas pa sa mga langit;*
> *Mas malalim pa sa kailaliman,*
> *Tunay at tapat, matatag na parang kamatayan.*

Hindi masabi kung gaano kahalaga para sa kaluluwa ang manatili sa Kanyang pag-ibig. Kung isang pagdududa lang ang tumakip sa buong ningning ng Kanyang walang-kamatayang pagmamahal, ang kagalakan at kapayapaan ay mapapalitan ng lungkot at pangamba. Ngunit kapag walang hinahayaang humadlang sa pagtatamasa ng sakdal na pag-ibig na iyon na nagpapalayas ng takot, tunay na matamis ang buhay. Ang pakikipag-isa sa Kanya ay higit na mahalaga kaysa anumang maibibigay ng pagkakaibigan ng tao.

Maraming banal ang nagtiwala kay Cristo bilang kanilang Tagapagligtas na hindi naman talaga Siya kilala bilang isang buhay at mapagmahal na kaibigan—Isa na nakikibahagi sa lahat ng kanilang mga dalamhati at nais makibahagi sa lahat ng kanilang mga kagalakan. Kapag nakilala Siya sa ganitong paraan, maharap ang mga kahirapan ng buhay nang may kahinahunan, at makapagtitiwala ang puso sa Kanya sa bawat oras ng pagsubok. Tingnan ang Kawikaan 18:24.

17:18

Tingnan ang mga tala sa 6:1-5; 11:15. Ang kawalan ng matinong paghatol ang nagtutulak sa isang tao na tanggapin ang pananagutan para sa iba, sa kabila ng paulit-ulit na mga babala ng Salita ng Diyos. Hindi matalino ang managot bilang garantiya para sa iba maliban na lang kung handang-handa kang mawalan at kaya mo talaga ito. Nanagot si Pablo para kay Onesimo, gaya ng ginawa ni Juda para kay Benjamin; ngunit

bawat isa sa kanila ay tinuos ang halaga at handang magbayad hanggang sa huling sentimo (Filemon 18-19; Genesis 42:37; 44:32).

17:19-20

May mga taong nasisiyahan sa pagtatalo at hindi makatiis na pigilan, na nagpapakita ng kanilang pag-ibig sa sarili nilang mga lakad. Sa kanilang kapalaluan, itinataas nila ang kanilang mga pintuan, at sa gayon ay inaanyayahan ang pagkawasak; sapagkat sa pagtataas ng kanilang sarili, malapit na sila sa pagbagsak. Dahil masama ang puso, kasamaan lang ang kanilang natatagpuan. Ang kanilang mga likong dila ay patuloy na nagpupukaw ng gulo. Pinatunayan ito nang lubos ni Hanun, na palalo at mapanghamon, gaya ng isinalaysay sa 2 Samuel 10.

17:21

Ang ganitong talata ay hindi na nangangailangan ng paliwanag. Isa itong malungkot na katotohanang kitang-kita ng lahat. Ang dalamhati ni David dahil kay Absalom ay patunay ng katotohanan ng kawikaang ito (2 Samuel 18:33). Tingnan din ang Kawikaan 17:25.

17:22

Tingnan ang 15:13,15. Walang sumisira sa mga sistema ng katawan nang tulad ng lungkot at pagkalumbay. Kapag puno ng kagalakan ang puso, pinapanariwa nito ang buong pagkatao. Ang kasiyahan ng Cristiano ay higit na tunay kaysa sa walang-kabuluhang kasayahan ng hindi ligtas. Kaya ng Cristiano sa lahat ng kalagayan na magalak sa Panginoon at maiangat sa ibabaw ng mga kalagayang magpapalungkot at magpapabigat sa kaluluwa. Kaya, sa halip na ipakita ang kanyang kaligayahan

sa mga walang-saysay na paraan ng sanlibutan, maaari siyang umawit at magbigay ng himig sa kanyang puso sa pinagmumulan at layon ng kanyang kagalakan. "May nagagalak ba? umawit siya ng mga awit" (Santiago 5:13). Ang tao ng sanlibutan ay kailangang dumulog sa sari-saring paraan para maibsan ang kanyang pagkabalisa at mapasigla ang kanyang diwa. Sabik siyang sumasali sa lahat ng uri ng libangan para *malimutan* ang kanyang kalungkutan. Sa kabaligtaran, kapag *naaalala* ng anak ng Diyos ang kanyang kalagayan at bahagi kay Cristo, saka nag-uumapaw ang kanyang kagalakan. Ihambing ang magkaibang saloobin ng hindi kilalang manunulat ng Awit 116, una nang abala siya sa kanyang sarili at pagkatapos nang pumailanlang ang kanyang pananampalataya sa Diyos.

17:23

Ang lumalabag sa batas, na alam ang kanyang masamang gawa, ay palihim na nagsisikap suhulan ng regalo ang mga tinawag na humatol sa kanyang mga krimen. Ang ganitong hakbang ay tahimik na pag-amin ng pagkakasala. Tunay na mahirap pakitunguhan nang patas ang isang taong may utang na loob ka. Kaya kailangang mahigpit na tanggihan ang anumang mula sa mga nakatuon sa makasalanang landas. Noong magpadala ang hari ng Babilonia ng mga sulat at regalo sa makadiyos na haring Hezekias, saka siya nakuha nang hindi handa. Kumilos siya nang hindi humihingi ng payo kay Jehova, na agad naman niyang ginawa noong sulat ng kalapastanganan ang kanyang natanggap (ihambing ang Isaias 39:1 sa 37:14).

17:24

Nakatuon ang marunong sa pagkamit ng kaalaman tungkol sa Panginoon at sa paglakad na kasama Niya. Ang mangmang ay gumagala nang walang direksyon dito at doon nang walang tiyak na layunin. Tinitikman niya ang sari-saring teorya, nakakakuha ng kaunting-kaunti sa lahat, ngunit walang napapala. Binalaan ni Pablo si Timoteo laban sa ganitong mga tao na "nagbubunton sa kanilang sarili ng mga guro, dahil sa makati ang kanilang tainga" (2 Timoteo 4:3). Ngunit wala silang pagnanais sa katotohanan ng Diyos na siya lamang karunungan. Sa halip, sumusunod sila sa mga alamat, "laging nag-aaral, at hindi kailanman makarating sa pagkaalam ng katotohanan" (2 Timoteo 3:7). Ang kabaligtarang saloobin ang nagpakilala sa dakilang apostol mismo, na nakapagsasabing, "Isang bagay ang ginagawa ko!" (Filipos 3:13.)

17:25

Tingnan ang Kawikaan 10:1, at 17:21. Hindi lang ang binata, at hindi rin siya ang pinakamatindi, ang nagdurusa kapag itinapon niya ang pag-iingat at sumisid sa kamangmangan at bisyo. Ang matinding dalamhati ng puso ng kanyang ama at ang mapait na pagkabigo ng kanyang ina ay mga kalungkutang hindi maipahayag ng mga salita. Ang magdala sa mundo ng isang taong humahamak sa kanilang pag-ibig at sumusuway sa lahat ng kanilang awtoridad ay tunay na kakila-kilabot. Nakalulungkot na kaunti lang ang epekto nito sa palalo at matigas na puso ng suwail na kabataan na walang-ingat na sumusugod, nagdaragdag ng dalamhati sa dalamhati at sakit ng loob sa sakit ng loob! Tingnan ang matigas ang ulo at mapaghimagsik na anak sa Deuteronomio 21:18-20.

17:26

Ang pinunong nagpaparusa sa mabuting tao at ang nasasakupang nananakit sa matuwid na pinuno ay nagpapakita ng iisang pagbaluktot ng katarungan. Pareho itong hindi bihira sa mundong ito. Hindi kakaiba ang paghihiganti sa mga taong walang sala para maprotektahan ang mga may sala, at ang paghihimagsik laban sa mga pinunong may takot sa Diyos dahil ang kanilang mapayapang mga lakad ay salungat sa walang-batas at balisang diwa ng panahon. Tingnan ang salaysay ng pagpatay ni Ismael sa matuwid na prinsipe na si Gedalias. Pagkatapos ay basahin kung paano niya pinaslang ang walumpung lalaki mula sa Shechem, Shilo, at Samaria, para hindi nila mabunyag ang kanyang krimen (Jeremias 41:1-7).

17:27-28

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 12:23 at 15:2. Ang walang muwang ay laging dumadaldal. Ang taong may kaalaman ay hindi palaging ipinagsasabi ang kanyang nalalaman. Tahimik ang kanyang diwa at kaya niyang maghintay ng tamang panahon. Ang taong kailangang laging nagsasalita ay karaniwang isang taong napakababaw ng pagkaunawa sa mga bagay-bagay sa pangkalahatan. Sa mga Cristiano, ang dilang walang tigil ay tiyak na hindi patunay ng isang taong may pang-unawa. Ang limitado ang kaalaman ay itinuturing na marunong kapag kakaunti ang kanyang mga salita. Ang namumuhay sa takot sa Diyos ay nagbibigay ng halaga sa mga salita na hindi maunawaan ng pabayang kaluluwa; sapagkat naaalala niya na sa "bawat salitang walang kabuluhan na sasabihin ng mga tao, magsusulit sila sa araw ng paghuhukom" (Mateo 12:36). Kahit ang kanyang mga karanasan ng pag-ibig at pagtangkilik ng Diyos ay hindi laging dapat ikuwento nang

basta-basta sa iba. Tila itinago ni Pablo ang lihim ng kanyang pagkadala sa ikatlong langit sa loob ng labing-apat na taon hanggang sa dumating ang tamang panahon para isalaysay ito (2 Corinto 12:1-7). Pansinin ang pagpipigil sa sarili ni Eliseo sa bagay na ito nang lumabas siya kasunod ni Elias (2 Hari 2:3).

Kawikaan 18

Wala nang mas malinaw na itinuturo ng Kasulatan kaysa sa pangangailangan ng paghihiwalay ng malinis at ng marumi—ng mga umiibig sa katotohanan at ng mga lumalakad na salungat dito. Kailangang-kailangan ang paghihiwalay sa kasamaan. Ang sinumang nagnanais magbigay-karangalan sa Diyos ay dapat yumukod sa prinsipyong ito, maging ito man ay paghihiwalay sa masasamang kaibigan, sa kasamaan sa loob ng iglesya, o sa masasamang gawain sa negosyo. Malinaw ang salita: "Magsilabas kayo sa kanila, at magsihiwalay kayo, sabi ng Panginoon, at huwag kayong humipo ng mga bagay na marumi; at kayo'y aking tatanggapin" (2 Corinto 6:17). Ang tanging tamang landas para sa isang Cristianong taos-pusong naghahangad ng pagsang-ayon ng Panginoon ay ang lumakad nang hiwalay sa lahat ng hindi banal. Dapat niyang tanggihan ang pakikisama sa mga taong, dahil sa kanilang pagsang-ayon, ay nakikibahagi sa kasalanan ng iba.

18:1

Sa talatang ito ay makikita natin ang ibang uri ng paghihiwalay na kinokondena ng Kasulatan. Napakalaki ng pagkakaiba ng isang taong, sa kababaang-loob at pagsunod sa Diyos, ay humihiwalay sa kasamaan, at ng isa namang, dahil sa kapalaluan at pagmamalaki sa sarili, ay humihiwalay sa mga tumatanggi sa kasamaan, upang masunod lamang ang sariling kagustuhan. Ang taong ito ang erehe na mababasa natin sa Judas 19: "Ang mga ito ang nagsisipaghiwalay, mga taong makalaman, na walang Espiritu." Ang mga taong ganito ay "mga mapagbulong, mga mapagreklamo, na lumalakad ayon sa kanilang sariling mga pita; at ang kanilang bibig ay nagsasalita

ng mga palalong salita, na pinupuri ang mga tao dahil sa pakinabang" (Judas 16). Nakalulungkot kapag ang mga Cristiano ay kumikilos na gaya ng mga huwad na nagpapanggap na ito.

Madalas tayong makakita ng mga taong ipinanganak sa Diyos at walang dudang binigyan Niya ng kaloob, ngunit ang kalikasan ay hindi pa nababali at sutil! Ang mga taong ganito ay sumasama sa kanilang mga kapatid hangga't kinikilala at sinusunod ang kanilang kapangyarihan. Ngunit kapag may pag-aatubili sa lubos na pagsunod sa kanilang payo, hindi tatanggap ng pagtanggi ang kanilang kapalaluan. Kailangang masunod sila, o kung hindi ay lilisanin nila ang kapulungan at magsisimula ng bagay na mas kaayon ng kanilang sariling panlasa. Ito ang mga taong humihiwalay, hindi para sa kaluwalhatian ng Panginoon, kundi para sa sarili nilang kasiyahan; at pagkagawa nito, nagngangalit sila at nagpupuyos laban sa lahat ng karunungan, at malakas na nagrereklamo laban sa mga ayaw tumanggap ng kanilang utos bilang pinakamataas.

Ang humiwalay sa pagtalikod sa pananampalataya ay tama at ayon sa Kasulatan. Ang humiwalay sa kung ano ang maka-Diyos ay nagdudulot ng masakit na pagkakahati sa iglesya. Ito ay ang kalooban ng tao na itinataas ang sarili nang higit sa kapangyarihan ng Salita at Espiritu ng Diyos.

Kahit sa mahihirap na kalagayan na nagpapabagal sa kilos ng pinakamaingat at pinakamaka-Diyos na tao, lubhang mali na talikuran ko ang iglesyang binuo ng Diyos. Isang pagkakamali na itiwalag ko ang aking sarili dahil sa palagay ko ay dapat disiplinahin ang ibang tao. Kapag may mapagpakumbabang espiritu ang isang tao, ang mga maligalig na pagkakataon ay nagbibigay lamang ng pagkakataong maghintay nang matiyaga

sa Diyos at sikaping gisingin ang budhi ng mga kapwa banal. Ang matitigas ang ulo at sutil lamang ang kukuha ng mga bagay-bagay sa sarili nilang kamay. Kung hindi nila kayang daigin ang mga maselang budhi, humihiwalay sila at nagngangalit laban sa kanilang mga kapatid. Si Alejandro na panday-tanso ay maliwanag na ganitong uri ng tao, kung, gaya ng tila malamang, siya ang kasama ni Himeneo na binanggit sa 1 Timoteo 1:20. Nang talikuran ang katotohanan, naging mapait na kalaban si Alejandro ng mga naninindigan dito (2 Timoteo 4:14-15).

18:2

Tingnan ang tala sa Kawikaan 15:14. Wala nang mas katangian ng mangmang kaysa sa kanyang paghamak sa turo at kawalan ng hangaring umunawa. Ipinapakita niya kahit sa pinakapadalos-dalos na nagmamasid ang kamangmangan ng kanyang puso sa pamamagitan ng mga walang-kuwentang salitang umaagos mula sa kanyang bibig. Isipin ang pagsaway ng ating Panginoon sa mga Fariseo na walang kasiyahan sa pag-unawa (Mateo 23:17-19).

18:3

Ang pagwaksi sa lahat ng pagpipigil at pamumuhay nang makasarili ay nagbubunga ng kahihiyan at kadustaan. Ang sinumang nagnanais ng tiwala ng kanyang mga kapatid at ng paggalang ng kanyang mga kaibigan ay dapat magpakita ng espiritu ng pagsunod. Ang espiritung ito ay tanda ng isang taong may pagpipigil sa sarili, maalalahanin, at pinahahalagahan ang katapatan. Gaano man kataas itaas ng mapaghimagsik ang kanyang ulo sa loob ng ilang panahon, ang

kanyang gawi ay sa huli'y hahantong sa kanyang kahihiyan. Tingnan si Pashur (Jeremias 20:1-6).

18:4

Ang puso ang balon, o bukal, na pinagmumulan ng ating mga salita. Sa ating panahong Cristiano, ang Espiritu Santo ay nananahan sa bawat mananampalataya at bumubuo ng mas kahanga-hangang bukal ng karunungan kaysa sa makakamit ng pinakamarunong noong nakaraang panahon. Ang mananampalataya ang tinutukoy ng ating Panginoon nang sabihin Niya, "Kung ang sinumang tao'y nauuhaw, ay pumarito siya sa akin, at uminom. Ang sumasampalataya sa akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan, mula sa loob niya ay aagos ang mga ilog ng tubig na buhay" (Juan 7:37-38). Walang nakitang mga tagapagpaliwanag, gaano man sila maghanap, kung aling kasulatan ang tinutukoy ni Jesus. Maaari kayang ang Kawikaan 18:4 (marahil kasama ng iba pang mga talata) ang nasa isip ng Panginoon nang magsalita Siya? Pinatunayan ni Jesus ang pangkalahatang patotoo ng Kasulatan sa paggamit ng gayunding larawan upang ilarawan ang katotohanang ipinapahayag Niya.

Ang nauuhaw na kaluluwa ay nakakasumpong kay Cristo ng karunungan ng Diyos. Sa pagtitiwala sa Kanya, tinatanggap ng mananampalataya ang banal na pananahang iyon na nagiging dahilan upang ang karunungan, gaya ng umaagos na batis ng tubig na buhay, ay dumaloy mula sa kanya para sa kaginhawahan at kagalakan ng iba pang nangangailangan. Tingnan si Esteban (Mga Gawa 6:8, 10).

18:5

Kay dalas igiit ng Diyos, ang matuwid na Hukom, ang walang-kinikilingang katarungan sa mga itinalagang kumatawan sa Kanya sa mga hukuman ng tao! At kung gayon kalinaw Niyang ipinapahayag ang Kanyang pagkasuklam sa mga huwad at may-kinikilingang pasya sa mga hukuman ng sanlibutan, gaano kaya Siya kaingat tungkol sa mga paghatol na ginagawa ng Kanyang mga banal! Tingnan ang Kanyang salita sa pamamagitan ni Moises at ang mga sumunod na pahayag sa pamamagitan ni Pablo (Deuteronomio 1:16-17; 16:18-20; 1 Corinto 6:1-7).

18:6-8

Tingnan ang Kawikaan 26:20-22. Laging handa sa away ang mangmang, at ang kanyang bibig ay bumibigkas ng padalos-dalos at mapait na mga salita sa kaliit-liitang dahilan. Ang kanyang mga palaaway na labi ay nananawagan ng mahigpit na pagsaway at magiging sarili niyang kapahamakan, maliban kung siya'y dalhin sa pagsisisi. Nasisiyahan siya sa paninirang-puri at iskandalo, na pinagugulong-gulong ang masasamang kuwento na parang masasarap na subo sa kanyang bibig, at pinupuno ang kanyang puso ng hindi banal at baluktot. Madali siyang nakikinig sa tsismoso at kasindali ring ginagaya ang mga gawi nito. Sina Core, Datan, at Abiram ay may ganitong espiritu (Bilang 16).

18:9

Ang bulagsak ay nag-aaksaya ng kanyang ari-arian, ang tamad naman ay nag-aaksaya ng kanyang panahon. Pareho silang nauuwi sa karalitaan, gaya ng alibughang anak sa Lucas 15. Ang

masuwaying anak sa Mateo 21:30 ay maliwanag na nasa gayunding daan.

18:10

Ang pangalan ni Jehova ay kumakatawan sa Panginoon mismo. Ang tumakbo papasok dito, na parang sa isang matibay na tore, ay ang magtiwala sa Kanya sa panahon ng kaguluhan. Ito ang pinagpalang pribilehiyo ng bawat tunay na banal. “Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay; kundi sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Diyos. At ang kapayapaan ng Diyos, na hindi maabot ng pag-iisip, ay mag-iingat [ibig sabihin, magbabantay na parang kuta] ng inyong mga puso at mga pag-iisip kay Cristo Jesus” (Filipos 4:6-7). Lahat ng gumugulo at nagpapabigat sa espiritu ng tao ay maaaring ibuhos sa tainga ng Diyos. Pagkatapos ay maiiwan ng kaluluwa ang lahat ng pasanin sa Kanya at makapagtitiwala sa Kanyang pag-ibig. Sa gayon ay mapapayapa ang puso, protektado na parang nasa isang binabantayang tore, gaano man magngalit ang kaaway. Tingnan ang magandang larawan nito sa tore ng Tebes (Mga Hukom 9:50-57).

18:11

Ang kuta ng taong nagtitiwala sa Diyos ay lubhang kaiba sa kuta ng taong nagtitiwala sa kanyang kayamanan. Hindi niya kilala ang pangalan ng Panginoon, at sa kanyang pagmamataas ay inaakala niyang ligtas siya magpakailanman. Gayunman, hindi magtatagal ay maglalaho ang kanyang kayamanan at iiwan siyang nag-iisa at pinabayaan. Kay dalas sawayin ng Tagapagligtas, noong nasa lupa Siya, ang mga nagtitiwala sa

mga kayamanang hindi tiyak! Tingnan lalo na ang Lucas 6:24 at Marcos 10:24.

18:12

Tingnan ang tala sa Kawikaan 16:18. Kailangang paulit-ulit na paalalahanan ang mga nilalang na gayon kahilig sa kapalaluan tungkol sa kakila-kilabot nitong bunga. Tiyak itong pauna ng kapahamakan. Ang kababaang-loob naman ay pauna ng karangalan. Nalulugod ang Diyos na itaas ang mapagpakumbaba.

Sinasabing ang salitang Hindu para sa kababaang-loob ay "ang alabok"; sapagkat kawikaan sa kanila na "maaari mong lakaran ang alabok magpakailanman at hindi ito kailanman sumasagot." Ang kababaang-loob ay ang paglimot sa sarili—ang espiritu ng kaamuan na may malaking halaga sa paningin ng Diyos. Timbangin nang mabuti ang Kanyang salita kay Baruc (Jeremias 45:5). Pansinin kung paano nakita ang unang bahagi ng Kawikaan 18:12 kay Uzias (2 Cronica 26:16), at ang huling bahagi sa kanyang anak na si Jotam (2 Cronica 27:6).

18:13

Ang taong hindi marunong ay gumagawa ng padalos-dalos na paghatol, na nakabatay sa isang panig lamang ng ebidensya o nabubuo sa pagmamadaling magpasya. Napapahiya siya kapag lubusang nasiyasat ang usapin, at napatunayang nagsalita siya nang walang sapat na katibayan. Hindi bihira ang gayong mga paghatol, kahit sa mga Cristiano na makabubuting matuto mula sa talatang ito. Ngunit marahil ang kabataang lalaki ang lalo nang madaling mahulog sa bitag na ito, lalo na kung siya'y punong-puno ng tiwala sa sarili. Tingnan ang maling paghatol

ni David tungkol kina Ziba at Mefiboset (2 Samuel 16:1-4; 19:24-30).

18:14

Nang ilagay ni Josafat ang mga mang-aawit sa unahan ng hukbo, nagtagumpay ang Juda (2 Cronica 20). Kapag pinupuno ng espiritu ng papuri ang kaluluwa, nakakayang umangat ng tao nang higit sa mga kahinaan ng katawan at mga pagsubok sa daan. Ngunit kapag nawala ang kagalakan at nasira ang espiritu, tiyak ang pagkatalo. Makapagagalak ang banal sa Panginoon, anuman ang kanyang kalagayan, kung hindi naputol ang kanyang pakikipag-ugnayan sa Diyos at malaya ang kanyang budhi. Ang kagalakan sa Panginoon ay gagawing mananagumpay ang pinakamahina. Tingnan ang salita ni Nehemias sa nagbalik na nalabi (Nehemias 8:10).

18:15

Ang marunong at maingat na tao ay *naghahanap* ng kaalaman, kaya't *nakakamit* niya ito. Hindi siya basta-basta naghahanap ng tambak ng sari-saring kaalaman. Sa halip, araw-araw at buong taimtim niyang hinahanap ang ganap na katotohanan, gaya ng ipinahayag sa Salita ng Diyos. Ang paghahanap na iyon ay nagbubunga ng kaliwanagan ng taong may maka-Diyos na katapatan. Tingnan si Ezra (Ezra 7-10).

18:16

Ihambing ang talatang ito sa Kawikaan 25:14. Maaari nating tingnan ang talatang ito mula sa dalawang pananaw: ang likas at ang espirituwal. Mula sa likas na pananaw, malinaw ang kahulugan nito. Ang isang tao, sa pagbibigay ng mga pabor sa mga nakababababa, ay madaling nakakapasok sa harapan ng

kanilang amo. Karaniwang ginagawa ito ng mga nagnanais ng pagkakataong makaharap ang mga taong ayaw naman sa kanila. Hindi na natin kailangang pagtuunan ito.

Gayunman, kung iisipin natin ang kaloob sa espirituwal na larangan, naghahatid ito sa atin ng mahalagang aral. Sa mga Sulat, ang salitang *kaloob* ay tumutukoy sa ibinibigay ng umakyat na Cristo sa Kanyang mga lingkod para sa ikatitibay ng Kanyang katawang mistiko (Efeso 4:8-12). Ang taong may kaloob ay hindi kailangang ipilit ang sarili sa unahan. Ang kanyang kaloob ang magbubukas ng mga pinto para sa kanya kasintunay ng isang materyal na regalo para sa likas na tao. Sa madaling salita, ang taong pinagkatiwalaan ng Panginoon mismo ng isang ministeryo ay hindi na kailangang maging gumagapang na alipin ng mga pamamaraan ng kasalukuyang panahon. Hayaan siyang magpatuloy nang tahimik sa katapatan, at ang Panginoong pinaglilingkuran niya ang magdadala sa kanya sa unahan sa takdang panahon kung nais Niyang naroon siya. Ang pagpapasikat sa sarili ang huling bagay na dapat makita sa isang lingkod ni Cristo. Ang mapagpakumbabang pagsunod sa kanyang Panginoon, kasama ng mapagmahal na hangaring maglingkod sa Kanyang pangalan at alang-alang sa Kanya, ang dapat na higit sa lahat ay kakikilanlan ng taong may kaloob. Tingnan ang propetang si Amos (Amos 7:14-15).

18:17

Tingnan ang Kawikaan 18:13. Lubhang hindi marunong ang makinig lamang sa isang panig ng kuwento at pagkatapos ay humatol batay sa inilahad. Lalo na itong totoo kapag ang usapin ay gumugulo sa mga banal ng Diyos. Kahit sa pinakamaingat na tao ay laging may posibilidad na bahagi

lamang ng kuwento ang naisalaysay. Kaya't matalino ang pakinggan ang dalawang panig, at, kung maaari, pagharapin sila. Karamihan ng tao ay makagagawa ng magandang depensa para sa sarili kung sila lamang; naging likas na sa nagkasalang tao ang ipagtanggol ang sarili mula pa noong araw na sinikap ni Adan na ibalik sa Diyos ang sisi sa kanyang kasalanan. Kaya't ang magpasya sa isang usapin batay sa patotoo ng isang panig lamang ay halos tiyak na hahantong sa pagkakamali ng katarungan. Tingnan sina Saul at Samuel (1 Samuel 15:13-14).

18:18

Tingnan ang tala sa Kawikaan 16:33. Kapag walang saysay ang pagtatalo at tila hindi na mapagkakasundo ang mga pagkakaiba, ginagamit ang palabunutan bilang pangwakas na pagpapasya. Ito ay noong panahong hindi pa kumpleto ang nasusulat na Salita ng Diyos, at hindi pa nananahan ang Espiritu Santo sa Kanyang mga anak. Sa panahong ito ng biyaya, ang kumpletong Salita ng Diyos, na ipinaglilingkod sa kapangyarihan ng Espiritu, ay ibinigay sa atin bilang pangwakas na hukuman.

Dahil sa kanyang kasalanan, naiwan ang Jerusalem na walang sinumang magpapalabunutan upang magpasya sa mga usaping pinagtatalunan. Niyurakan ang katarungan at hindi na ito matagpuan (Mikas 2:5). May babala para sa atin sa halimbawa ng Jerusalem, sapagkat kung hindi matuwid ang ating mga lakad, walang saysay na bumaling tayo sa Salita ng Diyos para sa patnubay. "Ang maamo ay papatnubayan niya sa kahatulan; at ituturo niya sa maamo ang kanyang daan" (Awit 25:9).

18:19

Tingnan ang tala sa Kawikaan 17:14. Walang gusot na kasinghirap ayusin gaya ng mga gusot sa pagitan ng magkakapatid na dating pinag-isa ng puso sa tunay na pagmamahal. Ang mabawi ang isang kapatid na nasaktan ay mas mahirap kaysa sa lupigin ang isang lunsod na may pader. Malamang na tingnan ng bawat isa ang lahat ng ginagawa ng isa nang may hinala at kawalan ng tiwala kapag nayanig na ang pagtitiwala. Nagkukuta sa likod ng mga rehas ng nasugatang kapalaluan at ayaw tingnan ang usapin kaugnay ng Diyos, imposibleng madaig ng biyaya at kababaang-loob ang alinmang panig. Gaano kadaling magpakumbaba sa simula kaysa pagkatapos ng mga buwan o taon ng alitan! Kakaunti ang mga away na hindi maaayos sa napakaikling panahon, kung sasang-ayon ang dalawang panig na magkita nang tahimik sa harap ng Panginoon upang suriin ang kanilang mga pagkakaiba. Ngunit ang tamang oras, kapag nilampasan, ay maaaring hindi na muling dumating sa mahabang panahon. Tandaan, kapag natutuksong ipagpatuloy ang alitan, ang kahihiyang matatamo ng pangalan ng Panginoon. Maging babala sa iyo ang hindi makakapatid na halimbawa ng pagtatalo ng mga lalaki ng Juda at ng Israel at ang malungkot nitong mga bunga (2 Samuel 19:41-43).

18:20-21

Ang nagkakalat ng mga salita sa kanyang mga labi ay aani ng saganang ani: ang makasalanang mga salita ay hahantong sa kamatayan, ang matuwid na mga salita ay nagdadala ng buhay. Bihirang mahulog ang mga salita sa lupa nang walang bunga. Madalas na binibigkas nang walang pag-iisip, nag-uugat ang mga ito at namumunga sa pinakahindi inaasahang paraan. Ang

isang salitang nabanggit nang hindi sinasadya sa isang hindi kakilala ay maaaring maging daan ng di-masukat na pagpapala. Nagagalak ang kaluluwa ng nagbigkas nito kapag sa dakong huli ay nasabihan siya ng pinagpalang bunga ng kanyang mga salita. Dapat mapalakas ang loob ng tao ng Diyos na ipalaganap ang mahalagang Ebanghelyo ng Diyos habang patuloy siyang tumatahak sa kanyang daan sa buhay. Makatitiyak siya na "sa bunga ng kanyang mga labi ay mabubusog siya" (20).

Ngunit kung masama ang mga salita, kasintiyak din ang ani; at kilalang-kilala na lumalago ang mga damo at nakalalasong halaman kung saan hindi makatubo ang masustansyang bunga at butil. Ang taong may hindi banal na mga labi ay makakasumpong ng saganang bunga mula sa kanyang mga padalos-dalos na salita at, kasintiyak ng taong matuwid, ay "kakain ng bunga niyaon" (21).

Ihambing ang mga huwad na guro sa 2 Pedro 2 sa mga sugo para kay Cristo sa 2 Corinto 5. Kapwa sila gagantimpalaan balang-araw ayon sa kanilang inihasik.

18:22

Hindi bulag na pagkakataon ang nagbubuklod sa magkabagay na magkapareha sa mga bigkis ng banal na pag-aasawa. Ang asawang babae (hindi basta isang babae) ay kaloob mula sa Panginoon at kapahayagan ng Kanyang mapagmahal na lingap. Kaya't dapat hanapin ng isang binata ang patnubay ng Panginoon bago niya hayaang mapunta ang kanyang damdamin sa isang dalaga. Mas kakaunti sana ang mga pag-aasawang hindi magkabagay kung hahayaan ng magkasintahan na ang isip ng Diyos ang gumabay sa kanila at hindi ang kapritso lamang. Pag-isipang mabuti ng batang Cristiano kung

ang pag-aasawang binabalak niya ay malamang na maging hindi magkabagay na pamatok at hadlang sa paglagong espirituwal, sa halip na tulong. Tingnan sina Boaz at Ruth (Ruth 4:9-12). Pansinin ang huling bahagi ng Kawikaan 19:14.

18:23

May masamang hilig na kaakibat ng malaking kayamanan na, kung hindi iingatan, ay tumutuyo sa gatas ng kabutihang-loob ng tao at nagpapatigas ng puso laban sa nangangailangan. Tandaan ng mga taong dahil sa kanilang makalupang kayamanan ay nasa kalagayang makatulong sa mahihirap, na naririnig ng tainga ng Diyos ang bawat hindi pinansing daing ng mga naghihirap. Nakikita ng Kanyang mata ang bawat walang-biyayang kilos ng mga taong makatutulong sana, ngunit hindi nag-aalok ng anumang tulong. Tingnan ang talinghaga ng lingkod na walang-habag (Mateo 18:23-35).

18:24

Walang nagrereklamo nang gayon kalakas tungkol sa kawalan ng pag-ibig at pakikipagkaibigan ng iba gaya ng mga taong mismo ay napakakaunti ang ipinapakita nito. Ang nag-aabalang magpakita ng pag-ibig ay tatanggap din nito pabalik. Ang taong mismo ay isang kaibigan ay makakasumpong ng mga kaibigang gaganti ng kanyang kabutihan. Ngunit ang tunay na Kaibigan, gaya ng nakita natin sa Kawikaan 17:17, ay laging kaibigan. Hindi nagbabago ang Kanyang puso dahil sa kawalan ng katapatan ng mga minamahal Niya. Siya ang Kaibigang higit na malapit kaysa sa isang kapatid. Lagi Siyang nagpakita ng pag-ibig at biyaya sa sanlibutang ito kung saan ang lahat ay likas na malayo sa Kanya.

Tularan ng mga nagrereklamo ng kawalan ng pag-ibig ng mga kapwa banal ang banal na halimbawa ni Cristo. Pag-ukulan ng pansin ang pagpapakita ng kabutihan, hindi ang pagtanggap nito, at “mabuting takal, pikpik,… ay ibibigay ng mga tao sa inyong kandungan” (Lucas 6:38). Tingnan ang mabuting Samaritano (Lucas 10:29-37).

Kawikaan 19

Hindi dapat hangaan ang kamangmangan. Ang makasanlibutang kasabihang, “Kung saan kaligayahan ang kamangmangan, kahangalan ang maging marunong,” ay mali at kahangalan. Hindi kanais-nais ang kawalan ng kaalaman.

19:1-3

Ang unang tatlong kawikaan ng kabanatang ito ay malapit na magkakaugnay, kaya’t sabay-sabay natin silang titingnan. Pinaghahambing nila ang landas ng katotohanan at ang daan ng sariling kalooban at kamangmangan. Mas mabuti nang maging mahirap at hindi kilala, na lumalakad sa harap ng Diyos sa katapatan at kalinisan ng puso, kaysa maging mayabang sa pananalita ngunit nakahilig sa kahangalan at kabuktutan.

Hindi sapat ang sigasig lamang upang manatiling tama ang isang tao. Maaaring masigasig ang isang tao, ngunit masigasig na mali, gaya ni Saulo ng Tarso bago siya naligtas (Mga Gawa 26:9). Ang tumatakbong patuloy nang hindi natututo ng kalooban ng Diyos ay nagdaragdag ng kasalanan sa kasalanan. Iniligaw siya ng kanyang kahangalan, at ang kanyang mapanlinlang na puso ay nagagalit laban sa Panginoon. Nakatuon siya sa sarili niyang daan at hindi makatanggap ng anumang pagtutuwid. Tingnan ang ginawa ni Jonas nang kumilos siya ayon sa sariling kalooban (Jonas 1:3; 4:8-9).

19:4

Ang mayaman ay laging magkakaroon ng maraming nagsasabing kaibigan niya sila, samantalang ang dukha ay madalas makita na hiwalay siya sa kanyang mga kapitbahay dahil sa kanyang karalitaan. Sapagkat kahit na isipin ng

madaling masiyahang optimista na kaakit-akit ang sanlibutang ito, sa katunayan ay isa itong malamig at walang-damdaming lugar pagkatapos ng lahat.

Ngunit may lehitimong kahulugan kung saan maaaring makakuha ng mga kaibigan sa pamamagitan ng kayamanan. Iniutos ng ating Panginoon sa Kanyang mga alagad, "Makipagkaibigan kayo sa pamamagitan ng kayamanan ng kalikuan; upang, kung kayo'y magkulang, ay tanggapin nila kayo sa mga tahanang walang hanggan" (Lucas 16:9). Ang kayamanan, kung gagamitin para sa pagpapagaan ng paghihirap at sa ikaluluwalhati ng Diyos, ay maaaring maging daan ng malaking pagpapala. Kapag sa wakas ay pumanaw ang taong gumamit nito nang gayon, ang mga pinagkalooban niya ng mga kabutihang tulad-Cristo sa lupa ay maghihintay upang salubungin siya sa walang-hanggang tahanan ng mga tinubos.

Pansinin ang mga talatang 6-7 at 17 ng kabanatang ito ng Kawikaan para sa karagdagang pananalita tungkol sa mga kawalang-katarungang dulot ng makasanlibutang kayamanan. Hindi igagalang ng taong matuwid ang mayaman nang higit sa mahirap. Tingnan ang Job 34:19 at Santiago 2:1-9.

19:5

Ang paghatol ng Diyos ay ayon sa katotohanan. Titiyakin Niya na ang bawat pagsalangsang at pagsuway ay tatanggap ng nararapat na kabayaran. Maaaring tila magtagumpay ang isang kasinungalingan sa ngayon, ngunit sa huli'y mananaig ang katotohanan. Tingnan ang mga saksi laban kay Nabot (1 Hari 21:8-13). Pansinin ang Kawikaan 19:9.

19:6-7

Ipinagpapatuloy ng mga talatang ito ang paksang sinimulan sa talatang 4. Laging maraming handang maglingkod sa isang maharlika at gumanap bilang kaibigan ng taong maaaring maging tagapagbigay sa kanila. Kay laki ng pagkakaiba ng espiritu ni Jesus sa sanlibutang ito. Tinanggap Niya ang mga makasalanan at kumaing kasalo nila; hindi Niya hinanap ang ngiti ng mga dakila, ni kinatakutan ang kanilang pagsimangot! Sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay iniutos Niya sa mga susunod sa Kanyang mga yapak na "huwag ninyong isipin ang matataas na bagay, kundi makiayon kayo sa mga taong mababa ang kalagayan" (Roma 12:16).

Mas gusto ng sanlibutan ang mayaman at dakila kaysa sa dukha at mababa sa panlabas. Ngunit tandaan ng Cristiano na ang kanyang Panginoon ay nagpakita sa lupa bilang isa sa mga mahihirap na hinamak ng Kanyang mga kapatid. Lumayo sa Kanya ang Kanyang mga kaibigan, bagama't hinabol Niya sila ng malulumanay na pakiusap. Tiyak na ang mga ngayo'y nakaugnay sa Kanya sa pamamagitan ng biyaya ay dapat laging magtaglay ng mapagmahal na malasakit sa mga nangangailangan.

19:8

Ang salitang Hebreo na isinaling *karunungan* ay nagdadala ng ideya ng mahusay na paghatol o sentido komun. Tingnan ang 15:21.

Ang paghahangad ng moral na katapatan at ang pagkapit sa pang-unawa ay nagdadala ng tunay na kapayapaan at tumatagal na kaligayahan. Tingnan si Timoteo (2 Timoteo 3:14-15).

19:9

Sa 19:5 ay pinaalalahanan tayo na hindi makatatakas sa paghatol ang sinungaling. Dito ay sinasabi sa atin kung ano ang kanyang magiging kapalaran—mapapahamak siya. Mawawasak siya. Ibig sabihin, mapuputol ang kanyang mga pag-asa, at lalabas siya sa kadiliman; wasak sa ilalim ng paghatol ng Diyos, magtitiis siya ng di-mailarawang mga kalungkutan magpakailanman (Apocalipsis 21:8).

19:10

Ang isang alipin na namumuno sa mga prinsipe at ang isang mangmang na namumuhay sa karangyaan ay kapwa wala sa lugar. Nagpapahiwatig sila ng mga kalagayang hindi kaayon ng makatuwirang kaayusan. Maaaring dumating ang mga pagkakataong walang magawa ang isang prinsipe at mapipilitang umasa sa pasya ng isang taong nasa mas mababang katayuan. Ngunit ang marunong na lingkod ay gagamit ng kanyang kapangyarihan nang may pag-iingat at aalalahanin ang kanyang tunay na katayuan, bagama't nasa ilalim ng kanyang kamay ang lahat. Tingnan si Jose (Genesis 47:14-20).

19:11

Tingnan ang tala sa Kawikaan 14:29. Ang hindi mapigil na init ng ulo, na ipinapakita sa padalos-dalos at hindi pinag-isipang galit, ay tanda ng isang taong hindi kailanman natuto ng dakilang aral ng pagpipigil sa sarili. Ang isang hambog at mapagmataas na tao ay hindi makapagpalampas ng pinsalang ginawa sa kanya, kundi kailangang ibuhos ang kanyang poot sa nagkasala sa tuwing may pagkakataon. Ang taong may mahusay na paghatol at pag-iingat ay natutong palampasin

nang magaan ang mga pagkakasala at tila mga insultong magtutulak sa isang kulang sa karunungan tungo sa matinding galit. Kahit si Esau, anuman ang kanyang mga kakulangan sa ibang bagay, ay napatunayan ang sarili nang salubungin niya ang kanyang kapatid na si Jacob (na lubhang nagkasala sa kanya) nang may biyaya at kagandahang-loob (Genesis 33:4-9).

19:12

Dahil may malaking kapangyarihan ang salita ng isang hari, dapat katakutan ang kanyang poot at masigasig na hanapin ang kanyang magandang-loob na lingap. Gaano pa kaya kalubos maaaring ikapit ang mga salita ng kawikaang ito sa darating na Hari, ang Leon ng lipi ng Juda! Kapag dumating na ang dakilang araw ng Kanyang poot, gaano kaaba ang magiging kalagayan ng lahat ng hindi nakakakilala sa Kanyang biyaya. Para sa nagsisising kaluluwa, ang biyayang ito ay tunay ngang parang hamog sa damo! Kapwa makikita ang dalawang aspetong ito sa pakikitungo ni Faraon sa kanyang punong katiwala ng saro at sa kanyang punong panadero (Genesis 40).

19:13

Ang unang linya ng kawikaang ito ay kaugnay ng Kawikaan 17:25. Kay lungkot ng tahanang kinaroroonan ng isang mangmang na anak at ng isang palaaway na asawa! Malamang na magkasama silang matagpuan; sapagkat kung saan kinukuwestiyon ng asawang babae ang kapangyarihan ng kanyang asawa, na kumakampi sa mga anak laban sa kanyang nararapat na pagdidisiplina, ang epekto sa tahanan ay hindi magiging mabuti.

Napakakaraniwang makita ang mga magulang na nagtatalo at nag-aaway sa harap ng kanilang sambahayan. Ang

nakamamatay na bunga nito ay natututo ang mga anak na lalaki at babae na hamakin ang kapangyarihan ng ama at suwayin ang pagtutuwid ng ina kapag sinubukan naman niya ito. Lumalaki ang mga batang ito na may espiritung walang-batas at masuwayin, nakatuon sa pagsunod sa sariling gusto at nagpupumilit na tumangging magpasakop sa nararapat na disiplina. Makabubuting pagbulay-bulayan ng mga Cristianong magulang ang mga tagubiling ibinigay sa bawat isa sa Efeso 5, Colosas 3, at 1 Pedro 3. Ang palaaway na asawa ay makikita kay Mical, ang anak ni Saul (2 Samuel 6:16-23 at 1 Cronica 15:29).

19:14

Tingnan ang Kawikaan 18:22. Maaaring magmana ang isang tao ng bahay at kayamanan, ngunit walang makapagbibigay ng maingat na asawa kundi ang Panginoon. Ang Diyos ang nagbubuklod sa lalaki at babae at kaya't ipinagbabawal Niya sa tao na paghiwalayin ang pagsasamang iyon. Siya na nagsabi sa simula, "Hindi mabuti na ang lalaki ay mag-isa; igagawa ko siya ng isang katulong na nababagay sa kanya," (Genesis 2:18) ay nagmamalasakit pa rin sa kaligayahan ng Kanyang bayan. Kaya't ligtas na makapagtitiwala ang taong may pananampalataya sa Diyos na ibibigay Niya sa kanya ang angkop na kabiyak sa buhay. Kapag pumili ang isang tao para sa sarili, na umaasa lamang sa kanyang kaawa-awang pantaong paghatol sa halip na maghintay sa Diyos, doon nagaganap ang mapapait na pagkakamaling madalas ay hindi na maitutuwid. Ang mag-asawa kay Cristo ay hindi nangangahulugang pag-aasawa sa Panginoon. Anumang pag-aasawa ng dalawang Cristiano ay magiging kay Cristo. Kapag lamang sumusunod ang kalooban sa isip ng Diyos magiging sa Panginoon ang pag-

aasawa. Tingnan ang kaso ni Rebeca, at pansinin kung gaano kalinaw na si Jehova ang nag-ayos ng lahat (Genesis 24).

19:15

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 12:24 at 13:4. Marami sa atin ang hindi nakakaunawa na ang katamaran ay kasalanan. Ang panahong sinayang ay kailangang panagutan sa Hukuman ni Cristo. Siyempre, ang kinakailangang pahinga ay tama at nararapat. Si Jesus mismo ay nagsabi sa Kanyang mga alagad, "Magsiparito kayo nang bukod... at magpahinga kayo nang kaunti" (Marcos 6:31). Ngunit ibang-iba ang pagbubulakbol; ang katamaran ay pag-aaksaya ng mga pagkakataong hindi na babalik. Ito ay ang hindi pagpapahalaga sa halaga ng panahon. Sa pisikal na kahulugan, madalas maranasan ng tamad ang sakit ng gutom; at sa espirituwal, totoo rin ang gayon. Ang kulang sa maka-Diyos na sigla at hindi naghahanap ng pagkain para sa kanyang kaluluwa ay mauuwi sa karalitaan at makakaranas ng hapdi ng espirituwal na taggutom. Tingnan ang mga salita ni Pablo sa mga banal sa Efeso at sa Colosas (Efeso 5:16; Colosas 4:5).

19:16

Madalas iharap sa Kasulatan ang katotohanan ng talatang ito. Masasabing isang kabutihan sa sarili ang sumunod sa utos ng Panginoon. Ang Kanyang Salita ay salita ng buhay. Ang talikuran ito ay mamatay. Kaya't ang humahamak sa mga daan ng Diyos at pumipiling sumunod sa sarili niyang landas ay tunay ngang maikli ang paningin. Tinatatakan niya ang sarili niyang kapahamakan at ibinababa sa sarili niyang ulo ang nararapat na poot. Tingnan si Simei (1 Hari 2:36-46).

19:17

Tunay na mahalagang pagbulayan si Jehova bilang tagapagtanggol ng mahihirap. Iniwan Niya ang mahihirap sa sanlibutan upang subukin ang puso ng mga may mas mabuting kabuhayan. Tinatanggap Niya ang ginagawa nang may habag upang tulungan ang nangangailangan, na parang ginawa para sa Kanya mismo. Ang salapi at mga kalakal na ibinigay nang may mapagmahal na awa sa mga nasa kagipitan ay hindi nawawala magpakailanman. Tinatandaan Niya ang bawat sentimo at inaako Niya ang pananagutang tiyaking mababayaran ang lahat; at makatitiyak tayo na ang tubo ay magiging higit na malaki kaysa sa makakamit sa anumang ibang paraan. Ang tunay na pagkakawanggawa ay bunga ng tunay na pag-ibig sa Diyos. Ang mga nakaranas ng pag-ibig ng Diyos sa kanilang buhay ay magkakaroon ng katumbas na malasakit sa lahat ng tao. Ang paggawa ng mabuti ay lubhang nakalulugod sa Panginoon. Hindi mawawalan ng gantimpala ang pagkabukas-palad, kahit na ito'y pagbibigay lamang ng isang basong malamig na tubig sa Kanyang pangalan. Hindi naging mas mahirap ang balo ng Sarepta dahil sa paglilingkod kay Elias sa kanyang kagipitan. Sa halip ay nakasumpong siya ng hindi nauubos na banga ng langis at walang-katapusang suplay ng harina (1 Hari 17:10-16).

19:18

Ang disiplina, matatag ngunit magandang-loob, ang dapat na katangian ng tahanan. Ang malulupit na parusa, hanggang sa ilagay sa panganib ang buhay ng pinarurusahan, ay lubhang mali at salungat sa Espiritu ng Diyos. Ang pagpaparusang walang pag-ibig ay makapagpapatigas lamang, hindi makababawi, ng isang anak na naliligaw. "Kayong mga ama,

huwag ninyong ibuyo sa galit ang inyong mga anak," (Efeso 6:4) ay isang kinakailangang paalala sa maraming pamilya. Dapat maingat na iwasan ang mga hindi makatuwirang hinihingi at mga parusang hindi tumbas ng pagkakasalang ginawa. Maraming batang maaari sanang nailigtas ng maingat at maka-Diyos na pagsasanay sa kanyang mga unang taon ang hinayaang lumaki sa walang-pigil na kalayaan hanggang sa isipin ng ama na sapat na ang kanyang gulang para sa parusa. Pagkatapos ay naging tampulan siya ng mabagsik na pakikitungo na pumuno ng galit sa kanyang puso at naglayo sa kanya habambuhay sa kanyang mabuti ang hangarin ngunit lubhang hindi marunong na magulang.

"Ang kamay na bakal sa guwantes na pelus" ay matagal nang simbolo ng mahigpit na disiplinang ipinapatupad nang may biyaya. Ang pabayaan ang isang bata sa kanyang sarili ay pagpapakita ng malupit na kawalang-pakialam sa kapalaran ng isang ipinagkatiwala sa ating pangangalaga. Ang maging walang-puso at hindi kinakailangang mabagsik sa pagtutuwid sa kanya ay ang kabaligtarang sukdulan. Itinuturo ng Salita ng Diyos ang masayang gitna na nagbubunga ng ninanais na resulta. Dapat maunawaan ng bata na ang kanyang ikababuti ang hinahangad. Maraming galit na amang nagbuhos lamang ng kanilang pagkadismaya ang nawalan ng paggalang ng kanilang mga anak. Tingnan ang hindi marunong na pakikitungo ni Saul kay Jonatan, na naglayo ng kanyang puso sa halip na makuha ang kanyang tiwala (1 Samuel 20:30).

19:19

Walang saysay na iligtas ang isang taong nakahilig sa hindi mapigil na galit. Sa pamamagitan ng pamamagitan ng kanyang mga kaibigan ay maaari siyang mailigtas sa mga malungkot na

bungang likas sanang sumunod sa kanyang mga pagsabog ng galit; ngunit malamang na uulitin niya anumang oras ang kanyang masamang gawi. Ibababa niya sa sarili niyang ulo ang matuwid na kabayaran at magdadala ng kaguluhan at marahil kapahamakan sa kanyang mga tagapagtanggol. Tingnan ang 22:24. Ang gayong tao ay maliwanag na hindi pa nababali at kulang sa biyaya ng paghatol sa sarili. Dapat siyang pabayaan sa kanyang sarili hanggang sa matutuhan niya sa pamamagitan ng parusa ang hindi niya tatanggapin sa ibang paraan. Nahirapan si Samuel na magpasakop sa aral na ito; isinuko lamang niya si Saul sa wakas nang malinaw na iutos ng Panginoon ang paghiwalay sa kanya (1 Samuel 16:1).

19:20-21

Ang humamak sa payo ay gumanap sa papel ng mangmang. Ang marunong ay nagpapahalaga sa turo, lalo na kapag nagmumula ito sa isang taong may kapangyarihan. Alam niya na anuman ang balakin ng tao at gaano man karunong ang kanyang pakana, ang payo ng Panginoon ay tiyak at nararapat na maisasakatuparan. Sinabi ng Diyos, "Ang aking payo ay mananatili, at gagawin ko ang lahat kong kaligayahan" (Isaias 46:10). Kay hangal ng taong mangangahas na ilagay ang sarili laban sa karunungan at kapangyarihan ng Diyos. Mapalad ang taong, sa paghihintay sa Diyos para sa turo, ay lubos na sumusunod sa Kanyang payo, at samakatuwid ay gumagawa para sa Kanya at kasama Niya. Tingnan ang pagkakatalaga kay Josue (Josue 1:1-9).

19:22

Ang isang mabait at mapagbigay na espiritu ay nakakaakit sa lahat ng tao dahil ito ay hindi makasarili at maalalahanin sa iba.

Ngunit ang gumawa ng malalaking pangako samantalang hindi naman kayang tuparin ang mga ito ay kahiya-hiya. Mas mabuti nang maging mahirap at tapat na aminin ang kawalan ng kakayahang gawin ang maaaring naisin ng puso, kaysa mangako nang malaki at mapatunayang hindi mapagkakatiwalaan. Ang maging kung ano ka, at hindi magkunwaring kung ano ang hindi ka, ay isang mabuting prinsipyo. Ang taong tapat, kahit mahirap, ay nakakamit ng paggalang ng sinumang ang magandang palagay ay may halaga. Tingnan si Pedro at ang lalaking pilay (Mga Gawa 3:6).

19:23

Ang talatang ito ay isang buod na pahayag ng mahalagang katotohanang inilahad sa Awit 91—ang bahagi ng taong tumatahan sa lihim na dako ng Kataas-taasan, na nananatili sa ilalim ng lilim ng Makapangyarihan sa lahat. Ang natatakot sa Panginoon ay walang mga nakababalisang alalahanin habang nagpapahinga siya sa pagtatamasa ng makapangyarihang lakas at hindi nagbabagong pag-ibig ng Diyos. Makapagpapahinga siyang kuntento, sa kaalamang hindi siya dadalawin ng kasamaan; lahat ng bagay ay dapat gumawang magkakasama para sa ikabubuti ng isang nagtitiwala sa Diyos. Ang tila kasamaan ay magiging daan ng pagpapala sa pagpapakapit nang mas mahigpit ng puso sa Diyos ng lahat ng biyaya. Tingnan ang awit ng tagumpay ni Pablo sa Roma 8:28-39.

19:24

Nasa harap na niya mismo ang ikabubuhay, ngunit masyadong makupad ang tamad upang samantalahin ito. Maaaring tila halos kalabisan ang larawang ginamit, ngunit nilayon nitong ilarawan ang pinakasukdulang kaso. Bagama't nakaupo sa

hapag na may masustansyang pagkain sa kanyang kamay, dinadaig ng antok ang kumakain; mas pinipili niyang magpabaya sa ginhawa at tulog kaysa gisingin ang sarili upang kumain. Ang Salita ng Diyos ay isang piging para sa kaluluwa. Sa kasamaang-palad, maraming tamad, na may saganang pagkakataong kumain ng mahalaga nitong karunungan, ang masyadong walang-pakialam upang hanapin at tuklasin ang mga kayamanan nito para sa kanilang sarili. Si Eglon, hari ng Moab, ay tila ganitong uri ng tao (Mga Hukom 3:17-25).

19:25

Ang hayaang hindi masaway ang isang manunuya ay maaaring maglagay ng bitag sa harap ng mga paa ng musmos, na maaaring magpasya na ang pagpapahayag ng paghamak ng manunuya ay hindi matutulan dahil hindi ito pinabulaanan. Kaya't tama at nararapat na parusahan ang sumasalungat sa katotohanan sa pamamagitan ng paglalantad sa harap ng lahat ng mga kamalian ng kanyang paninindigan. Kung siya ay marunong, hindi magiging pasanin ang masaway dahil, sa kanyang karunungan, mas pinahahalagahan niya ang katotohanan kaysa sa sarili niyang dangal. Tingnan ang salita ni Pablo kay Timoteo tungkol sa mga baluktot (1 Timoteo 5:20).

19:26

Tingnan ang talatang 13 ng kabanatang ito. Tunay ngang mapait ang mga kalungkutang dinadala ng isang mapaghimagsik na anak sa kanyang mga magulang. Ang gayong anak ay ang kabuuan ng pagkamakasarili. Sisirain niya ang kanyang ama, na gugugulin ang lahat ng kanyang kayamanan para sa sariling kasiyahan. Sa kanyang katigasan ng ulo, itataboy pa niya ang kanyang ina, at tatanggihan ang lahat

ng pagtutuwid. Sa gayon ay nagdadala siya ng kahihiyan at kasiraan sa kanilang pangalan; ngunit lubos siyang walang-pakialam sa lahat ng ito. Determinadong maging malaya sa lahat ng pagpipigil, pabigla-bigla siyang sumusugod sa kanyang kapahamakan. Ito ay isang malungkot, napakalungkot na larawan, na madalas maulit sa malungkot na sanlibutang ito. Lalo na itong katangian ng mga huling araw na ating kinabubuhayan ngayon (2 Timoteo 3:2).

19:27

Ito ay isang malawak na utos na may napakalaking kahalagahan. Tanda ng kabataang kapalaluan ang ipalagay ng isang tao na maaari siyang makinig sa lahat ng uri ng teorya, mabuti at masama, ngunit hindi madudungisan ng alinman. Ang espirituwal na pamimili-pili ay maaaring tila may katangian ng bukas na isipan at pagiging liberal; ngunit karaniwan itong nauuwi sa pagwasak ng pananampalataya. Makikilala at maiiwasan mo lamang ang kamalian kapag kilala at kinalulugdan mo ang katotohanan ng Diyos. Kaya't mahalagang pag-aralan ang Kasulatan nang masigasig at masikap. Kapag may nagpapahayag ng salungat sa ipinahayag na salita ng Diyos, panahon na upang pabulaanan siya at ang kanyang turo. Hindi mo kayang maglaro sa hindi banal na doktrina.

Tandaan na ang sumasalungat sa turo ng hindi nagkakamaling Salita ng Diyos ay tuwirang mula kay Satanas. Ang makipaglaro dito ay ang ilantad ang sarili sa makapangyarihan nitong impluwensya. Kaya't tumanggi kang makinig dito.

Isang simpleng tanong lamang ang kailangang itanong sa sinumang kumukuha ng katayuan ng isang espirituwal na

tagapagturo, upang matuklasan ang kinikilingan ng kanyang doktrina. Ito iyon: “Ano ang inaakala ninyo tungkol kay Cristo?” (Mateo 22:42) Ang hindi matino sa kalikasan ni Cristo ay mali sa lahat ng bagay. Kung itinatanggi ang tunay na pagka-Diyos ng Panginoong Jesus; kung ipinapaliwanag palayo ang bisa ng Kanyang dugo sa pagtubos; kung sa anumang paraan ay inuulapan ang kawalang-kasalanan ng Kanyang walang-dungis na pagkatao, mali ang sistema sa pundasyon pa lamang, at mapapatunayang hindi matino sa lahat ng iba pa.

> *‘Ano ang inaakala ninyo tungkol kay Cristo?’ ang pagsubok*
> *Sa iyong kalagayan at sa iyong balak.*
> *Hindi ka magiging tama sa lahat ng iba,*
> *Maliban kung tama ang iyong isip tungkol sa Kanya.*

J. Newton

Para sa isang Cristiano, ang patuloy na makinig o sumuporta sa isang taong lumalapastangan sa kanyang Panginoon ay pagtataksil ng pinakamadilim na uri. Kung hindi itinuturo ng isang tao ang doktrina ni Cristo, dapat siyang tanggihan at hindi pakitaan ng pakikisama, sapagkat nananatili siya sa kadiliman; at “anong pakikisama… mayroon ang liwanag sa kadiliman?” (2 Corinto 6:14) Tingnan ang mga espiritista noong panahon ni Isaias (Isaias 8:19-20), at ang mga Judaizer at mga Gnostiko noong panahon ng mga apostol (Tito 1:10-11; Colosas 2:8; 2 Juan 9-10). Lahat ng grupong ito ay matatagpuan sa ating panahon, na dumami nang makalibong ulit. “Lumayo ka sa mga ito” (2 Timoteo 3:5).

19:28-29

Inilalahad ng mga talatang ito ang mabigat na pananagutang naghihintay sa isang masamang saksi. Sa sanlibutang ito ay nilalait niya ang katarungan at pagtutuwid. Nilalamon ng kanyang bibig ang kasamaan. Bagama't maaaring malaya siya ngayon, sa huli ay kailangan niyang matutuhan na naghanda ang Diyos ng mga kahatulan para sa kanya at mga hampas para sa kanyang likod. Maaaring tila hindi napipigil ang panlilinlang at pagsalangsang sa loob ng ilang panahon; ngunit malapit nang bumagsak ang hampas na magpapaunawa sa walang-kuwentang saksi na hindi mapaglalaruan ang Diyos magpakailanman. Tingnan sina Ananias at Safira (Mga Gawa 5:1-11).

Kawikaan 20

Sino ang makapagsasabi ng mga paghihirap, mga wasak na puso, mga sirang buhay, at mga naliligaw na kaluluwa na naging bunga ng hindi pagpansin sa babala ng unang talata ng Kawikaan 20? Walang ibang bisyo ang gayon na lang sumumpa sa mundo at nagdulot ng ganoong kakila-kilabot na paghihirap at pagdurusa gaya ng paglalasing. Ang mga tumatawa sa mga biro tungkol sa kalasingan ay dapat lumabas pagkagabi sa madidilim na kalye ng ating malalaking lungsod para makita ang mapaminsalang bunga ng bisyong ito. Ang mga kaawa-awang biktima ng alak ay umabot na sa daan-daang milyon; gayunman, walang kahirap-hirap para kay Satanas na hikayatin ang libu-libong pabayang kabataan na tumahak sa gayunding kakila-kilabot na landas na nag-akay sa marami tungo sa kanilang kapahamakan.

20:1

May lugar ang alak. Kinikilala ng Kasulatan ang halaga nito bilang gamot at ang tamang paggamit nito kapag kailangan (1 Timoteo 5:23). Ngunit kay dali nitong maging bitag na sumisira sa kalooban at wumawasak sa buhay.

"Ang alak ay manunuya," na tumutukso sa kabataan tungo sa kanyang pagkawasak at dumadaya sa taong padalos-dalos na nag-aakalang maaari siyang uminom hangga't gusto niya, at pagkatapos ay isantabi ito kapag nais niya. Kahit mga makadiyos na tao ay nalinlang sa ganitong paraan tungo sa kanilang kahihiyan at dalamhati. Tingnan sina Noe at Lot (Genesis 9:20-21; 19:30-36). Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 23:29-35.

20:2

Tingnan ang tala sa 19:12. "Ang mga kapangyarihang umiiral ay itinalaga ng Diyos" (Roma 13:1). Kaya dapat nating kilalanin ang kanilang awtoridad at magpasakop sa bawat batas ng tao alang-alang sa Panginoon. Ang paglaban sa kapangyarihan ay paglaban sa Kanya na nagtalaga nito, at sa gayon ay pagkakasala laban sa sarili mong kaluluwa. Ang paghamon sa awtoridad ng hari ay magpapagalit sa kanya at ibubuhos ang kanyang poot sa mga mapaghimagsik.

Maaari nating ilapat ang kawikaang ito sa Hari ng mga hari. Sino ang makakasukat sa kapangyarihan ng poot ni Cristo kapag hinamak na ang lahat ng Kanyang biyaya at nakaupo na Siya sa Kanyang maharlikang trono para magsagawa ng paghatol?

Naranasan ni Hanun ang poot ni haring David nang tanggihan niya ang kabutihan nito (2 Samuel 10).

20:3

Tingnan ang tala sa Kawikaan 17:14. Kay kakaiba ng kapalaluang nagpapatakot sa isang tao na aminin na siya ay nagkamali, o nagpapaayaw sa kanya na umatras nang maayos alang-alang sa kapayapaan, kahit na sa pakiramdam niya ay tama siya—basta't walang prinsipyo ng Diyos ang nakataya. "Makilala nawa ng lahat ng tao ang inyong [pagpapaubaya]" (Filipos 4:5) ay isang mahalagang talata. Ang tao ng Diyos ay handang isuko ang kanyang tinatawag na mga karapatan kaysa patagalin ang isang hindi pagkakaunawaan. Ngunit ang mangmang ay magpupumilit sa pagtatalo at makikialam sa mga bagay na hindi naman niya dapat pakialaman. Kahit ang isang kasintapat

na tao gaya ni Josias ay nabigo dahil hindi niya natutuhan ang aral na ito (2 Cronica 35:20-24).

20:4

Laging may dahilan para iwan ang kanyang gawain, pinababayaan ng tamad ang pagbubungkal ng kanyang bukid habang ang iba ay nagtatrabaho. Kaya pagdating ng panahon ng pag-aani, walang laman ang kanyang bukid, at nakikita siyang namamalimos sa (ayon sa kanya) mas masuwerte niyang mga kapitbahay. Ang totoo, walang kinalaman dito ang suwerte. Ang kanilang kasipagan ang nagdala ng sarili nitong gantimpala, at ang kanyang katamaran ng likas na bunga nito. Ihambing ang talatang ito sa Kawikaan 19:15, 24.

20:5

Tingnan ang tala sa 18:4. Higit sa isang beses na tayong pinaalalahanan na ang mangmang lamang ang hayagang nagbubuhos ng agos ng mga salita sa bawat pagkakataon (tingnan ang 17:27-28 at 18:7). Ibang-iba ang maingat na tao. Kakaunti ang kanyang mga salita, at binibigkas lamang kapag may dahilan. Hindi ito dahil kulang siya sa matinong kaalaman at kakayahang magturo; mas gusto lang niyang hintayin ang tamang panahon. Sa kaibuturan ng kanyang puso, tulad ng sa isang balon, itinatago niya ang payo at karunungan. Ang kanyang tahimik na kahinahunan ay maaaring magpaisip sa mga mangmang na mas mababa siya kaysa sa kanila; ngunit ang taong may pang-unawa ay makakakuha mula roon ng kapaki-pakinabang sa tamang panahon. Tingnan si Jose at si Faraon (Genesis 41).

20:6-12

May moral na kaugnayan sa pagitan ng bawat kawikaan sa bahaging ito, na lahat ay tumatalakay sa ilang antas sa tanong at sa pagsubok ng kadalisayan. Karamihan ng tao ay handang bigyang-katuwiran ang sarili nilang pagiging matuwid at mabait, gaya ni Job bago niya nakita ang Panginoon (Job 29-31). Ngunit tunay na kakaunti ang mga tapat na taong magtatanggol sa Diyos at sa gayon ay magpapatunay na sinungaling ang lahat ng iba. Kay Elihu nakikita natin ang ganitong tao habang nagsasalita siya para sa Diyos (Job 32-37).

Ang taong tunay na matuwid (ginawang gayon ng biyaya) ay nagpapakita nito sa kanyang pamumuhay, hindi lang sa mga pahayag ng kanyang mga labi. Ang mga anak ng ganitong tao ay pinagpapala ng kanyang makadiyos na buhay. Si Abraham ay isang maningning na halimbawa nito (Genesis 17:1-9).

Kung may sinumang matuwid, tiyak na dapat ito ang hari na nakaupo sa trono ng paghatol at nagpapangalat ng kasamaan sa pamamagitan ng kanyang mga mata. Ngunit kahit sa mga ganito (o sa mga tao sa pangkalahatan), sino ang mangangahas magsabi, "Nilinis ko na ang aking puso, dalisay na ako sa aking kasalanan"?

Marami ang nagpapatotoo sa kanilang kawalan ng integridad sa paggamit ng magkakaibang panukat. Lahat ng ganito ay masama sa paningin ng Panginoon (tingnan ang 16:11, at pansinin ang talata 23 sa ibaba).

Kahit ang mga kilos ng isang bata ay nagsasalita tungkol sa kanyang pagkatao, gaya ng kaso ng batang si Samuel sa tabernakulo (1 Samuel 3:18-21). Ano kaya ang masasabi sa mga

kilos ng mga mas matanda, na may dagdag na mga pananagutan?

Malinaw, kung gayon, na walang taong dalisay sa kanyang sarili. Ngunit ibinibigay ni Jehova ang matang nakakakita at ang taingang nakakarinig sa mga naghihintay sa Kanya, upang makita at magawa nila ang Kanyang kalooban at marinig ang Kanyang tinig. Kapag isinuko na ang lahat ng pagkukunwaring may kadalisayan sa sarili, natatagpuan ito kay Cristo ng mga tumatanggap sa Kanya.

20:13

Tingnan ang talata 4 ng kabanatang ito, at pansinin ang Kawikaan 6:9-11; 24:33-34. Sagana ang mga babala laban sa katamaran at pagpapasasa sa sarili. "Ang pagkaantok ay magbibihis sa tao ng basahan" (23:21). Ang masipag at masigasig ay ginagantimpalaan sa kanilang pagpapagal. "Gumising ka na natutulog, at bumangon ka mula sa mga patay, at liliwanagan ka ni Cristo" (Efeso 5:14). Ito ang mga nakapupukaw na salitang sinabi ng Espiritu Santo sa mga natutulog na Cristiano sa isang mundo kung saan lahat ay dapat magising sa halaga ng panahong napakabilis lumipas. "Kaya ingatan ninyo na kayo'y lumakad nang maingat, hindi gaya ng mga mangmang, kundi gaya ng marurunong, na sinasamantala ang panahon, sapagkat ang mga araw ay masasama" (Efeso 5:15-16).

Nahulog si David sa kanyang mabigat na kasalanan dahil sa pagpapahinga lang niya (2 Samuel 11:1).

20:14

Kay karaniwan ng pandarayang binabanggit sa talatang ito! Ito ang katangiang kasinungalingan ng tumatawad. Minamaliit

niya ang bagay na gustung-gusto ng kanyang puso para makakuha ng magandang presyo. Kapag sa wakas ay napagkasunduan na ang kanyang presyo, umaalis siya na nagsasaya sa kanyang katusuhan at ipinagmamalaki ang kanyang kakayahang makatawad. Ngunit isang matang mas banal kaysa sa tao ang nakamasid, na pinapansin ang bawat kilos, salita, at isipan; at mabilis na papalapit ang araw ng pagsusulit. Tingnan ang Efraim (Hosea 12:7-8).

20:15

Walang halaga ang ginto at mga hiyas kung ihahambing sa mga labing nagsasalita ng karunungan. Walang halagang maitatakda sa mahalagang katotohanan ng Diyos, ang karunungang mula sa itaas. Tingnan ang Kawikaan 2:1-5, at pag-isipan ang Awit 119:72.

20:16

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 6:1-5; 11:15. Sinusundan ng kapahamakan at kasawian ang mga hakbang ng taong hindi matalinong nananagot para sa iba o may anumang pakikitungo sa isang babaing hindi kilala. Ang tanging ligtas na landas ay ang lumayo sa dalawa. Kapag humina ang isang tao sa kanyang mga prinsipyo, kadalasan ay inaanyayahan niya ang pagkatalo. Tanging ang taong kayang magsabi ng hindi at manindigan dito kapag tinutuksong makipagkompromiso ang ligtas. Ang ayaw makinig ay kailangang matuto nang mag-isa sa kapaitan ng kaluluwa. Tingnan ang halimbawa ni Juda (Genesis 38).

20:17

Sa sandaling panahon lang tila umuunlad at nangangako ng mabuti ang pandaraya. Ibang-iba ang buong kinalalabasan. Sa

halip na matamis at masarap na subo, pinupuno ng pandaraya ang bibig ng matigas at nakakadismayang graba. Ihambing ang 9:17-18, at tingnan ang Mateo 26:14-16 at 27:3-5.

20:18

Ang mga padalos-dalos at hindi pinag-isipang kilos ay dapat ikalungkot. Bago simulan ang isang proyektong hindi madaling tapusin, dapat tuusin ng isang tao ang halaga at sumangguni sa mga kilalang marunong at maingat. Pinalawak at pinalalim ng ating Panginoon ang kawikaang ito nang sabihin Niya, "Aling hari, na makikipagdigma sa ibang hari, ang hindi muna uupo at sasangguni kung kaya niya sa sampung libo na salubungin ang dumarating laban sa kanya na may dalawampung libo? O kung hindi, habang malayo pa ang isa, nagpapadala siya ng sugo at humihingi ng mga kondisyon ng kapayapaan" (Lucas 14:31-32). Basahin ang mga kilos nina Rehoboam at Semaias (2 Cronica 11:1-4).

20:19

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 11:13,18:8, at 25:23. Ang bumobola sa isang tao sa harapan ay kasindaling maninirang-puri sa kanya sa likuran. Sa pamamagitan ng malalambing at tusong salita at paraan, makukuha niya ang tiwala ng kanyang biktima. Sa pag-apela sa kanyang kapalaluan at pagnanais na tanggapin, pinapaluwag niya ang dila nito hanggang sa ikuwento ng walang-kamalay-malay na tao ang mga bagay na mas mabuting hindi na lang sinabi. Kapag naakit na niya ito na buksan ang puso, pupunta siya sa iba at ibubuhos sa kanilang mga tainga ang kanyang bagong nalaman. Bobolahin din niya sila sa gayunding paraan, na pinaniniwala silang sila lang ang tumatanggap ng kanyang pabor. Walang ugaling mas

kasuklam-suklam pa rito. Lubos na walang moral na prinsipyo at walang pagkamakadiyos, ang ganitong tao ay makagagawa ng di-masukat na kapahamakan sa isang kapulungang Cristiano. Ang ligtas na plano ay ang tuluyang tumanggi na makinig sa "nagbobola sa pamamagitan ng kanyang mga labi." Sa paggawa nito, maraming kalungkutan ang maiiwasan. Ang pumupuri sa kanyang nakikinig habang sinisiraan ang iba ay nararapat pakitunguhan sa diwang ipinakita ni David sa Amalekitang nagdala sa kanya ng balita ng kamatayan ni Saul (2 Samuel 1:1-16).

20:20

Tingnan ang tala sa Kawikaan 19:26. Walang magulang na sakdal sa lahat ng kanilang mga lakad, ngunit, tulad ng mga awtoridad sibil, dapat silang parangalan dahil sa kanilang katayuan. Nakatayo sila bilang awtoridad na itinalaga ng Diyos sa kanilang mga anak. Ang pagpaparangal sa ama at ina ay pagpaparangal sa Kanya na lumikha sa atin at nagtatag ng tahanan, na naglagay ng bawat tao sa mga pamilya. Kaya ang lumalait sa kanyang mga magulang ay makikitang pinatay ang kanyang ilaw at maiiwan siya sa kadiliman. Kahit na mabigat ang pagkabigo ng isang ama o ina, ang anak na ang diwa ay kalugud-lugod sa Diyos ay magsisikap takpan at itago ang kanilang kahihiyan. Tanging ang walang-utang-na-loob at mangmang na anak ang magkakalat nito. Ito ang pagkakamali ni Ham (Genesis 9:22).

20:21

Tingnan ang Kawikaan 21:6 at 28:20. Ang kayamanang mabilis na naipon sa kapinsalaan ng budhi at karangalan ay kaunti lang ang maibibigay na kaaliwan. Inilalarawan ng Kawikaan 10:22

ang pinagmumulan ng tunay na kayamanan: "Ang pagpapala ng Panginoon, iyon ang nagpapayaman, at hindi niya idinaragdag ang kalungkutan." "Kung paanong ang pugo ay umuupo sa mga itlog na hindi niya inilagay, gayon ang nagtatamo ng kayamanan, at hindi sa matuwid na paraan; iiwan niya ang mga iyon sa kalagitnaan ng kanyang mga araw, at sa kanyang wakas ay magiging mangmang siya" (Jeremias 17:11). Ang mga nagsisimulang may determinasyong mag-ipon ng kayamanan sa anumang halaga ay matututo ng mapait na aral na hindi nila nakuha ang tunay at pangmatagalang kayamanan na sana'y nagbigay ng kasiyahan sa puso at kagalakan sa pag-aari nito. Tingnan ang salita ng Diyos sa mga mayamang nagkamit ng kanilang kayamanan sa pamamagitan ng pang-aapi sa mga dukha (Santiago 5:1-6).

20:22

Walang aral na mas mahirap matutuhan para sa ilan sa atin kaysa ang ipagkatiwala ang lahat ng ating mga gawain sa mga kamay ng Panginoon, lalo na kapag nararamdaman nating tayo'y ginawan ng mali at pinagmalupitan. Gayunman, malinaw sa Kasulatan na walang mas malaking pagkakamali ang magagawa ng banal kaysa ang hawakan ang sarili niyang mga gawain sa ganitong kaso. Walang mas malinaw pa sa utos na, "Huwag kayong gumanti sa kaninuman ng masama sa masama... Mga minamahal, huwag ninyong ipaghiganti ang inyong sarili, kundi bigyan ninyo ng lugar ang poot: sapagkat nasusulat, Akin ang paghihiganti; ako ang gaganti, sabi ng Panginoon" (Roma 12:17-19). Ang magpasyang maghiganti sa harap ng utos ng Diyos ay tuwirang pagsuway sa Diyos; hindi tayo dapat magtaka kapag nabigo ang lahat ng ating pagsisikap. Ang taong umaamin na pinahintulutan ng Panginoon ang lahat

ng kalagayan para sa kanyang ikabubuti, at pagkatapos ay yumuyuko at nagpapaubaya sa harap ng unos, ay makakatagpo sa Diyos na laging handang mamagitan sa tamang sandali. Ang tumingin nang lampas sa taong instrumento ng ating dalamhati, gaano man siya kamapaghiganti, at makita ang lahat ng layunin ng ating Ama na natutupad, ay nagbibigay ng kapahingahan at kaaliwan sa kaluluwang lubhang sinubok. Ito ang umalalay kay David nang sumpain at batuhin siya ni Simei. Napakalambing at napakatindi ng buong talata, kaya sa pakiramdam ko ay kailangang ilahad ito rito nang buo:

> *At nang dumating si haring David sa Bahurim, narito, lumabas mula roon ang isang lalaki mula sa angkan ng sambahayan ni Saul, na ang pangalan ay Simei, na anak ni Gera: lumabas siya, at patuloy na nanunumpa habang dumarating. At binato niya si David, at ang lahat ng lingkod ni haring David: at ang buong bayan at ang lahat ng makapangyarihang lalaki ay nasa kanyang kanan at sa kanyang kaliwa. At ganito ang sinabi ni Simei nang siya'y manumpa, Lumayas ka, lumayas ka, ikaw na taong mabagsik, at taong walang kabuluhan: Ibinalik ng Panginoon sa iyo ang lahat ng dugo ng sambahayan ni Saul, na sa kanyang lugar ay naghari ka; at ibinigay ng Panginoon ang kaharian sa kamay ni Absalom na iyong anak: at, narito, nahuli ka sa iyong sariling kasamaan, sapagkat ikaw ay taong mabagsik. Nang magkagayon ay sinabi ni Abisai na anak ni Zeruia sa hari, Bakit susumpain ng patay na asong ito ang aking panginoong hari? patawirin mo ako, isinasamo ko sa iyo, at pupugutan ko siya ng ulo. At sinabi ng hari, Ano ang kinalaman ko sa inyo, kayong mga anak ni Zeruia? hayaan siyang*

> *manumpa, sapagkat sinabi sa kanya ng Panginoon, Sumpain mo si David. Sino nga ang magsasabi, Bakit mo ginawa iyon? At sinabi ni David kay Abisai, at sa lahat ng kanyang mga lingkod, Narito, ang aking anak, na lumabas mula sa aking sariling katawan, ay naghahangad ng aking buhay: gaano pa kaya ngayon ang Benjamitang ito? pabayaan ninyo siya, at hayaang manumpa siya; sapagkat iniutos iyon sa kanya ng Panginoon. Marahil ay titingnan ng Panginoon ang aking kapighatian, at gagantihan ako ng Panginoon ng mabuti dahil sa kanyang pagsumpa sa akin sa araw na ito (2 Samuel 16:5-12).*

Nakapagdududa kung sa buong espirituwal na kasaysayan ni David ay nakarating pa siya sa mas mataas na tugatog ng banal na pagtitiwala sa Diyos kaysa sa panahong ito ng malalim, napakalalim na pagsubok. Ang masamang-loob na pagsumpa ni Simei sa napakahayag na paraan at sa napakalungkot na panahon ay tiyak na lalong sumugat sa kanyang sugatan nang diwa. Ngunit iniyuko niya ang kanyang ulo sa pagpapasakop sa halip na maghiganti kay Simei. Hindi niya hinangad na ipagtanggol ang sarili mula sa mga paratang, kundi nanatili siya sa mapagpasakop na pagtitiwala na nagsasabing, "Hayaan siyang manumpa," at tinanggap ang lahat mula mismo sa Panginoon.

Si Simei ay instrumento lamang, na inudyukan ni Satanas, ngunit talagang pinahintulutan ng Panginoon, para sa pagtutuwid at pagdidisiplina kay David. Ganito siya tinitingnan ni David at hindi siya tumitingin sa mga pangalawang dahilan, kundi sa dakilang unang Dahilan mismo. Napakapinagpala nito! Sana'y masundan ng bawat sinusubok na banal ang kanyang halimbawa!

Dumating ang araw na si Simei ay isang umiiyak na namamanhik sa paanan ng taong kanyang sinumpa; hayagang inamin niya na kumilos siya nang liko at ipinagtapat, "nalalaman ng iyong lingkod na ako'y nagkasala" (2 Samuel 19:16-23). Ipinaabot ni David ang kanyang maharlikang kahabagan sa pagpapatawad—isang tagumpay na higit na mas dakila kaysa sa paghihiganti. Sa panahon ng paghahari ni Solomon, sa matuwid na pamamahala ng Diyos, pinatay si Simei dahil sa pagtataksil na palaging naging katangian niya. "Ang gumagawa ng masama ay tatanggap ng ayon sa masamang kanyang ginawa: at walang itinatanging tao" (Colosas 3:25). Hindi ako dapat makialam sa paghatol. Ang akin ay ang yumuko sa pagpapasakop sa lahat ng mga lakad ng Diyos, na kinikilala ang Kanyang kamay sa lahat ng bagay na kung hindi ay makagagambala sa akin.

20:23

Tingnan ang talata 10 ng kabanatang ito. Nagsasalita ang talatang ito tungkol sa panganib ng paghatol sa mga tao ayon sa iba't ibang pamantayan, depende kung may kaugnayan sila sa atin o wala. Ang Cristiano ay dapat makilala sa iisang tunay at tapat na pamantayan ng katuwiran. Madalas, sa pagtatasa ng pag-uugali ng ilang tao, gumagamit tayo ng sari-saring prinsipyo. Pinapalampas natin sa isa, lalo na sa ating sarili, ang mahigpit nating hinahatulan sa iba. Ngunit sa timbangan ng santuwaryo, pareho silang sinusubok sa iisang timbang. Nais ng Diyos na ang ating mga timbangan ay ihuwad sa Kanya. Ang magkakaibang timbang ay kasuklam-suklam sa Kanyang paningin. Tingnan ang kalahating siklo (Exodo 30:15).

20:24

Sinabi ng propetang si Jeremias ang gayunding mabigat na katotohanan tulad ng kawikaang ito. "O Panginoon," sabi niya, "alam ko na ang daan ng tao ay hindi nasa kanyang sarili: hindi nasa taong lumalakad ang pagtutuwid ng kanyang mga hakbang." Kaya idinagdag niya, "O Panginoon, ituwid mo ako, ngunit may kahatulan; hindi sa iyong galit, baka ako'y iyong ibaba sa wala" (Jeremias 10:23-24). Tungkol sa bawat isa sa atin ay masasabing, "Hindi pa kayo nakadaan sa daang ito noon" (Josue 3:4). Totoo ito sa bawat hakbang ng ating paglalakbay sa mundong ito. Bawat araw ay pumapasok tayo sa mga bagong tagpo at bagong karanasan; kaya kamangmangan ang umasa sa ating kaawa-awa at limitadong karunungan para maunawaan ang ating daan. Tanging ang Diyos ang nakaaalam ng wakas mula sa simula. Sa Kanya, ang lahat ay iisang walang-hanggang Ngayon. Sino pa kundi Siya ang makapagtuturo ng ating mga hakbang? Maligaya ang kaluluwang kayang ipagkatiwala sa Kanya ang lahat ng kanyang mga lakad at umawit nang may pagtitiwala at banal na kapahingahan, "Ang aking mga panahon ay nasa iyong kamay" (Awit 31:15). Sa ganito ay sinabi Niya, "Ituturo ko sa iyo at tuturuan kita sa daang dapat mong lakaran: papatnubayan kita ng aking mata" (Awit 32:8). Ngunit ang araw-araw na patnubay na ito ay para lamang sa mapagpasakop at masunuring mananampalataya. Ang iba ay kailangang maranasan ang patnubay ng bokado-at-renda ng mga pangyayari at kapighatian. Tingnan ang Israel sa Jordan (Josue 3:4).

20:25

Dalawang magkaugnay na bagay ang tila tinutukoy dito, na may matalas at nakatagong himig ng pang-uuyam na

naglalayong tusukin ang ating budhi. Mangmang at mapanganib ang padalos-dalos na tawaging banal ang anumang bagay o manata bago lubos na siyasatin ang kalagayan; pareho itong maaaring magbunga ng maraming kalungkutan at gulo. Sa ibang bahagi ay nagsasalita si Solomon tungkol sa paggawa ng pagkakamaling ito.

> *Kapag nanata ka ng panata sa Diyos, huwag mong ipagpaliban ang pagtupad nito; sapagkat wala siyang kaluguran sa mga mangmang: tuparin mo ang iyong ipinanata. Mas mabuti pa na huwag kang manata, kaysa manata ka at hindi mo tuparin. Huwag mong hayaang ang iyong bibig ang magdala sa iyong laman sa kasalanan; ni sabihin mo sa harap ng anghel na iyon ay pagkakamali: bakit magagalit ang Diyos sa iyong tinig, at wawasakin ang gawa ng iyong mga kamay?* (Eclesiastes 5:4-6)

Ang kaugalian ng pananata ay tila malinaw na salungat sa diwa ng Cristianong dispensasyon, kung saan naghahari ang biyaya. Sa ilalim ng lumang dispensasyon ng kautusan, kapag may hiniling ang Diyos sa tao, angkop lang ang paggawa ng ganitong mga partikular na pangako. Ang panata ni Pablo ay maliwanag na panata ng isang Nazareo, na ginawa bago siya naligtas (Mga Gawa 18:18). Kaya mahalagang tiyakin na ang ganitong pangako ay ayon sa isip ng Diyos bago ito gawin. Tingnan ang padalos-dalos na panata ni Jefte at ang kakila-kilabot nitong mga bunga (Mga Hukom 11:30-40).

20:26

Walang pamahalaang natatatag sa kapayapaan kapag laganap ang kawalan ng batas at karahasan sa gitna ng bayan. Kailangan, para sa pangangalaga ng lipunan, sa kapayapaan ng

matuwid, at sa katatagan ng pamahalaan, na wasakin ang mga sumasalungat sa batas at kaayusan. Kaya, bago itatag ang kaharian ng isang libong taon, bubunutin ang masasama mula sa lupa. Tingnan ang Isaias 63 at Apocalipsis 19.

20:27

Ang espiritu ng tao ay hindi hininga lamang o isang walang-pagkataong ideya. Ang Diyos ang "humuhubog sa espiritu ng tao sa loob niya" (Zacarias 12:1). Ang espiritu ang nagbibigay-kakayahan sa tao na mag-isip at magplano, timbangin ang mga katibayan, at kumilala sa pagitan ng mga bagay na materyal, moral, at espirituwal. "Sinong tao ang nakakaalam ng mga bagay ng tao, maliban sa espiritu ng tao na nasa kanya?" (1 Corinto 2:11) Sa talatang ito, maliwanag na ang espiritu ang upuan ng katalinuhan. Ano kaya ang dating kung papalitan ng salitang hininga ang espiritu sa alinman sa mga kasulatang ito? Magiging pahayag nito na hinubog ng Diyos ang hininga ng tao bilang isang nilalang sa loob niya, at na sa pamamagitan ng kanyang hininga ay nauunawaan niya ang mga bagay na may kinalaman sa kanya. Sa kabila ng lahat ng maaaring igiit ng mga nalinlang na mapagpaliguy-ligoy, malinaw na itinuturo ng Biblia ang tunay na pagiging indibiduwal ng espiritu.

Sa ilang bersyon ng Kasulatan, ang salitang *ilawan* ang ginamit sa kawikaang ito; ang espiritu ay tinatawag na ilawan ng Panginoon. Pansinin, hindi ito ang liwanag ni Jehova. Ang ilawan ay ang sisidlang naglalaman ng liwanag, na ang liwanag mismo ay mula sa Diyos, nagmumula sa Kanya. Ngunit ang espiritu ng tao ay maaaring maging tagatanggap at tagapag-ingat ng liwanag, na nagliliwanag sa bawat bahagi ng kanyang moral na pagkatao. Ito ang nagbibigay sa kanya ng kataasan sa lahat ng mas mababang nilikha. Napakalawak ng agwat sa

pagitan ng pinakamababang uri ng tao, na may lahat ng kakayahang maliwanagan ng Diyos, at ng pinakamataas na uri ng hayop, na magpakailanmang walang pakiramdam sa espirituwal na turo.

Ipinapahayag ng Kasulatan na "walang humahanap sa Diyos" (Roma 3:11). Ang mabangis na tao ay nangangapa patungo sa Kanya dahil sa kanyang takot at nais niyang payapain ang inaakalang galit at poot ng Diyos. Wala siyang pagnanais na mahalin at paglingkuran Siya dahil sa kung sino Siya at sa Kanyang ginawa. Gayunpaman, kahit ang pinakamababang mabangis na tao ay nangangapa patungo sa Diyos, sapagkat ang kanyang espiritu ay ilawan ni Jehova, gaano man kalabo ang liwanag nito. Ngunit sanayin mo ang isang hayop hanggang sa pinakamataas na antas ng katalinuhang-hayop, at hindi siya magpapakita ng anumang pagkilala sa pananagutan sa isang manlilikha, walang anumang pakiramdam sa mga espirituwal na kaisipan. Ang katotohanang ito lang ay sapat na para wasakin magpakailanman ang agnostikong teorya ng ebolusyon na itinuro nina Darwin at Huxley; kahit na sabik itong tinatanggap ng napakaraming laging handang humabol sa tila bago at kakaiba, lalo na kung tila inaalis nito ang Diyos sa Kanyang sariling sansinukob.

Sa pamamagitan ng espiritu, nakikipag-usap ang Diyos sa tao at ibinubuhos ang Kanyang liwanag sa bawat silid ng kanyang pagkatao. Ito ang lumilikha ng pakiramdam ng pangangailangan, isang pananabik sa Kanya mismo. Sapagkat sa kanyang likas na kalagayan, "walang humahanap sa Diyos." Kapag tinanggap ang Kanyang patotoo at yumuko ang kaluluwa sa harap Niya sa pagsisisi, ang Kanyang Espiritu Santo, sa pamamagitan ng mga Kasulatan ng katotohanan, ay

nagpapatotoo kasama ng ating espiritu na tayo ay Kanyang mga anak. Tingnan si Elias at ang marahan at mahinang tinig (1 Hari 19:11-13).

20:28

Sa Kawikaan 20:26 nakita natin na karunungan ng hari ang magsagawa ng paghatol sa kanyang mga kaaway. Dito ay ipinapaalala sa atin ang kabilang panig ng kanyang pagkatao. Ang kanyang trono ay nakasalig sa katuwiran, ngunit inaalalayan ito ng mapagmahal na kabutihan. Kapwa mahalaga ang dalawa—mapagmahal na kabutihan at katotohanan. "Ang biyaya at katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Jesu-Cristo" (Juan 1:17). Kapag naghari Siya, kapwa ipapakita ang mga ito nang sakdal (Isaias 32).

20:29

Tingnan ang tala sa Kawikaan 16:31. Sa kaayusan ng kalikasan, gaya ng sa biyaya, may panahon at kapanahunan para sa lahat ng bagay. Nasisiyahan ang kabataan sa mga gawa ng kagitingan at nagmamalaki sa lakas ng katawan. Ang katandaan ang panahon para sa pagbubulay-bulay at pagpipigil sa sarili; ang ulong may uban ay paalala nito, tunay na maganda sa kanyang lugar. Sa kanyang unang Sulat, ipinahayag ni apostol Juan ang gayunding mga kaisipan sa espirituwal na kahulugan. Ang mga kabataang lalaki ay ang mga malakas sa pananampalataya, na pinananahanan ng Salita ng Diyos, at nagtagumpay laban sa masama (1 Juan 2:14). Sa mga ama, isinulat lang niya, "Nakilala ninyo siya na mula pa sa pasimula." Ito ang pagkakilala kay Cristo mula sa karanasan na lumalawak at lumalalim sa paglipas ng mga taon (1 Juan 2:13-14).

20:30

Ang isang bihasang siruhano ay hindi laging nagmamadaling pagalingin kaagad ang isang sugat, sapagkat maaaring kailanganin ang dagdag na paghihirap para malinis ang katawan ng nakakalasong bagay. Madalas na may pagsisiyasat at kasunod na pamamaga na napakasakit ngunit mabuti sa huling bunga nito. Ganoon din ang pakikitungo ng Diyos kapag pinagtiisan ng Kanyang mga anak ang kasalanan. Maaaring ipataw sa kanila ang mga hagupit at kalungkutan, ngunit para lamang malinis ang kaloob-looban ng pagkatao sa lahat ng nakatagong kasamaan sa pamamagitan ng paghatol sa sarili at buong pagtatapat sa Kanyang harapan. Hindi lang ang salmista ang makapagsasabing, "Bago ako napighati ay naligaw ako: ngunit ngayon ay tinutupad ko ang iyong salita" (Awit 119:67). Hindi matalino para sa isang pasyente na tumutol sa sakit na dulot ng siruhano habang sinisikap nitong linisin ang sugat sa mga dumi na maaaring humadlang sa paggaling at, kung hindi maalis, lalason sa buong katawan. Gayon din, tunay na mangmang ang banal na nagrereklamo sa ilalim ng nagtutuwid na kamay ng Ama at nagsisikap palayain ang sarili mula sa mga hagupit sa halip na "pakinggan… ang pamalo, at [Siya] na nagtalaga nito" (Mikas 6:9).

Kawikaan 21

Sinikap ni propeta Daniel na kilusin ang konsensya ng walang-Diyos na si Belshazzar noong huling gabi ng paghahari niya sa Babilonia. Pinilit niyang ipaunawa sa haring Caldeo ang tungkulin nitong kilalanin “ang Diyos na nasa Kanyang kamay ang iyong hininga, at Kanya ang lahat ng iyong mga lakad” (Daniel 5:23); ngunit ayaw nitong magpakumbaba.

21:1

Ang kawikaang ito ay naglalahad ng parehong katotohanan tungkol sa kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, sa bahagyang naiibang paraan. (Tingnan ang 20:24.) Walang haring sapat ang kadakilaan para makakilos nang hiwalay sa Diyos. Aminin man niya o hindi, si Jehova ang may hawak sa kanya, gaya ng paghawak Niya sa agos ng mga batis. Siya na “may daan sa ipu-ipo at sa bagyo” (Nahum 1:3) ay kayang gawing papuri sa Kanya ang poot ng tao. Gaya ng nabanggit na (Kawikaan 11:8), ang aklat ng Esther ang angkop na larawan ng katotohanan ng kawikaang ito (Esther 6:1-10). Ang salita ni Jehova kay Cyrus, na isinulat bago pa man ipanganak ang pinunong iyon, ay isa pang kapansin-pansing halimbawa (Isaias 45:1-7).

21:2

Tingnan ang Kawikaan 20:6. Ang pagmamatuwid sa sarili marahil ang pinaka-makatao sa lahat ng kasalanan. Pinapalusot at ipinaliliwanag ng tao sa sarili niya ang bagay na mahigpit niyang huhusgahan sa iba. Nakikita ng Panginoon ang puso at napapansin Niya ang kapalaluang parang uod na ngumangatngat sa ugat. Ang pinupuri ng Diyos, hindi ang

pumupuri sa sarili, ang siyang sinasang-ayunan. Tingnan ang halimbawa ni Pablo (1 Corinto 4:4).

21:3

Karaniwan nang nakakalimutan ng mga tao na ang mga hain at handog ay hindi nakalulugod sa Panginoon kung kulang sa katapatan ang nagdadala nito. Palagi Niyang inilalagay ang katuwiran at pagkamakatarungan nang higit sa mga seremonya, gaya ng ginagawa Niya ngayon. Noong narito pa Siya sa lupa, matindi ang sumbat ng Panginoon sa mga Fariseo dahil sa pagiging maingat nila sa maliliit na detalye ng ritwal habang nakakalimutan ang katarungan at katapatan. "Awa ang ibig Ko, at hindi hain" (Mateo 9:13) ang Kanyang salita. Ipinahayag din ni Isaias ang parehong katotohanan na pinakamahalaga ang pagsasagawa ng katuwiran; ipinagkaiba niya ang mga seremonyal na pag-aayuno sa bagay na tunay na ikinalulugod ni Jehova (Isaias 58:5-14). Tingnan ang salita ni Samuel kay Saul (1 Samuel 15:22).

21:4

Hangga't nagpapatuloy ang tao sa paghihimagsik laban sa Diyos, wala siyang magagawang katanggap-tanggap sa Kanyang paningin. Ang mapagmataas na mga mata at ang palalong puso ay maliwanag na kasalanan. Ngunit pati ang bagay na sa ibang pagkakataon ay maituturing na kapuri-puri ay kasalanan pa rin habang tumatangging yumuko ang tao sa pagsisisi sa harap Niya.

Kapag naghimagsik ang isang bansa laban sa lehitimong pinuno nito, maaaring magpatuloy ang mga mamamayan sa maraming kapaki-pakinabang na gawain at masipag na magtrabaho roon; ngunit lahat ng iyon ay bahid ng

paghihimagsik at hindi maituturing na mabuti o tama. Kapag inilapag nila ang kanilang mga sandata sa paanan ng hari at kinilala ang kanyang kapangyarihan, ang mga gawain ding iyon ay nagiging kalugud-lugod at wasto sa kanyang paningin. Ganoon din sa taong malayo sa Diyos at sa mga lumalapit sa Kanya nang may pusong nagsisisi. Tingnan ang pagtingin ng Espiritu Santo sa Israel habang tinatanggihan nila ang Pinahiran ng Diyos (Roma 10:1-4).

21:5-7

Ang kayamanang naipon sa pamamagitan ng tapat at malinis na paggawa ay nagbibigay ng kasiyahan at kaunting kapanatagan sa may-ari nito. Ngunit ang madaliang pag-iipon ng yaman sa pamamagitan ng pagsisinungaling at pandaraya, na madalas ay may kasamang tahasang pagnanakaw, ay magdadala ng kalungkutan at kahihiyan. Maaaring may walang-hanggang imbak ng ginto at pilak ang isang tao, ngunit kasing-dukha pa rin ng Arabeng naligaw sa disyerto. Nang halos mamatay na ito sa gutom, nakakita ito ng isang balot sa dinaanan ng isang caravan. Binuksan niya ito nang nanginginig sa pananabik, umaasang datiles iyon. Binitiwan niya ito sa matinding pagkabigo habang dumaraing, "Mga perlas lang pala!" Libu-libong dolyar ang halaga ng mga perlas na iyon, ngunit hindi nito mapapakain ang taong nagugutom. Ganoon din ang yamang nakuha sa masamang paraan. Hindi ito makapagbibigay ng kasiyahan. Ang nagmamay-ari nito ay nasa pinakamalalim at pinakaabang kahirapan sa huli. Ang buhay niya ay magiging nakapapagod na pag-ikot ng pagkabigo at pagkadismaya, at sa wakas ay maiiwan siyang dumaraing, "Lahat ay walang kabuluhan, at paghahabol sa hangin." Tingnan ang Eclesiastes 5:10-17.

21:8

Ang mga lakad ng taong may sala ay parang bakas ng ahas. Palaging tanda na may malubhang mali sa puso ng isang tao kapag liku-liko ang kanyang landas, at kailangan niyang palaging magpalusot at magpaliwanag. Ang lumalakad kasama ng Diyos ay walang maipipintas, sapagkat iiwasan niya ang bawat anyo ng kasamaan. Ang gawa ng malinis ay matuwid. Ang buhay niya ay parang bukas na aklat, na nagpapaliwanag sa sarili nito at nagpapatahimik sa kanyang mga kaaway. Ganito ang pagkatao ni Daniel; nang hanapan siya ng mga pangulo at mga prinsipe ng maipipintas, "wala silang makitang dahilan o kamalian; sapagkat siya ay tapat, at walang nakitang pagkakamali o kasalanan sa kanya" (Daniel 6:4). Ang kasaysayan ni Ahab ay isang mabigat na larawan ng liku-likong lakad ng taong may sala (1 Hari 16-22).

21:9

Tingnan ang tala sa Kawikaan 19:13. Maligaya ang pamilyang ang mga ugnayan ay sumusunod sa magandang kaayusan ng Salita ng Diyos. Kung mabait ang asawang lalaki sa kanyang asawa, at ang asawang babae ay pinalalamutian ng maamo at tahimik na espiritu, malamang na ang mga anak ay nasa maka-Diyos na pagpapasakop; ang tahanan ay magiging matamis na patikim ng walang-hanggang tahanang hinihintay natin. Ngunit kung ang isang palaaway na babae ay nagsisikap na mamuno at hindi masisiyahan hangga't hindi nasusunod ang gusto niya, ang tahanan ay lubhang hindi kaaya-aya. Mas mabuti pa ang isang tahimik na sulok sa bubungan kaysa manirahan sa isang palasyo kasama ang ganoong kasama. Kapwa naranasan iyon nina Job at David sa ilang pagkakataon

(Job 2:9-10; 2 Samuel 6:20-23). Tingnan ang talata 19 ng kabanatang ito ng Kawikaan.

21:10

Karaniwang nakikita natin sa iba ang hinahanap natin. Ang taong naghahanap ng kabutihan at kagandahang-asal sa kanyang kapwa ay halos tiyak na makakakita ng bagay na karapat-dapat purihin; ngunit ang naglilibot na naghahanap ng kasamaan ay madaling makakakita ng bagay sa halos lahat ng tao na maaari niyang pagpistahan. Walang nakakasumpong ng pabor sa mata ng mapamintas na taong ito, kahit na napipilitan siyang aminin na mas mabuti sila kaysa sa kanya. Ganoong uri ng tao si Sanballat (Nehemias 6:5-9).

21:11

Kapag hinahayaang hindi sinasaway ang isang nanunuya sa katotohanan, lumalakas ang kanyang katayuan sa mata ng mga walang alam. Dahil dito, sinasabi sa atin, "Ang mga nagkakasala ay sawayin mo sa harap ng lahat, upang ang iba naman ay matakot" (1 Timoteo 5:20). Malamang na masasaktan sila sa pagtutuwid, ngunit lalo lang nitong binibigyang-diin na kailangan nila ito. Ang taong matalino naman ay nakikinabang sa turo at tumatanggap ng kaalaman. Tingnan ang resulta ng pagsaway ni Pablo kay Elimas na mangkukulam, kung ihahambing sa pagsaway niya kina Pedro at Bernabe (Mga Gawa 13:8-12; Galacia 2:11-16).

21:12

Ang talatang ito ay tumutukoy sa huling tagumpay ng matuwid laban sa masama. Ang taong matuwid ay hindi labis na malulumbay at mababalisa kapag nakikita niya ang

kasalukuyang kasaganaan ng masama. Alam niyang walang laman ang kanilang kagalakan at kakaunti lang ang mga araw ng kanilang pagmamayabang. Hindi magtatagal ay babagsak sila, sapagkat gayon ang itinakda ng Diyos. Maaaring mas madaling maunawaan ng isang Judio ang talatang ito kaysa sa isang Cristiano, ngunit sa alinmang kaso ay totoo pa rin ito. Hindi magtatagal ang pamumulaklak ng kasamaan. Ibabagsak ng matuwid ang bahay ng mga nakahilig sa kasamaan. Kaya kahit ang isang Jehu ay maaaring maging kasangkapan sa kamay ng Diyos (2 Hari 9).

21:13

Sa Kawikaan 19:17 ay nakita natin ang isang positibong pahayag tungkol sa katiyakan mula sa Panginoon na ang umaaliw sa mahirap ay sagana ang magiging gantimpala. Ang kabaligtaran ay gayon ding totoo. Ang hindi nakikinig sa mapait na daing ng nangangailangan ay dadaing din sa takdang panahon at hindi pakikinggan. Ang mga dukha at nagdurusa ay may tapat na Kaibigan sa Diyos na lumikha sa kanila. Tunay na totoo ang Kanyang malasakit, at pinapansin Niya ang lahat ng ginagawa para sa kanila o laban sa kanila. Lalo na itong totoo kapag sila ay kabilang sa sambahayan ng pananampalataya. Tingnan ang paghatol sa mga bansa sa lupa bago ang milenyo, gaya ng inilarawan mismo ng ating Panginoon sa Mateo 25:31-46.

21:14

Walang gaanong nakakatalo sa galit at poot gaya ng paggawa ng mabuti sa taong nagkikimkim ng sama ng loob. Dapat itong gawin nang tahimik at walang pagpapakitang-tao, upang hindi malaman ng iba. Sapagkat may panganib na ang mabuting-loob na kabaitan, kapag ginawa nang hayagan sa paningin ng lahat,

ay mapagkamalang pagkukunwari na nilayong linlangin ang mga nanonood. Ngunit ang nangyayari sa pagitan ng dalawang panig nang sarilinan ay hindi mapagkakamalan, kung hindi ito babanggitin pagkatapos. Ganito sinikap ni Jacob na pahupain ang inaakala niyang galit ni Jose (Genesis 43:11-14).

21:15-16

Kapag ang isang tao ay matuwid, nagagalak siya sa katuwiran; samantalang para sa taong imoral, ang kabutihang-asal ay tila tiyak na daan patungo sa kapahamakan. Halimbawa, ang isang negosyanteng nagpapakita ng katapatan sa kanyang pampubliko at pribadong buhay ay masasaktan at malulungkot kung lalayo siya sa mga prinsipyo ng katapatan. Ngunit para sa napakarami, tinatanggap na parang tuntunin na hindi uunlad ang negosyo kung patuloy na mananatili sa tama. Ang pagsisikap na gawin iyon ay tila para sa kanila ay nagbabadya ng tiyak at mabilis na pagkabigo. Ang kabataang lalaking nagsisimula pa lang sa buhay ay madaling malinlang ng di-banal at lubos na maling ideyang ito; samantalang ang karanasan ng marami ay nagpatunay sa patotoo ng Kasulatan na ang tanging tunay at panghabambuhay na tagumpay ay nagmumula sa matuwid na pakikitungo.

Ang lumilihis mula sa mga landas ng tunay na karunungan ay mananatili sa kapulungan ng mga patay. “Ang babaing nabubuhay sa kalayawan ay patay kahit nabubuhay” (1 Timoteo 5:6). Ang tunay at masaganang buhay ay tinatamasa lamang ng matuwid na palaging inilalagay ang Panginoon sa harap nila. Ihambing si Judas (Mga Gawa 1:18).

21:17

Ang gastador at ang mapagpasasa sa sarili ay wala sa landas patungo sa kayamanan at kaginhawahan sa hinaharap. Ang matipid at marunong magtanggi sa sarili, sa pamamagitan ng kanilang pag-iingat ngayon, ay naghahanda ng daan para sa mas magaan na kalagayan sa hinaharap. Ang kabataang lalaking ginugugol ang kanyang panahon sa kamangmangan, naghahanap ng kaduda-dudang kaligayahan kasama ng mga hindi matalinong kasama, ay nag-iimbak ng kalungkutan at kakapusan para sa kanyang pagtanda. Ang nagpapasasa ng kanyang panlasa sa mamahaling pagkain sa kabataan ay malamang na mas simpleng pagkain ang makakain sa katandaan. Samantalang ang mga sapat ang talino para talikuran ang kasalukuyang mapanirang mga kalayawan ay makakatamasa sa dakong huli ng mga kaginhawahang naipon nila sa pamamagitan ng paggawa at pag-iingat. Ang walang-pigil na mahilig sa kamangmangan at kalayawan ay malamang na malapit nang umabot sa kalaliman na kinasadlakan ng alibughang anak (Lucas 15).

21:18

Ang kawikaang ito ay naglalahad ng prinsipyo ng likas na katarungan. Ngunit nang ihayag ang biyaya sa pamamagitan ni Cristo Jesus, ang Matuwid at Tapat na Isa ang naging pantubos para sa masama at taksil! Hinihingi ng katarungan ang kaparusahan ng may sala, upang maligtas ang walang sala; ngunit ibinigay ng pag-ibig ang Isang walang sala upang mamatay nang sa gayon ay maaring-ganapin ang may sala. Makikita ang larawan ng kawikaang ito sa pagkubkob at pagliligtas sa Abel ng Beth-maachah (2 Samuel 20:14-22).

21:19

Tingnan ang Kawikaan 21:9. Walang nilalang na mas maganda kaysa sa babaing nagpapakita ng mahahalagang biyaya ng Espiritu ng Diyos. Ngunit ang babaing walang pag-iisip sa kapwa at walang kabaitan ay tila halos hindi na dapat tawaging babae. Ang palaaway at magagalitin na babae, gaano man kaganda ang panlabas, ay hindi kaaya-aya nang higit sa masasabi, at sa pamamagitan ng kanyang dila at kanyang kaawa-awang mga gawi ay makalilikha ng di-masukat na paghihirap. Mas mabuti pang manirahan nang mag-isa sa isang tolda sa ilang kaysa sa isang palasyo na kasama siya. Maliwanag na palaaway na babae si Athaliah. Marahas at taksil, hindi siya titigil sa anuman para maisakatuparan ang kanyang di-banal na mga layunin (2 Hari 11). Tingnan ang Kawikaan 27:15-16.

21:20

Tingnan ang talata 17 ng kabanatang ito. Ang taong matalino ay hindi nabubuhay para sa kasalukuyan lamang; kundi maingat niyang isinasaalang-alang ang darating na mga taon kung kailan manghihina ang kanyang lakas, at hindi na siya makapagtatrabaho gaya noong kabataan at kasibulan niya. Kaya kapag dumating na ang mga araw ng pahinga niya mula sa paggawa, may nakaimbak siyang panustos para sa mga umaasa pa rin sa kanya. Ang mangmang ay nag-iisip lamang tungkol sa lumilipas na sandali at magarbong ginugugol ang kanyang panahon at pera, hanggang sa wala na siyang matira sa wakas. Pag-isipan ang salita ni Pablo tungkol sa mga magulang na naglalaan para sa kanilang mga anak (2 Corinto 12:14).

21:21

Ang patuloy na paghahanap ng katuwiran at mapagmahal na kabaitan ang tiyak na daan patungo sa bagay na hinahangad ng lahat ng tao—buhay at karangalan. Pinag-uugnay ang mga ito ng katapatan. Ang walang-lamang kaluwalhatian ng sanlibutang ito at ang papuri ng mga makasanlibutang tao ay hindi gaanong mahalaga sa huli. Ngunit ang parangalan ng Diyos, at ng mga umiibig sa Kanya, ay nananatili magpakailanman. Nalulugod ang Diyos na pagpalain ang mga nagpaparangal sa Kanyang Salita at sumusunod sa Kanyang katotohanan. Sapagkat ang katotohanan ay hindi ibinigay para maging pinagmumulan lamang ng kasiyahan ng isip, bagaman ganoon nga ito; kundi ang katotohanan ay dapat ipakita sa buhay, gaya ng lubos na ipinakita ito ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Ang isang buhay na may kabutihang-asal at pag-ibig ay nagrerekomenda ng katotohanan sa mga maaaring malayo rito dahil sa kabagsikan ng ilan sa mga tagasunod nito. Kapag ang biyaya at katotohanan na magkasama ang humahawak sa buong pagkatao, ang buhay, katuwiran at karangalan ang magiging maligayang bunga. Tingnan si Asa, hari ng Juda, at pansinin kung paano siya umunlad habang hinahanap niya ang nakalulugod sa Diyos. Ang kanyang naitalang mga pagkakamali ay nagbibigay-diin sa pagkatalong dinanas niya nang lisanin niya ang landas ng katuwiran (2 Cronica 14-16).

21:22

Ang lakas ng katawan at matitibay na kuta ay hindi gaanong nakakatulong laban sa nakahihigit na karunungan. Hindi lakas lamang ang mahalaga, kundi kaalaman at kakayahan. Ang mga kinalalagyang tila hindi masasakop ay madalas na bumagsak sa

pamamagitan ng matalinong estratehiya. Ang Jebus at Babilonia ay inakalang hindi matitibag ng anumang pagsalakay, ngunit kapwa bumagsak ang mga ito sa harap ng mga taong may malalim na karunungan (1 Cronica 11:4-6; Jeremias 51:27-33). Mahalaga ang aral kapag tinatawag tayong makipaglaban sa mga espirituwal na kaaway. Kailangan natin ang karunungang nagmumula sa Diyos at sa Kanyang Salita upang madaig ang mga kapangyarihan ng kasamaan. Tingnan ang Efeso 6:10-18.

21:23

Muli ay nakatuon ang ating pansin sa pagpipigil sa dila. Ang mga salitang hindi matalino, gaano man katotoo kung minsan, ay madalas na pinagmumulan ng malubhang gulo at kapahamakan. Ang masigasig na pagbabantay sa bibig at dila ay pag-iwas sa maraming kalungkutan at mapait na alaala. Tingnan ang Santiago 3:2-12 at ihambing ang mga tala sa Kawikaan 11:13; 15:1; 17:20 at 18:6-8.

21:24

Ang mayabang at sumusunod-sa-sariling-kalooban na espiritu ay nakikita sa walang-pigil na mga salita at hindi nasusupil na galit. Ang taong mapagpakumbaba ay taong mahinahon; hindi siya nahihilig sa pagsabog ng poot o pagkagalit. Siyempre, ang taong tinutukoy sa talatang ito ay dapat ibukod sa taong sa pambihirang pagkakataon ay nawawalan ng pagpipigil sa kanyang galit at nakakapagbitiw ng padalos-dalos na mga salita dahil sa matinding pang-uudyok. Ang ganoong tao ay maaaring pagkatapos ay malubog sa pinakamalalim na kalungkutan at kahihiyan dahil sa kanyang kasalanan; ngunit iba ang palalo at mapagmataas na manunuya. Wala siyang

pagsisisi dahil sa kanyang maling espiritu, kundi nagpapatuloy sa landas na sa lahat ng paraan ay salungat sa kaamuan at pagtitiyaga; nakakalimutan niyang ang galit ng tao ay hindi nagsusulong ng katuwiran ng Diyos. Tingnan sina Simeon at Levi (Genesis 49:5-7).

21:25-26

Gaya ng isang laking-bubuyog na walang ginagawa sa bahay-pukyutan, inaasam ng taong tamad ang bunga ng paggawa ngunit kinasusuklaman ang gawaing lumilikha nito. Abala siya sa kanyang sarili, puno ng pagnanasa, ngunit tutol sa pagsisikap. Pagkamakasarili ang kanyang pinakamatinding katangian. Sa kabilang banda, ang taong matuwid ay isang gumagawa. Gustung-gusto niyang kumita, ngunit upang lamang "maglaan ng mga bagay na marangal sa paningin ng lahat ng tao" (Roma 12:17). Nais niyang matugunan ang mga pangangailangan ng mga umaasa sa kanya at magkaroon ng sapat para maibigay sa sinumang nangangailangan. Dito siya ay tagatulad ng Diyos na "nagbibigay nang sagana sa lahat ng tao, at hindi nanunumbat" (Santiago 1:5). Ihambing ang espiritung ipinakita ni Achan (Josue 7:21) at ang espiritu ng kapulungan sa Filipos (2 Corinto 8:2). Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 12:27; 13:4; 19:24; 20:4.

21:27

Tingnan ang mga tala sa 15:8-9, 26 at 21:4. Ang hain ng taong walang batas ay palaging kasuklam-suklam at hindi katanggap-tanggap sa mata ng Diyos; lalo na itong totoo kapag ang handog ay pantakip lamang sa pagkukunwari. Ang pagsasagawa ng tinatawag na mga tungkuling panrelihiyon upang makita ng mga tao habang itinatago ang isang buhay ng

kasamaan ay kasamaang pinakakasuklam-suklam. Ang kakulangang ito sa katapatan ang nagtulak sa ating Panginoon na mahigpit na sawayin ang mga eskriba at mga Fariseo noong Kanyang kapanahunan. Maingat sila sa pagsunod sa batas at sa mga dagdag na tuntunin ng Talmud tungkol sa mga handog sa templo; pinalalapad nila ang kanilang mga pilakteria (Mateo 23:5); gustung-gusto nilang manalangin nang nakatayo sa mga kanto ng lansangan upang makita ng mga tao; ngunit samantala ay nakikinabang sila sa kapinsalaan ng mahihirap na balo at kinakikitaan ng kasakiman at kasamaang pinakamarumi. Marami ang kanilang mga inapo sa moralidad sa ating panahon. Kaya nilang magpakita ng mukhang banal, gumamit ng maka-Diyos na mga salita, at magbigay nang pasikat ng kanilang yaman sa mga pampublikong kawanggawa; ngunit ang kanilang panloob na buhay ay maitim at puno ng kasamaan. Sa ilang panahon ay maaari nilang maitago ang kanilang tunay na kalagayan mula sa mata ng mga tao, ngunit sa paningin ng Diyos ang kanilang hain ay kasuklam-suklam.

21:28-29

Ang sinungaling na saksi ay maaaring paniwalaan sandali ngunit tiyak na darating ang kanyang kapahamakan. Ang nagpapatotoo nang tapat ayon sa kanyang narinig at nalalaman ay makapananatili sa kanyang paninindigan nang hindi nagbabago at makapagsasalita nang walang humahamon. Ganoon ang mabuting pagpapahayag ng ating Panginoong Jesu-Cristo nang magpatotoo Siya sa harap ni Caifas at ni Poncio Pilato. Samantalang ang mga patotoo ng mga sinungaling na saksi ay hindi man lang nagkakasundo sa isa't isa (Mateo 26:59-64; 27:11-14).

Ang walang paggalang sa batas ng tao o ng Diyos ay magpapatigas ng kanyang mukha at magpapatuloy sa kanyang mga maling salita at lakad; ngunit pinatutunayan ng matuwid ang kanyang layunin sa pamamagitan ng hindi nagbabagong pananalita at mga gawa.

21:30-31

Ang kaluluwang nagtitiwala ay nagpapahinga sa katotohanang ang payo ng Panginoon ay hindi kailanman matatalo. Kaya hindi siya natatakot sa karunungan o pang-unawa o sa mga pakana ng kanyang mga kaaway. Ano ang magagawa ng tao para saktan ang taong natatakpan ng mga pakpak ni Jehova? "Kahit na humantong laban sa akin ang isang hukbo," sabi ni David, "hindi matatakot ang aking puso" (Awit 27:3).

Ang dami o ang mas mahuhusay na kagamitan ay hindi makatitiyak ng tagumpay; nagtitiwala tayo sa Diyos ng ating kaligtasan habang Siya ay nauuna sa atin. Ito ang pagtitiwala ni Asa nang harapin niya ang napakalaking hukbo ni Zerah na taga-Etiopia sa labanan sa Mareshah. "Dumaing si Asa sa Panginoon niyang Diyos, at nagsabi, Panginoon, walang anuman sa Iyo ang tumulong, maging sa marami, o sa mga walang kapangyarihan: tulungan Mo kami, O Panginoon naming Diyos; sapagkat sa Iyo kami nagpapahinga, at sa Iyong pangalan kami lumalaban sa karamihang ito. O Panginoon, Ikaw ang aming Diyos; huwag Mong hayaang manaig ang tao laban sa Iyo" (2 Cronica 14:11). Kaaya-ayang pagnilayan ito. Para kay Asa, hindi tanong ang magkaibang lakas at kakayahan ng mga pulutong ng mga Aprikano at ng hukbo ng Juda; kundi tanong lamang ng kapangyarihan ng Diyos at ng munting kakayahan ng mahihina at mortal na tao. "Huwag Mong hayaang manaig ang tao laban sa Iyo" ang kanyang pakiusap.

Sa wikang Hebreo ay may iba't ibang salita na isinasalin sa Ingles bilang "man" (tao). Ang karaniwang salita na nag-uugnay ng tao kay Adan ay *Ahdahm*, isang salitang hango sa ugat na nangangahulugang "pulang luwad." Ang *Geber* ay tumutukoy sa tao sa kanyang kalakasan, at hango sa ugat na nangangahulugang "maging malakas." Ang *Ish* ay naglalarawan sa tao sa kanyang dangal. Ngunit pinili ni Asa ang salitang nagbibigay-diin sa kawalan ng halaga at lakas ng tao: *Enosh*, na nangangahulugang marupok at walang lunas. Inilalarawan nito ang tao sa kanyang mababang kalagayan bilang nahulog at mortal.

Para kay Asa, ang malaking hukbo ng Etiopia ay tila walang kabuluhan. Ang buong lakas ng sanlibutang ito ay walang halaga kung ihahambing sa makapangyarihang lakas ng Diyos na nangunguna sa hukbo ng Juda at Benjamin. Tiyak ang resulta: "Sinaktan ng Panginoon ang mga taga-Etiopia sa harap ni Asa at sa harap ng Juda; at tumakas ang mga taga-Etiopia… sapagkat sila ay nalipol sa harap ng Panginoon, at sa harap ng Kanyang hukbo; at nagdala sila ng napakaraming samsam" (2 Cronica 14:12-13).

Nawa'y ihagis ng bawat banal ang kanyang sarili sa iisang makapangyarihang Diyos na Tagapagligtas sa bawat panahon ng tila nakapanlulumong kaguluhan; sa gayon ay mapapatunayan niya para sa kanyang sarili na "ang kaligtasan ay sa Panginoon."

Kawikaan 22

Nagsisimula ang kabanatang ito sa isang puna tungkol sa malaking kahalagahan ng reputasyon ng isang tao.

22:1

Ipinahahayag ng unang talata ng kabanatang ito na ang mabuting pangalan ay dapat piliin nang higit pa sa makalupang kayamanan, bagaman madalas itong isinusuko para makamit ang yaman. Ang pang-uring *mabuti* ay wala sa orihinal na teksto. Ngunit ang "pangalan" ay ginagamit sa kahulugan ng isang kilala at iginagalang na pagkatao, gaya sa ibang bahagi ng Kasulatan: lalo na sa Genesis 11:4, "gumawa tayo ng pangalan para sa atin"; Deuteronomio 26:19, "itaas ka…sa pangalan"; 2 Samuel 7:9, 23; 8:13; at marami pang ibang bahagi. Sa kahulugang ito, ang pangalan ay mas kanais-nais kaysa sa napakalaking yaman, at ang igalang ay mas mahalaga kaysa sa napakalaking kita.

Malaking pagkakamali para sa mga kabataan ang mag-akalang mas madaling makagawa ng pinararangalang pangalan sa larangan ng digmaan, sa mga bulwagan ng pamahalaan, sa hanay ng mga dakilang manunulat, o sa mundo ng negosyo. Walang pangalang mas nananatili at mas tumatagal kaysa sa pangalang natamo ng taong nabubuhay para sa Diyos at itinuturing na walang halaga ang lahat ng maiaalok ng lupa alang-alang sa Panginoong Jesu-Cristo. Dahil sa katapatan kay David, nakamit nina Abishai at Benaiah ang mga pangalang nananatili (2 Samuel 23:18,22). Dahil sa katapatan kay Cristo, marami ang naging walang-kamatayan ang pangalan na kung hindi ay matagal nang nalimot. Sino ang makakaalala sa labindalawang apostol, kung hindi nila iniwan ang lahat at

sumunod kay Jesus? Ano kaya ang kaluwalhatian ng pangalan ni Saulo, ang rabbi ng Tarso, kung ihahambing sa pangalan ni Pablo na misyonero ng krus?

22:2

Ang konsepto ng pagka-Ama ng Diyos at ng pagkakapatiran ng tao, kung tama ang pagkaunawa, ay isang aral na mula sa Kasulatan. Natututuhan natin mula sa Kasulatan na ang Diyos ay "gumawa mula sa iisang dugo ng lahat ng bansa ng mga tao upang manirahan sa buong ibabaw ng lupa" (Mga Gawa 17:26). Ang katuwiran ng tao, kung hiwalay sa pahayag ng Diyos, ay hindi kailanman makakatuklas ng kamangha-manghang lihim na ito. Ang pangkalahatang pagkakapatiran—ang pagkakaisa ng lahat ng lahi at bansa ng mga tao sa iisang malaking pamilya, na nagmula sa iisang pinagmulan, sa kabila ng maliwanag na pagkakaiba sa pisikal at sa lahi—ay hindi kailanman napanaginipan ng mga pilosopo hanggang sa maliwanagan sila ng kinasihang Salita ng Diyos. Bago ang panahong iyon, buong pagmamalaking kinikilala ang pagkakapatiran ng ilang lahi, samantalang ang isip ng tao ay nagrerebelde laban sa pagtanggap sa isang hinahamak at walang-pinag-aralang alipin ng mababang kasta bilang kapatid. Ngunit nagpapatotoo ang mga Kasulatang Hebreo sa kabuuan nito sa katotohanang ang lahat ng tao ay nagmula sa iisang ama, si Adan, at magkakaugnay sa pamamagitan ng mga buklod na hindi makakalag. Binibigyang-diin ng mga Kasulatang Cristiano ang katotohanang ito at, sa pagkakita kay Adan bilang anak ng Diyos, ipinahahayag na ang Diyos ay "ang Ama ng mga espiritu" (Hebreo 12:9); kaya sa kahulugang Siya ang Manlilikha, ang Diyos ang Ama ng lahat ng tao.

Gayunman, ang aspetong ito ng pangkalahatang pagka-Ama ng Diyos sa pamamagitan ng paglikha ay lubhang naiiba sa ugnayan sa loob ng pamilya ng Diyos gaya ng inihayag ng ating Panginoon at ng Kanyang mga apostol. Dahil sa pagkahulog, nawala sa tao ang wangis ng Diyos at naging makasalanan siya, wasak at hiwalay. Kaya kailangan ang pagtubos at ang pagsilang na muli. Sa pamamagitan ng bagong pagsilang, ang mga dating anak ng poot at pagsuway ayon sa kalikasan ay ginagawang mga anak ng Diyos at mga kabahagi ng kalikasan ng Diyos. Ipinagkakaloob ang isang bago at walang-hanggang buhay at ibinibigay ang Espiritu Santo, kaya sumisigaw sila, "Abba, Ama." Tanging ang mga isinilang sa espiritu ang bumubuo ng pagkakapatiran ng bagong nilikha sapagkat sila ay may iisang buhay at kalikasan.

Kailangang tandaan ang pagkakaibang ito sa ating panahon ng kaluwagan at kapabayaan. Ang mga taong nagrerebelde laban sa katotohanan ng pagkahulog ay masayang tinatawag ang Diyos na kanilang Ama at hindi nakikita ang pangangailangan sa bagong pagsilang. Pinag-uugnay nila ang banal at ang makasalanan sa iisang malaking pamilya.

Walang pag-aatubili at malayang kinikilala ng Cristiano na si Jehova ang gumawa ng lahat at na Siya ay mahabagin sa lahat ng Kanyang nilikha. Ngunit nakikita niya ang dalawang pamilyang inilalarawan sa buong Kasulatan: "ang mga anak ng Diyos… at ang mga anak ng diyablo" (1 Juan 3:10).

22:3

Ang mabigat na kawikaang ito ay sadyang inulit sa 27:12. Sa labis na pag-ibig ng Diyos ay tapat Niya tayong binabalaan tungkol sa kakila-kilabot na mga bunga ng pagtangging

yumuko sa harap Niya sa pagsisisi at tanggapin ang biyayang inaalok Niya sa pamamagitan ni Cristo Jesus. Nakikita ng taong matalino ang paparating na kasamaan at nagtatago siya sa kanlungang inihanda ng Diyos. Ngunit pinatitigas ng mga musmos ang kanilang puso at tumatangging makinig sa babala ng nalalapit na panganib, kaya tinitiyak nila ang sarili nilang kapahamakan.

"Ang isang tao ay magiging parang kanlungan mula sa hangin, at silungan mula sa bagyo; parang mga ilog ng tubig sa tuyong lugar, parang lilim ng malaking bato sa pagod na lupain" (Isaias 32:2). Nakikita ng pananampalataya ang katuparan ng mahahalagang salitang ito sa taong si Cristo Jesus, at sa pagtakbo sa Kanya ay sumisigaw, "Ikaw ang aking kanlungan" (Awit 32:7). Kung tatanggihan Siya at hahamakin ang Kanyang biyaya, susunod ang tiyak at walang-hanggang paghatol. Ihambing ang bantay sa bilangguan sa Filipos sa mga hukom na Romano (Mga Gawa 16:25-40).

22:4-5

Kay laki ng pagkakaiba ng mga landas at ng huling gantimpala ng maka-Diyos at ng suwail! Ang Langit at Impiyerno ay kasing-layo ng pagkakaiba ng mga daang patungo sa mga ito. Ang taong maka-Diyos ay nakikilala sa iba sa pamamagitan ng maamo at mapagpakumbabang espiritu at ng pagkatakot sa Panginoon. Ang hindi maka-Diyos ay mapaghimagsik at sumusunod sa sariling kalooban. Ang daan ng una ay patungo sa tunay na kayamanan, sa karangalang nagmumula sa Diyos, at sa buhay na walang hanggan. Ang mga hakbang ng huli ay hindi magtatagal ay masasabit sa mga tinik at mga bitag. Ang nabubuhay sa pagsunod sa salita ni Jehova ay maiingatan mula sa mga patibong ng sanlibutan. Ihambing si Hezekias at ang

kanyang anak na si Manases bago siya nagpakumbaba (2 Cronica 29-33).

22:6

Ang tamang pagsisimula sa isang bata ay pinakamahalaga. Ang kasabihan ng Heswita, "Ibigay mo sa akin ang anak mo hanggang labindalawang taon siya, at wala akong pakialam kung sino ang mag-aalaga sa kanya pagkatapos," ay naging isang kawikaan na. Sinusunod ng puno ang hilig ng mga unang taon nito, at ganoon din sa ating mga anak na lalaki at babae. Kung tuturuan silang ibigin ang sanlibutan, hangarin ang mga uso at kamangmangan nito sa pagkabata, halos tiyak na mababuhay sila para sa sanlibutan pagdating sa hustong gulang. Sa kabilang banda, kung wasto silang tuturuan mula sa simula tungkol sa kawalang-kabuluhan ng pamumuhay para sa mga kalayawan ng sanlibutang ito, maliit ang panganib na babaligtarin nila ang paghuhusgang iyon habang tumatanda sila. Kailangang tandaan ng mga magulang na hindi sapat na sabihin sa kanilang mga munting anak ang tungkol kay Jesus at sa pagtanggi sa Kanya, o balaan sila tungkol sa mga lakad ng sanlibutan; dapat nilang tiyakin na sa sarili nilang buhay ay ipinapakita nila ang kanilang itinuturo. Ito ang pinakamahalaga sa lahat sa pagsasanay sa mga kabataan. Mapapansin ng mga bata ang ating pagkukunwari at pagpapaimbabaw kung banal tayong magsalita tungkol sa pagkahiwalay sa sanlibutan habang ipinapakita ang espiritu ng sanlibutan sa ating pananamit, sa mga ugnayan sa tahanan, at sa mga kaibigang hinahanap natin. Hindi na tayo dapat magtaka kung lumaki silang hindi pinapansin ang ating mga salita ng pagtuturo habang ginagaya ang bagay na ipinahayag ng ating pamumuhay bilang tunay na hangarin ng ating puso.

Ngunit kung saan ang isang banal at masayang kapaligiran ang laganap sa tahanan at ang maka-Diyos na pangaral ay may kasamang maka-Diyos na pamumuhay, maaasahan ng mga magulang ang Panginoon na iingatan ang kanilang sambahayan sa pagsunod sa tamang daan. Tingnan si Timoteo (2 Timoteo 1:5).

22:7

Ang sumusunod sa utos ng Kasulatan na "huwag kayong magkautang ng anuman sa kaninuman, maliban sa pag-ibig sa isa't isa" (Roma 13:8), ay makakatakas sa kakila-kilabot na pagkaalipin ng may utang. Halos palaging ipinapanginoon ng mayaman ang kanilang katayuan sa mahirap, maliban kung mamagitan ang biyaya para pigilin ang kapalaluang nasa puso ng tao. Kaya natural lang na ituring ng nagpapahiram na nakahihigit siya sa humihiram. Sinisira ng huli ang sarili niyang kalayaan dahil sa pagpapabaya sa utos ng Diyos. Mas mabuti pang nasa kakapusan at umaasa sa Diyos, kaysa may kasaganaan ngunit alam mong pag-aari iyon ng iba. Walang gaanong dumudurog sa espiritu ng isang tao gaya ng utang, kung mayroon man siyang anumang konsensya tungkol dito. Dapat matakot ang Cristiano sa utang at lumayo rito, sa pagkaunawang ito ay pagsisikap ng kaaway na sirain ang kanyang kapayapaan at wasakin ang kanyang pag-asa sa Panginoon.

Ang usapin ng utang ay dapat na mas pagtuunan ng pansin sa gitna ng mga Cristiano. Maliit o wala man lang ang tingin ng mga tao sa pag-iipon ng mga bayarin at paghiram ng pera nang walang tamang garantiya, na pagkatapos ay maaaring magdulot sa kanila ng matinding kalungkutan at magdala ng kasiraan kay Cristo. Ang nagnanais na maging lingkod lamang

ng Panginoon at hindi alipin ng sinumang tao ay iiwas sa utang sa lahat ng anyo nito. Marami, dahil sa kapabayaan sa paghiram, ang nag-iwan sa kanilang pamilya sa matinding kagipitan. Tingnan ang halimbawa sa 2 Hari 4:1.

22:8-9

Ang dalawang kawikaang ito ay kapansin-pansin at sadyang magkasalungat; muli nilang ipinapaalala sa atin ang katiyakan ng aning kahawig ng uri ng paghahasik.

Ang naghahasik ng kasamaan ay aani ng walang pag-asang walang-kabuluhang ani. Kahit kumuha siya ng mapagmataas na posisyon at ibuhos ang kanyang galit sa mga maka-Diyos, mabibigo ang kanyang tungkod at ang kanyang pamamahala ay magtatapos sa pagkutya. Tingnan ang halimbawa ng kaawa-awang Faraon noong paglabas mula sa Ehipto.

Ngunit ang mabait at mapagbigay na kaluluwang nagtatanim ng binhi ng pagmamalasakit sa iba ay aani ng saganang pagmamalasakit at pagpapala para sa kanyang sarili. Ang tinapay na inihagis sa tubig ay bumabalik pagkaraan ng maraming araw. Tingnan si Ebed-melech (Jeremias 38:7-12; 39:16-18).

22:10

Tingnan ang tala sa Kawikaan 21:11. Ang manunuya sa aklat na ito ay lubhang katulad ng mayabang sa 1 Corinto 5. Ang ganoong tao ay makakagawa ng di-masukat na kapinsalaan sa gitna ng isang grupo ng mga tao ng Panginoon. Ang kanyang kaawa-awang masamang pananalita, kasama ng kanyang paghamak sa lahat ng maka-Diyos na pagpipigil, ay sisira sa buong kapulungan. Kaya kailangang sundin ang Salita ng Diyos

at “Alisin ninyo sa inyo ang masamang taong iyon” (1 Corinto 5:11-13).

Walang ipinaabot na awa ang batas sa taong nanuya sa Diyos ng Israel at bumagabag sa Kanyang bayan. Sa patotoo ng dalawa o tatlong saksi ay dapat siyang patayin, upang maalis ang kasamaan sa gitna nila (Deuteronomio 17:2-7).

Sa panahong ito ng biyaya ay hindi iniuutos ang ganoong matinding hakbang. Pinapayuhan ang mga banal na ihiwalay ang manggugulo mula sa kanilang samahan, upang ang iba ay mailigtas mula sa pagkahulog sa kanyang di-banal na mga lakad; sa gayon ay maiingatan ang pangalan ni Cristo mula sa karagdagang kasiraan. Kapag naihiwalay na ang manunuya, nasa lugar na siya kung saan maaari siyang pakitunguhan ng Diyos. Ngunit habang nananatili siya sa pamilya ng Diyos, siya ay pinagmumulan ng kalungkutan sa kapulungan at kahihiyan sa Panginoon. Tingnan sina Himeneo at Alejandro (1 Timoteo 1:20).

22:11

Ang matuwid na pinuno ay nalulugod sa taong may malinis na puso at magiliw na mga salita. At ang Hari ng mga hari ay tunay ngang Kaibigan ng ganoong tao. Ang mga may malinis na puso ang nakakakita sa Diyos; ang mga tunay na malinis ay magpapakita nito sa pamamagitan ng pagsunod sa salitang, “Ang inyong pananalita nawa’y laging may biyaya, tinimplahan ng asin” (Colosas 4:6). Ang mapait, masakit at mapamintas na dila ay hindi pag-aari ng taong may malinis na puso para sa Diyos, kundi karaniwang katibayan na ang isang tao ay malayo sa pagiging tama sa Kanya. Pansinin ang sinasabi tungkol kay Mordecai (Esther 10:2-3).

22:12

Ang mata ng Panginoon ay nasa Kanyang sariling katotohanan, na siyang tanging tunay na kaalaman. Binabantayan Niya ito araw at gabi at hindi Niya kailanman hahayaang mahulog ito sa lupa. Kapag sinalita ito ng Kanyang mga lingkod, titiyakin Niyang maisasakatuparan nito ang Kanyang layunin (Isaias 55:11).

Ngunit ang mga maling salita ng hindi tapat ay walang maisasakatuparan. Ang Panginoon mismo ang magpapabagsak sa mga ito. Hindi laging uunlad ang kamalian. Maaaring tila sumisigla ito sa sandaling ito, ngunit mawawasak din ito sa huli. Ihambing si Micaias at ang mga propeta ni Baal (1 Hari 22).

22:13

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 12:27; 15:19; 19:24; 21:25; at 26:13. Ang tamad ay umiimbento ng maraming dahilan para ipaliwanag ang kanyang katamaran at lubos na kawalan ng sigla. Kung saan walang panganib o kahirapan ay iniisip niya ang mga ito; at kung saan talagang mayroon ay pinalalaki niya ang mga ito hanggang sa magmukhang hindi na malalampasan. Ang humaharap sa buhay sa lakas ng pananampalataya ay nakakakitang ang mga leon ay nawalan na ng kapangyarihang sirain siya. Ihambing sa taong tamad sa talatang ito si Benaiah na anak ni Jehoiada, isa sa mga makapangyarihang lalaki ni David (2 Samuel 23:20).

22:14

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 2:16-19; 6:23-35; 7:4-27. Ang humihinto para makinig sa mapanghalinang mga salita ng babaing hindi kilala ay naaakit patungo sa kanyang kapahamakan. Walang sinumang lumalakad kasama ng Diyos

ang malilinlang niya; ngunit ang taong ang mga lakad ay hindi nakalulugod sa Panginoon ay madaling mabibiktima ng kanyang mga pang-aakit. Matitisod siya sa kasalanan at sa kakila-kilabot na mga bunga nito gaya ng bulag na nahuhulog sa malalim na hukay. Si Juda ay halimbawa nito sa Genesis 38.

22:15

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 13:24 at 19:18. Ang pagpapabaya sa isang bata sa kanyang sarili ay pagtitiyak ng kanyang kapahamakan, sapagkat ang kamangmangan ay nakatali sa kanyang puso. Ang disiplinang wastong ipinapatupad ang magtutuwid sa likas na hilig na maligaw. Siyempre, hindi lang ang pamalo ang tanging anyo ng disiplina. Hindi palaging kailangan ang pisikal na parusa at kung minsan ay maaaring hindi ito matalino. Ang pamalo, sa buong Kasulatan, ay tumutukoy sa kapangyarihan at awtoridad; sa kasong ito, tumutukoy ito sa pagpipigil ng magulang na lubhang pinagkakautangan ng bata. Ang kakulangan ng matatag ngunit mabait na disiplinang ito ang malaking dahilan ng masasamang lakad nina Absalom at Adonijah (2 Samuel 14; 1 Hari 1:6).

22:16

Kamangmangan ang magsikap na mag-ipon ng yaman sa pamamagitan ng pang-aapi sa nangangailangan o ang magsikap na makuha ang pabor ng mayayaman sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga regalo. Kapwa patungo sa kakapusan sa halip na pagdami ang dalawang landas na ito.

Ang nagsasagawa ng alinman sa mga gawing ito ay maaaring tila umuunlad at sumisigla sa sandaling ito; ngunit ipapakita ng

kanyang wakas ang katotohanan ng Salita ng Diyos. Hindi niya matatagpuan ang kaligayahang hinanap niya; sa huli ay mapipilitan siyang aminin na lubos na nabigo ang kanyang layunin dahil sa kasamaan ng kanyang puso. Tingnan ang sinasabi sa Santiago 5 tungkol sa mayayamang umaapi sa mahihirap at nagkakait ng kanilang sahod.

22:17-21

Ang hamon sa talata 17 ay nagpapaalala sa atin ng pangaral na inulit nang pitong beses sa Apocalipsis 2 at 3: "Ang may pandinig, ay makinig…" Marami na tayong nabasang mga salita ng karunungan sa aklat ng Kawikaan at marami pa ang susunod. Maaaring masanay nang husto ang kaluluwa sa mga ito hanggang sa hindi na makita ang mahusay nilang katangian. Dapat nating ilapat ang ating puso sa kaalamang ibinibigay sa mga kawikaang ito. Sapagkat pinakamahalaga na ingatan ang mga ito sa loob at iangkop sa mga labi ng nakikinig, na dapat ay kay Jehova ang pagtitiwala kung ipapakita niya ang mga ito sa kanyang buhay.

Sa orihinal, ang pahayag na isinaling, "Hindi ba ako sumulat sa iyo ng mga mahusay na bagay," (20) ay literal na "hindi ba inilagay ko ang mga ito sa harap mo sa tatlong paraan" o "sa ikatlong pagkakataon." Ipinapakita nito ang pinakamataas na uri ng payong nasa aklat na ito. Ang mga mahusay na bagay na ito ay mga bagay na pinakamataas ang halaga, higit pa sa karunungan lamang ng tao. Ang Diyos mismo ang nagmamarka ng ligtas at tamang landas para sa Kanyang mga anak. Sa gayon ay "malalaman nila ang katiyakan ng mga salita ng katotohanan," (21) at magagamit ang mga ito nang tama bilang sagot sa lahat ng nagtatanong. Sa panahong ito ng pagdududa

at pag-aalinlangan, isang pagpapala ang makapagpahinga ng kaluluwa sa totoo at mahahalagang salita ng Diyos na buháy.

Sa Bagong Tipan ay makikita natin ang apat na kinasihang apostol na walang pag-aatubiling sumisipi mula sa aklat ng Kawikaan. Sumipi si Pablo mula rito sa Roma 12:19-20, at Hebreo 12:5-6; si Santiago sa kabanata 4:6 ng kanyang Sulat; si Pedro ay dalawang beses sa kanyang una, at isang beses sa kanyang ikalawang sulat, na ang mga ito ay 1 Pedro 4:8,17-18; 2 Pedro 2:22; at si Judas sa ikalabindalawang talata ng kanyang matalas na paratang laban sa mga bulaang guro na pumapasok na nang palihim sa gitna ng mga banal.

Ngunit mas kawili-wili para sa mananampalataya na ang ating Panginoon mismo, sa Kanyang pananalita sa hapag ng Fariseo gaya ng nakatala sa Lucas 14, ay gumamit ng bahagi ng kayamanang ito ng katotohanan ng mga kawikaan bilang Kanyang teksto (Kawikaan 25:6-8). Dagdag pa rito, makikita natin ang mga pahiwatig at pagtukoy sa turo nito sa buong mga huling aklat ng Lumang Tipan at sa lahat ng bahagi ng Bago. Iniugnay ng Diyos ang payak at lubhang praktikal na bahaging ito—ang "mga salita ng katotohanan" na ito—nang hindi mapaghihiwalay sa lahat ng iba pa ng Kanyang banal na Aklat. Habang ipinagpapatuloy natin ang ating pag-aaral, nawa'y may mas buong pagkaunawa tayo sa sagradong katangian ng mga simpleng pangaral at mga pahiwatig para sa pang-araw-araw na buhay na nakapaloob sa aklat ng Kawikaan.

22:22-23

Ang mga kawikaang ito ay naglalaman ng salita ng babala sa mga nakaupo sa lugar ng paghatol ("pintuang-bayan" sa KJV).

Kung binabaluktot ang mga daan ng katarungan, tandaan ng nagbibigay ng maling at mapang-aping hatol na nagmamasid sa lahat ang pinakamataas na Hukom; gagantihan Niya ang bawat tao ayon sa kanyang naging gawa. Ang matuwid na paghatol ay mahalaga sa Kanyang paningin sapagkat sinasalamin nito ang katapatan ng Kanyang banal na trono—isang malaking *puting* trono, walang bahid ng kasamaan. Kung ginagawan ng mali ang nangangailangan ngayon, si Jehova mismo ang lilitaw bilang kanilang Tagapagtanggol sa pinakamataas na hukumang iyon sa lahat. Kung gayon, tunay na kakila-kilabot ang magiging ganti sa mga gumamit sa mga hukuman ng lupa para isulong ang kasamaan. Ano kaya ang magiging kalagayan ng mga Herodes at mga Pilato kapag kinaladkad sila sa harap ng hukumang iyon ng walang-hanggang kabanalan?

22:24-25

Ang isang tao ay nakikilala at nahuhubog ng mga kasama niya. "Ang masasamang kasama ay sumisira sa mabuting asal" (1 Corinto 15:33). Kaya mahalagang isaalang-alang nang mabuti ang mga pinipili natin bilang kasama at kaibigan. Ang pakikisama sa taong nahihilig sa poot at galit ay pagpapahawa sa kanyang padalos-dalos na mga lakad at pagdadala ng bitag sa sariling kaluluwa. Ang galit at masamang hangarin ay mga gawa ng laman. Ang Cristiano ay hindi dapat makisama sa taong madaling magalit, sapagkat napakadali tayong madungisan ng ganoong asal. Ang pagpapatuloy ng pakikipagkaibigan sa taong nagpapakita ng mga katibayang ito ng di-hinahatulang pagkamakalaman ay paglalagay sa panganib ng sariling buhay at patotoo. Ang isang Saul ay hindi

angkop na kaibigan para sa isang David. Tingnan ang Kawikaan 21:24.

22:26-27

Tingnan ang mga tala sa 6:1-5 at 11:15. May ilang hindi kailanman matututo sa pamamagitan ng mga tuntunin. Kaya kailangan nilang matuto sa pamamagitan ng mapait na karanasan. Maraming taong buong buhay nilang nabasa ang mga babala ng Kawikaan tungkol sa mga panganib ng pag-ako ng pananagutan sa utang ng ibang tao, ang nawalan ng halos lahat ng kanilang pag-aari dahil sa hindi matalinong pangako sa mga taong hindi pala karapat-dapat sa kanilang tiwala. Maraming sakit at kahihiyan sana ang naiwasan kung pinakinggan ang bahaging ito ng Kawikaan!

Kapag biyaya ang namamahala, ang mga walang maipambayad ay tapat na pinatatawad sa lahat ng kanilang utang (Lucas 7:40-43). Ngunit kapag mahigpit na katarungan ang kailangang ipatupad, ang taong walang kakayahang bayaran ang obligasyong siya mismo ang nagpataw sa sarili ay nasa panganib na mawala pati ang kanyang higaan mula sa ilalim niya.

22:28

Halos pag-uulit ito ng sinabi ng Diyos kay Moises: “Huwag mong aalisin ang muhon ng iyong kapwa, na inilagay ng mga nauna sa iyong mana, na iyong mamanahin sa lupaing ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos upang ariin” (Deuteronomio 19:14).

Tinanggap ng bawat Israelita ang kanyang bahagi ng lupa nang direkta mula kay Jehova. Ang mga hangganan nito ay minarkahan ng maliwanag na mga muhon, na iniutos sa lahat

na igalang. Ang nag-alis ng mga ito nang sapilitan, o nang palihim, ay haharap sa Diyos dahil sa kanyang paglabag.

Sa panahong ito ng biyaya, ang bahagi ng bayan ng Diyos ay makalangit, hindi makalupa. Ang ating mana ay nasa mahalagang katotohanang ipinagkatiwala Niya sa atin. Ang pag-alis ng mga muhon—ang mga dakilang natatanging aral ng Kasulatan—ay magdudulot ng pagkapoot ng Diyos. Ngunit, nakalulungkot, maraming umano'y marurunong na doktor ang abala sa kaawa-awang gawaing iyon ngayon. Walang katotohanan ng Kasulatan na masyadong sagrado para sa kanilang walang-galang na paghawak. Ang mahahalagang katotohanan gaya ng pagbabayad-sala at ng pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya—maging ang hiwaga ng Banal na Trinidad at ang pagka-Diyos ng Panginoong Jesu-Cristo—ay, sa kanilang paningin, pangkaraniwang mga ideya lamang na maaari nilang itakwil o hindi pansinin kung gusto nila. Ngunit darating ang araw ng pagtutuos, kapag hahatulan sila ng Diyos sa katuwiran; at ang mga nailigaw ng kanilang pag-alis ng sinauna at kagalang-galang na mga muhon ng Salita ng Diyos ay susumpa sa kanila dahil sa pagkawala ng kanilang mga kaluluwa. Kakila-kilabot ang magiging pagtutuos ng mga taong, habang nagpapanggap na mga tagapagturo ng kawan ni Cristo, ay naging mga kasangkapan ni Satanas sa buong panahon para ibagsak ang nagliligtas na mga katotohanan ng Kasulatan. Tingnan ang salita ng babala ni Pablo kay Timoteo (2 Timoteo 1:8-13, at 4:1-5). Ihambing sa Kawikaan 23:10-11.

22:29

Tiyak ang gantimpala para sa masipag. Ang nagsisikap nang buong-sigasig sa gawaing itinakda sa kanya ay mapapansin at

makikilala dahil sa kanyang kakayahan. Gaano pa kaya kapag gumagawa siya para sa Panginoon, na hinahanap ang Kanyang pagsang-ayon, sa halip na ang pagsang-ayon ng kanyang kapwa-tao! "Hindi tamad sa gawain; maalab sa espiritu; naglilingkod sa Panginoon," ang prinsipyong batayan ng mananampalataya sa pag-aayos ng kanyang pang-araw-araw na paglilingkod (Roma 12:11). Madalas, nakakatakot isipin, kumikilos tayo na parang ganito ang nakasulat, "Maalab sa gawain; tamad sa espiritu; naglilingkod sa inyong sarili."

Ang nagnanais na balang-araw ay tumayo sa harap ng Hari at matamasa ang sikat ng Kanyang pagsang-ayon, ay dapat magsikap ngayon para maging kalugud-lugod sa Kanya. Ang tapat na buhay ni Daniel ay mabuting halimbawa ng maka-Diyos na kasipagang ito. Siya ay taong, anuman ang mga pagbabago ng pamahalaan, ay palaging napapasa-harapan, nakatayo sa harap ng mga hari.

Kawikaan 23

Walang bagay na may kinalaman sa Kanyang mga nilikha ang napakaliit para hindi pansinin ng Lumikha. Kaya nga, sa mga unang talata ng kabanatang ito ay may bahaging nakalaan sa tamang pag-uugali ng isang taong kumakain na kasalo ang isang mas mataas ang katayuan kaysa sa kanya.

23:1-3

Ipinapaalala ng mga talatang ito sa taong inanyayahang kumain sa hapag ng isang pinuno kung gaano kahalaga ang pagpipigil sa sarili. Hindi matalino ang umasa nang labis sa pananatili ng pabor ng isang may kapangyarihan, at tanggapin ang mga pribilehiyong ibinibigay niya na parang nararapat lamang sa atin. Ang tapat na tao ay nagpapakita ng tahimik na paggalang sa mga ganitong pagkakataon. Ang walang-pakialam na kilos ay madaling pumukaw ng pandidiri, galit at masamang loob. Ipinakita nina Daniel at ng mga kabataang Hebreo ang isang kapuri-puring diwa nang parangalan sila ng masasarap na pagkain ng hari. Bagaman hindi sila kumain ng pagkain ng hari, magalang ang kanilang pagtanggi (Daniel 1).

23:4-5

Maraming beses tayong binabalaan ng Kasulatan laban sa paggawa ng pag-iipon ng kayamanan bilang hangarin ng ating puso. Ang taong nagtitiwala sa sarili niyang karunungan at hindi pinapansin ang banal na turong ito ay matutuklasan, kung kailan huli na, na itinuon niya ang kanyang mga mata sa isang bagay na lumilipas at naglalaho; sapagkat ang kayamanan sa lupa ay kadalasang mas madaling mawala kaysa maipon. Ang kayamanan ay parang may mga pakpak. Tulad ng mga agila,

lumilipad ito palayo, at iniiwang bigo at may sakit ang puso ang taong nagtuon ng isip dito.

Tapat na nagbabala ang Diyos tungkol sa kamangmangan ng baliw na paghahabol sa kayamanan, ngunit kakaunti ang mga taong natitinag ng mga babalang ito. Ang mga makasanlibutang tao ay magpapakahirap at susubukin ang bawat paraan para magkaroon ng perang hindi naman nila kailanman matatamasa; at malinaw na marami sa mga anak ng Diyos ang nahahawa ng gayunding diwa ng kasakiman. Mabagal tayong matuto, kaya kailangan ang disiplina ng Panginoon na nararanasan ng marami sa atin sa buong buhay natin. Tingnan ang salita ni Pablo tungkol sa mga panganib ng kayamanan (1 Timoteo 6:6-10, 17-18).

23:6-8

Sa mga talatang ito ay binabalaan tayo laban sa pagtanggap ng pagpapatuloy ng isang taong hindi tapat. Maaaring maganda ang kanyang pananalita at magkunwaring natutuwa sa iyong pakikisama; ngunit mas ligtas na iwasan siya at tanggihan ang kanyang mga alok. Ang masasarap niyang pagkain ay hindi ka masisiyahan at masasayang lamang ang iyong magaganda at kaaya-ayang salita: sapagkat sa isang paraan o iba pa ay sisiguraduhin niyang mababayaran ang kanyang mga pabor. Hindi niya kailanman iniisip ang gumawa ng mabuti at magbigay nang walang hangad na kapalit. Sisikapin niyang gamitin para sa sarili niyang kapakinabangan ang mga taong napapailalim sa kanya dahil tinanggap nila ang kanyang kunwaring kabutihan. Gaano man kaaya-aya ang kanyang ngiti, itinatago nito ang isang mapanlinlang na puso. Siya ay sakim at makasarili, at ang kanyang mga lakad ay hinuhubog ayon dito. Tingnan ang matandang propeta ng Bethel (1 Hari 13).

23:9

Ang pagsisikap na turuan ang taong nakatuon ang puso sa kamangmangan at katigasan ng ulo ay pag-aaksaya lamang ng hininga, o parang paghahagis ng mga perlas sa harap ng mga baboy. Kapag walang pagnanais sa karunungan, kundi sinadyang yurakan ang kaalaman at pang-unawa, walang saysay na mag-aksaya ng salita. Tingnan ang Kawikaan 26:4. Ang pagsaway ni Jotham sa mga tagasunod ni Abimelech ay isang halimbawa nito (Mga Hukom 9:7-21).

23:10-11

Tingnan ang tala sa Kawikaan 22:28. Ang taong sumasalakay sa bukid ng balo o ng ulila dahil sa kanilang tila kawalan ng kalaban, upang dagdagan ang sarili niyang ari-arian, ay matututo sa kanyang kalungkutan na mayroon silang kamag-anak na manunubos, si Jehova mismo. Itataguyod Niya ang kanilang usapin at ipapakita ang Kanyang kapangyarihan para sa kanila. Ipagkatiwala sa Kanya ng mga inaapi ang kanilang mga suliranin, sa pagkaalam na hindi Siya magkukulang sa sinumang nagtitiwala sa Kanyang pag-ibig at umaasa sa Kanyang pagkilos. Nakapagpapasigla at nakapagpapalakas ng loob na makita kung paano ipinaubaya ni David ang lahat ng kanyang mga alalahanin sa Diyos nang siya ay hinusgahan nang mali at inapi. Tingnan ang Awit 35.

23:12

Isa na naman itong paalala sa ating nabasa sa Kawikaan 2:1-9. Kapag lamang nakatuon ang puso sa turo at determinado ang tainga na makinig sa tama at kapaki-pakinabang na mga salita saka magkakaroon ng pag-unlad sa mga bagay ng Diyos. Ang walang-ingat na pagsasaulo lamang ay hindi kailanman

makikinabang. Kapag ang buong pagkatao ay abala sa katotohanan, saka nananahan ang Karunungan sa kaluluwa ng humahanap sa kanya. Sinasabing may isang matandang Cristiano na *binulay-bulay* ang buong Biblia nang tatlong beses sa kanyang buhay. Ibang-iba ito sa pagbabasa lamang ng Kasulatan. Nangangahulugan ito ng matiyaga at maingat na pag-aaral ng bawat bahaging binabasa, na nagbubunga ng tunay na paglagong espirituwal. Pakinggan si Jeremias (Jeremias 15:16).

23:13-14

Tingnan ang tala sa Kawikaan 19:18. Ang disiplinang ibinibigay agad, hindi sa kalupitan o labis na kabagsikan, ay makikinabang ng bata. Bagaman maaaring magdusa siya sa oras na iyon, ang pagtutuwid ay pipigil sa kapahamakan at kalungkutang tiyak na susunod sa isang buhay ng pagkamakasarili at paghihimagsik. Sa talatang 14 ng Revised Standard Version ang salitang ginamit ay *Sheol*. Hindi ito eksaktong impiyerno, kundi ang daigdig ng mga espiritu. Ginagamit ito upang ilarawan ang huling hantungan ng gayong masama at walang-disiplinang buhay. Ang pagpaparusa ay magtutuwid sa masasamang hilig. Dapat magkaroon ang lahat ng magulang ng gayunding pagmamalasakit sa pagsasanay ng kanilang mga anak na ipinakita ni Manoa (Mga Hukom 13:8-12).

23:15-16

Sa mga salitang ito ng isang ama sa kanyang anak, maririnig natin ang hangarin ng ating Ama sa Langit na lumakad ang Kanyang mga anak sa katotohanan. Mahalaga at banal nating pribilehiyo ang magdulot ng kagalakan sa Kanyang puso sa

pamamagitan ng pag-ibig sa karunungan at pagsasalita ng tama. Tingnan ang 3 Juan 3-4.

23:17-18

Hindi matalino ang mainggit sa mga tila umuunlad sa kasamaan, sapagkat darating ang araw ng kanilang kaparusahan. Maaaring magdusa ang katuwiran sa kasalukuyang panahon, ngunit mapapatunayan sa wakas na ang mga namuhay araw-araw sa pagkatakot sa Panginoon ang pumili ng mas mabuting landas. Tila tiyak na sa talatang 18 ay malakas na ipinahihiwatig ang aral tungkol sa darating na paghuhukom. Iminumungkahi ni Newberry ang "Tunay na may kabilang-buhay" bilang sapat na salin ng orihinal. Ang diwa ay tila ito: may darating na panahon kung kailan mababaligtad ang kasalukuyang kalagayan, at magtatagumpay ang katuwiran. Sa panahong iyon, ang lumakad sa katapatan at sa pagkatakot sa Diyos ay gagantimpalaan sa lahat ng kanyang pagdurusa rito. Tingnan ang huling dalawang pagpapala sa sermon ng ating Panginoon sa bundok (Mateo 5:10-12).

23:19-21

Ang kawalan ng pagpipigil sa pagkain at pag-inom ay nagpapakita ng pusong hindi pinamamahalaan ng karunungan. Inuutusan ang Cristiano na maging mapagpigil sa lahat ng bagay, upang sa pamamagitan ng pagiging mahinahon at maingat na pag-uugali ay maipakilala niya ang Ebanghelyo ng Diyos. Dapat niyang supilin ang kanyang katawan, at hindi magpasakop sa mga makalamang pagnanasa nito. Ang hindi nakikinig sa mga ganitong salita ay dapat magbata ng nararapat na kaparusahan. Ito ang kasalanan ng matigas ang

ulo at mapaghimagsik na anak sa Deuteronomio 21:20. Tingnan ang mga talatang 29-35 ng kabanatang ito ng Mga Kawikaan.

23:22

Ang masisigla, tiwala sa sarili at maparaang mga kabataan ay malamang na makalimot sa paggalang na nararapat sa kanilang tumatandang mga magulang. Ibigay nawa ng mga kabataan sa kanila ang pagmamalasakit ng isang anak na hahangarin din nila para sa kanilang sarili kapag naubos na ng mga taon ang kanilang sigla at talino. Ang pagsunod ni Esther sa kanyang matandang pinsang si Mordecai ay isang magandang halimbawa ng itinuturo sa talatang ito (Esther 2:20).

23:23

Tingnan ang tala sa Kawikaan 4:7-9. Mahalagang salita ito para sa ating walang-pakialam at liberal na panahon. Maaari nating isigaw kasama ng propeta, "Ang katotohanan ay nabuwal sa lansangan" (Isaias 59:14). Ngunit ang naghahangad ng pagsang-ayon ng Diyos higit sa papuri ng tao ay pahahalagahan ang katotohanan at handang bilhin ito kapalit ng mga kaibigan, reputasyon, ari-arian, maging ng sarili niyang buhay. Hindi rin niya ito ipagbibili, anuman ang pagdurusang dulot ng masigasig na pakikipaglaban para sa pananampalatayang minsang ibinigay sa mga banal (Judas 3). Maaaring manuya ang mga rasyonalista at mang-usig ang mga mapamahiin, ngunit ang nagtataglay ng katotohanan ay magtatamo ng karunungan, turo at pang-unawa na isang hiwaga sa mga taong matalino lamang sa paraan ng sanlibutan. Sino pa ang mas nagpakita ng katotohanan ng talatang ito kaysa sa dating rabbi ng Tarsus? Tingnan ang Filipos 3:7-11.

23:24-25

Tingnan ang ikalawang bahagi ng Kawikaan 10:1. Kapag nagpapakita ng katuwiran at karunungan ang mga anak, napupuno ng di-masambit na kagalakan ang puso ng kanilang mga magulang. Nagagalak at napapalakas ang loob ng mga magulang kapag nakikita nila ang mga anak na pinagpaguran at ipinanalangin nila para sa kaligtasan na lumalakad sa katapatan at kahinahunan sa isang sanlibutang puno ng mga patibong. Kay liit ng pagninilay ng mga kabataan sa epekto ng kanilang pag-uugali sa kanilang mga ama at ina. Marami ang nagsasabing mahal na mahal nila ang mga nagbuhos ng gayong walang-tigil na pagmamahal sa kanila sa buong buhay nila, ngunit sa kanilang mga gawa ay sinusugatan nila ang diwa ng kanilang mga magulang at dinudurog ang kanilang puso. Isaalang-alang ang mga talatang 15-16 ng kabanatang ito. Tingnan sina Jacob at Joseph (Genesis 46-48).

23:26

Sa talatang ito, tulad sa talatang 15, naririnig ng Cristiano ang tinig ng kanyang Ama sa Langit. Ang mga salita ay hindi para sa masasama. Wala silang puso para sa Diyos, at hindi makakita ang kanilang mga mata ng anumang kalugud-lugod sa Kanyang mga daan. Ngunit nagsasalita ang Diyos sa Kanyang mga anak, na sinasabi, “Ibigay mo sa akin ang iyong puso.” Karapatan Niya ito, at tiyak na magagalak ang anak ng Kanyang biyaya na maibigay sa Diyos ang Kanyang hinahangad. Hindi Niya pinananabikan ang paglilingkod lamang tulad ng kay Martha, kundi ang pusong nakatuon sa Kanya tulad ng ipinakita ni Maria (Lucas 10:38-42). Kapag naranasan ng isang tao ang kahalagahan ng pagtubos sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, buong-galak niyang sasabihin,

> *Kunin Mo ang aba kong puso, at ito'y*
> *Isara magpakailanman sa lahat maliban sa Iyo.*
> *Kunin Mo ang aking pag-ibig, Panginoon ko; ibinubuhos ko*
> *Sa Iyong paanan ang buong yaman nito.*

Karapat-dapat Siya sa pinakamabuting maibibigay natin. Sa Kanya nararapat nating isuko ang moog ng ating pinakamalalim na pagmamahal. Kapag lamang Siya ang nagmamay-ari ng ating puso saka tayo malulugod sa Kanyang mga daan. Tingnan ang buhay na hain ng Roma 12:1-2.

23:27-28

Ihambing ang mga talatang ito sa Kawikaan 7. Kung nais ng binata na mailigtas mula sa karumihan, dapat na nasa Diyos ang kanyang puso. Walang ligtas sa mga hinahayaang itali ang kanilang pagmamahal sa sanlibutang ito. Saanman ay may mga taong nais akitin ang Cristiano palayo sa mga landas ng katotohanan at kabutihan. Sa Panginoon lamang may lakas at kaligtasan. Ang masamang babae na madalas na ibinabala sa atin ay parang malalim na hukay, nakatago hanggang sa mahulog na ang isang tao rito. Ang nagbibigay-lugod sa Diyos ay makakatakas sa kanya. Kay tindi ng pagdurusa ni Samson sa kamay ng gayong babae! (Mga Hukom 16).

23:29

Ang anim na tanong sa talatang ito ay sinasagot sa mga sumusunod na talata. Kapighatian, kalungkutan, pag-aaway, satsat (o marahil, mga reklamo), mga sugat na hindi kailangan, at namumulang mga mata ang katangian ng taong inilalarawan sa mga sumusunod na talata.

Ang biglaang mga tanong ay nagtutuon ng ating pansin sa kakila-kilabot at buhay na buhay na paglalarawan ng lasenggo na inihaharap bilang sagot.

23:30-35

Ang pagpapakasasa sa kasiyahan ng alak hanggang sa pagkalasing ay sanhi ng maraming kalungkutan ng tao. Ang paglalasing ay isa sa pinakamalalaking sumpa sa lahat ng panahon, ngunit isa itong kasalanang mapang-akit at kaaya-aya sa mga mahilig makisalamuha. Itinatapon ang lahat ng pagpipigil, naaakit sila ng kislap ng bumubulang alak. Ngunit hindi mailarawan ang mga bunga. Ang tila kay sarap at walang pinsala ay nagiging parang makamandag na ahas na ang kagat ay nagpapaapoy sa mga ugat. Ang imoralidad ay kaugnay ng paglalasing, tulad ng bunga sa sanhi. Nawawala ang lahat ng paggalang sa sarili kapag ang utak ay kontrolado na ng nakamamatay na lason. Ang pagnanasa at kalaswaan ang sumasakop sa lasenggo.

Ang lasenggo ay parang taong nagsisikap humiga sa gitna ng mga alon ng dagat o parang taong nagtatangkang matulog sa tuktok ng palo ng barko. Kapag nahimasmasan na siya, nararamdaman niyang bugbog at sugatan siya, ngunit hindi siya nagpapasiyang tumakas sa sanhi na, sa malaking bahagi, ay sumira na ng kanyang kalooban. Ang hindi-natural na pagkasabik na sumasakop sa kanya ay nag-aakay sa kanyang hanapin muli ang mga paraan ng kanyang pagkawasak. Tingnan si Nabal (1 Samuel 25:36-38).

Nararapat sa anak ng Diyos na tumakas sa mga mapanirang hilig na ito, at sa pamamagitan ng kahinahunan at pagpipigil sa sarili, maging halimbawa sa mga mas mahina. “Mabuti ang

huwag kumain ng karne, ni uminom ng alak, ni ng anumang bagay na ikatitisod ng iyong kapatid, o [ikasisilo], o ikahihina. Mayroon ka bang pananampalataya? ingatan mo ito sa iyong sarili sa harap ng Diyos. Mapalad ang hindi humahatol sa kanyang sarili sa bagay na kanyang pinahihintulutan" (Roma 14:21-22). Ang pagpapabaya sa bagay na sumira na ng napakaraming tao ay tiyak na hindi paglakad sa pag-ibig. "Tayo ngang malalakas ay nararapat magbata ng mga kahinaan ng mahihina, at huwag bigyang-lugod ang ating sarili" (Roma 15:1). Ang walang-ingat na pagpapakasasa sa bagay na para sa iba ay parang lason ng ulupong ay lubhang hindi angkop at walang pag-iisip.

Kawikaan 24

Tinatapos ng kabanatang ito ang ikalawang bahagi ng aklat ng Mga Kawikaan. Kabilang dito ang mga kawikaang isinaayos mismo ng matalinong hari at maliwanag na ipinalaganap bago siya namatay.

24:1-2

Ang unang kawikaan sa kabanatang ito ay babala laban sa pagkahulog sa patibong na gumulo sa maka-Diyos na si Asaph hanggang sa pumasok siya sa santuwaryo ng Panginoon (Awit 73). Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 23:17-18. Nang makita ni Asaph ang wakas ng masasama, naglaho ang lahat ng kanyang mainggiting pananabik. Paano maiinggit ang isang banal ng Diyos sa makasanlibutang tao dahil sa kanyang lumilipas na mga kasiyahan, gayong ang paghuhukom, tulad ng madilim at makulimlim na ulap, ay nakabalot na sa ibabaw ng kanyang ulo!

Hindi rin iyon lamang ang nagpapaaba sa kanilang kalagayan. Ang kanilang mga puso at labi ay abala rin sa pangwawasak at paggawa ng kaguluhan. Sino ang maaaring maging masaya sa ganoong gawain? Pagkabigo at kalungkutan ang laging magiging gantimpala ng mga umaasang makahanap ng kaligayahan sa pamamagitan ng kasamaan. Puno ang Kasulatan ng maraming halimbawa ng huling wakas ng masasama. Halimbawa, tingnan ang kaabang buhay ni Jehoram, hari ng Juda (2 Cronica 21).

24:3-4

Ang pagpuno sa isip at puso ng karunungan, kaalaman at pang-unawa ay parang pagtatayo ng isang mansiyon sa matibay na pundasyon at pagpuno rito ng mamahaling mga kayamanan. Sa

gayunding paraan, ang buhay ng matalino ay magandang napapalamutian, nagdudulot ng kagalakan sa kanya at ng kasiyahan sa kanyang mga kasama. Ang may karunungang mula sa itaas ay hindi kailanman magiging dukha. Tingnan ang Santiago 3:17-18.

24:5-6

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 20:18. May malapit na kaugnayan sa pagitan ng mga talatang ito at ng mga nauna lamang dito. Pinalalakas ng karunungan ang nagtataglay nito, gaano man siya kababa sa ibang mga bagay kumpara sa kanyang mga kaaway.

Ang kahulugan ng pananalitang "gawin mo ang iyong pakikidigma" (KJV) ay maliwanag na "makipagdigma nang matagumpay," o "makipagdigma sa iyong kapakinabangan."

24:7

Ang matalinong tao ay hindi kumikilos nang padalos-dalos. Sa kanyang paglabas upang harapin ang kaaway, sinasamantala niya ang payo at karanasan ng iba. Hindi siya makasarili. Ang kanyang kaligtasan ay nasa kanyang pagpayag na pakinggan ang mahinahong inihaharap ng iba. Maaaring nasa isip ng ating Panginoon ang mga salitang ito, pati na ang nasa talatang 27, nang turuan Niya ang Kanyang mga alagad tungkol sa kahalagahan ng pagtutuos ng gastos bago magsimulang magtayo o lumabas sa isang labanan (Lucas 14:28-32). Tingnan ang dukhang matalinong tao ng Eclesiastes 9:14-16.

Dahil ayaw magsisi sa kanyang masamang gawa, hindi makakamit ng mangmang ang karunungan. Kaya nga hindi siya makapagsalita kapag dumating ang oras ng kanyang

paghuhukom. Tingnan ang taong hindi pinansin ang damit-pangkasal (Mateo 22:11-13).

Anong kayamang biyaya ang umakay kay Jesus, ang walang-hanggang karunungan, na maging parang kordero, pipi sa harap ng mga manggugupit, nang tumayo Siya "sa pintuang-bayan" upang tanggapin ang paghuhukom para sa Kanyang mga sariling tao (Isaias 53:7).

24:8-9

Ang masasamang pag-iisip, sabi ng ating Panginoon, ay nagmumula sa puso, at nagpapakita ng dungis ng moralidad ng isang tao. Ang nagpapahintulot sa kanyang isip na magpakasasa sa masasamang pagnanasa ay puno ng kaguluhan. Ang kanyang mga mangmang na pag-iisip ay makasalanan, maisakatuparan man ang mga ito o hindi; sapagkat hahatulan ang mga pag-iisip gayundin ang mga gawa kapag inilantad na ang mga lihim ng puso ng mga tao. Mananagot ang mga tao sa kanilang mga pag-iisip gayundin sa kanilang mga salita at gawa. Ang manunuya ay ang taong hinahayaang kontrolin ng kamangmangan ng kanyang puso ang kanyang mga labi. Kinukutya niya ang mga banal na bagay, tulad ng ginawa ng Faraon nang itanong niya, "Sino ang Panginoon, upang sundin ko ang kanyang tinig?" (Exodo 5:2)

24:10

Ipinapakita ng oras ng pagsubok ang tunay na lakas espirituwal ng isang tao. Ang panghihina o pagkasira ng loob ay nagpapakitang hindi talaga umaasa ang isang tao sa Diyos para sa kaligtasan. Sa oras ng pagsubok at pagsalungat, mas lalo pang tiwala ang kaluluwang nagtitiwala, sapagkat alam niya ang pinagmumulan ng lahat ng kapangyarihan. Ihambing si

Elias nang pagbantaan siya ni Jezebel kay David nang mag-usap-usap ang mga tao na batuhin siya (1 Hari 19:2-4; 1 Samuel 30:6).

24:11-12

Tila tumutukoy ang mga talatang ito sa isang paraan ng pagbitay na minsang laganap sa Syria at Palestina. Sabi ni Muenscher, "Noong unang panahon, kapag ang isang kriminal ay dinadala sa bitayan, may tagapagbalitang nauuna, na nagpapahayag ng krimen na ipinaghatol sa kanya, at tumatawag sa sinumang may masasabi para sa kapakanan ng hinatulang salarin na lumapit; at sa gayong kaso, ibinabalik siya sa hukuman at dinidinig muli ang usapin." Ang makasariling pagpigil ng impormasyong makapagliligtas sa buhay ng hinatulan ay katumbas ng pagtayo kasama ni Cain at pagtatanong, "Ako ba ang tagapagbantay ng aking kapatid?" (Genesis 4:9) Ngunit ang dakilang Hukom ng lahat na sumusuri sa puso ay magiging saksi laban sa taong kumilos nang gayong katraydor at tiyak na maghahatol.

Ano ang masasabi tungkol sa mga Cristianong nakaaalam na milyun-milyon ang patungo sa walang-hanggang kalungkutan, ngunit halos hindi kailanman ipinapahayag ang mensahe ng Diyos tungkol sa pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng Panginoong Jesu-Cristo? Halos labinsiyam na siglo na ang lumipas mula nang sabihin ni Jesus, "Humayo kayo sa buong sanlibutan, at ipangaral ang ebanghelyo sa bawat nilalang" (Marcos 16:15). Ilang milyon ang hindi pa nakakarinig ng mensahe ng Ebanghelyo, dahil tayong napakayaman sa pagpapala ay kakaunti ang pusong dalhin sa kanila ang salita ng pakikipagkasundo?

Kahit kapag may ilang handang humayo, kagulat-gulat ang katamaran ng mga may kakayahang tumulong sa kanila. Kaya nga sa pamamagitan lamang ng malaking pagtanggi sa sarili naaabot at nananatili ang mga misyonerong ito sa mga nangangailangang bukirin, na mapuputi na para anihin.

Huwag nating kalimutang mananagot pa tayo sa Diyos sa ating kawalan ng pakiramdam. Hindi Niya ipagwawalang-bahala ang pagkamakasarili, ang pagkamakasanlibutan, ang tahasang kawalan ng pakialam na nag-akay sa Kanyang bayan na pabayaan ang pagdadala ng Kanyang Ebanghelyo "sa buong sanlibutan."

Ang sigaw ng mga nakatakdang patayin ay umaakyat sa Kanyang tainga araw at gabi habang naghihintay sila ng tagapagligtas. Maging atin nawa, kung gayon, ang hindi magsabing "hindi namin alam," kundi ang bumangon sa ating mga pribilehiyo at tumulong na ipalaganap ang nagliligtas na salita sa lahat ng paraang makakaya natin. Tingnan si Ezekiel, ang bantay ng Israel (Ezekiel 33:1-12).

24:13-14

Kung paanong masarap ang pulot sa panlasa, gayon din ang Karunungan sa kaluluwang nakalaan sa kanya. Sa kabanata 5:3 nakita natin ang masamang babae na gumagaya nito; ngunit bagaman ang kanyang mga labi ay "tumutulo na parang pulot-pukyutan," ang mga sumusunod sa kanyang mapanirang mga daan ay magkakaroon ng kapaitan sa wakas. Sa kabilang dako, nangangako ang Karunungan ng tiyak na gantimpala—isang pag-asang hindi mauuwi sa pagkabigo. Ang taimtim na naghahanap ng pang-unawa ay hindi kailanman mapapahiya. Tingnan ang salaysay tungkol kay Cornelio (Mga Gawa 10).

24:15-16

Ang masasama ay nagagalak sa kasamaan at natutuwa sa mga kapahamakan ng matuwid. Ngunit bagaman madalas matisod ang matuwid na tao, muli siyang ibabangon, sapagkat "makakaya ng Diyos na patayuin siya" (Roma 14:4). Ang pitong-ulit na pagkabuwal ay maaaring tumukoy sa karaniwang tinatawag na mga kasawian o sa mga pagkadulas sa moralidad na dulot ng espirituwal na kapabayaan; sapagkat kung magpabaya ang banal ng Diyos, siya ay kasinghina ng ibang tao. Ngunit kung saan gumawa ang biyaya sa kaluluwa, magkakaroon ng pagbabalik; samantalang ang gumagawa ng pakunwaring pag-amin ay babalik na parang aso sa kanyang suka o parang baboy sa kanyang paglulublob sa putik, at sa gayon ay nalulunod sa kasamaan (2 Pedro 2:20-22). Ihambing si Pedro kay Judas (Mateo 26:75; 27:3-5). Ihambing ang kawikaang ito sa Awit 34:18-22.

24:17-18

Hindi nagagalak ang pag-ibig sa mga kalungkutan ng iba, kahit na nararapat sa kanila ang kanilang mga kasawian. Sa pag-alaala na siya mismo ay tumanggap ng biyaya, ang mapagpakumbaba at nagsisising kaluluwa ay lumalakad nang mahinahon, may mga luha, hindi pangungutya, para sa mga paghihirap ng kanyang mga kaaway. Mapapansin ng mata ni Jehova kapag iba ang saloobin; sisiguraduhin Niyang hindi makakalusot sa parusa ang natutuwa sa mga kapahamakan. Ito ang pumukaw ng poot ng Diyos laban sa Edom (Obadias 12-16) at naglipat ng Kanyang galit mula kay Jacob patungo kay Esau. Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 17:5.

24:19-20

Ihambing ang kawikaang ito sa 24:1. Walang dahilan upang mabahala dahil sa masasamang tao o mainggit sa kanilang kasalukuyang kalagayan. Wala silang kapangyarihan o lakas, maliban kung sa maikling panahon ay ipinagkaloob ito ng Diyos ng matuwid; ang kanilang kayamanan at kasaganaan ay panandalian lamang at malapit nang maglaho magpakailanman, at iiwan silang mas dukha pa kaysa sa pinakadukha. Walang gantimpala para sa lahat ng kanilang pagpapagod sa lupa ang naghihintay sa kanila sa walang-hanggan. Mamamatay ang kanilang ilawan sa kadiliman habang bumabagsak sila sa ilalim ng kakila-kilabot na paghuhukom ng Diyos na ang kabanalan ay hinamak nila at ang biyaya ay tinanggihan nila. Tingnan ang paghuhukom na bumagsak kay Herodes (Mga Gawa 12:20-23).

24:21-22

Ang lahat ng nakakakilala sa Panginoon ay dapat magpasakop sa Diyos, at samakatuwid sa mga kapangyarihan sa lupa na itinalaga Niya. Ang mga mapaghimagsik ay gumugulo sa kapayapaan at kaayusan ng lipunan sa pamamagitan ng pagsasabwatan laban sa itinatag na pamahalaan. Sa iglesya ay bumabangon din ang gayong mga tao na nais ibagsak ang lahat ng maka-Diyos na kaayusan at gumulo sa isip ng mga banal. Lubhang mahahadlangan ang kanilang kakayahang gumawa ng masama kung iiwasan sila. Sa mga makasanlibutang bansa, ang mga Cristiano ay mga nasasakupan, hindi mga pinuno. Kaya nga pinapayuhan tayong ibigay kay Cesar ang sa kanya, at huwag makisali sa mga pagbabagong pulitikal at mga kaguluhang panlipunan. Ang hindi pagsunod sa salita ng Diyos sa bagay na ito ay magsasangkot sa hindi matalinong banal sa

maraming patibong; at kapag biglang dumating ang pagbagsak ng rebolusyonaryong pinuno, malaki ang magiging paghihirap ng rebelde at ng kanyang mga tagasunod. Tingnan ang kinahinatnan ng mga paghihimagsik nina Theudas at Judas na taga-Galilea (Mga Gawa 5:36-37).

24:23-26

Ang talatang 23 hanggang sa katapusan ng kabanata ay tila isang uri ng dagdag sa aklat ayon sa orihinal na pagkakasulat nito. Ipinapahiwatig ito ng panimulang pangungusap na "Ang mga ito man ay sa pantas" (23). Apat na paksa ang tinatalakay sa dagdag na bahaging ito, na lahat ay natalakay na noong una. Ang mga paksa ay ang kasamaan ng pagtatangi sa paghatol; ang pagtutuos ng gastos; ang may-kinikilingang pagsaksi; at ang katamaran.

Tinatalakay ng mga talatang 23-26 ang unang paksa. Ang nagtatanggol sa masama ay nagdadala ng pagkamuhi sa kanyang sarili. Mahuhulog sa kanyang ulo ang galit ng mga matuwid. Ngunit ang humahatol sa may-sala ay makakamit ang paggalang ng mga tao at tatanggap ng kanilang pagpapala. Lahat ay "hahalik sa mga labi" ng nagbibigay ng makatarungang hatol. Sa mga bansa sa Silangan, ang halik ay isang simbolikong gawa na nagpapahiwatig ng pagmamahal at paggalang.

Si Solomon mismo marahil ang pinakamahusay na halimbawa sa Kasulatan ng matuwid na hukom hanggang sa "dumating Siya na may karapatang maghari, at magsagawa ng katarungan sa buong lupa" (1 Hari 2 at 3:16-28).

24:27

Napansin na natin na ang pangaral ng ating Panginoon na nakatala sa Lucas 14:28-32 ay maaaring tumutukoy sa

prinsipyong ipinahayag sa Kawikaan 24:6. Ang kawikaang iyon ay ipinakita sa Kanyang mga salita tungkol sa haring lumalabas sa pakikidigma nang walang tamang payo. Maaaring nasa isip din ng ating Panginoon ang talatang 27, dahil matatagpuan ang katumbas at mas malinaw na paliwanag nito sa babalang hinango sa salaysay tungkol sa taong nagsimulang magtayo ngunit hindi nakatapos. Matalino ang magtuos ng gastos, baka napakalaki ng gawain at mauwi lamang sa bantayog ng kamangmangan sa huli. Ganoong paalala ang tore ng Babel, na sinimulang itayo nang may paglapastangan ng mga taong labis na tiwala sa sarili, ngunit hindi nila natapos (Genesis 11:1-9).

24:28-29

Ang pagsaksi laban sa kapwa upang maisakatuparan ang kanyang pagkawasak at makapaghiganti, dahil sa tunay o guni-guning pagkakamali, ay hindi nararapat sa isang banal ng Diyos. Hindi kailangang mabahala ang taong may pananampalataya sa pagtatanggol ng kanyang mabuting pangalan; tiyak na hindi siya matatagpuang nagpaparatang nang mali sa kanyang kapwa, gaano man siya nagdusa dahil dito. Maaari niyang tahimik na ipaubaya ang lahat ng kanyang kalagayan sa mga kamay ng Isa na laging magtatanggol sa Kanyang mga tapat na lingkod.

Naaabot ang isang mahalagang punto sa karanasan ng isang mananampalataya kapag natutuhan niyang tumingin nang lampas sa lahat ng pangalawang sanhi patungo sa Diyos mismo. Saka lamang niya masasabing, “Natutuhan ko, sa anumang kalagayang kinaroroonan ko… na masiyahan” (Filipos 4:11). Inilarawan ng apostol ang isang isip at kaluluwang nasisiyahang malaman na naisasakatuparan ang Kanyang kalooban, sa kabila ng lahat ng pagsisikap ng kaaway na

hadlangan ito. Ang saloobing ito ay nagbubunga ng kahanga-hangang tagumpay laban sa likas na hilig na makakita sa ating mga kalagayan ng dahilan para magreklamo, hindi masiyahan at maghiganti.

Tingnan ang mga puna tungkol sa pakikitungo ni David kay Shimei sa mga tala sa Kawikaan 20:22.

24:30-34

Ang malinaw na paglalarawang ito ng bukid ng tamad ay ibinigay na parang mula sa isang saksing nakatayo at malungkot na nakatingin dito at nagninilay habang pinagmamasdan ang pagkasira nito. Namumukadkad ang mga tinik at mga dawag, ngunit walang bunga. Giba ang pader at lahat ay nagsasalita ng kawalan ng pag-aalaga at tamad na kapabayaan. Tingnan din natin ito at pag-isipang mabuti!

Ang mga talatang 33 at 34 ay ang mga pagninilay ng kanyang puso habang binubulay-bulay niya ang malungkot na tanawin. Natutulog ang tamad noong dapat siyang nagtatrabaho. Papalapit na ang oras na gigisingin siya ng karalitaang darating na parang taong naglalakbay at ng kakapusang parang kawal na nakabaluti. Ngunit magigising ang tamad kung kailan huli na, at matutuklasan niyang hindi na maibabalik ang mga pagkakataong sinayang niya. Tingnan ang espirituwal na aral ng mga talatang ito na nakatala sa Kawikaan 6:10-11 at 20:4.

Ang babalang ito laban sa katamaran ang nagtatapos sa aklat ayon sa unang pagkakalahad nito, maliban kung ang mga kabanatang 30 at 31 na iniuugnay kina Agur at Lemuel ay bahagi na nito noon. Kung gayon, ang susunod na bahagi ay isiningit sa kasalukuyang kinalalagyan nito sa patnubay ng Diyos nang ilabas ang akda sa huli at kumpletong anyo nito.

Kawikaan 25

Sisimulan natin ngayon ang isang bahagi na hindi naging bahagi ng aklat na ito hanggang sa panahon ni Hezekias, halos tatlong daang taon pagkamatay ni Solomon mismo. May mga hindi pinangalanang eskriba, na tinatawag sa Septuagint na "mga kaibigan ni Hezekias," ang sumagip mula sa pagkalimot sa mga kasabihang bumubuo sa susunod na limang kabanata. Alam natin mula sa 1 Hari 4:32 na ang matalinong hari ay "nagsalita ng tatlong libong kawikaan: at ang kanyang mga awit ay isang libo at lima." Kaunti lang ang alam natin tungkol sa mga awit. Nasa atin ang Awit ng mga Awit, ang malungkot na awit ng Eclesiastes, at mukhang galing din sa kanyang panulat ang Awit 127 at marahil ang iba pa. Ang natitira sa kanyang mga awit ay hindi minarapat ng Diyos na ingatan. Sa aklat ng Mga Kawikaan ay nasa harap na natin ang mahigit apat na raang kasabihang tinipon niya at ipinasa sa mga susunod na salinlahi.

25:1

Kung ang mga kawikaan sa kabanata 25-29 ay ipinasa nang pasalita o pasulat mula sa panahon ni Solomon hanggang sa panahon ni Hezekias, hindi natin matitiyak. Ang salitang isinaling "kinopya" ay pabor sa ikalawang pananaw, pero dahil ang salita ay maaari ring isaling "tinipon" (ayon sa mga nakaaalam ng Hebreo), hindi tayo makakasiguro sa alinman. Ang kailangan lang ng Cristiano para makatiyak sa banal na inspirasyon ng mga kawikaang ito ay ang kilalang katotohanan na bahagi na ang mga ito ng Kasulatan ng Lumang Tipan nang patotohanan ni Jesus ang lahat ng tatlong malaking bahagi: ang Kautusan, ang mga Propeta, at ang mga Awit.

25:2-3

Higit sa isang beses sa Biblia ay itinutuon ang ating pansin sa hindi masukat na mga payo at panukala ng Diyos. Tingnan ang Deuteronomio 29:29 at Roma 11:33-34. Kung paanong ang langit ay mataas sa lupa, gayon din ang Kanyang mga isip sa atin. Likas sa Kanya na itago ang Kanyang kamangha-manghang mga layunin mula sa pakialamerong pag-uusisa.

Pero kahit ganito Siya kumilos, nais Niyang masikap na saliksikin ng mga nasa kapangyarihan ang Kanyang Salita upang matuklasan nila ang Kanyang isip at kalooban. Ito ay mabuti at kapaki-pakinabang na gawain. Habang hinuhukay nila ang Kanyang mga nakatagong bagay, sinasaliksik din Niya ang mga lihim na silid ng kanilang mga puso na hindi alam ng kanilang mga nasasakupan. Iniingatan Niya ang sarili Niyang mga lihim, tulad ng pag-iingat nila sa kanila, at ibinubunyag lang ang mga ito sa iilang pinili.

Ngayon, ang lahat ng mga banal ay mga hari sa Diyos. Kaya nais Niyang ipaalam ang Kanyang isip sa bawat isang nagsisikap na maipakita ang sarili na sinang-ayunan Niya. Nawa'y maging atin ang pagiging “mga hari” sa masayang kahulugang ito ng salita.

Tingnan ang mga salita ng anghel ng Panginoon kay Manoa at sa kanyang asawa (Mga Hukom 13:17-18).

25:4-5

Tingnan ang tala sa Kawikaan 17:3. Sa pag-aalis ng lahat ng dumi mula sa tinunaw na pilak, nalilikha ang bagay na nababagay sa tagapagdalisay; gayon din, sa pag-aalis ng masasamang tagapayo at mga taong walang batas mula sa harap ng hari, natatatag ang kanyang trono sa katuwiran.

Pansinin sa kasaysayan ni Solomon ang maraming manggagawa ng kasamaan na kinailangang hatulan bago siya makaupo sa kanyang trono nang may kapayapaan at kaligtasan. Tingnan ang 1 Hari 2.

Ganoon din ang prinsipyo pagdating sa darating na kaharian ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Lilipulin ang masasama at bubunutin ang lahat ng mga mananalangsang mula sa lupain kapag bumalik Siya nang matagumpay upang pasimulan ang dakilang araw ng Panginoon (2 Tesalonica 1 at 2; Apocalipsis 19).

25:6-7

Ang mga talatang ito ay magkatulad sa kahulugan at wika sa talinghaga ng ating Panginoon sa Lucas 14:7-11. Walang dudang mataas ang pagpapahalaga Niya sa mahalagang koleksiyong ito ng matatalino at nakakatulong na mga kasabihan.

Ang kapalaluan at pagkagusto sa papuri na nag-uudyok sa isang tao na magyabang sa harap ng mga dakila ay halos tiyak na masusundan ng matinding pagsaway. Ang nagbibigay ng kahalagahan sa kanyang sarili at kumukuha ng puwesto ayon dito ay malamang na mas mataas ang tingin sa sarili kaysa sa tingin ng iba. Mapipilitan siyang magbigay-daan nang may kahihiyan sa mas may kakayahan at mas mababuting tao. Ang taong kontento sa mababang upuan ay maaaring tawagin sa mas mataas kung makitang karapat-dapat siya sa gayong pagkilala. Tingnan si David, na pinili bilang hari noong isa pa lang siyang batang pastol (1 Samuel 16).

25:8

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 24:5-6,27. Kapag lang malinaw na mula sa Panginoon ang isang pagtatalo dapat

“humayo upang makipaglaban.” Kadalasan, sa kanilang kahihiyan at matinding dalamhati, ang mga banal ay natatagpuang tulad ni haring Josias na nakikialam sa mga bagay na hindi nila dapat pakialaman. Napakahalaga ng mga salitang, “Pagkatapos ng lahat ng ito,” na nagpapasimula sa malungkot na salaysay ng pagkabigo ni Josias sa paglabas niya laban kay Faraon-neco. Pagkatapos ng habambuhay na pag-iingat at pagtatalaga sa Diyos, lumabas siya nang padalos-dalos upang makibahagi sa bagay na hindi niya dapat pinakialaman kailanman, at sa gayon ay sinalubong niya ang isang kahiya-hiyang kamatayan (2 Cronica 35:20-24).

Ihambing ang mga talatang ito sa mga salita ng ating Panginoon sa Lucas 12:57-59 at 14:31-33.

25:9-10

Maraming gulo at pinsala ang maiiwasan kung mag-iingat ang mga tao na itago sa kanilang sarili ang kanilang mga hindi pagkakaunawaan, sa halip na ikalat ang balita ng kanilang mga kahiya-hiyang away. Kung ang simpleng tuntunin ng Kasulatan, “Sabihin mo sa kanya ang kanyang pagkakamali nang ikaw at siya lang,” ay mas madalas na sinusunod, maraming hindi pagkakaunawaan ang agad na maaayos (Mateo 18:15). Sa halip, ang alitan ay madalas na tumatagal at nasasangkot ang palaking bilang ng mga taong hindi naman dapat nakarinig man lang ng usapin.

Inirerekomenda ng kawikaan ang pagdiretso sa taong may panganib na mapag-awayan at ang maayos na pag-uusap tungkol sa bagay na iyon nang lihim, na nag-iingat na ilayo ito sa matatalas na tainga at mausisang mga mata. At ang prinsipyong ito ay hindi lang isang bagay na inirerekomenda.

Direkta itong iniuutos ng Diyos mismo (Mateo 5:25-26). Magiging maligaya ang Kanyang bayan kapag ito ay isinapuso at matapat na isinagawa!

25:11

Ang larawang ginamit sa talatang ito ay nakalito sa karamihan ng mga tagapagpaliwanag. Kung ano ba talaga ang mga mansanas na ginto ay tanong ng marami. May nag-aakalang ito ay burda ng mga gintong mansanas sa gitna ng mga disenyong pilak.

Ang paliwanag na tila pinakamakatuwiran at pinakakapani-paniwala ay na sa salitang ginto, ang dapat nating maunawaan ay isang masaganang kulay dilaw o dalandan lang; hindi na ang mga mansanas ay talagang yari sa ginto. Marami ang umuunawa sa matalinghagang wikang ito bilang mga bungang sidra o mga dalandan sa isang pinggang pilak.

Pero nasaksihan ng may-akda isang araw ang isang pambihirang pangyayari sa pinakamalaking distrito ng taniman ng dalandan sa timog California; isang bagay, sa katunayan, na walang nakakaalala na nangyari na noon. Nagkaroon ng medyo malakas na pagbagsak ng niyebe sa kasagsagan ng anihan ng dalandan. Natakpan ng mapilak na niyebe ang mga puno sa lahat ng dako. Habang nakalatag sa harap ko ang magandang tanawin, at napansin ko ang malalaking dilaw na bilog na nakasabit sa gitna ng mga pumuting sanga at dahon, napabulalas ako, “Mga mansanas na ginto sa mga larawang pilak!”

Marahil ay nakita ni Solomon ang ganoon ding tanawin. Noong panahon niya, sagana ang mga dalandan sa Palestina; at ang sidra, isang malaking bunga na kauri ng limon, ay sagana pa rin

doon. Hindi malayong isang araw ng taglamig ay nakita niya ang tanawing katulad ng sinikap kong ilarawan.

Ang ganda nito ay hindi kayang ilarawan ng anumang panulat, pero kasingganda rin ang mga tamang salitang binibigkas sa tamang panahon. Basahin ang mga salita ni Boaz kay Ruth, ang Moabita (Ruth 2:8-13).

25:12

Ang pagsaway na may kabaitang ibinigay ng isang matalinong tao ay dapat ituring na mas mahalaga kaysa sa isang mamahaling regalo. Ang mapagmahal na pagsaway ay hindi dapat magbunga ng galit. Ganoon ang mga salita ni Oded na propeta sa hukbo ng Juda, at nakita nating sinunod ang mga ito bilang mensahe mula sa Diyos (2 Cronica 28:9-15).

25:13

Noong unang panahon, sa taglamig sa Palestina ay maingat na iniimbak ang niyebe upang magamit sa pagpapalamig ng mga inumin sa init ng tag-araw. Kaya napakadaling maunawaan ng paghahambing. Kung paanong ang malamig na niyebe ay nagpapaginhawa sa mga mang-aani sa mainit na mga araw ng anihan, gayon din ang isang maaasahang sugo ay nagpapaginhawa sa kaluluwa ng kanyang mga panginoon. Tingnan si Jahaziel sa 2 Cronica 20:14-17.

25:14

Tingnan ang kabaligtaran ng kawikaang ito sa Kawikaan 18:16. Kapag may nakikitang mga ulap sa langit sa panahon ng tagtuyot, umaasa ang mga tao ng ulan at nabibigo kung hindi ito dumating. Gayon din, kapag ang isang tao ay nagsasalita tungkol sa pagbibigay ng mga regalo pero hindi tinutupad ang

kanyang mga pangako, nagbibigay siya ng gayon ding pagkabigo.

Pero tinutukoy ni Judas ang talatang ito kaugnay ng mga nag-aangking may kaloob bilang mga guro ng katotohanan ng Diyos, pero sa katunayan ay wala namang maibigay sa mga kaluluwa ng kanilang mga tagapakinig. Karaniwang makakita ng mga taong tiwala sa sarili at sigurado sa kanilang mga kakayahan at espirituwal na pang-unawa, pero walang tunay na maka-Diyos na pagkilala. Tingnan ang buong paglalarawan sa gayong mga huwad na kaloob sa Judas 11-13.

25:15

Ang patuloy na kabaitan at pagtitiyaga ay makapangyarihang mga kasangkapan sa pagdaig sa katigasan ng ulo at nag-aapoy na galit, na tila kasintigas ng buto. Ang buto ay matigas at hindi mabaluktot, pero sinasabing nababali ito ng malambot na dila. Sa madaling salita, ang mahinahon at mapanghikayat na pananalita ay nakakadaig kung saan ang mainit na mga salita at galit na mga pahayag ay lalo lang magpapaalab ng sama ng loob. Tingnan ang mga salita ni David kay Saul matapos niyang iligtas ang buhay ng haring iyon sa ikalawang pagkakataon (1 Samuel 26:17-25).

25:16

Tingnan ang tala sa Kawikaan 24:13-14. Ang pagkain ng pulot nang katamtaman ay mabuti at nakakalusog. Kapag sobra-sobra, maaari itong makasama nang husto. Ganoon din sa kung ano ang isinasagisag ng pulot.

Sa buong Lumang Tipan, ang pulot ay tila naglalarawan ng likas na tamis lang, kaya ipinagbawal itong maging bahagi ng handog na harina na sumasagisag kay Cristo sa Kanyang sakdal

at walang kasalanang pagkatao (tingnan ang Levitico 2). Hindi kailanman humanap si Jesus ng kaaliwan sa mga likas na bagay, gaano man kaaya-aya o kasiya-siya ang mga iyon. Gayunman, pinahihintulutan tayong tamasahin ang mga kaginhawahang ibinibigay ng mga likas na bagay, pero kailangan nating mag-ingat na huwag gawing pangunahing layunin ng ating mga kaluluwa ang mga iyon.

Kailangang magbantay ang mga mag-asawa na ang kanilang pagmamahalan, kahit gaano katamis at kaganda, ay hindi makasiksik palabas sa mga bagay ng Diyos. Gayon din sa iba't ibang kagalakan at kasiyahan ng buhay. Ang lehitimo at lubos na nararapat sa tamang lugar nito ay maaaring makapinsala nang husto sa lahat ng espirituwal na paglago kung hahayaan itong maging pinakamataas na kapangyarihang kumokontrol sa buhay. Ang kaunting pulot ay maaaring kanais-nais at nakakatulong, tulad sa kaso ni Jonatan (1 Samuel 14:27). Ang pag-abuso rito ay ibang bagay na.

Gayon din, maaaring makakuha ng pulot mula sa mga kahirapan ng buhay kung hinaharap at dinadaig ang mga ito sa pagkatakot sa Diyos. Pero ang pagtutuon ng isip sa paghahanap ng pulot ay malayong-malayo sa pagtanggap nito nang may pasasalamat. Basahin ang saloobin ni Samson nang makakita siya ng pulot sa bangkay ng leong pinatay sa kapangyarihan ng pananampalataya (Mga Hukom 14:5-9,14). Pansinin din ang Kawikaan 25:27.

25:17

Ang aral ay simple at mahalaga, pero isang bagay na mabagal matutuhan ng marami sa atin. Ang puso ng kawikaan ay ipinapahayag sa kasabihan ngayon, “Ang sobrang pagkakalapit

ay nagbubunga ng pagwawalang-halaga." Ito ay isang anyo ng pulot na binabalaan tayo ng nakaraang talata na huwag masyadong pagpakasasaan. Kahit sa kaso ng pinakamabubuting kaibigan, dapat tayong maging maingat tungkol sa palagiang pagdalaw at panghihimasok; madaling maubos ang pagtanggap ng iba sa atin. Madalas, ang mga taong dating pinakamatalik na magkaibigan ay nagiging pinakamapait na magkaaway dahil sa pagpapabaya sa kasing-simpleng Kasulatan na ito.

Ang mas maraming oras na ginugugol nang lihim kasama ng Diyos at mas kaunting oras sa pakikihalubilo ay magbubunga ng mas malaking pakinabang sa ating mga kaluluwa at magdadala ng mas maraming kaluwalhatian sa ating Panginoong Jesu-Cristo. Isaalang-alang ang pagkakamaling madaling kinahuhulugan ng mga nakababatang biyuda, at magpabala (1 Timoteo 5:13).

25:18

Kay liit ng pagsasaalang-alang ng maninirang-puri sa dalamhating idinudulot niya sa mga inosenteng pinupukol ng kanyang masamang dila! Ang mapoot at malupit na mga salitang padalos-dalos niyang binibigkas ay mga sandata ng digmaan, na nagdadala ng sakit at paghihirap, sumisira sa kapayapaan ng isip, at pumupukaw ng galit. Sa kabilang banda, ang napinsala ay dapat dalhin ang lahat ng kawalang-katarungan sa Panginoon mismo at iwan ito sa Kanyang paanan, na tinatanggap ito bilang bahagi ng disiplina ng landas. Makakaahon siya nang matagumpay sa dila ng paninirang-puri at sa bawat ibang kasamaan kapag naalala niyang walang maaaring dumating sa isang mananampalataya kundi ang magagamit ng banal na pag-ibig sa pagpapala.

Walang mas mahirap para sa isang sugatang espiritu at sensitibong kaluluwa kaysa sa pagtitiis ng mga paratang na hindi totoo. Likas sa puso ng tao na magpakita ng galit laban sa maling nagpaparatang, at ang pagpapasyang linisin ang sarili o maghiganti. Pero ang magpatuloy, na umaasa sa Diyos para sa biyayang mamuhay nang sa gayon ay makita ng lahat ang kasinungalingan ng paratang; ang ipagkatiwala ang pag-iingat ng aking reputasyon sa Kanya na nagpahintulot ng pagsubok para sa aking pagpapakumbaba; ang aminin ang katuwiran ng mga paraan ng Diyos habang iniisip ko ang maraming pagkakataong nilapastangan ko ang Kanyang pangalan—ito ay tunay na malulusog na gawain. Ganito ako naiingatan mula sa pagkuha ng mga bagay sa sarili kong kamay. Maaari akong umasa sa Diyos na kumilos para sa akin, tulad ng ginawa Niya para kina Job, David, Daniel, at napakarami pang iba na natutong ipagkatiwala ang lahat sa Kanya na hindi nagbabago ang pag-ibig. Hindi Siya kailanman nagpapahintulot ng pagsubok maliban kung nakikita Niya sa kalagayan ng kaluluwa ng isang tao ang pangangailangan sa paghihirap na iyon. Tingnan ang talata 23 ng kabanatang ito.

25:19

Ano pa ang mas nakakaubos ng pasensiya at nakakapagod sa espiritu kaysa sa isang sirang ngipin o nalinsad na paa? Laging naroon ang pag-aalala at abala. Gayon din, sagana ang mga pagkabigo kapag umaasa tayo sa isang taong hindi tapat na umiiwan sa kanyang puwesto sa oras ng kagipitan. Tingnan si Juan Marcos (Mga Gawa 13:13; 15:37-38).

25:20

Sa sinaunang Palestina, ang nitro ay isang likas na mineral na soda na bumubula kapag nalapat sa asido. Ang pag-alis ng damit ng isang tao sa malamig na panahon ay magdaragdag sa kanyang hirap at pupukaw ng kanyang galit, tulad ng pagbula ng sukang ibinuhos sa soda. Gayon din, ang umaawit ng magagaan at walang-kabuluhang awit sa taong mabigat ang puso ay nagdaragdag lang ng kanyang dalamhati at nagpapapukaw ng kanyang galit.

May panahon para sa lahat ng bagay. Ang masayang puso ay mahilig umawit; ang malungkot at nagdadalamhati ay mas gusto ang mapagmahal na pakikiramay. Tingnan ang Juda sa tabi ng mga ilog ng Babilonia (Awit 137:1-4).

25:21-22

Ito ang mga talatang sinipi, maliban sa huling bahagi, ni apostol Pablo sa Roma 12:20-21. Doon ay kinuha niya ang mga ito nang salita-por-salita mula sa Septuagint. Tunay na dapat pansinin na ang Espiritu Santo ay sumisipi mula sa Mga Kawikaan ng Lumang Tipan kapag nagsasalita tungkol sa asal na nababagay sa mga Cristiano. Pinatutunayan lang nito ang sinabi sa panimula na sa aklat ng Mga Kawikaan ay nasa atin ang asal na nababagay sa tao ng Diyos na nasa gitna ng buong liwanag ng katotohanan sa kasalukuyan.

Ang paghihiganti ay dapat malayo sa isip ng banal. Dapat siyang magpakita ng biyaya at habag kahit sa kanyang mga kaaway, nang hindi nagpapalampas ng pagkakataong maglingkod sa kanilang pangangailangan. Sa paggawa nito, palalambutin ng apoy ng pag-ibig ang kanilang galit na damdamin. Gagantimpalaan ng Panginoon ang tumutulad sa

kanyang Panginoon, na nagsabi, “Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, pagpalain ninyo ang sumusumpa sa inyo, gawan ninyo ng mabuti ang napopoot sa inyo, at ipanalangin ninyo ang mga umaalipusta at umuusig sa inyo” (Mateo 5:44). Magiging pinakamalaking kabalintunaan kung ang isang taong siya mismong tumanggap ng mapagmahal na biyaya ay magtatangkang maghiganti. Basahin ang saloobing ipinakita ni Esteban habang siya ay binabato (Mga Gawa 7:60).

25:23

Ang tumatanggap ng ninakaw na mga bagay ay kasing-sala ng magnanakaw. Gayon din ang nag-uudyok sa iba na magkuwento ng mga iskandalo. Walang mas nagpapasigla ng alitan at kalungkutan sa gitna ng bayan ng Diyos kaysa sa pag-uulit ng mga bagay na hindi makakapagpakinabang at nagdadala ng sakit sa taong pinag-uusapan. Pero walang mas tiyak na paraan para pasiglahin ang mapanirang-puri kaysa sa pakikinig sa kanyang mga kuwento. Kung sasalubungin ng galit na mukha at sasawayin sa pagkatakot sa Diyos, madalas na mapuputol agad ang masamang tsismis bago pa ito lumaki.

Kapag may dumating na may hindi magandang kuwento tungkol sa mga taong wala roon, mabuting salubungin sila sa diwang ipinakita ni David kina Rechab at Baana, dahil ang mga ganoong tao ay mga mamamatay ng karangalan ng iba (2 Samuel 4:5-12).

25:24

Ito ay pag-uulit ng Kawikaan 21:9. Hindi nagkataon lang na inulit ang mga salita; ang kaabahan ng pakikitira sa isang mapaghimagsik at palaaway na babae ay binanggit nang ilang

beses. Nagtatag ang Diyos ng kaayusan sa sangnilikha na hindi nasisira nang walang kaparusahan. Tingnan ang Efeso 5:22-24.

25:25

Ang maluwalhating Ebanghelyo ng mapagpalang Diyos ang pinakadakilang mabuting balita mula sa malayong lupain. Para itong isang lagok ng malinaw at kumikislap na tubig mula sa malamig na bukal para sa isang uhaw na kaluluwa. Kapag pagod, gutom na gutom, at malapit nang mamatay, iniinom ng kaawa-awang makasalanan ang tubig na buhay, at ito ay nagiging bukal sa kanyang kaloob-looban na bumubukal tungo sa buhay na walang hanggan. Tingnan ang babaing taga-Samaria (Juan 4:6-29).

25:26

Para sa uhaw na manlalakbay, ang maruming bukal o batis na nadungisan ng dumi at karumihan ay dahilan ng dalamhati at pagkayamot. Gayon din, ang isang maka-Diyos at matuwid na tao ay nabibigo at nasasaktang makita ang isang taong matuwid na inaapi ng mga walang prinsipyo at tumatangging sumunod sa batas ng Diyos o ng tao. Tingnan sina Gedalias at Ismael (Jeremias 41:1-3).

25:27

Tingnan ang tala sa Kawikaan 25:16. Ang labis na paggamit ng pulot ay nakakapinsala. Lalong-lalo na ang labis na ambisyon. Ang nabubuhay lang upang luwalhatiin ang sarili ay mapapagod sa paghahanap. Ang buong aklat ng Eclesiastes ay saksi sa kahungkagan ng makasariling mga hangarin. Tingnan din ang mensahe ng Diyos kay Baruc na anak ni Nerias (Jeremias 45:5).

25:28

Tingnan ang tala sa Kawikaan 16:32. Laging mahalaga ang pagpipigil sa sarili. Pinigil ni Pablo ang kanyang katawan upang hindi malapastangan ang Panginoon (1 Corinto 9:26-27). Ang kawalan ng pagpipigil sa sariling ito ay malungkot na naglapastangan kay Noe hindi nagtagal matapos siyang bigyan ng kapangyarihan sa lupa (Genesis 9:20-21). Si Moises din, ang pinakamaamo sa lahat ng tao, ay nabigo sa pagpipigil sa sarili nang magalit sa Meriba (Bilang 20). Nawa'y panatilihin ng biyaya ang ating mga espiritu sa maka-Diyos na pagpapasakop, upang hindi tayo maging tulad ng lungsod na nakalantad sa madaling paglusob ng mga kaaway nito! Kahit malinaw na tama ang isang tao, walang mas nakakasira sa kanyang panig kaysa sa pagkawala ng kontrol sa kanyang galit at pagbigkas ng mainit at padalos-dalos na mga salita. Madaling makalimutan ng iba ang maliliit na punto ng ebidensiya sa gayong panahon at humatol ayon sa diwang ipinakita. Kaya mahalagang ipakita sa ating mga salita at paraan “ang kaamuan at kahinahunan ni Cristo” (2 Corinto 10:1).

Kawikaan 26

Ang mangmang, na madalas banggitin sa Mga Kawikaan, ang paksa ng unang labindalawang talata ng kabanata 26. Dapat tandaan na ang salitang ginamit dito ay hindi tumutukoy sa taong mahina ang isip o walang kakayahan dahil sa kasimplehan. Ang mangmang at kamangmangan ay halos kasingkahulugan ng makasalanan at pagkamakasalanan, bagama't kailangan ang dagdag na kaisipan ng pagmamatigas upang lubos na maunawaan ang marami sa mga babala at banta. Ang mga mangmang ay ang mga nangungutya sa kasalanan, nagagalak sa kasamaan at tumatangging makinig sa tinig ng karunungan.

26:1

Ang dalawang kalagayan ng panahon na inilarawan sa talatang ito ay parehong wala sa lugar at maaaring magdulot ng malaking abala. Ang niyebe sa tag-araw ay nakakapinsala dahil pinipigilan nito ang paglago. Ang ulan sa panahon ng anihan ay lubhang nakakaabala sa mang-aani at maaari pa ngang sumira sa ani. Gayon din, ang mangmang sa lugar ng karangalan ay hindi nababagay at maaaring magdulot ng malaking pinsala. Hindi niya alam kung paano umasal at tinutupad niya ang talatang, “Ang tao na nasa karangalan ay hindi nananatili: siya ay tulad ng mga hayop na namamatay” (Awit 49:12). Basahin ang saloobin ni Nabucodonosor bago ang kanyang pagsisisi (Daniel 4).

26:2

Laging handa ang mga mangmang na sumpain ang kung sino, na madalas nagdudulot ng malaking pag-aalala sa mga

mangmang at mahihiyaing kaluluwa na natatakot na matupad ang kanilang mga sumpa. Pero kung paanong ang maya at ang layang-layang ay lumilipad sa himpapawid at mabilis na nawawala sa paningin, gayon din ang mangyayari sa sumpang binigkas nang walang dahilan.

Ang ikalawang pakahulugang iminumungkahi ng iba ay na walang sumpang darating sa sinuman maliban kung may dahilan para dito, pero ang kaisipang ito ay nasa unang pakahulugan na ring ibinigay. Ihambing ang talatang ito sa sumpa ni Goliat (1 Samuel 17:43).

26:3

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 10:13 at 19:29. Ang pagkakasunod-sunod dito ay magmumukhang kakaiba sa iba. Iniisip natin na ang kabayo ang nangangailangan ng preno upang makontrol ito at ang asno ang nangangailangan ng latigo upang mapakilos. Pero sa Siria ay kabaligtaran. Hindi madalas gamitin ang mga kabayo at madalas ay napakatigas ng ulo ng mga ito; ang asno naman ay madalas masyadong masigla at kailangang pigilan ng bokado at preno upang mapanatili sa tamang lakad. Ang mangmang ay malamang na magkamali sa alinmang panig, kaya kailangan ang pamalo upang ituwid ang kanyang pagmamatigas. Binabalaan ng salmista laban sa pagkabigong sumunod sa tagubilin ng Diyos at sa gayon ay kailangan pa ng patnubay ng bokado at preno (Awit 32:9).

26:4-5

Bagama't tila magkasalungat ang mga tagubilin ng mga talatang ito, masyadong magkaugnay ang mga ito para mabigyan ng pagkakataon ang mga mapamintas na

magparatang na magkasalungat ang mga ito. Kapag nakikipag-usap ka sa isang mangmang, kailangan mong isaalang-alang ang panahon at paraan ng pagsagot mo sa kanya. Ang sagutin siya sa gayon ding mapangutya at mapagmataas na diwang ipinapakita niya ay pagbaba sa kanyang antas. Pero sa kabilang banda, ang hayaang lumipas ang mga mangmang at walang-kaalamang pahayag nang hindi hinahamon o sinasagot ay magpapatibay lang sa kanyang tiwala sa sarili at kayabangan. Ang ilantad ang kanyang kababawan at sagutin nang nakakakumbinsi ang kanyang kamangmangan ay maaaring magpakumbaba man lang sa kanya at magparamdam sa kanya ng pangangailangang magsiyasat nang mas lubusan. Nang hindi sinagot ng mga tauhan ni Hezekias ang mga walang-kabuluhang kalapastanganan ni Rab-sace, sinunod nila ang una sa mga tagubiling ito (2 Hari 18:36). Nang sagutin ni Nehemias nang napakatapang ang mga kaawa-awang pagkukunwari ni Sanballat, kumilos siya ayon sa ikalawa (Nehemias 6:8).

26:6-9

Ang mga pares ng talatang ito ay tumutukoy sa gayon ding pangkalahatang paksa tulad ng mga naunang talata. Ang pagkakatiwala sa isang mangmang ng mahalagang mensahe ay tulad ng pagputol ng mga paa o pag-inom ng bagay na nakakapinsala. Mabibigo ang layunin, dahil hindi maaasahan ang mangmang na sugo. Maaari na ring putulin ang kanyang mga paa, pagdating sa tamang pagdadala niya ng mensahe. O maaaring ang nagpadala ang dapat nating isipin sa halip na ang ipinadala. Sa gayon, kasing-makatuwiran ang putulin niya ang sarili niyang mga paa o uminom ng nakakapinsala tulad ng pagkakatiwala ng kanyang mensahe sa isang mangmang. Tingnan man mula sa alinmang panig, naghahatid ito ng

kaisipan ng pagkayamot at pagkaantala. Ginampanan ni Jonas ang papel ng gayong sugo bago siya dinala upang makita ang kanyang kasalanan (Jonas 1).

Ang mga pilay ay naglalakad nang paika-ika at hindi tiyak dahil sa hindi magkapantay na mga binti. Kapag ang taong hindi naman matalino ay nagtangkang gumamit ng matalinong pananalita, natitisod din siya at sa kanyang hindi tiyak na mga salita at paraan ay ipinapakita ang kanyang kamangmangan. Ganoon si Saul sa gitna ng mga propeta (1 Samuel 19:24).

Ang unang bahagi ng Kawikaan 26:8 ay medyo malabo at isinalin sa iba't ibang paraan. May nagsalin nito ng: “Gaya ng naglalagay ng mahalagang bato sa isang bunton ng mga bato.” Ipinapahiwatig nito na ang pagpaparangal sa isang mangmang ay tulad ng paghahagis ng mamahaling hiyas sa gitna ng mga karaniwang bato sa tabi ng daan—walang halaga ang karangalan. Ang iba naman ay nagbabasa ng “paglalagay sa supot ng isang bato mula sa bunton.” Ibig sabihin, kung paanong kamangmangan ang maingat na paglalagay ng walang-silbing piraso ng bato sa supot ng isang tao, kamangmangan din ang pagbibigay ng karangalan sa hindi karapat-dapat dito.

Pareho namang totoo ang dalawang nasa itaas; pero maraming iskolar ang hindi naniniwalang alinman sa mga ito ang ibig sabihin o ipinapahiwatig dito. Ang karaniwang salin ay tila nangangahulugang kasing-walang-saysay ang pagpaparangal sa isang mangmang tulad ng pagtali ng bato sa tirador at pagkatapos ay pagtatangkang ihagis ito. Ang pakahulugang ito ay tila may matibay na suporta at mukhang tama. Tingnan ang karanasan ni Herodes (Mga Gawa 12:20-23).

Ang sanga ng tinik sa kamay ng lasing ay halos tiyak na makakapinsala sa kanyang sarili at sa iba. Ganoon din kapag nagtangkang magturo ang isang mangmang. Sisirain niya ang kanyang sarili at ang mga nakikinig sa kanya. Isaalang-alang ang sinabi ng Diyos tungkol kay Semaias na Nehelamita (Jeremias 29:30-32).

26:10

Malayong-malayo sa pagkakasundo ang mga iskolar tungkol sa eksaktong kahulugan ng Hebreo sa talatang ito. Dahil sa kawalan ng mas mabuting batayan, nananatili tayo sa King James Version, na kahit paano ay nagpapahayag ng isang mabigat na katotohanang naaayon sa Salita ng Diyos. Ang paghatol, bagama't tila naaantala, ay tiyak para sa lahat ng mangmang at mananalangsang. Walang makakapagbago sa katotohanang ito. Gagantihan ng Diyos ang bawat tao ayon sa kanyang mga gawa.

Sina Stuart at Muenscher ay nagbabasa ng "Gaya ng palasong sumusugat sa bawat isa, gayon ang umuupa ng mangmang, at ang umuupa ng mga dumaraan." Ibig sabihin, ang pag-upa ng masasama o hindi kilalang mga tao ay pag-anyaya ng kapahamakan. Ang salin ng Revised Version ay halos pareho nito: "Gaya ng mamamana na sumusugat sa lahat, gayon ang umuupa ng mangmang at ang umuupa ng mga dumaraan."

Si J. N. Darby ay nagbabasa ng, "Ang isang panginoon ay magaspang na gumagamit sa bawat isa: inuupahan niya kapwa ang mangmang at inuupahan ang mga dumaraan." Inaamin niya sa isang tala na ito ay isang "mahirap na talata." Malabo ang kanyang salin, pero tila naghahatid ng kaisipang walang

pakialam ang panginoon kung sino ang kanyang inuupahan, basta matapos lang ang gawain.

26:11

Ang nakakasuklam na ugali ng aso na kumakain muli ng maruming pagkaing isinuka nito mula sa kanyang tiyan ay angkop na larawan ng taong umiiwan sa kanyang kamangmangan nang panandalian, upang bumalik lang dito nang may pananabik at sigla sa dakong huli.

Inilalapat ni apostol Pedro ang kawikaan sa mga taong, matapos umangking kilala ang nagliligtas na biyaya ng Cristianismo, ay nagpapatuloy nang panandalian sa matuwid na paraan. Pero kapag nalantad sa kanilang mga dating tukso, bumabalik sila sa kanilang mga dating kasalanan nang may tindi at kasiyahan, na nagpapakitang hindi talaga nabago ang kanilang mga puso. Ang gayong mga tao ay madalas na ipinapalagay na naging mga anak ng Diyos; ngayon ay itinuturing na nawala sa kanila ang kaligtasang minsan nilang tinamasa at naging muli silang mga anak ng poot. Ang ganitong turo ay hindi ayon sa Kasulatan. Ang lahat ng lumalapit kay Cristo ay tumatanggap ng buhay na walang hanggan at hindi kailanman mapapahamak. Sila ay magpakailanmang nakaugnay sa Kanya mismo. Ang mahalagang buhay na tinanggap nila ay buhay na walang hanggan—hindi mawawala. Ang maingat na pag-aaral ng mga salita ni Pedro ay nagpapakitang tinutukoy niya ang mga taong panlabas lang na nagbago ng kanilang buhay, pero hindi kailanman tunay na nagbalik-loob sa Diyos. Sinasabi niya:

> *Sapagkat kung pagkatapos nilang makatakas sa mga karumihan ng sanlibutan sa pamamagitan ng pagkakilala*

> *[o pagkilala] sa Panginoon at Tagapagligtas na Jesu-Cristo, sila ay muling masangkot dito, at madaig, ang huling kalagayan nila ay mas masama kaysa sa una. Sapagkat mas mabuti pa sa kanila na hindi nalaman ang daan ng katuwiran, kaysa, pagkatapos nilang malaman ito, ay tumalikod sa banal na utos na ibinigay sa kanila. Pero nangyari sa kanila ang ayon sa tunay na kawikaan, Ang aso ay bumalik sa sarili niyang suka; at ang babaing baboy na nahugasan ay bumalik sa paglulublob sa putik"* (2 Pedro 2:20-22).

Sa naunang bahagi ng kabanata, sumusulat si Pedro tungkol sa mga bulaang guro na gumagawa ng mga maling pag-aangkin sa kabuuan: mga taong susunod sa Cristianismo bilang isang sistema, kahit pa may layuning baluktutin ito, pero hindi kailanman nakilala ang kapangyarihan nito. Ang gayong mga tao ay maaaring magpatuloy nang panandalian na parang tunay na ipinanganak mula sa Diyos, pero makikita rin sa huli ang kanilang tunay na kalagayan. Sa pag-iwan nila sa kanilang hindi kasiya-siyang pag-aangkin at pagbabalik sa kanilang mga dating gawi, nagiging angkop silang mga halimbawa ng katotohanan ng kawikaang ito.

Dapat pansinin na ang aso sa Kasulatan ay hindi kailanman naglalarawan ng isang mananampalataya, kundi madalas na ginagamit upang ilarawan ang isang bulaang guro. Tingnan ang babala ni Pablo sa Filipos 3:2 at pansinin ang paglalarawan ni Isaias sa kabanata 56:10-12 ng kanyang propesiya tungkol sa mga bulaang guro. Sila ay tulad ng mga asong bumabalik sa kanilang suka, tulad ng babaing baboy na nahugasan na bumabalik sa paglulublob sa putik. Kung ang baboy ay naging tupa (ang larawan ng isang Cristiano), hindi na ito malulugod

sa putik at dumi. Maaaring mahulog ang tupa sa putik, pero hindi ito kailanman mapapanatag muli hangga't hindi ito nakakawala doon. Ang baboy ay natatagpuan ang likas nitong kalagayan sa putik. Ito ang nagpapakita ng pagkakaiba ng isang tunay na banal ng Diyos at ng isang nagbagong mapagkunwari lang. Sina Pedro at Judas ay angkop na naglalarawan sa dalawang uri ng tao. Nang tingnan lang ni Jesus si Pedro, nadurog ang kanyang puso at nagbunga ito ng kanyang pagpapanumbalik (Lucas 22:61 at Juan 21:15-19). Sa kabilang banda, si Judas ay kinontrol ng kanyang sakim na espiritu hanggang sa huli, hanggang sa dumating ang pagsisisi ng budhi, pero walang pagsisisi sa harap ng Diyos. Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 14:14.

26:12

Tingnan ang Kawikaan 26:5. Ang taong mapagmataas at nagtuturing sa sarili na nakahihigit sa lahat ng tagubilin ay naglalagay ng sarili sa labas ng abot ng tulong nang walang pag-asa. Ang tahasang mangmang, na hindi nagkukunwari ng higit pa sa kanyang mga mangmang na gawi, ay mas madaling mailigtas kaysa sa makitid ang isip na mapagmataas na nagkukunwari lang na matalino at banal, pero lubos na umiibig sa sarili niyang mga paraan. Binabalaan tayo laban sa kaawa-awang kalagayang ito sa Roma 12:16.

Matapos isaalang-alang ang mangmang sa iba't ibang anyo, ang tamad naman ang ipinapakita sa susunod na apat na talata.

26:13-16

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 13:4; 15:19; 19:15; 20:4; 21:25-26; 24:30-34. Kilala nating lahat ang tamad; siya ang taong may mabuting hangarin, pero walang natatapos dahil sa patuloy na

pagpapaliban. Kung walang tunay na mga kahirapan, iisipin niya ang mga ito, at nagiging kasing-totoo ang mga ito sa kanya na para bang talagang naroon. Hindi siya makalabas sa mga lansangan dahil iniisip niyang may leon sa daan, bagama't walang nakikitang panganib ang iba. Ang taong may determinasyon ay lumalabas sa lakas ng Panginoon at pinupunit ang leon tulad ng ginawa ni Samson; pero hindi ganoon sa taong tamad. Anumang walang-kuwentang dahilan ay pipigil sa kanya (tingnan ang 22:13).

Noong unang panahon, ang mga pinto ay hindi nakasabit sa mga bisagra, kundi umiikot sa mga pihitan, kaya madalas gumagalaw, pero hindi kailanman nakakarating kahit saan. Umikot man ito sa mga pihitan o bisagra, hindi makakaalis ang pinto mula sa mga ito. Gayon din ang tamad; palagi siyang umaasang babangon at kikilos, pero nananatili sa kanyang higaan, na pabaling-baling sa magkabilang tagiliran.

Kahit nakaupo sa hapag, halos masyado siyang tamad para dalhin ang kanyang pagkain mula sa pinggan tungo sa kanyang bibig. Ito ang sukdulan ng katamaran, pero sa maiinit na klima ay hindi ito maling paglalarawan. Tingnan ang 19:24.

Sa kabila ng kanyang kawalan ng layunin at determinasyon, mas matalino siya sa sarili niyang paningin kaysa sa kahit ilang tao na kilala sa kanilang kahusayan at sigla. Nakakaimbento siya ng mga dahilan at kapani-paniwalang mga argumento sa walang-hanggang dami upang bigyang-katuwiran ang kanyang kahiya-hiyang asal. Hindi siya maaapektuhan ng pagkasuklam o ng galit ng mga taong mas mabuti kaysa sa kanya.

Ang kawalan ng layuning ito ay minsang natatagpuan sa mga batang banal at magbubunga lang ng humihinang patotoo. Mas mabuti pang maging sobra sa sigasig kaysa gampanan ang

papel ng tamad. Tingnan si Joas na hari ng Israel at si Eliseo na propeta (2 Hari 13:14-19).

26:17

Ang pakikialam sa mga away ng ibang tao ay laging kamangmangan at madalas mapanganib. Ang mga aso sa Siria ay mailap at mabangis. Ang paghawak sa isa sa mga tainga ay pagbubukas ng sarili sa pinsala at pagdurusa nang walang dahilan. Matalinong hayaan na lang ang mga aso, isang kaugaliang karaniwang sinusunod. Sa mga lungsod ay nagkukumpulan ang mga ito at kapaki-pakinabang bilang tagalinis ng basura; pero walang nagtatangkang kontrolin o pakialaman ang mga ito.

Kaya kapag may alitan ang iba, dapat iwasan ng dumaraan ang pakikialam. Pinakamabuting hayaan ang mga tao na ayusin ang kanilang sariling mga hindi pagkakaunawaan sa pagitan nila, maliban kung humingi sila ng tulong sa ibang tao upang gumanap bilang tagapamayapa. Natuklasan ni Moises na ang mga lalaking Hebreo na nag-aaway ay labis na nagalit sa kanyang hindi hinihinging pamamagitan (Exodo 2:13-14).

26:18-19

Inilalarawan ng kawikaang ito ang taong walang-pakundangang gumagawa ng masasamang biro sa iba, na nagdudulot sa kanila ng malaking abala at marahil ay mabigat na kawalan. Pagkatapos ay tinatangka niyang itawa na lang ito bilang libangan lang. Siya ay tulad ng taong nagkukunwaring baliw at nalilibang sa pananakit sa iba. Ang panlilinlang sa ngalan ng kasiyahan ay dapat tuligsain tulad ng alinmang ibang kasalanan. Ang pagpipigil sa sarili at malasakit sa kapakanan ng kanyang mga kapwa ay magbubunsod sa isang tao na iwasan

ang mapanlinlang na asal na ito. Tanging ang pinakawalang-isip at pinakamakasariling tao lang ang maglilibang sa kapinsalaan ng pagdurusa ng iba. Tingnan ang Kawikaan 10:23 at 2 Pedro 2:13.

26:20-22

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 11:13; 16:27-28. Madalas nang itinuon ang ating pansin sa kasamaan ng tsismis. Pero dahil napakabagal nating matuto, binibigyan tayo ng dagdag na tagubilin tungkol sa bagay na naging isang mapaminsalang sumpa sa maraming lugar sa gitna ng bayan ng Diyos. Maligaya ang kapulungan ng mga banal na walang maninirang-puri o tsismoso sa mga kaanib nito! Kung paanong namamatay ang apoy dahil sa kawalan ng panggatong, gayon din nawawala ang maraming kahirapan kapag walang bulung-bulungang gumagala upang panatilihin ang alitan. Pero, kung paanong ang mga uling na idinaragdag sa nagbabagang uling ay nagpapanatili ng apoy, gayon din ang palaaway na tao ay nagpapaalab ng masasamang damdamin, at nagpapaningas ng masamang hangarin at poot nang mas matindi kaysa dati. Kaawa-awang gawain ang paggala-gala na nagpapaalab ng hindi banal na mga damdamin at nagpapahirap sa pag-aayos ng mga alitan. Sapagkat ang mga salita ng tsismoso ay nilalamon ng marami na parang masasarap na pagkain, na bumababa sa kaloob-looban ng pagkatao at madalas nagdudulot ng permanenteng pinsala. Tingnan ang Kawikaan 12:18 at 18:8.

26:23-28

Ang taong gumagawa ng maalab na pagpapahayag ng pag-ibig at pagmamahal, habang ang kanyang puso ay nakatuon sa

kasamaan, ay tulad ng isang murang palayok na binalutan ng patong ng walang-halagang pilak. Ang gayong bagay ay mukhang mahalaga, pero sa katunayan ay basura. Ganoon din sa mapagkunwaring pag-aangkin ng mambobola. Nagsasalita siya nang maalab upang takpan lang ang kanyang masamang layunin. Sa pagkapoot sa taong pinagtutuunan niya ng pansin, sinisikap niyang manlinlang sa pamamagitan ng magandang pananalita; pero ang kanyang puso ay bulok, at hindi siya mapagkakatiwalaan. Tinatangka niyang takpan ang kanyang masamang hangarin ng matatamis na salita at maaaring magtagumpay nang panandalian; pero sa huli ay lantarang maipapakita ang kanyang tunay na katangian.

Matapos humukay ng hukay para sa kanyang kapwa, siya mismo ang mahuhulog dito, tulad ni Haman sa aklat ng Esther. Sa pamamagitan ng pambobola at tila sigasig para sa karangalan ni Asuero, nakuha niya ang pahintulot na lipulin ang lahat ng mga Judio; pero natuklasan ang kanyang kataksilan at ibinitin siya sa bitayang ginawa niya para kay Mardoqueo. Siya ay tulad ng taong nagpagulong ng bato paakyat sa burol, at nang kumawala ito, bumalik ito sa kanya nang may dumudurog na lakas. Ang mga tauhan ng hari, sa gayon ding paraan, ay humikayat kay Dario na magpalabas ng mga kautusang inakala nilang magbubunga ng pagkapahamak ni Daniel. Sa huli, dinala sila sa kapalarang inasahan nilang mapupunta kay Daniel (Daniel 6).

Ang huling kawikaan ng kabanatang ito ay nagpapahayag ng katotohanang matagal nang kinikilala sa lahat ng bansa at napapanatili sa anyong kawikaan sa maraming bayan. “Karaniwan sa mga tao na kapootan ang mga taong napinsala nila” ang saling Ingles ng kasabihan ni Tacitus. Sa kamalayang

nagkasala siya sa iba at sa pagpapasyang hindi ito aaminin, pinupuno ng manlilinlang ang kanyang puso ng poot laban sa taong ginawan niya ng masama.

Ang may mga may-utang sa kanya ay maaaring magpatawad sa kanila nang may biyaya; pero ang may utang ay madalas na nagkikimkim ng pinakamapait na galit laban sa taong pinagkautangan niya. Madaling mapalampas ng isang tao ang isang pinsala, pero ang taong gumawa ng pabor sa iba ay madalas na kapopootan dahil sa kanyang kabaitan. Napakakaraniwan nito sa mga taong nagkasala kaya halos hindi na kailangan ng paliwanag.

Upang itago ang kanyang kaawa-awang damdamin, ang sinungaling ay mambobola sa pamamagitan ng kanyang mga labi habang sa buong panahon ay binabalak niya ang pagkapahamak ng kanyang biktima. Ito ang kasalanang naging, wika nga, laman kay Judas Iscariote! Nawa'y matutuhan ng bawat Cristiano na iwasan ito bilang pinakakasuklam-suklam at nakakadiri at lubos na salungat sa katapatan ng espiritu ni Cristo.

Kawikaan 27

Ang pagpapaliban ay isang patibong na madalas mauwi sa kapahamakan. Ang unang talata ng kabanatang ito ay taimtim na nagbabala sa bawat mambabasa laban sa pagkakamaling ito.

27:1

Ibinigay sa tao ang kasalukuyan upang makapagplano siya nang matalino para sa hinaharap. Ang pagpapaliban sa bukas ng dapat asikasuhin ngayon ay isang malungkot na pagkakamaling sumira na ng di-mabilang na libu-libo. Sabi ng lumang kawikaang Espanyol, “Ang daan ng mamaya-mamaya ay patungo sa bahay ng hindi kailanman,” at may isa pang karaniwang kasabihan, “Ang daan patungong impiyerno ay sinementado ng mababuting hangarin.” Mahilig banggitin ng mga Ingles, “Ang pagpapaliban ay magnanakaw ng panahon;” at malamang na bawat bansa ay may kasabihang naglalayong magpaalala ng babala ng ating talata. Gayunman, kay dali nating lahat na ipaubaya sa bukas ang mga bagay na dapat ayusin agad!

Walang bagay kung saan mas hayag ang pagpapalibang ito kaysa sa dakilang tanong tungkol sa kaligtasan ng kaluluwa. Paulit-ulit na idiniriin ng Kasulatan sa mga tao ang kahalagahan ng agarang pag-aayos ng bagay na ito na napakalaki ng kahihinatnan. “Ngayon, kung inyong maririnig ang kanyang tinig, huwag ninyong patigasin ang inyong mga puso.” “Narito, ngayon ang panahong kaaya-aya; narito, ngayon ang araw ng kaligtasan.” “Halikayo ngayon, at tayo'y magkatuwiranan, sabi ng Panginoon” (Hebreo 3:7-8; 2 Corinto 6:2; Isaias 1:18). Ilan lamang ito sa maraming ganitong panawagan sa agarang pagpapasiya.

Gayunman, ano pa ang mas karaniwan kaysa makita ang mga taong ipinagpapaliban ang huling pagpapasiya, tulad ni Festus, hanggang sa isang "mas maginhawang panahon," na sa maraming pagkakataon ay hindi kailanman dumarating! Ang kawalang-katiyakan ng kalusugan, ng katinuan at ng buhay mismo ay pawang malakas na sumisigaw, "Huwag kang magmapuri tungkol sa kinabukasan."

Sinabi ng Faraon na "bukas" gayong dapat ay "ngayon" ang sinabi niya, at sa kinabukasan ay natagpuan ang kanyang pusong kasintigas ng gilingang-bato, hindi na maabot ng pagsisisi o pag-aalala (Exodo 8:10).

Kung hindi pa ligtas ang mambabasa, hayaan ninyong ipaalala ko sa kanya ang limang mahahalagang dahilan kung bakit hindi siya dapat magpaliban sa paglapit kay Cristo.

Una—Bawat araw na ginugol sa kasalanan ay araw na nawala. Ang tanging tunay na buhay ay ang buhay na ipinamumuhay para sa Diyos. Ang mga ligtas ay laging nagsisisi na hindi sila mas maagang lumapit sa Panginoon; natatagpuan nila ang tunay na kagalakan at kapayapaan sa landas ng matuwid, na lalong lumiliwanag hanggang sa ganap na araw.

Ikalawa—Bawat araw na ginugol sa pagpapaliban ay nagdaragdag sa nakakatakot na bilang ng mga bagay na hindi mo na kailanman maibabalik. Madalas makalimutan ng mga kabataan na kahit maligtas at mapatawad sa wakas, hindi na mabubura kailanman ang mga bunga ng kanilang mga kasalanan. May impluwensiya tayo sa iba ngayon sa mabuti o sa masama, at ang pagbabago ng lakad sa hinaharap ay maaaring hindi kailanman ganap na mabura ang impluwensiyang iyon. Nag-iiwan ang kasalanan ng epekto sa ating isip at katawan—epektong tumatagal sa buong panahon.

Isang ama, na nais idiin ang katotohanang ito sa kanyang anak, ang nag-utos sa kanyang magbaon ng isang dakot na pako, hanggang kalahati, sa isang malinis at makinis na poste. Tuwang-tuwang ginawa ng bata ang iniutos sa kanya. "Ngayon, anak," sabi ng ama, "bunutin mo ang mga iyan." Madali rin itong natapos. "Ngayon, tanggalin mo ang mga butas," ang sumunod na utos. "Aba, Tatay," bulalas ng bata, "imposible iyan!" Gayon din, maaari nating isipin ang pagpapatawad ng ating mga kasalanan bilang pagbunot ng mga pako; ngunit huwag nating kalimutan kailanman na nananatili ang mga bakas. Kaya nga matalino ang tumigil agad sa paggawa ng hindi na kailanman maibabalik.

Ikatlo—Posibleng sa anumang sandali ay lumipas ang pagkakumbinsi sa kasalanan mula sa nababagabag na kaluluwa at tumigil ang Diyos sa pagsasalita sa iyo sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu Santo. Maraming lalaki o babae ang, dahil sa matagal na paglaban sa Espiritu Santo, umabot sa puntong, tulad ng Faraon, tumanggi na ang puso na tumugon sa karagdagang mga pakiusap o babala. Ang mga ganitong tao ay madalas tawaging "tumigas na sa ebanghelyo," at tamang-tama ang tawag na iyon.

Ikaapat—Bago dumating ang bukas, maaaring angkinin ka ng Kamatayan bilang kanyang biktima. Kahit habang binabasa mo ang mga salitang ito, maaaring kinakapa na niya ang mga tali ng iyong puso. Sinabi ni David, "Isang hakbang lamang ang pagitan ko at ng kamatayan" (1 Samuel 20:3); at gayon din sa sinuman sa atin. Bago dumating ang bukas, makasalanan, maaaring tahimik na ang iyong mga labi, tigil na ang iyong puso, malamig na ang iyong katawan, at ang iyong kaluluwa ay nasa Impiyerno!

Panghuli, hindi mo dapat kalimutang ang Panginoong Jesu-Cristo ay muling darating. Maaari Siyang bumalik mula sa Langit upang tawagin palayo ang lahat ng Kanyang tinubos (ayon sa 1 Tesalonica 4:13-18) bago mo maibaba ang aklat na ito. Walang pangyayaring kailangang maganap, walang hulang kailangang matupad bago dumating ang dakila at taimtim na sandaling iyon. "Sa oras na hindi ninyo iniisip" (Mateo 24:44), maaaring matapos ang araw ng biyaya, at magsimula ang mga araw ng paghihiganti para sa lahat ng tumanggi, o nagpabaya lamang, sa napakadakilang kaligtasan.

Dahil hindi natin alam kung ano ang maaaring ibunga ng isang araw, tiyak na matalino ang lumapit agad sa Diyos, aminin ang iyong mga kasalanan at magtiwala sa Kanyang biyaya!

27:2

Ang pagpuri sa sarili ay laging nagpapakita ng mahinang pagpapalaki at kawalan ng pagkaunawa sa tamang pag-uugali. Kung pinupuri ka ng iba, magpatuloy kang mapagpakumbabang umasa sa Diyos na ingatan ka sa diwa ng kaamuan at kababaang-loob; sapagkat mas marami kang alam tungkol sa sarili mong mga pagkukulang kaysa sa sinuman. Ang pagmamayabang sa iyong mga nagawa o mga kakayahan ay nakakasuya at nagbubukas ng pinto sa matinding pamumuna. Tingnan ang mga lalaki ng Ephraim at Manasseh (Josue 17:14-15).

27:3

Napakabigat ng galit ng mangmang dahil sa kawalan nito ng katuwiran. Hindi siya makikinig sa anumang paliwanag at titingnan niya nang may masamang loob at hinala ang lahat ng pagtatangkang payapain siya. Mas mabuti pang hayaan na

lamang ang ganoong tao kaysa makipagtalo sa kanya, sapagkat wala siyang kakayahang humatol nang tama. Pakitunguhan ang galit na mangmang gaya ng iniutos ni Hezekiah sa kanyang mga maharlika na pakikitungo kay Rab-shakeh (Isaias 36:21).

27:4

Ang galit na tinutukoy sa naunang talata ay isang maikling unos ng isip, isang lumilipas na damdamin. Dapat itong katakutan habang nananatili; ngunit mas lalong dapat katakutan ang paninibugho, sapagkat nananatili ito kahit naglaho na ang lahat ng panlabas na palatandaan nito. “Ang paninibugho ay malupit na parang libingan” (Awit ni Solomon 8:6). Tingnan ang mga kapatid ni Joseph (Genesis 37).

27:5-6

Ang tunay na pag-ibig ang aakay sa akin na maging tapat sa aking kapatid kahit lumilihis na ang kanyang mga hakbang mula sa landas ng mabuting asal. Habang iniiwasan ang diwang mapamintas, sisikapin kong mabawi ang kanyang kaluluwa kung naligaw siya. Sa paggawa nito, maaaring kailangan ko siyang sugatan, ngunit ang mga ganitong sakit ay tapat. Ang pagsaway sa biyaya ay mas mabuti kaysa pag-ibig na itinatago, na humahadlang sa aking ituro sa kanya ang kanyang mga pagkakamali. Maaaring magbuhos ang kaaway ng mga halik at mga tanda ng pagmamahal sa ganoong panahon, na pinapalampas ang kasamaan at pinalalakas ang loob ng gumagawa ng mali sa kanyang di-matuwid na layunin, ngunit mapanlinlang na mga tanda ng pag-ibig ang mga ito, tulad ng halik ni Judas. Kay tapat ni Pablo kay Pedro at kay Bernabe at sa minamahal na mga taga-Galacia, bagaman tiyak na lahat sila ay mahal sa kanya (Galacia 1 at 2).

27:7

Ang talata ay naipaliwanag na nang ganito: “Ang pinalayaw na matakaw ay nasusuya kahit sa marangyang pagkain; ngunit ang talagang gutom ay kakain kahit ng karaniwang pagkain nang may malaking kasiyahan.” Ang gutom ay nagpapasigla ng gana at kasiyahan sa bagay na kung hindi ay hahamakin lamang. Para sa marami, ang Salita ng Diyos ay isa sa mga mapait na bagay na ito; ngunit kapag gutom ang kaluluwa, nagiging matamis ito na parang pulot. Tingnan ang maliliit na aklat na kinain nina Ezekiel at Juan (Ezekiel 3:1-4; Apocalipsis 10:9-10).

27:8

Ibinigay ng Panginoon “sa bawat tao ang kanyang gawain,” at masasabi rin nating sa bawat tao ang kanyang lugar. “Ngunit ngayon ay inilagay ng Diyos ang bawat isa sa mga bahagi sa katawan, ayon sa kanyang minagaling” (1 Corinto 12:18). Ang pumupuno sa kanyang itinakdang lugar na umaasa sa Panginoon at nananatili sa kanyang tamang kinalalagyan ay makakatagpo ng masaganang pagpapala. Ngunit kung paanong ang ibong lumalayo sa kanyang pugad ay naglalantad ng sarili sa panganib at pagdurusa, gayon din ang taong tumatalikod sa kanyang larangan.

Sa ibang pananaw, maaari nating ilapat ang prinsipyo sa buhay sa loob ng iglesya. Nais ng Diyos na magtipon ang lahat ng Kanyang mga anak sa walang-kapantay na pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo. Ang lumalayo sa kagalakan at kapalaran ng pakikisamang ito dahil sa mga guni-guning insulto o anumang ibang dahilan ay parang ibong walang tahanan na iniwan ang kanyang pugad. Tingnan si Demas (2 Timoteo 4:10).

27:9-10

Sa mainit at tuyong hangin at nakakapanghinang klima tulad ng sa Palestina, lubhang nakakaginhawa at nakakapagpalakas ang mapahiran ng langis. Ginagamit ang mabango at nakakapagpasiglang mga pabango upang gisingin ang manhid na mga pandama at magdala ng kaaya-ayang kaginhawahan. Ang mapagmahal at mapagmalasakit na payo ng isang tunay na kaibigan ay kasingsarap at kasingsigla para sa kaluluwa ng langis at pabango para sa katawan. Mapalad ang taong may kaibigang pumapayo sa kanya sa ganitong paraan. Natagpuan ni David ang ganitong kaibigan kay Jonathan.

Kapag biglang dumating ang kalungkutan at kapahamakan, mas mabuting may subok na kaibigang tulad nito na madudulugan, kaysa umasa sa mga kamag-anak, gaano man kalapit, na maaaring kulang sa puso at pagmamahal ng isang malapit na kasama. Ang panahon at distansiya ay makapangyarihang mga puwersang nagpapahina ng ugnayang pampamilya, gaya ng natutuhan ng marami sa kanilang kalungkutan. Nawa'y makilala ng bawat isa ang Kaibigang mas malapit pa kaysa sa isang kapatid! Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 17:17 at 18:24.

27:11

Ang pagsunod at maingat na pag-uugali ng matalinong anak ay nagbibigay ng magandang dangal sa kanyang mapagmalasakit na magulang. Kung matigas ang ulo at suwail ang anak, sisisihin ang ama sa hindi tamang pagsasanay sa kanyang supling. Mahalaga sa atin ang payong ito bilang “mga anak ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus.” Sa paglakad nang karapat-dapat sa Kanya na tumawag sa atin, luluwalhatiin natin ang ating Diyos na Tagapagligtas at Ama sa

harap ng mga tao. Kay dalas na hinahamak Siya ng masasamang tao dahil sa mga kamangmangan ng Kanyang mga anak! Ang kasalanan ni David ay nagbigay-dahilan sa mga kaaway ng Panginoon na lumapastangan, at dahil dito ay kinailangang mamatay ang anak ni Bathsheba (2 Samuel 12:14).

27:12

Ang talatang ito ay pag-uulit ng Kawikaan 22:3. Tingnan ang mga naunang tala. Sa kawikaang ito ay mababasa natin ang isang babala sa hindi pa ligtas. Gaano kalaki ang pagmamalasakit ng Diyos na pinababayaan mo, na ipinapaalala Niya sa iyo muli ang kahalagahan ng pag-isipan ang iyong hinaharap at magkubli kay Cristo bago dumating ang paghuhukom at maging huli na ang lahat. Kung walang-ingat kang magpapatuloy sa nararapat mong kapahamakan pagkatapos ng ikalawang babalang ito, “Ano ang iyong sasabihin kapag pinarusahan ka Niya?” (Jeremias 13:21)

27:13

Pag-uulit din ito ng isang naunang kawikaan (20:16). Hindi pagkakataon lamang ang nag-udyok sa mga kaibigan ni Hezekiah na ulitin sa ganitong paraan ang ilan sa matatalinong kasabihan ni Solomon. Sa halip, ito ang paraan ng Diyos upang ituon ang ating pansin sa kahalagahan ng turong taglay ng mga ito. Ang nagpapabaya sa gayong saganang karunungan ay tunay na may-sala at hindi karapat-dapat sa awa kapag kailangan na niyang anihin ang kanyang inihasik.

27:14

May madaling mapansing bahid ng pang-uuyam sa mga salitang ito. Ang nagpapahayag ng kanyang pagmamahal sa

ilalim ng bintana ng isang tao, nang malakas na tinig at maagang-maaga sa umaga, habang nagpapahinga ang pinag-uukulan niya ng pansin, ay lubhang nakakasuya, at ang kanyang pagpapala ay nagiging sumpa sa halip. Ang garapal at hindi hinihinging mga salita ng papuri ay laging dapat katakutan. Karaniwang nagpapakita ang mga ito ng kawalan ng katapatan ng puso at kawalan ng pakiramdam na lubhang nakakadiri sa isang tahimik at mapagpakumbabang tao. Sabi ng mga Italyano, "Ang pumupuri sa iyo nang higit sa dati ay nalinlang ka na, o malapit nang gawin ito." Tingnan si Absalom at ang mga lalaki ng Israel (2 Samuel 15:1-6).

27:15-16

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 21:9,19. Walang mas mahusay na puna ang maisusulat tungkol sa una sa mga talatang ito kaysa sa paglalarawan ni Dr. Thompson ng isang bagyo ng ulan sa Palestina. Sabi niya: "Ang mga ulang tulad ng naranasan namin ay lubusang tumatagos sa patag na bubong na lupa ng mga bahay na ito sa bundok, at bumababa ang tubig sa di-mabilang na tulo sa buong silid. Ang walang-tigil na patak na ito—tuk, tuk—buong araw at buong gabi, ay ang pinakanakakainis na bagay sa mundo, maliban na lamang kung ang walang-tigil na satsat ng isang palaaway na babae." Ang nagsisikap na itago na may ganoong hindi kaaya-ayang tao sa kanyang tahanan ay parang taong nagtatangkang itago ang hangin o pumipigil sa mga taong mapansin ang halimuyak ng pabango gayong puno nito ang kanyang kanang kamay. Itinuring ni Ahasuerus na nagkasala si Vashti sa ganitong paraan nang hiyain niya siya sa harap ng lahat ng kanyang mga maharlika sa pagsuway sa kanyang utos (Esther 1:10-20).

27:17

Sa pamamagitan ng pagkikiskisan, ang isang kasangkapang bakal ay nahahasa at kumikinang kapag ikinuskos sa isa pa; gayon din tayo ay maaaring magtulungan sa pamamagitan ng kawili-wili at kapaki-pakinabang na palitan ng kaisipan. Ang taong nagkukulong sa sarili ay laging may napakakitid na pananaw. Ang nais maging pagpapala sa iba ay dapat makihalubilo sa kanila upang matutuhan niyang unawain ang kanilang mga pangangailangan at kalungkutan. Marami siyang maaaring matutuhang karunungan mula sa kanilang nakahihigit na kaalaman o kabutihan. Sa mga Cristiano, tunay na mahalaga ang pakikisama sa isa't isa at lalong tumatamis habang dumidilim ang mga araw. Kay laki ng pakinabang kay Timoteo ng pakikisama kay Pablo (2 Timoteo 3:10-11).

27:18

Kung paanong ang tagapag-alaga ng puno ng igos ay may karapatang matamasa ang bunga nito, gayon din may gantimpala ang katapatan sa ating itinakdang paglilingkod. Alalahanin nawa ng Cristiano na ang kanyang Panginoon ay nasa Langit, at ang nagpaparangal at sumusunod sa Kanya ngayon, sa araw ng Kanyang pagkatanggi, ay pararangalan kapag dumating na ang araw ni Cristo. Samantala, magpatuloy nawa siya sa paggawa, malakas sa pananampalataya, nagbibigay-luwalhati sa Diyos, at tiyak ang ani, gaya ng masipag na magsasaka ng 2 Timoteo 2:6.

27:19

Sa lahat ng salamin, ang malinaw na tubig marahil ang pinakauna. Kung paanong ipinapakita ng anino ang mukha ng tumitingin dito, gayon din ang puso ng isang tao ay

sumasalamin sa puso ng iba. Walang pagkakaiba. Maaaring magmukhang magkakaiba ang mga tao dahil sa minanang mga katangian, edukasyon o kawalan nito, kapaligiran o karanasan; ngunit nananatili ang katotohanang lahat ay may iisang masama at bulok na puso na mandaraya nang higit sa lahat ng bagay at lubhang masama. Walang sinumang may dahilan upang magmayabang sa iba. Lahat ay makasalanang nangangailangan ng Tagapagligtas.

Kaya nga, upang ipakita sa isang tao ang kanyang pagkamakasalanan, kailangan ko lamang ilarawan nang bahagya ang kasamaan ng sarili kong puso; malamang na isipin niyang may lihim na nagsabi sa akin tungkol sa kanyang mga pagkakamali at inilalantad ko siya sa harap ng madla! Madalas mangatuwiran nang ganito ang mga tao kapag may isang tapat na mangangaral na nagpapahayag ng kakila-kilabot na makasalanang kalikasan ng bawat tao!

Isang pagpapala ang alalahaning yamang lahat ay pare-parehong makasalanan, naglaan ng Tagapagligtas para sa lahat. Tingnan ang Ebanghelyo ng “walang pagkakaiba” na ipinaliwanag ng Espiritu Santo sa Roma 10:5-13.

27:20

Tumutulong ang talatang ito na tatakan ang katotohanan ng nauna rito. Dito ay magkakapareho ang lahat ng tao. Hindi hahayaan ng likas na puso na masiyahan ang mga mata. May kakayahan sa tao na hindi mapapawi, na inihahalintulad sa Impiyerno. Mag-ipon man ang tao hangga't makakaya niya, nananabik pa rin siya sa higit pa. Ito ang dakilang aral ng aklat ng Eclesiastes. Doon ay makikita natin ang isang taong napakalaki ng puso na hindi ito mapupuno ng buong mundo.

Sa Awit ni Solomon, sa kabilang dako, mayroon tayong isang bagay na napakadakila na hindi ito kayang hawakan ng puso; umaakyat ang sigaw, “Ako'y may sakit sa pag-ibig” (Awit ni Solomon 2:5). Si Cristo lamang ang makakatugon sa bawat pananabik ng kaluluwa at higit pang makapagbibigay-kasiyahan sa lahat ng nakakatagpo sa Kanya ng layon ng kanilang pinakamalalim na pagmamahal. Tingnan ang Kawikaan 30:15-16.

27:21

Walang mas mainit na tunawan upang subukin ang isang tao kaysa kapag pinaraan siya sa apoy ng papuri at paghanga. Ang pagpapatuloy habang sinisiraan, kumakapit sa Panginoon at umaasang Siya ang maglilinis ng pangalan ng isang tao, ay medyo madali, bagaman marami ang nanghihina sa ganoong kalagayan. Ngunit ang mapagpakumbabang pagpapatuloy sa karaniwang takbo ng buhay, hindi nababagabag at hindi naaapektuhan ng palakpak at pambobola, ang tanda ng tunay na maka-Diyos na tao.

Daan-daan ang lumago sa espirituwal habang dumaraan sa mahihirap na kalagayan, ngunit lubhang nabigo sa panahon ng kasaganaan. Si Gideon ay nagiging babala sa lahat ng nasa panganib ng kapalaluang bunga ng hindi nararapat na papuri (Mga Hukom 8:22-27).

27:22

Ang kamangmangan ay nakatali sa puso ng mangmang, at pagkatapos ng mahabang taon ng katigasan ng ulo, nagiging bahagi na ito ng kanyang pagkatao. Ang pagbayo sa kanya gaya ng pagbayo ng butil sa lusong ay hindi makapagliligtas sa kanya mula sa kanyang kasamaan. Sa pagkabata, ang

pagtutuwid na tama ang pagkakabigay ay maaaring nagkaroon ng mabuting epekto (22:15). Ngunit dahil hinayaan niyang mabuo ang kanyang pagkatao, huli na ngayon para sikaping alisin ang kamangmangan sa pamamagitan ng pisikal na parusa. Hindi rin magbubunga ng ninanais na resulta ang moral na panghihikayat, sapagkat bingi ang mangmang sa lahat ng pakiusap at walang pinapahalagahan kundi ang gawin ang sarili niyang kasiyahan. Kakila-kilabot na kalagayan ito. Diyos lamang ang makakagising sa ganoong tao sa pagkaunawa ng kanyang pagkakasala at ng kanyang panganib, at makapagpapatalikod sa kanya mula sa kanyang kamangmangan. Tingnan ang Jeremias 13:23.

27:23-27

Ang tapat na paglilingkod ng pastol ay nagbubunga ng angkop na panustos para sa kanyang sarili at sa mga umaasa sa kanya. Lumilipas ang kayamanan at madaling naglalaho ang mga yaman. Tingnan ang tala sa Kawikaan 23:4-5. Kaya nga mahalaga ang masigasig at patuloy na pagsisikap at maingat na pagtupad sa tungkulin. Kahit ang korona ay hindi tumatagal magpakailanman. Bumabangon at bumabagsak ang mga dinastiya sa mundong ito ng mga pagbabago. Ngunit ang nagpapatuloy sa paggawa, nag-iingat ng kanyang mga yaman at matalinong nangangalaga sa kanyang mga kawan ay magkakaroon ng pagkain at ng damit; ano pa ba ang higit na tinatamasa ng pinakamayaman?

Makikita rin natin sa mga talatang ito ang larawan ng pangangalagang pastoral sa mga tupa at mga kordero ng kawan ni Cristo. Sinabi ni Cristo kay Pedro na pakainin ang Kanyang mga kordero at pastulan ang Kanyang mga tupa. Saanman Niya itinanim ang puso ng pastor, ito ang magiging

bunga. Ang mapagmahal na pastol ay mabuting magmamasid sa kalagayan ng kawan; hindi nga lamang, sa hangad na kumita ng pera, ni sa pagpapanginoon ng kanyang katungkulan sa kanyang kawan, kundi dahil sa dalisay na pag-ibig sa mga bahagi ng katawan ni Cristo.

Hindi rin siya mawawalan ng gantimpala. Tiyak na darating ito sa wakas, kahit hindi niya ito ang pinagpapaguran. “Pagsapit ng pagpapakita ng pangulong Pastol, tatanggap kayo ng koronang kaluwalhatian na hindi kumukupas” (Tingnan ang 1 Pedro 5:1 -4). Sa pagtatanggol ni Jacob kay Laban, ipinapaalala sa atin kung ano ang maaaring kahulugan ng paglilingkod ng pastol na ito kung isasagawa nang buong-tapat (Genesis 31:40).

Kawikaan 28

Walang mas duwag pa kaysa sa mga taong may dalang nagkakasalang budhi. Natatakot sila sa sarili nilang mga iniisip at nasisindak sa isang anino. Inihahambing sila ng unang talata sa matuwid.

28:1

May mga taong namumuhay sa walang-tigil na takot sa mga bunga ng kanilang kasalanan. Ngunit ang mga namumuhay upang bigyang-lugod ang Diyos at lumalakad nang matuwid sa harap ng mga tao ay pinupuspos ng banal na pagtitiwala at halos di-pangkaraniwang tapang. Nang ang mga likas na mahihina at mahihiyaing lalaki at babae ay pinatay bilang martir alang-alang kay Cristo, naging mas matapang sila kaysa sa isang leon na humaharap sa mga kaaway nito. Ihambing ang hukbo ng mga taga-Siria kay Eliseo na propeta (2 Hari 7:6-7; 6:8-17).

28:2

Ang salitang *pagsalangsang* (KJV) sa talatang ito ay nangangahulugan ng paghihimagsik laban sa may-karapatang kapangyarihan. Kapag ang isang bayan ay tumatangging kilalanin ang mga may kapangyarihan bilang itinalaga ng Diyos, malamang na malantad sila sa masasamang balak ng iba't ibang pinuno, lalo na sa panahon ng kaguluhan. Nagseselos ang bawat pinuno sa isa't isa, at ang bunga ay isang panahon ng walang-batas na pagkalito.

Kabaligtaran ng gayong magulong kalagayan, mapalad ang lupaing pinamumunuan ng isang matalino at may-unawang

tagapamahala na matagal na nananatili sa kanyang luklukan ng kapangyarihan.

Sa mga Arabo, may kakila-kilabot na sumpa sa likod ng mga salitang, "Paramihin nawa ng Diyos ang inyong mga sheik." Walang bayan o bansang uunlad kapag palaging nagbabago ang namumunong kapangyarihan. Ang kalagayan ng Juda, matapos dalhing bihag si Zedekias, ay isang angkop na halimbawa nito, gayundin ang malaking bahagi ng kasaysayan ng Mga Hukom.

28:3

Ang mga taong mababa ang pinagmulan, kapag biglang itinaas sa mga tungkuling may tiwala at pananagutan, ay malamang na maging mas mabagsik sa mga kauri nilang dati kaysa sa isang isinilang sa ibang antas ng buhay. Para bang wala silang awa o habag, at maihahalintulad sila sa isang bagyong ulan na, sa halip na tumulong sa paghinog ng pananim, ay tumatangay sa lahat ng binhi at walang iniiwang pagkain. Ang mga maniningil ng buwis noong panahon ng ating Panginoon ay nagpakita ng ganitong kawalan ng damdamin para sa mga mababang uri ng tao at kinasusuklaman sila ng madla. Sila mismo ay kabilang sa piniling lahi kaya't kinapootan at hinamak sila ng kapangyarihang Romano. Gayunman, pinaglingkuran nila ang kapangyarihan ding iyon at ginamit ang kanilang mga tungkulin upang apihin ang kanilang mahihirap na kababayan. Tingnan ang pahayag ni Zaqueo, na nagsabing hindi siya kumilos ayon sa karaniwang kaugalian (Lucas 19:8).

28:4-5

Natural lamang na ang mga taong tumalikod na sa kautusan ay pumuri sa mga sumusunod sa gayon ding likong landas. Kapag ang isang tao ay laging handang magpalusot sa kalikuan ng iba,

kadalasang ibinubunyag nito ang sarili niyang balisang budhi. Ang mga lumalakad nang matuwid ay nakakayang sumbatan ang mga hindi, sapagkat ang mga may paninindigang moral ay nakauunawa ng mga bagay nang wasto.

Bulag ang masasamang tao sa tunay na katarungan dahil sa kasamaan ng sarili nilang buhay. Ang mga laging naglalagay sa Panginoon sa harap nila at namumuhay para sa Kanyang kaluwalhatian ay binibigyan ng kakayahang umunawa ng lahat ng bagay—hindi sa walang-hanggang kahulugan, kundi ang lahat ng may kinalaman sa katapatan ng pamumuhay at makatarungang paghatol. Tingnan ang mga pinahiran ng Espiritu sa 1 Juan 2:20, 27.

28:6

Ang matapat na mahirap ay maaaring umaliw sa pagtingin ng Diyos sa kanila. Sa Kanyang paningin, higit silang pinipili kaysa sa likong mayaman. Tunay na mahirap na pagsubok ang karalitaan at madalas na may kasamang maraming kalungkutan; ngunit hindi ito maihahambing sa kalungkutan ng walang-Diyos na mayaman na naghahasik ng hangin upang umani ng ipu-ipo. Ihambing si Dives at si Lazaro (Lucas 16:19-31).

28:7

Ang isang ama ay nakasusumpong ng malaking kagalakan kapag pinagpala ng isang maingat at tapat na anak na nagsisikap tumupad sa mga utos ng Diyos at sa mga batas ng tao alang-alang sa Panginoon. Sa pamamagitan ng kanyang pagsunod, ipinakikita niya ang tunay na katalinuhan. Ang ama ng isang magulo at walang-ingat na anak na humahanap ng mga kasama sa mga taong magugulo ay napapahiya dahil sa

masamang asal ng kanyang anak. Kaylaki ng biyayang nag-udyok sa ama sa Lucas 15 na lumabas upang salubungin ang gayong anak "samantalang malayo pa siya." Isa itong mahalagang larawan ng kagalakang pumupuno sa puso ng Ama sa langit kapag nagbabalik ang isang kaawa-awang naligaw, na ang aba at makasalanang buhay ay matagal nang nagpahiya sa Diyos na lumikha sa kanya.

28:8

Ang pangingikil at ang kasakiman ay kapwa kasuklam-suklam sa paningin ng Diyos. Ang pagpapautang ng pera upang kumita ng mataas na tubo ay maaaring magmukhang magandang negosyo sa mata ng mga taong walang prinsipyo; ngunit ang kayamanang nakamit sa ganitong paraan ay hindi makikinabang sa may-ari. Kapag kinuha sila sa kasibulan ng kanilang buhay, iiwan nila ang kanilang kayamanan sa mga taong nagmamalasakit sa mahihirap. Tingnan ang salita ng Diyos sa mayayaman ng mga huling araw (Santiago 5:1-6). Pansinin din ang Jeremias 17:11.

28:9

Hindi kailanman nangako ang Diyos na diringgin ang panalangin kung ang puso ay hindi matuwid sa harap Niya. Sinasabi ng salmista, "Kung pinakukundanganan ko ang kasamaan sa aking puso, hindi ako diringgin ng Panginoon" (Awit 66:18). Pinatutunayan ng talatang pinag-aaralan natin ngayon ang mabigat na katotohanang ito. Walang saysay na umasa ng sagot sa panalangin kung tumatanggi tayong sumunod sa isinulat ng Diyos para sa ating ikatututo. Ipinahayag Niya ang Kanyang banal na kalooban sa Kanyang Salita. Lahat ng kailangan para sa pagtuturo ng

mananampalataya sa katuwiran ay ipinaaalam doon. Kung saan tunay na may pagkatakot sa Diyos, magkakaroon ng nararapat na timbang ang Kanyang Salita, at ang masunuring kaluluwa ay mag-aayos ng kanyang buhay ayon dito. Kapag ganito ang kalagayan, magiging katanggap-tanggap ang panalangin at agad na tatanggap ng sagot; ngunit kapag tinatanggihan o hinahamak ang Salita, ang itinuturing na panalangin ay kasuklam-suklam lamang sa Panginoon. Tingnan ang mensahe ni Ezekiel sa mga sutil na matatanda ng Israel na lumapit upang sumangguni kay Jehova (Ezekiel 20:1-3).

28:10

Tingnan ang tala sa Kawikaan 26:27. Ang sadyang pagligaw sa mga hakbang ng matuwid palayo sa landas ng moral na katapatan ay pag-aanyaya ng galit ng Diyos sa pinakamabigat at kakila-kilabot na anyo. Sinabi ng Panginoong Jesus, "Sinumang magbigay ng ikatitisod sa isa sa maliliit na ito na mananampalataya sa akin, mabuti pa sa kanya na bitinan ang kanyang leeg ng isang malaking gilingang-bato, at siya'y ilubog sa kalaliman ng dagat" (Mateo 18:6). Kaykila-kilabot ng kasamaan sa puso ng isang taong sadyang magbabalak na ilayo ang sinuman sa pagsunod sa tinig ng Panginoon! Gayunman, marami ang nagkasala nang ganito at ipinaalam sa kanila ang galit ng isang banal na Diyos. Nagbibigay Siya ng mababuting bagay sa matuwid, ngunit kahatulan sa magliligaw sa kanila. Nagkasala si Balaam sa karumal-dumal na pagkakasalang ito at ang kanyang kapahamakan ay mabilis at tiyak (Apocalipsis 2:14; Bilang 31:16).

28:11

Ang kapalaluan at pagmamagaling ay madalas na kasama ng malaking kayamanan. Ang kayamanan ay nagbibigay sa mayaman ng isang uri ng pakiramdam ng katiwasayan at pagsasarili mula sa Diyos, isang kalagayang nakasisira sa palalong kaluluwa. Ngunit ang unawa ay higit na mahalaga kaysa sa malaking pag-aari. Ang mahirap na may pang-unawa ay nakahihigit sa kanyang kapitbahay na nakaririwasa. Hindi ang dakila, ang mayaman, ang makapangyarihan, o ang marangal ang pinili ng Diyos, kundi "ang mga dukha sa sanlibutang ito na mayaman sa pananampalataya" (Santiago 2:5). Tingnan ang 1 Corinto 1:26-28 at ang unang bahagi ng Kawikaan 10:16.

28:12

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 11:10; 29:2; at talata 28 ng kabanatang ito. Ang tagumpay ng matuwid ay nagdudulot ng kagalakan at pagtitiwala sa mga nagmamalasakit sa katatagan at kapakanan ng isang bansa. Ngunit kapag ang masasama ang namumuno, may takot at pagkabalisa, na nagtutulak maging sa mga mapagkakatiwalaang tao na magtago, baka sila ang maging tudlaan ng pampulitikang poot.

Matagal nang naghihintay at dumaraing sa sakit ang mga tao para sa darating na tagumpay ng Matuwid. Ang Kanyang kaharian ay papasok nang may dakilang kaluwalhatian, kapag ang buong lupa ay papasok sa pagpapala. Hanggang doon, ang mga kaharian ng sanlibutang ito ay mananatiling sakop ng mga kawalang-katiyakan at pagbabagsak dahil sa pagtanggi sa tunay na Hari. Ang kaawa-awang paghahari ni Saul ay larawan ng kasalukuyang panahon; ang mga paghahari nina David at

Solomon ay naglalarawan ng darating na maluwalhating paghahari ni Cristo.

28:13

Ang pinakamalaking pagkakamaling maaaring gawin ng isang kaluluwa ay ang pagtatangkang pagtakpan ang kasalanan at pagsalangsang. Gayunman, palaging iniiwasan ng mga tao ang pagsasalita nang tapat kalakip ang pag-amin ng kanilang tunay na kalagayan at mga ginawa. Tila likas na sa taong nahulog sa kasalanan (mula pa noong araw na sinikap ng ating mga unang magulang na itago ang kanilang kahubaran sa pamamagitan ng mga tapis na dahon ng igos) ang pagsisikap na pagtakpan ang kanyang kahihiyan, sa pag-asang maiiwasan ang nararapat na bunga ng kanyang kasalanan. Ngunit malinaw na ibinubunyag ng Salita ng Diyos ang katotohanang ang nag-aaring-ganap sa kanyang sarili ay hahatulan sa huli. Ang pumapanig sa Diyos at humahatol sa kanyang sarili ang siyang inaaring-ganap mula sa lahat ng bagay.

Ang pagtatapat ay ang paraang itinakda ng Diyos upang magkaroon ng malinis na budhi, hindi pagtatapat sa isang taong tagapamagitan, kundi sa Diyos mismo. "Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at matuwid na magpapatawad sa ating mga kasalanan, at maglilinis sa atin sa lahat ng kalikuan" (1 Juan 1:9). Ang saligan ng ating kapatawaran ay ang pagbabayad-sala ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Dahil sa masaganang biyaya, dinala Niya ang kahatulan ng makasalanan sa Kalbaryo at ibinuhos ang Kanyang mahalagang dugo upang alisin ang kasalanan, kaya ang Diyos ay maaaring "maging matuwid, at ang nagpapatuwid sa sumasampalataya kay Jesus" (Roma 3:26).

Siyempre, ang pagtatapat ay hindi nangangahulugan ng pangkalahatang pag-amin ng pagiging makasalanan at kasamaan ng buhay, na binibigkas upang mapanatag lang ang kaluluwa. Ang tunay na pagtatapat ay may kasamang tunay na pagsisisi at paghatol sa sarili. Kaya nga sinasabi rito na ang "nagpapahayag at nagtatakwil sa mga iyon ay magkakamit ng awa." Ang nagsisising tao ay hindi na yumayakap sa mga tanikalang gumagapos sa kanya kundi nananabik sa ganap na kalayaan mula sa mga ito. Lumalapit siya sa Diyos na may tunay na pagmamalasakit tungkol sa kanyang di-banal na mga lakad, isipan, at salita, na masikap na humihingi ng biyaya upang tumigil sa mga ito at lumakad nang matuwid sa harap ng Panginoon. Ngunit hindi niya ito magagawa sa kanyang sarili. Kapag lamang siya nagpapahinga sa simpleng pananampalataya sa tapos nang gawain ni Cristo at isinusuko ang kanyang sarili sa Diyos bilang isang buhay na ngayon mula sa mga patay, saka lamang siya makababangon nang higit sa mga kasalanang sumira sa kanyang buhay at halos nagpahamak sa kanyang kaluluwa.

Napakagandang inilalarawan ni David ang pagbabagong nangyayari sa isang tao kapag tumigil siya sa pagtatago ng kanyang mga kasamaan at lumalabas sa liwanag ng presensya ng Diyos na ipinahahayag ang mga ito sa harap Niya. Saka lamang malalaman ng isang tao ang kapalaran ng mga pagsalangsang na pinatawad at mga kasalanang tinakpan. Tingnan ang Awit 32.

Kapag sinisikap ng isang tao na pagtakpan ang sarili niyang kasalanan, nagdaragdag siya sa kakila-kilabot na listahan, sapagkat tumatanggi siyang sundin ang utos na ipinahahayag sa lahat ng tao sa lahat ng dako na nananawagan sa kanilang

magsisi. Ngunit kapag ang Diyos ang nagtatakip ng kasalanan, ginagawa ito nang mabisa at ganap at hindi kailanman magagambala magpakailanman.

28:14

Tingnan ang tala sa Kawikaan 23:17. Lubhang angkop na kasunod ng nauna ang talatang ito. Ang pinatawad at nagagalak sa kaalamang iyon ay may pananagutan na ngayong mamuhay sa pagkatakot sa Diyos. Ang nagiging pabaya at hindi nananalangin, nagpapabaya sa Salita ng Diyos at nagpapatigas ng kanyang puso laban sa disiplina, ay mahuhulog sa mabigat na kaguluhan at kalungkutan; sapagkat "ang iniibig ng Panginoon ay kanyang pinarurusahan" (Hebreo 12:6).

Ang laging natatakot sa Panginoon ay maliligtas mula sa pagmamagaling at pagtitiwala sa sarili. Lalakad siya sa pagsunod sa ipinahayag na kalooban ng Diyos. Yamang hindi na natatakot na hatulan dahil sa kanyang mga kasalanan, matatakot siya na baka mapighati niya ang Espiritu Santo ng Diyos na nasa kanya at malapastangan ang pangalan ng kanyang Tagapagligtas at Panginoon. Ang malusog na takot na ito ang nagsanggalang kay Jose nang malantad siya sa isang tuksong dadaig sa sinumang nagtitiwala sa sarili nilang lakas (Genesis 39:9).

28:15-16

Ang masamang pinuno ay hindi kumikilala sa mas mataas na Kapangyarihan na nagpahintulot sa kanya na umupo sa kanyang marangal na posisyon. Ang tanging pinahahalagahan niya ay ang pagbibigay-kasiyahan sa sarili niyang mga hilig, tulad ni Ahab nang kunin niya nang hindi makatarungan ang ubasan ni Nabot (1 Hari 21). Sa pang-aapi sa mahihirap at

pagkabigong mamuno nang makatarungan, ang gayong prinsipe ay parang mabangis na hayop na pinakawalan sa gitna ng mga tao.

Dahil kulang sa tunay na katalinuhan, hindi niya nakikita na ang katatagan ng kanyang trono ay nakasalalay sa kapakanan ng kanyang mga nasasakupan; kaya namumuno siya nang mabigat ang kamay hanggang sa lumayo sa kanya ang lahat ng puso. Ang gayong asal ay bunga ng kasakiman at ng pagnanasang itaas ang sarili. Ang napopoot sa masamang pagnanasang ito at tumatangging pasakop dito ay tumitiyak sa katatagan ng kanyang sambahayan at nagpapahaba ng kanyang mga araw. Ihambing si Saul at si David. Tingnan din ang mga tala sa Kawikaan 28:12.

28:17

Ang pagkakasala sa sadyang pagpatay o pagtulong sa pagpatay ng isang taong walang-sala ay nagpapabigat sa budhi ng isang kakila-kilabot na pasanin na maaaring magtulak sa isang tao sa pagpapakamatay. Lalo na itong totoo sa Israel. Dahil hindi makasumpong ng kanlungang lunsod, mas pipiliin pa ng nagkasalang mamamatay-tao na mamatay sa sarili niyang kamay kaysa harapin ang tagapaghiganti. Ang taksil na si Judas ay lubos na naglarawan ng kawikaang ito.

28:18

Hindi ang kaligtasan ng kaluluwa ang tinutukoy ng talatang ito. Walang sinumang makapagbubura ng nakaraang kasalanan at maaaring-ganap sa harap ng Diyos sa pamamagitan ng paglakad nang matuwid. Napansin na natin ito sa ating mga puna sa 28:13. Ang talatang ito ay tumutukoy sa praktikal na araw-araw na pamumuhay sa biyaya ng ating kaligtasan. Ang

kumakapit sa Panginoon nang may pagtitika, na lumalakad nang matuwid sa harap Niya, ay maliligtas mula sa maraming pagkabigo at kalungkutan na kailangan sana niyang tiisin kung susundin niya ang sarili niyang mga nasa. Ang tumatanggi sa pagtutuwid ng Salita ng Diyos at nagpapatuloy nang mag-isa sa sarili niyang landas, na lumalakad sa kapalaluan at pagtitiwala sa sarili ng kanyang puso, ay biglang babagsak. Ang kanyang kalikuan ay magbubunga ng di-inaasahang kapahamakan. Kaydaming banal ang nagpatunay nito sa kanilang kalungkutan! Sa kasamaang-palad, mabagal tayong matuto mula sa ipinahayag mismo ng Diyos o mula sa mga pagkabigo ng iba! Sa mga propeta, sina Daniel at Jonas ay namumukod bilang magkasalungat na halimbawa ng dalawang pahayag sa kawikaang ito.

28:19

Tingnan ang mga tala sa 28:7 at 12:11. Sa orihinal na Hebreo, may kapansin-pansing pagkakatulad sa dalawang bahagi ng kawikaang ito. Isinasalin ni Muenscher ang talatang ito nang ganito, "Ang nagbubukid ng kanyang lupa ay *mabubusog* ng tinapay; ngunit ang sumusunod sa mga taong walang kabuluhan ay *mabubusog* ng karalitaan." Ang isa, sa pamamagitan ng kasipagan, ay mapupuno ng kailangan para sa kanyang paglago; ang isa naman, dahil sa kanyang kamangmangan at kapabayaan, ay mapupuno ng kalungkutan at magiging kasing-dukha habang ang kanyang kapitbahay ay mayaman. Hindi pagkakataon ang nagpapaunlad sa isa, habang nabibigo ang isa. Ito lamang ang pagkakaiba ng matiyaga at tapat na pagtupad sa tungkulin at ng pagbibitiw sa pagpipigil sa sarili upang sumunod sa walang kabuluhan. Ang dalawang uring ito ay nasa lahat ng dako sa paligid natin.

Makikita rin sila sa larangang espirituwal. Dalawang binata ang nagpahayag ng pananampalataya kay Cristo. Mula sa araw ng kanyang pagbabalik-loob, ang isa ay maingat na humihiwalay sa sanlibutan sa iba't ibang anyo nito at inilalaan ang kanyang sarili sa tapat na pagbubungkal ng mga bukirin ng Kasulatan. Bilang bunga, lumalago siya sa biyaya at sa kaalaman. Ang kanyang kaluluwa, na pinakain at nabusog ng tinapay, ay may maibabahagi sa mga nangangailangang kaluluwa sa paligid niya. Ang isa naman, na may gayon ding mga pagkakataon, ay nakikipagkompromiso sa sanlibutan, sumusunod sa walang-kabuluhang kasamahan nito, nagpapabaya sa kanyang Biblia, at nagugutom sa espirituwal. Sa huli, lubusan siyang bumabagsak sa kanyang pagkaalagad at hindi kailanman nagiging kapaki-pakinabang para sa Diyos. Isang seryosong tanong kung naligtas ba talaga siya kailanman. Nagtataka ang mga tao sa pagkakaiba ng dalawa; ngunit walang nakalilito para sa tao ng Diyos na napapansin ang kani-kanilang paraan ng pamumuhay. Ang isang taong medyo makasanlibutan ay hindi kailanman nagiging isang Timoteo. Ang tapat at walang-kompromisong binata ang nagiging kapangyarihan para sa Diyos at nabubusog ng mabubuting bagay.

28:20

Ang tapat na tao ay malamang na hindi makapag-ipon ng malaking kayamanan sa sanlibutang ito. Magiging mayaman siya sa kayamanang makalangit at sasagana sa mga pagpapala kahit sa makasanlibutang kahulugan; sapagkat ang kumikilos para sa Diyos ay makaaasa na kikilos ang Diyos para sa kanya. Gayunman, kung ang pagkamit ng kayamanan ang gagawin niyang layunin ng buhay, hindi siya mapapawalang-sala kapag pinapanagot sa kanyang mga paraan at matinik na gawain. Ang

mga mapandayang pakana ay maaaring magmukhang nagtatagumpay sa masipag na pagtitiyaga, ngunit ang huling bunga ang magpapatunay ng halaga ng kasipagan at ng kawalang-kabuluhan ng pandaraya. Ang mabilis na pagyaman ay halos tiyak na katibayan ng kawalang-katarungan sa kung saan. Dapat iwasan ng Cristiano ang gayong landas. Higit na mabuti ang maging medyo mahirap, ngunit mapanatili ang mabuting budhi, kaysa magmadaling yumaman at mawalan ng pakiramdam ng pakikipag-isa sa Diyos. Tingnan ang mensahe ni Isaias sa mga walang-budhing kapitalista ng kanyang panahon. Tila kasindami ang alam nila ng mga maibigin sa salapi ngayon tungkol sa mga kapakinabangan sa kanilang sarili ng pagmomonopolyo ng negosyo (Isaias 5:8-10). Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 23:4; 22:1,16; 27:24; 28:22.

28:21

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 18:5. Hindi tapat at lubos na walang prinsipyo, ang nagpapakita ng pagtatangi sa kanyang paghatol ay tumitingin lamang sa sarili niyang pakinabang. Sisirain niya ang mga layunin ng katarungan para sa pinakamaliit na bagay kung ito ay sa kanyang palagay ay makababuti sa kanya. Ang mga huwad na propetisa ng mga nagkawatak-watak na Israelita ay nagpapakita ng pagkiling sa kanilang mga mensahe para sa "mga piraso ng tinapay" nang utusan si Ezekiel na magpropesiya laban sa kanila (Ezekiel 13:17-19).

28:22

Tingnan ang mga tala sa 20:21 at talata 20 ng kabanatang ito. Ang masamang mata (KJV) ay sakim na mata at nagpapakita ng kalagayan ng puso. Ang sakim na tao, na sabik na yumaman, ay

nakalilimot sa mga tiyak na kapahamakang tiyak na sasapit sa kanya sa matuwid na pamamahala ng Diyos. Pagbulay-bulayan ang Mikas 6:12 at Mateo 19:23-24.

28:23

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 19:25; 20:19; 26:28; 27:6. Sa sandaling iyon, maaaring mabigyang-lugod ng mambobola ang pinupuri niya; ngunit ang tapat na sumasaway sa gumagawa ng mali ay higit na pahahalagahan kapag nagkaroon na ng panahong magnilay. Walang kabutihang nagagawa sa isang tao kapag pinagtatakpan ang kanyang mga pagkukulang, at pinapanatag siya sa kanyang kasalanan. Ang lumalapit sa gumagawa ng mali, nang may kaamuan at sa pagkatakot sa Panginoon, na nagnanais na pag-isipan niya ang kanyang di-banal na mga lakad, ay maaaring pumukaw ng galit at pagkayamot sa simula; ngunit ang panahon at ang budhi ay nasa kanyang panig. Ang huling bunga ay higit siyang pahahalagahan kaysa sa mambobola. Nakasulat si Pedro tungkol sa "ating minamahal na kapatid na si Pablo" matapos ang masusing pagsubok na dinanas niya sa Antioquia (2 Pedro 3:15).

28:24

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 19:13, 26. Ang kawikaang ito ay tungkol sa kabataang, sa pakiramdam na may karapatan siya sa mga pag-aari ng kanyang mga magulang, ay gumagastos ng lahat para sa sarili. Wala siyang pakiramdam ng pananagutan sa kanilang kapakanan at kapag tinatanong tungkol sa kanyang tungkulin, buong-tapang niyang ipinahahayag na wala siyang kasalanan. Ang kabataang ito ay kumikilos na parang isang kriminal na sumisira sa pag-aari ng iba. Ang mga Fariseo, sa

kabila ng lahat ng kanilang pagkarelihiyoso, ay lumalabag sa titik at diwa ng salitang ito sa pamamagitan ng kanilang batas ng Corban (Marcos 7:11).

28:25-26

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 13:10 at 18:12. Ang palalong tao ay madaling pumupukaw ng alitan. Mapagmataas at nagtitiwala sa sarili, buong-tapang niyang kinakalaban ang mga taong mas mapagkakatiwalaan, at hindi sila pinagpapahinga hanggang sa masunod ang gusto niya. Hindi niya kailanman natutuhan ang aral ng walang pagtitiwala sa laman. Sa pamamagitan ng kanyang matigas na espiritu at kaduda-dudang asal, nagdudulot siya ng di-mailarawang pinsala sa gitna ng bayan ng Diyos. Malinaw siyang kabaligtaran ng isang natuto kay Jesus, na maamo at mapagpakumbaba ang puso. Ang taong may espirituwal na pag-iisip ay mapagkakatiwalaan sa kasaganaan at ipinakikita sa kanyang buhay ang katotohanang nakalaan siya sa Panginoon. Ang Diyos lamang ang nakakakilala sa puso ng tao at gumaganti "sa tao ayon sa kanyang mga gawa" (Jeremias 17:9-10, NIV). Ang taong lumalakad nang may kababaang-loob ay lalakad nang may karunungan at maliligtas mula sa maraming bitag. Tingnan ang pagtingin ng Panginoon sa puso gaya ng inilalarawan sa Juan 2:23,25.

28:27

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 14:21; 21:13; at talata 8 sa itaas. Isa sa mga katibayan ng pakikialam ng Diyos sa mga gawain ng tao ay na ang nahahabag sa nangangailangan ay hindi kailanman nalulugi sa paggawa nito. Ngunit ang tumatangging pansinin ang kanilang malungkot na kalagayan

at nag-iimbak ng lahat ng kanyang pag-aari para sa sarili ay nakasusumpong ng dalamhati at hapis sa huli. Ginagawa ng Diyos ang Kanyang sarili na mananagot na bayaran nang may tubo ang lahat ng ibinibigay sa mahihirap. Iniwan sila sa sanlibutang ito upang subukin ang mga puso ng mga nasa mas mapalad na kalagayan. May pagpapala sa mapagkawanggawa; may sumpa sa taong walang puso para sa mahihirap at iniisip lamang ang sarili niyang kasiyahan habang hinahayaang magdusa ang iba. Tingnan ang mayamang batang pinuno (Lucas 18:18-27). Ihambing sa 11:25.

28:28

Tingnan ang 28:12. Kapag ang masasamang tao ang nasa kapangyarihan, walang ligtas, at ang mga taong mapayapa at tahimik ay nagtatago, na natatakot na mapansin sa publiko. Ngunit kapag ibinagsak ang mga liko, ang mga matuwid ay kitang-kitang dumarami sa lahat ng dako, na may pagtitiwala sa kaligtasan ng kanilang mga sambahayan at ari-arian. Tingnan ang kalagayan ng mga Israelita sa mga araw ng pananakop ng mga Filisteo, at ang nagbagong kalagayan nila nang ibagsak ni Jonatan ang kanilang masasamang mang-aapi (1 Samuel 13:6; 14:22).

Kawikaan 29

Hindi na mababawi at dumudurog na kahatulan ang magiging gantimpala ng taong humahamak sa matalinong payo at nagpapatuloy sa kanyang kasalanan hanggang sa maubos ang pagtitiis ng Panginoon.

29:1

Ang pagpapatigas ng leeg ay isang larawang hango sa paraan ng pag-iwas at paglayo ng isang matigas na toro sa pamatok. Angkop na inilalarawan ng halimbawang ito ang mga taong matigas ang ulo na paulit-ulit na tumatangging makinig sa saway. Matigas nilang itinatakda ang kanilang kalooban laban sa makabubuti sana sa kanila, kaya't tinitiyak nila ang sarili nilang pagkawasak.

Ang Diyos ay mapagbiyaya at matiyaga, mabagal magalit, at hindi kusang nagpapahirap, ni nagpapalungkot sa mga anak ng tao. Gayunman, kahit ang Kanyang pagtitiis sa mga hindi nagsisisi ay magwawakas balang araw. Makikiusap Siya, at magsisikap, at magbababala hanggang sa maging malinaw na ang puso ay lubos nang nakatakda sa pagsunod sa sarili nitong gusto. Pagkatapos ay iiwan Niya ang matigas na kaluluwa sa kapahamakan nito, at ibibigay ito sa biglaang pagkawasak. Maraming halimbawa nito sa Kasulatan, gaya nina Kora, Datan, Abiram, Belsasar, at Jezebel.

29:2

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 28:12,28. Gaano man mas gusto ng bawat tao ang kasalanan kaysa sa kabanalan, bilang isang bayan ay nagagalak sila kapag ang matuwid ang may kapangyarihan at nagdadalamhati kapag masasamang tao ang

namumuno. Kahit ang pinakamasasamang tao ay nasisiyahan sa kaginhawahan at pag-iingat sa kanilang sarili at kanilang ari-arian kapag umuunlad ang matuwid. Ang di-mananampalataya na napopoot sa Cristianismo at ginagawa itong tudlaan ng kanyang murang pangungutya ay mas pinipili pa ring manirahan sa isang lupaing karaniwang pinanghahawakan ang mga turo ng Biblia at iginagalang ang pananampalatayang Cristiano. Kung gaano kalaki ang pagkontrol ng mga simulain ng Bagong Tipan sa isip ng mga taong namamahala sa pamahalaang sibil, gayon kalaki ang pananaig ng kapayapaan at kasaganaan; walang nakaaalam nito nang higit kaysa sa mga hayagang nag-aalinlangan. Gayon din ang totoo sa Israel tungkol sa Kautusan at sa mga Propeta. Ang paghahari ng isang Josias o isang Hezekias ay higit na kanais-nais kaysa sa paghahari ng isang Ahab o isang Manases.

29:3

Tingnan ang tala sa Kawikaan 28:7. Ang maluwag na pamumuhay ay isang bitag na lalo nang nakalantad sa mga binata. Ang matalino ay iiwas dito na parang isang ulupong na handang tumuklaw. Sisirain ng imoralidad ang katawan at kaluluwa. Ang mga kakila-kilabot na bunga nito ay hindi mailarawan. "Tumakas ka rin sa mga pita ng kabataan" (2 Timoteo 2:22) ay isang napakapakinabang na babala. Tingnan ang 1 Corinto 6:15-20.

29:4

Nang awitin ni David na "Ang namumuno sa mga tao ay dapat maging matuwid, na namumuno sa pagkatakot sa Diyos," kinailangan niyang aminin na "hindi gayon ang aking sambahayan" (2 Samuel 23:3, 5). Si Cristo ang nakikita bilang

ang Hari na balang araw ay magtatatag ng lupain sa pamamagitan ng kahatulan. Isang setro ng katuwiran ang magiging setro ng Kanyang kaharian. Samantala, pribilehiyo ng bawat hari sa lupa na sikaping maging angkop na larawan ng pinahirang Pinuno ng Diyos. Ang tumatanggap ng mga regalo o suhol ay hindi isang maka-Diyos na huwaran. Ang kanyang masamang halimbawa ay nagbubunga ng pagkabulok ng buong pamahalaan. Tingnan ito sa mga anak ni Samuel (1 Samuel 8:3).

29:5

Ang tunay na papuri, ang tapat na pagkilala sa kabutihan ng iba, ay tama at nararapat sa lugar nito. Maaari itong maging paraan ng pagpapasigla at pagpapalakas ng loob ng isang karapat-dapat na tao, na marahil ay nanlulumo. Ngunit ang pambobola—ang pagsasabi ng hindi tunay na nasa puso upang iligaw o upang makuha ang pabor—ay isang lambat at bitag para sa mga paa ng nakikinig. Ang mga di-tapat na papuri ang pinakamapanganib. Ang mapagpakumbabang tao ay tatalikod nang may takot sa sinumang lumalapit sa kanya sa ganitong paraan. Ang puso ay masyado nang hilig mag-isip ng mabuti tungkol sa sarili kahit hindi pa nakikinig sa mga salitang bumubola na nagpapaningas lamang ng apoy ng kapalaluan. Ang kapahamakan ni Absalom ay dapat tumunog bilang isang mabigat na babala sa ating mga tainga! Walang gaanong pinuri gaya niya, at kakaunti ang mga prinsipeng nabigo nang mas kakila-kilabot (2 Samuel 14:25). Tingnan din ang mga tala sa Kawikaan 28:23 at ang mga kaugnay na talata.

29:6-7

Ang masamang tao ay ibinabagsak ng sarili niyang mga pagsalangsang. Ang mismong mga kasalanang kinalugdan niya

ang nagiging dahilan ng kanyang pagkawasak. Habang ang matuwid ay sumisigaw at umaawit sa kagalakan, ang masama ay tinutuhog ng maraming kalungkutan. Ang huli ay nabubuhay para lamang sa sarili at hindi iniisip ang daing ng nangangailangan. Ang una, dahil kinikilala ang sarili niyang pagkakautang sa biyaya ng Diyos na umaalalay at nag-iingat, ay mabilis na nagpapakita ng habag sa mga dukhang humihingi ng tulong. Sa kanyang kabutihang-loob, nagiging tagatulad siya ni Cristo na laging "naglilibot na gumagawa ng mabuti" (Mga Gawa 10:38). Ihambing ang espiritu nina Pedro at Juan sa espiritu ng mga walang-prinsipyong Fariseo (Mga Gawa 3:1-8; Mateo 23:23-28).

29:8

Ang unang bahagi ng kawikaan sa talatang ito ay isinalin ni J. N. Darby nang ganito, "Ang mga taong manunuya ay nagpapaningas sa lunsod." Kapag may dumarating na krisis at nagagalit ang mga tao, ang pinunong humaharap sa kanila nang may malamig na pang-uuyam o masakit na pangungutya ay nagdaragdag lamang sa kanilang galit at nagpapaningas sa kanilang damdamin nang higit kaysa dati. Ang sagot ni Rehoboam sa mga tao ng Israel ay halimbawa nito (1 Hari 12:13-14). Kung sinunod niya ang payo ng matatandang pantas, napayapa sana niya ang mga tao at naiwasan ang kanilang galit.

29:9

Walang saysay ang pagsisikap na kumbinsihin ang mangmang sa kanyang mga pagkakamali. Palalo siya sa puso at hinahangaan ang sarili at ang kanyang mga opinyon nang higit sa lahat. Ang pakikipagtalo sa kanya ay hindi magbubunga ng mabuti. Maging mainit man siya at magalit o tila sa sandaling

iyon ay masaya niyang tinatanggap ang payo, iisa rin ang kalalabasan: walang magiging masayang kalutasan sapagkat tatanggi ang mangmang na tumanggap ng pagtutuwid. Ang pakikipagtalo ni Nehemias sa minsa'y magiliw ngunit kadalasan ay hayagang galit na si Sanbalat ay mahusay na naglalarawan ng ibig sabihin ng kawikaang ito (Nehemias 2:10,19; 4:1-10; 6:1-9).

29:10

Dahil sa pagkakaiba ng kanilang mga buhay, napopoot ang mga taong uhaw sa dugo sa mga matuwid. Makikita ito kay "Cain, na sa masama, at pinatay ang kanyang kapatid... sapagkat ang kanyang mga gawa ay masama, at ang sa kanyang kapatid ay matuwid" (1 Juan 3:12). Ang kabanalan at pagka-maka-Diyos ay laging pumupukaw ng poot ng masasamang tao na nakakakita ng paghatol sa sarili nilang masasamang lakad sa kung ano ang tama at mabuti.

Ang matuwid naman ay nagagalak na maging tagapag-ingat ng kanyang kapatid—na nagsisikap pangalagaan ang kanyang buhay at kalingain ang kanyang kaluluwa. Ang pagmamalasakit na ito sa pagpapala ng iba ay isa sa mga una at pinakamatibay na katibayan na ang isang tao ay ipinanganak ng Diyos.

29:11

Ang isip at espiritu ay ginagamit na magkasingkahulugan para sa luklukan ng katalinuhan. Madaling ibinubuhos ng mangmang ang lahat ng alam niya, anuman ang maging epekto nito sa mabuti o masama. Ang matalinong tao ay maingat na nagbabantay sa kanyang dila, dahil alam niyang hindi nararapat ang padalus-dalos na pananalita. Hindi sa mas tapat at bukas ang mangmang kaysa sa matalino; ngunit ang pagiging

prangka lamang, nang hindi iniisip ang sinasabi, ay hindi dapat purihin. Ang pagkamabilis magsalita na ito ang katangian ng salot ng lipunan, ang tsismoso at ang mapagkalat ng kuwento.

Sa daan patungong Emaus, ang ating Panginoon mismo, na nakaaalam ng lahat ng bagay, ay hindi agad ibinunyag ang Kanyang buong kaalaman sa mabibigat na pangyayaring Siya ang naging sentro. Tinanong Niya ang mga alagad, "Anong mga bagay?" nang ipahayag nila ang kanilang pagtataka sa tila kawalang-alam Niya. Nais Niyang subukin ang kanilang mga puso; at ang lahat ay para sa kanilang pagpapala, gaya ng napatunayan pagkatapos (Lucas 24:13-32). Si Jose, sa kanyang pakikitungo sa kanyang mga kapatid, ay nagpanatili ng gayon ding pagpipigil hanggang sa dumating ang sandali na ang pagbubunyag na, "Ako si Jose!" ay nagkaroon ng buong bisa (Genesis 42-45).

29:12

Sa apokripal na aklat na Ecclesiasticus, may isang bahagi na tila nagpapaliwanag sa kawikaang ito. "Kung ano ang hukom ng bayan, gayon ang kanyang mga opisyal; at kung anong uri ng tao ang pinuno ng lunsod, gayon ang lahat ng naninirahan doon." Ang isang tiwaling pinuno ay papaligiran ang kanyang sarili ng mga tiwaling tao, at ang kanyang sariling masamang halimbawa ay may malakas na impluwensya sa paghubog ng pagkatao ng mga nasa paligid niya. Kaya't mahalagang ang mga nasa tungkulin ng kapangyarihan ay may katapatan at pagkamatuwid. Isang malungkot na panahon sa kasaysayan ng Juda nang ang kanilang mga pastol, o mga pinuno, ang naging halimbawa nila sa pagsuway sa Diyos (Jeremias 2:8; 10:21).

29:13-14

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 22:2. Nakalulungkot na may mga umaapi sa nangangailangan; kapwa sila lubos na umaasa sa iisang Tagapagbigay-pala na "nagpapasikat ng kanyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga matuwid at sa mga hindi matuwid" (Mateo 5:45). Ang Kanyang mata ay nasa lahat ng Kanyang mga gawa, at pinapansin Niya ang pangangailangan gayundin ang asal ng lahat ng Kanyang nilalang. Ginagawa Niyang kapwa kumikinang sa buhay at katalinuhan ang mga mata ng mahihirap at ng mga nagpapanginoon sa kanila.

Ang tapat na hari ay magiging maalalahanin sa mahihina at hahatol nang makatarungan sa mahihirap, kaya't itinutulad niya ang kanyang mga kilos sa Kataas-taasan na namamahala sa lahat sa katuwiran. Kaya ang kanyang trono ay matatatag sa kapayapaan. Ang *salitang magpakailanman* (KJV) ay madalas gamitin sa matatawag na limitadong kahulugan, gaya ng sa batas kapag sinasabi nating inililipat ang ari-arian "sa kanya at sa kanyang mga tagapagmana magpakailanman," ibig sabihin, nang walang hanggan. Tingnan ang sinasabi tungkol sa trono ni Solomon, isang larawan ng paghahari ni Cristo (Awit 89:19-29).

29:15

Tingnan ang mga tala sa Kawikaan 19:18 at 23:13-14. Ang batang walang disiplina ay magdadala ng kahihiyan sa kanyang ina at kapahamakan sa kanyang sarili. Ang pagtangging disiplinahin siya dahil sa personal na pag-ayaw na magdulot ng pansamantalang sakit ay nagpapakita ng poot sa halip na pag-ibig. Ang pagtutuwid at saway, kapag wastong ginagamit, ay para sa ikabubuti ng bata at nagbubukas ng kanyang puso sa

karunungan. Magpababala nawa ang labis na mapagpalayaw na magulang sa sinapit ni Adonias. May mabuting dahilan kung bakit itinala ng Diyos ang malungkot na katotohanang "hindi siya kailanman sinaway ng kanyang ama sa pagsasabing, Bakit mo ginawa iyon?" Hindi kataka-takang naging rebelde si Adonias! (1 Hari 1; 2:13-25).

29:16

Tingnan ang talata 2 ng kabanatang ito at ang mga kaugnay na talata. Isang simulain sa moral na pamamahala ng Diyos na bagaman ang masasama ay tila nananaig sa matuwid, tiyak silang uurong at ang katuwiran ang maghahari sa huli. Kapag ang masasama ang nasa kapangyarihan, lumalago ang kawalang-batas at dinudurog ang pagkamatuwid; ngunit ito ay maaari lamang sa isang panahon. "Ang pagtatagumpay ng masama ay maikli, at ang kagalakan ng mapagpaimbabaw ay sandali lamang," gaya ng wastong napansin ni Zofar, bagaman mali siya sa paglalapat nito kay Job nang hinahanap niya ang sanhi ng pagdurusa nito (Job 20:5).

Sa buong nakaraan at kasalukuyang mga dispensasyon, sa malaking bahagi ay ang masasama ang nasa kapangyarihan. Kung minsan ay pinahintulutan sila ng Diyos na subukin nang lubha ang pagtitiis ng matuwid. Ngunit malapit na ang kanilang pagbagsak, kapag kinuha na ng Hari ng Diyos ang Kanyang nararapat na kapangyarihan at maghari, at darating ang kaharian ng sanlibutan ng ating Diyos at ng Kanyang Cristo. Pagkatapos ay ang matuwid ay "magkakaroon ng kapangyarihan sa umaga"—isang umagang walang ulap, kapag ang katuwiran at ang kaalaman tungkol sa Panginoon ay tatakip sa lupa gaya ng tubig na tumatakip sa dagat (Isaias 11:9; Habakuk 2:14).

29:17

Tingnan ang talata 15 ng kabanatang ito. Kaylaking karunungan ang kailangan ng magulang upang maisagawa nang wasto ang pagtutuwid at mapalaki ang kanyang sambahayan sa pagkatakot sa Diyos! Marahil walang higit na nagpapadama sa isang tao ng sarili niyang mga pagkabigo at pagkukulang kaysa makita ang mga ito na nauulit sa kanyang mga anak; at walang higit, samakatuwid, na nagpapadama sa isang tao ng pangangailangan ng biyaya at karunungan ng Diyos sa pakikitungo sa kanilang mga anak. Ngunit tiyak ang Salita ng Diyos. Gumamit nawa ang ama at ina ng matatag ngunit mabait na disiplina, at ipinangako ng Diyos na ang kanilang mga pagsisikap ay magbubunga ng mabuti. Ang anak na itinuwid ay magbibigay ng kapahingahan sa puso at kaluguran sa kaluluwa. Nakita ito kay Isaac, na ang kaibig-ibig na pagsunod ay hindi umurong kahit nangahulugan itong hayaan ang sarili na igapos sa dambana. At kapansin-pansin na nakita na ng Diyos kay Abraham ang kakayahang pamahalaan ang kanyang sambahayan bago siya ginawang tagatanggap ng mga pangako (Genesis 18:19).

29:18

Sa salitang *pangitain* (KJV) ang ibig sabihin ay espirituwal na pagliliwanag at pang-unawa sa mga bagay ng Diyos. Lilinaw ito kapag tiningnan ang 1 Samuel 3:1: "Ang salita ng Panginoon ay mahalaga nang mga araw na iyon; walang hayag na pangitain." Upang tugunan ang pangangailangang makipag-usap sa Kanyang bayan, ibinangon ng Diyos si Samuel, na angkop na tinawag na "ang Tagakita"—ang taong may bukas na mga mata —gaya ng paglalarawan ni Balaam sa kanyang sarili.

Mahalagang taglayin ng bayan ng Diyos sa lahat ng panahon ang hayag na pangitaing ito. "Mano nawa'y ang lahat ng bayan ng Panginoon ay maging mga propeta," (Bilang 11:29) na naliliwanagan ang mga mata ng kanilang puso upang malinaw nilang makilala kung ano ang sa Diyos at kung ano ang salungat sa Kanyang pag-iisip. Si apostol Pablo, sa pagsulat sa mga makalamang taga-Corinto, ay humimok sa kanilang masikap na hanapin ang pinakamabubuting kaloob, "lalo na ang kaloob ng propesiya" (1 Corinto 14:1, NIV). Ang propeta ay isang pumapasok sa kaalaman tungkol sa Panginoon at nagpapalaganap nito nang may kasariwaan at kapangyarihan, na tumutugon sa tunay na pangangailangan ng panahon. Hindi niya kailangang humula ng mga mangyayari sa hinaharap, kundi ipinahahayag niya ang mensaheng umaabot sa budhi at pumupukaw sa damdamin.

Kapag kulang ang ganitong uri ng ministeryo sa bayan ng Diyos at sa mga kapulungan ng Kanyang mga banal, hindi nagtatagal ay nagiging walang-batas sila. Sa pagpapalit ng likas na sigla sa lakas ng Espiritu, binubuksan nila ang pinto sa kung ano ang makalamang kaalaman lamang.

Ngunit hindi natin dapat kalimutan ang ikalawang bahagi ng kawikaan. Kahit bihirang makilala ang ministeryong nagpapatibay, kung saan ang Salita ng Diyos ang kumokontrol sa ministeryo ay magkakaroon ng pagpapala. Ang sumusunod sa Salita ng Diyos ay magiging maligaya sa gitna ng umiiral na kaguluhan, na nagtatamasa ng pakikipag-isa sa Kanya. Nang iwan ni Pablo ang matatanda ng Efeso sa Mileto, hindi niya sila ipinagkatiwala sa mga may-kaloob na ministro, dahil sa malapit nang lumitaw ang masasamang guro. Sa halip, ipinagkatiwala niya sila sa Diyos at sa Salita ng Kanyang biyaya, na may

kakayahang magpatibay sa kanila. Ang Salitang ito ay nananatili ngayon at nananatili upang aliwin at patnubayan ang mga banal sa lahat ng kalagayan. Ngunit kailangan ang naliwanagang mata upang makilala ang ipinahayag doon. Ang kakulangan ng pangitain ay makikita sa malamig, tuyo, teolohiko, o pilosopikong pagtalakay sa Kasulatan, na para bang inihaharap upang gamitin ang isip, sa halip na ang puso at ang budhi. Ang panalangin ni Pablo para sa mga taga-Efeso ay angkop para sa lahat ng Cristiano habang nasa sanlibutang ito ng pagsubok at pagsusulit (Efeso 1:15-23).

29:19

Ang Septuagint ay mababasang, "isang matigas na alipin," na tila naghahatid ng tamang diwa. Ang pagtutuwid sa pamamagitan ng salita lamang ay walang gaanong magagawa sa gayong taong walang prinsipyo at sumusunod sa sariling kalooban. Kaya't kakailanganin ang mahigpit na disiplina upang magbigay siya ng nararapat na paglilingkod, na ipinahihiwatig ng pariralang "hindi siya sasagot" (KJV). HINDI ba ito totoo sa atin na ginawang mga lingkod ng ating Panginoong Jesu-Cristo? Hindi ba madalas tayong nabigong makinig sa Kanyang Salita, tumatanggi sa pagtutuwid nito, kaya't kinailangan nating malaman ang mga sakit ng pagpaparusa? Ang pagsunod ay isang aral na mabagal matutuhan. Karamihan sa atin ay humigit-kumulang nakatulad kay Jonas, na naging masunurin lamang matapos ang matinding dalamhati at kaguluhan.

29:20

Sa 26:12, ang pahayag na ito ay sinasabi tungkol sa isang taong matalino sa sarili niyang paningin. Ang dalawang katangian ay malamang na matagpuan sa iisang tao. Ang punô ng

pagmamagaling ay lubhang madaling maging padalus-dalos sa kanyang mga salita. Tungkol sa Diyos ay sinasabing, Siya ay "hindi babawi ng kanyang mga salita" (Isaias 31:2); hindi Niya kailangang gawin ito, sapagkat "ang mga salita ng Panginoon ay mga dalisay na salita: gaya ng pilak na sinubok sa hurno sa lupa, na dinalisay nang makapito" (Awit 12:6). Ngunit ang taong nagtitiwala sa sarili ay patuloy na nagsasalita ng mga salitang kailangan niyang bawiin dahil sa kanyang walang-ingat na pagkainip at madaling pagmamalabis. Kakaunti ang pag-asang mabago ang gayong tao, maliban kung may tunay na paghatol sa sarili at pagsisisi. Ang mabigat na kasalanang ito ay madalas na itinuturing na isang kahinaan lamang kung saan ang taong gumagawa ng kasalanan ay dapat kaawaan sa halip na sisihin. Ang padalus-dalos na pananalita ay katibayan ng isang masuwaying espiritu. Katangian ito ni Haring Saul at minsan ay naging sanhi sana ng kamatayan ni Jonatan kung hindi namagitan ang mga tao at iniligtas siya (1 Samuel 14). Si Jefte rin ay isang mabigat na babala tungkol sa padalus-dalos na pananalita (Mga Hukom 11).

29:21

Sa isang tala, sinasabi ni J. N. Darby na ang "anak" ay literal na, "anak ng sambahayan." Ipinaliliwanag niya ito bilang nangangahulugang minamana ng alipin ang mga ari-arian ng kanyang panginoon. Ito ang nagpasakit kay Abraham; sapagkat, gaano man niya pinahalagahan ang paglilingkod ni Eliezer ng Damasco, hindi niya matiis ang isiping isang alipin ang magmamana sa lugar ng isang anak. Ang mga lingkod ng Diyos ay Kanyang mga anak kaya't magiging Kanyang mga tagapagmana at kasamang tagapagmana ng Panginoong Jesu-Cristo sa kaluwalhatian.

29:22

Tingnan ang tala sa Kawikaan 28:25. Ang taong hindi mapigil ang galit ay pumupukaw ng walang-tigil na alitan at pinakamabuting iwasan. Ang kanyang poot ay maaari lamang magmula sa isang hindi napipigil na masamang kalikasan, kaya't palagi niyang nilalabag ang lahat ng batas, ng tao man o ng Diyos. Walang sinumang makalalakad sa pakikipag-isa sa Panginoong Jesu-Cristo at magpapakita ng isang mapoot at mainit na espiritu. Hindi magkasama ang dalawang bagay na ito. Tingnan ang nakatatandang anak sa talinghaga, na ang di-makatuwirang galit ang tanging sumisirang nota sa kasayahang dulot ng pagbabalik ng kanyang kapatid (Lucas 15:28).

29:23

Ang kapalaluan ay nauuna sa pagkawasak. Tiyak itong tanda ng darating na kahatulan. Ngunit ang may maamo at mapagpakumbabang espiritu ay magtatamo ng karangalan. Kahit hindi niya ito hinahanap, ipagkakaloob ito sa kanya; samantalang ang sadyang naghahanap ng sarili niyang kaluwalhatian ay kaawa-awang mabibigo na makuha ang kanyang ninanais. Ihambing si Haman at si Mardokeo sa buong lubhang kawili-wiling aklat ni Esther.

29:24

Ang pakikihati sa nakaw na pag-aari ng isang magnanakaw ay paggawa sa sarili na kabahagi sa kanyang masasamang gawa at pagpapabagsak sa sariling ulo ng gayon ding hatol. Ang gawaing ito ay laban sa sariling ikabubuti ng isang tao, kahit tingnan mula sa makasanlibutang pananaw. Kapag pinanumpa, natatakot siyang magpatotoo ng buong katotohanan, kaya't inilalagay niya ang kanyang sarili sa ilalim ng kahatulan dahil sa

pagtulong at pagtatago ng isang pagnanakaw. Tingnan ang Levitico 5:1.

Tunay na mabigat na bagay ang makisali sa mga kasalanan ng ibang tao. Binabalaan ng Espiritu Santo ang mananampalataya laban dito, na ipinakikitang ang pakikisama sa kasamaan, o ang pagtanggap dito, ay tiyak na nagpaparumi sa taong kumikilos nang ganito. Tingnan ang 2 Juan 10-11; at 1 Timoteo 5:22. Ito ay isang simulaing madalas kalimutan sa ating panahon, ngunit may napakahalagang kabuluhan para sa lahat ng nagnanais mapanatili ang kabanalan ng bahay ng Diyos sa lupa.

29:25

Sa ika-14 na talata ng naunang kabanata ay sinabi sa atin, "mapalad ang taong laging natatakot." Gayunman, sa talatang ito ay natututuhan natin na may takot na dapat iwasan bilang mapanganib at bumibitag sa kaluluwa. Ang pagkatakot sa Diyos ang pinakakaakit-akit sa isang banal. Ang takot sa tao ay sumisira sa kanyang espirituwal na buhay at patotoo. Kaydaming tao ang nawasak ng takot na ito!

Ang kaligtasan at katiwasayan ang gantimpala ng taong nagtitiwala sa Panginoon lamang. Ang natatakot sa Diyos ay hindi matatakot sa tao. Ang natatakot sa tao ay hindi natatakot sa Diyos gaya ng nararapat. Tingnan si Pablo sa Galacia 1:10; at ihambing ang Lucas 12:4-5, at Juan 12:43.

29:26

Ang kawikaang ito ay nagdaragdag sa ipinansin sa atin ng naunang talata. Ang mga naghahanap ng pabor ng pinuno ay ang mga natatakot sa tao at kailangang matutuhan sa pamamagitan ng malungkot na karanasan ang kawalang-saysay ng pagtitiwala sa mga prinsipe.

Ang paghatol ng Panginoon ay laging matuwid. Nang sumigaw si Wolsey, "Kung pinaglingkuran ko lamang ang aking Diyos nang kasintapat ng paglilingkod ko sa aking hari, hindi sana Niya ako itinakwil sa aking katandaan," nagsabi siya ng isang dakilang katotohanan.

Bagaman ang tao ng Diyos ay magiging masunurin sa mga pinuno, hindi siya kailanman mangungunyapit sa kanila. Nakikita niya sa mga pinuno sa lupa ang mga kinatawan at lingkod ng Kataas-taasan, na siyang kataas-taasang Pinuno sa mga kaharian ng tao. Si Elias ay isang napakagandang halimbawa ng tao ng Diyos, nang harapin niya ang di-maka-Diyos na si Ahab, gaya ng isinalaysay sa 1 Hari 18.

29:27

Ang dalawang pamilya ng mga taong inilalarawan sa kawikaang ito ay magkalaban magpakailanman. Kinasusuklaman ng matuwid ang iniibig ng masama at gayon din naman ang kabaligtaran. Gayon na ito mula pa nang makipagtalo si Cain kay Abel at patayin siya. Magiging gayon ito hanggang sa itapon sa dagat-dagatang apoy ang diyablo at lahat ng sumusunod sa kanyang utos. Walang maaaring maging tigil-putukan o kasunduan ng kapayapaan sa pagitan ng mga hukbo ng mabuti at masama. Kailangang ipaglaban ang walang-tigil na digmaan hanggang sa ang katuwiran ay manahan nang walang gumagambala sa mga bagong langit at sa bagong lupa, at ang Diyos ang maging lahat sa lahat sa sansinukob ng kaligayahan.

Hanggang doon, huwag nawang umurong sa labanan ang mga nakakakilala sa kanilang Diyos. Hawak ang tabak ng Espiritu, nababalot ng baluti ng Diyos, dapat silang humayo nang buong

tapang upang salubungin ang kaaway. Kailangan silang umasa sa lakas ng Isa na nagsasabing, "Ang lahat ng kapangyarihan ay ibinigay sa akin sa langit at sa lupa... At, narito, ako ay sumasainyo palagi, hanggang sa katapusan ng sanlibutan" (Mateo 28:18-20).

Ang kabanatang ito ang nagtatapos sa kalipunan ng mga kawikaang kinopya, o tinipon, ng mga tao ni Hezekias at nagmamarka ng wakas ng mga kasabihang malinaw na iniuugnay kay Solomon. Ang susunod na dalawang kabanata, na nagtatapos sa aklat, ay iniuukol kay Agur na anak ni Jakeh, at kay Haring Lemuel. Ang huli, sa palagay ko, ay isang sagisag-pangalan ng matalinong haring Solomon; ngunit si Agur, gaya ng makikita natin, ay maliwanag na ibang tao.

Ang tanong tungkol sa inspirasyon ay hindi pinagtatalunan, sinuman ang mga taong ito, sa napakasimpleng dahilan na noong panahon ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang aklat ng Mga Kawikaan ay binubuo na ng iba't ibang bahaging nakapaloob dito ngayon. nang sabihin Niya, "ang Kasulatan ay hindi masisira," tiyak na kasama Niya ang bawat bahagi ng Mga Kawikaan.

Kung si Solomon mismo, o isang mas huling patnugot, ang nagtipon ng mga ito sa iisang aklat, wala tayong paraan upang malaman. Bagaman alam nating ang Kawikaan 25-29 ay hindi kailanman naging bahagi ng aklat hanggang sa paghahari ng dakilang repormador na si Hezekias.

Kawikaan 30

Ngayon ay pag-aaralan natin ang mga salita ni Agur, isang matalinong tao na ramdam na ramdam ang kanyang kamangmangan, gaya ng kadalasang nangyayari sa mga tunay na naliwanagan. Sa unang talata ay malalaman natin kung kanino siya nagmula.

30:1

Ang unang dalawang pangalan sa bahaging ito (Agur at Jakeh) ay isinalin ng ilan bilang mga karaniwang pangngalan; kung gayon, mauunawaan natin ang talata na nagsasabing, "Ang mga salita ng isang tagapagtipon, na anak ng [isang] banal." Maaaring ipahiwatig nito na ang nilalaman ng Kawikaan 30 ay tinipon ng isang patnugot mula sa iba't ibang pinagmulan upang maingatan para sa ating pagtuturo. Gayunman, malinaw na hindi ganoon ang pagkaunawa ng mga tagapagsalin ng mga Bibliyang ginagamit ngayon, ni ng mga eskribang Masoretiko. Sa mga saling Chaldeo at Syriac ay makikita ang mga salitang may malaking titik gaya ng nasa teksto ng King James version.

Si Propesor Stuart, isang dalubhasa sa Hebreo, sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga tuldok ng patinig, ay isinalin ang buong talata nang ganito: "Ang mga salita ni Agur, na anak ng babaing sinunod sa Massa. Ganito ang sinabi ng lalaki: Nagpagal ako para sa Diyos, nagpagal ako para sa Diyos, at tumigil na."

Inakala ng ilang komentarista na si *Agur* ay kumakatawan kay Solomon at si *Jakeh* kay David; ngunit ang pinakatuwirang paliwanag ay ito: si Agur ay isang taong kinasihan ng Diyos na wala tayong ibang tala sa Kasulatan. Ang pangalan ng kanyang

ama ay hindi nagbibigay ng anumang palatandaan tungkol sa kanyang pamilya o lipi sa Israel. Si *Ithiel*, na ang kahulugan ay "Kasama ko ang Diyos," at si *Ucal*, na "may kakayahan," ay tila mga kasama niya, o marahil mga taong tumanggap ng turo mula sa kanya.

30:2-3

Sinimulan ni Agur ang kanyang mensahe sa pagpapahayag ng sarili niyang kamangmangan kung wala ang liwanag mula sa Diyos—ang "pangitain" na iyon sa 29:18 na nagbibigay-kakayahan sa isang tao na maging guro ng mga banal na bagay. Alam na alam niya ang kanyang mga limitasyon at kakulangan sa pang-unawa sa mga seryosong bagay na pinagmamalasakitan niya. Inihambing siya kay Amos, na hindi propeta ni anak ng propeta. Gayunman, binigyang-liwanag ng Panginoon si Amos habang abala siya sa kanyang karaniwang hanapbuhay at ibinigay sa kanya ang kaloob na nagbigay-kakayahan sa kanya na sumaway sa mga hari. Si Agur ay isang simple at payak na tao, kaunti ang likas na kakayahan, marahil nga ay mababa pa sa karaniwan sa talino ng tao. Gayunman ay binuksan ng Panginoon ang kanyang pang-unawa, at ipinahayag sa kanya ang mga dakila at mahahalagang bagay; at binigyan Niya siya ng karunungan upang ibahagi ang mga katotohanang ito, hindi lamang kina Ithiel at Ucal, kundi sa di-mabilang na libu-libo na nakikinabang pa rin sa kanyang mga salita hanggang ngayon. Isa siya sa mga banal na tao ng Diyos na "nagsalita habang pinapatnubayan ng Espiritu Santo" (2 Pedro 1:21). Ang pagkasi ay ang paraan ng Diyos ng pagkuha sa isang mahina at hamak na kasangkapan at pagpapatnubay sa kanyang isip, dila at panulat sa paraang ang mismong mga salita ng Walang Hanggan ang kanyang inilalabas.

30:4

Ang pinakamarunong na tao ay nagiging lubhang mangmang kapag hinarap ng mga tanong na gaya ng nasa talatang ito. Agad tayong napapaalalahanan ng hamon ng Panginoon sa Job 38 at 39. Sa pinakamaganda, ang kaalaman ng tao ay napakalimitado at makitid. Walang sinumang tao, kung wala ang pahayag mula sa Diyos, ang makasasagot sa mga tanong na ibinibigay dito. Ang una ay hindi nasagot hanggang sa mga salita ng ating Panginoon tungkol sa Kanyang sarili, gaya ng nakatala sa Juan 3:13: "At walang sinumang umakyat sa langit, kundi ang bumaba mula sa langit, ang Anak ng tao na nasa langit." Siya rin ang bumaba, gaya ng nasusulat, "Ngayon, ang pag-akyat na ito, ano ito kundi ang pagbaba rin niya muna sa mas mababang bahagi ng lupa? Ang bumaba ay siya ring umakyat nang higit sa lahat ng langit, upang mapuspos niya ang lahat ng bagay" (Efeso 4:9-10).

Napakarami para sa mananampalataya sa mahalagang katotohanang kaugnay ng pagbaba at pag-akyat ng Panginoon! Dahil sa ating mga kasalanan ay namatay Siya sa krus, dinala ang matuwid na hatol ng Diyos. Doon ay ininom Niya ang nakakikilabot na kopa ng poot na hindi natin maubos kailanman kahit sa buong walang hanggan. Ngunit dahil sa kung sino Siya, nainom Niya ang kopa at naubos ang poot, at walang naiwan kundi pagpapala para sa lahat ng nagtitiwala sa Kanya. Namatay Siya at inilibing, ngunit binuhay Siya ng Diyos mula sa mga patay, at sa tagumpay ay umakyat Siya sa kaluwalhatian. Si Enoc ay kinuha mula sa buhay na ito nang hindi nakaranas ng kamatayan. Si Elias ay inagaw sa isang nagniningas na karwahe at dinala ng ipu-ipo sa Langit. Ngunit wala sa kanila ang umakyat sa sarili niyang kapangyarihan. Si Jesus, natapos na ang Kanyang gawain at naganap na ang

Kanyang ministeryo sa lupa, ay umakyat sa sarili Niyang kalooban, dumaan sa himpapawid nang kasindali ng paglakad Niya sa ibabaw ng tubig.

Ang katotohanang umakyat Siya sa Langit at tinanggap ng Shekinah—ang ulap ng Kamahalan ng Diyos—ay nagpapatotoo sa kasakdalan ng Kanyang gawain sa pag-aalis magpakailanman ng mga kasalanan ng mananampalataya. Habang si Jesus ay nasa krus, "ipinasan sa kanya" ni Jehova "ang kasamaan nating lahat" (Isaias 53:6). Hindi Siya makapapanatili ngayon sa harapan ng Diyos kung may isang kasalanang natira sa Kanya. Ngunit lahat ay nabayaran na at naalis na, hindi na muling lilitaw. Kaya't pumasok Siya sa Langit, sa kapangyarihan ng sarili Niyang dugo, matapos maisakatuparan ang walang hanggang pagtubos. "Kaya't sinasabi niya, Nang umakyat siya sa itaas, dinala niyang bihag ang pagkabihag, at nagbigay ng mga kaloob sa mga tao" (Efeso 4:8). Winasak Niya "ang may kapangyarihan ng kamatayan, samakatuwid ay ang diyablo," upang Kanyang "mapalaya ang mga sa takot sa kamatayan ay nasa pagkaalipin sa buong buhay nila" (Hebreo 2:14-15).

Ang nanginginig at nababalisang makasalanan ay itinuturo ng Espiritu Santo, hindi sa iglesya o mga sakramento, hindi sa mga ordinansa o mga batas, hindi sa mga limitasyon ng katawan o mga damdamin, kundi sa isang Cristong muling nabuhay at umakyat sa langit, na nakaupo sa pinakamataas na kaluwalhatian!

> *Ang katuwirang mula sa pananampalataya ay nagsasalita nang ganito, Huwag mong sabihin sa iyong puso, Sino ang aakyat sa langit? (samakatuwid ay upang ibaba si Cristo mula sa itaas:) O, Sino ang bababa sa kalaliman?*

> *(samakatuwid ay upang iakyat si Cristo mula sa mga patay.) Ngunit ano ang sinasabi nito? Ang salita ay malapit sa iyo, sa iyong bibig, at sa iyong puso: samakatuwid ay ang salita ng pananampalataya, na aming ipinangangaral; Na kung ipahahayag mo ng iyong bibig ang Panginoong Jesus, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siya ng Diyos mula sa mga patay, ikaw ay maliligtas. Sapagkat sa puso ay sumasampalataya ang tao tungo sa katuwiran; at sa bibig ay ginagawa ang pagpapahayag tungo sa kaligtasan* (Roma 10:6-10).

Dinala ni Cristo ang ating mga kasalanan sa krus. Namatay Siya para sa mga ito. Binuhay Siya mula sa mga patay bilang tanda ng walang hanggang kasiyahan ng Diyos sa Kanyang gawain. Umakyat Siya sa Langit, at ang Kanyang luklukan sa trono ng Diyos bilang isang tao sa kaluwalhatian ay tiyak na patunay na ang ating mga kasalanan ay wala na magpakailanman. Kapag tinanggap ang katotohanang ito, nagbibigay ito ng malalim at pangmatagalang kapayapaan.

Kapag napagtanto ng mananampalataya na ang lahat ay naisagawa sa paraang kinalulugdan ng Diyos; na Siya na nagsagawa nito ay iisa sa Ama; na ang tao bilang nilalang na nagkasala ay walang bahagi sa gawaing iyon maliban sa paggawa ng mga kasalanang ipinagkamatay ng Tagapagligtas: noon, at hindi hanggang noon, nagliliwanag sa kaluluwa ang kadakilaan ng gawain sa krus.

Ang tanong na, “Ano ang kanyang pangalan, at ano ang pangalan ng kanyang anak,” na sinusundan ng hamong, “kung iyong masasabi?” ay nasasagot sa pahayag ng Bagong Tipan tungkol sa Ama at sa Anak.

30:5-6

May dalawang dakilang katotohanang ipinahahayag sa mga talatang ito. Ang una ay ang kasakdalan ng Salita ng Diyos, at ang ikalawa, ang pagiging sapat sa lahat ng Salitang iyon. Ang Kasulatan, sa kabuuan, ay tinatawag na Salita ng Diyos. Ang anumang bahaging kinuha nang hiwalay ay isang salita, o kasabihan, ng Diyos. Ang buong Kasulatan ay hiningahan ng Diyos; bawat bahagi nito ay kinasihan ng Diyos. Kaya't ito ay dalisay at sakdal sa kanyang sarili. Lahat ng nananalig dito ay nakatatagpo na ang dakilang May-akda nito ay kalasag laban sa mga pagsalakay ng kaaway at kanlungan ng kanilang mga kaluluwa. Siya ang magiging proteksyon ng mga nagtitiwala sa Kanya; ngunit walang sinumang nag-aalinlangan o kumukuwestiyon sa integridad ng Kanyang mga salita ang tunay na nagtitiwala sa Kanya.

Ang pagtatangkang magdagdag sa naisulat na ng Diyos ay pagtanggi sa pagiging sapat sa lahat ng Kasulatan. Ito ay maglalaan para sa bawat kalagayan ng buhay at magbibigay-liwanag sa banal sa bawat bahagi ng pananampalataya. Sa bawat panahon ay may mga taong nag-aakalang may pangitain at mga masugid, gayundin ng mga mandaraya at mga impostor, na nagtangkang dagdagan ang Bibliya ng sarili nilang mga pahayag at mga tipon, na inaangking may awtoridad mula sa Diyos. Ngunit kapag inihambing sa mga sulating ito, ang Banal na Kasulatan ay nagniningning na parang diyamanteng maganda at mahalaga na napapaligiran ng mga walang kuwentang piraso ng bubog at pekeng hiyas. Ang Bibliya lamang ang katotohanan. Lahat ng gaya-gaya ay kasinungalingang dumadaya sa sinumang naniniwala at sumusunod sa mga ito.

Ang mga aklat na apokripa sa dalawang Tipan ay halimbawa ng mga mapanlinlang na sulatin. Lalo na itong totoo tungkol sa mga kakatwang alamat nina Tobit at Judith, sa mga pangitaing apokaliptiko ni Hermes, at sa mga kakila-kilabot na tala ng mga huwad na ebanghelyo ng Pagkabata, ni San Tomas, at ni Nicodemo.

Ang Talmud ng mga Judio at ang mga kabaliwan ng Cabala ay ganoon ding uri, na itinuturo bilang mga doktrina ang mga utos ng tao.

Sa panahong Cristiano, lalo na sa nakalipas na dalawang siglo, maraming gaya-gaya ang ipinasa sa mga madaling maniwala bilang may katulad na katangian ng Banal na Kasulatan. Ngunit kapag hinatulan ayon sa mga salita ng Kawikaan 30:5-6, walang pag-aatubili nating ipinahahayag na ang mga sulating ito ay mga kasinungalingan ni Satanas. Kabilang sa mga ito ang mga kunwa'y pahayag at kakatwang guni-guni ni Emanuel Swedenborg; ang *Book of Mormon* at mga kauring akda ni Joseph Smith at ng kanyang mga tagasunod; ang *Flying Roll of the Jezreelites*; ang mga hula at pangitain ni Ellen White, na itinuturing ng mga Seventh-day Adventist na kapantay ng Bibliya sa awtoridad; ang mga di-Cristiano at di-siyentipikong teorya ni Mary Baker Eddy, gaya ng inilahad sa *Science and Health*, na inaangkin ng mga tagasunod nito na susi sa Kasulatan. Sa listahang ito ay maidaragdag ang bawat aklat o turo na umaangking mula sa Diyos, ngunit hindi kabilang sa Kautusan, sa mga Propeta, sa mga Awit, o sa Bagong Tipan. Sa dakilang tipon ng Banal na Bibliya, ipinaalam ng Diyos ang Kanyang banal na kalooban at ipinahayag ang lahat ng Kanyang ibabahagi tungkol sa Kanyang sarili, sa Kanyang layunin, at sa Kanyang mga daan, hanggang sa pagsapit ng kaluwalhatian

para sa mga banal. Ang araw na iyon ay magiging araw din ng kapahamakan para sa mga tumatanggi sa Kanyang tiyak na patotoo, na tinatapak-tapakan ito o dinadagdagan ng mga kaawa-awang kaisipan ng makasalanang tao!

Basahin ang Awit 12:6 at ang buong 119; Deuteronomio 4:2; at 12:32; Colosas 1:25; at Apocalipsis 22:18-19.

30:7-9

Ang panalanging ito ni Agur ay tumatagos sa puso ng banal sa lahat ng dispensasyon. Malaki ang pagkakahawig nito sa nakaaantig na panalangin ni Jabez na nakatala sa 1 Cronica 4:10. Angkop itong pahayag para sa sinumang anak ng Diyos, kahit na naturuan na ng biyaya ang kaluluwa na sabihing, "Natutuhan ko, sa anumang kalagayan ako naroroon,... na masiyahan. Alam ko kung paano maging hamak, at alam ko kung paano managana: saanman at sa lahat ng bagay ay natutuhan ko kapwa ang mabusog at ang magutom, kapwa ang managana at ang magkulang" (Filipos 4:11-12). Tanging kapag ang puso ay naisuko kay Cristo makapagtatagumpay ang isang tao sa lahat ng kalagayan. Ang nakakikilala sa kanyang sarili ay lubos na nakauunawa kung bakit nakapanalangin si Agur para sa katamtamang kalagayan kung iyon ang kalooban ng Diyos. Hindi siya nag-alinlangan sa kapangyarihan ng Diyos na ingatan siya sa anumang kalagayan. Ang sarili niya ang hindi niya pinagkatiwalaan.

Ang una sa dalawang bagay na hiniling niya sa Panginoon ay ang maingatan mula sa kasamaan. Ninais niyang ilayo sa kanya ang kawalang-kabuluhan at mga kasinungalingan. Ang tao ng Diyos ay natatakot sa kasalanan at napopoot dito. Ang bagong kalikasan sa loob niya ay nagiging dahilan upang hindi siya

makaramdam ng kaligayahan habang lumalakad sa masamang daan. Ang kabanalan ang kanyang kagalakan at kaluguran, kaya't dumaraing siya para sa ganap na pagkalaya mula sa laman, ang prinsipyong iyon ng paghihimagsik sa loob ng kanyang dibdib na nakikidigma laban sa bagong kalikasan. Ang isang nagpapakilalang Cristiano na nakatatagpo ng kasiyahan sa kawalang-kabuluhan at mga kasinungalingan ay nagpapakita ng tunay na kalagayan ng kanyang puso at ginagawang malinaw sa bawat kaluluwang tinuruan ng Espiritu na siya ay estranghero pa rin sa pagsilang na muli. Ang pagkapoot sa kasalanan at pananabik na mapalaya mula sa kapangyarihan nito at sa mismong presensiya nito ay isa sa mga pinakatiyak na katibayan na ang Espiritu ay gumagawa sa kaluluwa, kahit na hindi pa lubos na nauunawaan ng tao ang mahahalaga at nagbibigay-kapayapaang katotohanan ng Ebanghelyo. Kaya't ang pinakabata at ang pinakamatandang banal ay maaaring kapwa umangkin ng daing ni Agur, "Ilayo mo sa akin ang kawalang-kabuluhan at mga kasinungalingan."

Ang ikalawang kahilingan ay tungkol sa mga bagay na panlupa at karapat-dapat pansining mabuti. Madali nating mauunawaan ang isang taong nananalanging maingatan siya mula sa karalitaan, ngunit lubhang bihira ang makatagpo ng isang natatakot sa kayamanan at nananalanging maingatan mula sa mga kayamanan. Kinatakutan niya ang matinding karalitaan, baka sa kahinaan ng kanyang laman, siya ay maging hindi tapat, at magdala ng kahihiyan sa pangalan ng kanyang Diyos. Ngunit ang mga kayamanan, din, ay dapat na katakutan nang gayon din, sapagkat karaniwang nangyayari na ang mga tao ay lalong nagiging hindi umaasa sa Diyos habang dumarami ang kanilang mga ari-arian sa mundo; "Si Jeshurun ay tumaba, at sumipa:...nang magkagayo'y tinalikdan niya ang Diyos"

(Deuteronomio 32:15). Ang mayayaman ay nalalantad sa maraming bitag na bihirang maranasan ng mga nasa katamtamang kalagayan. Napansin ito ni Agur. Kaya't hindi niya ninais na magpakasasa sa karangyaan, kundi pakainin ng pagkaing angkop sa kanyang katayuan sa buhay. Pipiliin niya, kung iyon ang kalooban ng Diyos para sa kanya, na manatili sa gitnang kalagayan sa pagitan ng dalawang dulo ng matinding pangangailangan at nag-uumapaw na kasaganaan. Habang lalo nating pinagninilayan ang panalanging ito, lalo nating nakikita ang karunungan at kabanalan nito.

30:10

Ang kalagayan ng isang alipin sa Silangan, na kadalasa'y isang busabos, ay mahirap na sa pinakamaganda. Kaya't ang sinumang umako sa sarili niya na magsumbong laban sa isang alipin sa kanyang panginoon, totoo man o hindi ang paratang, ay malamang na kapootan ng kaawa-awang isinumbong niya. At kung mapatunayang ang nagparatang ay walang makatarungang batayan sa kanyang bintang, mapapahiya siya sa harap ng isang mas mababa ang katayuan. Kung ilalapat natin ang prinsipyong ito sa mga Cristiano, napapaalalahanan tayo ng kapangahasan at kawalan ng pag-iisip at pagmamalasakit sa isa't isa, na nagtutulak sa isang banal na husgahan ang paglilingkod ng kanyang kapwa manggagawa. "Sino ka na humahatol sa alipin ng iba? sa kanyang sariling panginoon siya nananatili o nabubuwal…Kaya't huwag na tayong maghatulan sa isa't isa: kundi ito ang inyong hatulan, na walang sinumang maglalagay ng katitisuran o kadahilanan ng pagkabuwal sa daan ng kanyang kapatid" (Roma 14:4, 13).

30:11-14

Ang salitang *salinlahi* ay ginagamit dito, gaya sa maraming ibang bahagi ng Kasulatan, upang ilarawan ang isang partikular na uri ng mga tao na may magkakatulad na katangian. Ganito ang paggamit dito ng ating Panginoon nang tukuyin Niya ang mga Judio bilang isang masama at mapangalunyang salinlahi at ipahayag na ang salinlahing iyon ay hindi lilipas bago ang Kanyang pagbabalik mula sa Langit. Ang pag-aakalang ang ibig Niyang sabihin ay isang salinlahi ng tatlumpu hanggang apatnapung taon ay paggulo sa buong hula.

Malinaw na inilarawan ni Agur ang isang salinlahi ng mga palalong tao para sa ating pagtuturo at babala. Nagkakasiya sa sarili, hindi nila kinikilala ang anumang utang na loob sa ama at ina, kundi sinusumpa ang isa at hindi pinagpapala ang isa pa. Narumihan ng nakakikilabot na karumihan ng kanilang mga kasalanan, gayunman ay dalisay sila sa sarili nilang paningin, bawat isa ay nagpapahayag ng sarili niyang kabutihan. Tingnan ang Kawikaan 20:6.

Sa pag-irap ng kanilang mga mata at pagtaas ng kanilang mga kilay, ipinakikita nila ang kanilang mapagmataas na kayabangan at kapalaluan. Kung may sinumang magtangkang itama sila o ipaalam sa kanila ang tunay nilang kalagayan sa paningin ng Diyos, galit nilang binabalingan ito na parang mababangis na hayop na handang lumapa sa kanya gamit ang kanilang mga ngipin, na parang mga tabak at kutsilyo. Kahit walang nag-uudyok, maaari silang maging malupit at taksil, nilalamon ang dukha at ang nangangailangan. Tingnan ang Kawikaan 6:17 at 21:4.

Ang salinlahing ito ng mga tao ay kinakatawan sa Bagong Tipan ng mga Fariseo. Sa panlabas ay malamig sila at palalo, tama at

banal, samantalang palihim nilang nilalamon ang mga bahay ng mga balo at hindi pinapansin ang daing ng mga dukha.

Ganyan ang tao sa kanyang sariling katuwiran. Ganyan sana ang katangian ng lahat, kung hindi ginawang iba ng walang katulad na biyaya ng Diyos ang ilan!

30:15-16

Palalo at nagkakasiya man siya sa sarili, ang puso ng tao ay hindi kailanman nasisiyahan. Gaya ng lintang matakaw sa pagkain, hindi siya kailanman nabubusog. Ang dalawang anak na babae ay marahil simpleng simbolikong paraan lamang ng pagpapahayag ng katangiang ito ng sumisipsip ng dugo sa Arabia. Ngunit sinundan ko sina Propesor Noyes at Stuart sa pagtuturing sa mga salitang "Bigyan! Bigyan" bilang mga pangalan ng mga anak na babae. Ipinakikita ng pangalan ang kanilang kaawa-awang mga gawi.

Pansinin ang kakaiba ngunit eksaktong paggamit ng mga bilang na tatlo at apat. Tatlong bagay ang hindi kailanman nasisiyahan: ang di-nakikitang daigdig, na patuloy na binababaan ng mga espiritung humiwalay sa katawan; ang baog na sinapupunan; at ang lupa na walang tigil na inuulanan sa kung saan-saan. Ngunit "apat na bagay ang hindi nagsasabing, Tama na." Kaya't sa tatlong nabanggit na, idinagdag ng may-akda ang apoy. Lumalamon ito hanggang sa maubos ang lahat ng maabot nito. Pagkatapos ay kailangan nitong tumigil at, sa isang paraan, nasisiyahan na, ngunit dahil lamang sa napipilitan ito; kung may mas marami pang materyal na pakakainin, magpapatuloy pa rin ito sa pagwasak.

Lahat ng ito ay mga larawan lamang ng balisang pananabik na itinanim sa dibdib ng tao ng Pagkahulog. Ang sanlibutan at

lahat ng nilalaman nito ay hindi sapat upang punuin at bigyang-kasiyahan ang puso ng tao. “Nilikha Mo kami para sa Iyong sarili,” sabi ni Augustine ng Hippo, “at ang aming mga puso ay hindi kailanman mapapanatag, hangga’t hindi nagpapahinga sa Iyo.” Kay bagal nating matuto ng aral!

30:17

Tingnan ang talata 11 ng kabanatang ito. Kilalang katotohanan na ang mga uwak, mga agila, at marami pang ibang ibong mandaragit ay sinisimulan ang kanilang pagsalakay sa isang bangkay, buhay na hayop, o tao sa pagtuka sa mga mata. Tila sinasabi sa kanila ng kanilang likas na kaalaman na kapag nawala na ang kakayahang makakita, lubusan nang walang magagawa ang kanilang mga biktima. “Tutukain ng uwak balang araw ang iyong mga mata!” ay isang sumpa sa Silangan na maaaring batay nga sa kawikaang ito.

Ang masuwaying manunuya ay sasapit sa kapahamakan sa paraang katulad ng inilalarawan dito. Bigla, ngunit tiyak, mawawalan siya ng kakayahang makakita. Matitisod siya sa kadiliman, walang saysay na sinusubukang itaboy ang mga kaaway na wumasak sa kanyang kaligayahan at lalo pang sisira sa kanyang buhay. Ito ang batas ng ganti na dapat yukuan ng lahat. Ilang magulang, napahiya at wasak ang puso dahil sa pagkaligaw ng isang mapaghimagsik na anak na lalaki o babae, ang nakaalaala sa matinding pagsisisi ng sarili niyang katulad na pagsuway noong ang kanyang mga magulang, matagal nang pumanaw, ay binagabag at pinahirapan ng kanyang pagtangging magpasakop. Ang mga alaalang ito ay bumabalik sa mga huling taon nang may dumudurog na bigat.

30:18-20

Muli ay may tatlo at apat na maingat na pinag-iba. Lahat ng mga dahilan ng pagkamangha ay lampas sa kakayahan ng tao na ipaliwanag, ngunit tatlo lamang ang imposible para sa kanya. Hindi niya masusundan ang mga landas ng agila sa himpapawid, ng ahas sa ibabaw ng bato, o ng barko sa dagat. Ang paraan ng isang lalaki sa isang babae—ang lubusang pagkontrol sa kanyang isip at kalooban—ay maaaring hindi maipaliwanag, gayunman ay napakaraming halimbawa nito kaya hindi maituturing na lubhang kahanga-hanga para sa kanya.

Ipinagpapatuloy ng may-akda ang paglalarawan sa asal ng isang mapangalunyang babae. Manhid na ang budhi, nabubuhay siya sa kanyang kasalanan; ngunit gaya ng kumakain na nagpupunas ng kanyang bibig at nag-aalis ng lahat ng bakas ng kanyang pagkain, itinatago niya ang kanyang pagkakasala at buong tapang na nagsasabing, "Wala akong ginawang kasamaan."

"Mangagpangaralan kayo araw-araw,... baka ang sinuman sa inyo ay mapatigas sa pamamagitan ng daya ng kasalanan" (Hebreo 3:13) ay isang talatang kapaki-pakinabang na isaisip. Madalas na idinadahilan ang kasalanan bilang isang bagay na hindi dapat panagutan ng tao sa moral. Madalas na itinuturing ng mga tao ang kasalanan bilang sakit ng isip at katawan sa halip na kasamaang pananagutan ng gumagawa ng mali. Ngunit malinaw na ipinahayag ng Diyos na Kanyang "dadalhin ang bawat gawa sa paghuhukom, pati ang bawat natatagong bagay, maging mabuti man o masama" (Eclesiastes 12:14).

30:21-23

Ang unang tatlo sa mga nakasusuklam na bagay na ito ay lubhang nakaiinis. Ang ikaapat ay lubusang gumugulo sa kaayusan ng sambahayan.

Ang isang aliping namumuno ay gaya ng rumaragasang bagyo sa Kawikaan 28:3. Hindi bihirang mangyari sa Silangan na ang isang busabos o alipin ay biglang maitaas sa malaking kapangyarihan dahil sa kakaibang pangyayari; kung minsan ay sa pamamagitan ng pagtataksil, gaya sa kaso ni Zimri (1 Hari 16:1-20), o sa pamamagitan ng pagpapaboran gaya sa di-karapat-dapat na si Haman (Esther 3). Ang mga taong mababa ang katayuan na naitaas ay kadalasang mas malupit sa mga tao kaysa sa mga ipinanganak sa mataas na katayuan. May nagsabi na ang isang aliping namumuno ay nagiging "ang pinakamayabang, pinakamapagmataas, pinakamalupit, at pinakamapaniil sa mga panginoon." Kasing-gulo rin ang isang mangmang o hamak na busog sa pagkain—samakatuwid, may lahat ng ninanais ng kanyang puso. Nagpapakasasa sa kasaganaan, hinahamak niya ang nangangailangan at inaakalang ang kanyang mga ari-arian ay nagbibigay sa kanya ng karapatang igalang, kahit wala siyang anumang kabutihan. Totoo ito kay Nabal na asawa ni Abigail na tinukoy na natin noon.

Angkop na pangwakas sa kaawa-awang tatluhang ito ang isang nakasusuklam na babae kapag nag-asawa. Hindi kaibig-ibig at mapaghiganti sa ugali, winawasak niya ang kapayapaan at kaligayahan ng kanyang pamilya.

Ang ikaapat na halimbawa, gayunman, ang dapat katakutan nang higit sa lahat, pagdating sa paggulo sa kaayusan ng tahanan. Isinalin ng Septuagint ang bahaging ito bilang "Isang

alilang babae kapag nakuha na niya ang lugar ng kanyang panginoong babae." Ang isang tahanan ay lubusang nawawasak kapag ang isang inupahang alila ay nakuha ang pagmamahal ng asawang lalaki, na nagpapalayo sa kanya sa kanyang asawa at mga anak. Nakalulungkot, ang mga ganitong pangyayari ay hindi bihira at wumasak na sa libu-libong pamilya. Kay halagang magbantay sa mga unang simula ng di-banal na pagkapalagayang-loob na maaaring magwakas nang ganoon kasaklap!

30:24-28

Sa apat na matatalinong bagay na inilalarawan sa mga talatang ito ay mayroon tayong magandang larawan ng Ebanghelyo.

Nabanggit na natin ang masinop na mga gawi ng langgam ng Palestina na kumakain ng butil, sa mga tala sa 6:6-8. Ang karunungan nito ay nasa masikap na paghahanda para sa hinaharap. Likas na alam ng langgam na samantalahin ang kasalukuyang pagkakataon upang matugunan ang darating na pangangailangan. Maingat nitong iniimbak ang pagkain nito, inaasahan ang panahong lilipas na ang maliliwanag na araw ng tag-araw, at ang lamig ng taglamig ay hahadlang sa paghahanap nito ng pagkaing bubuhay sa kanya.

Sa mga bagay na materyal, madaling ipinakikita ng tao ang katulad na karunungan ng maliit na nilalang na ito. Siya, din, ay naghahanda para sa mga darating na araw na ang karamdaman o katandaan ay hahadlang sa kanyang paglabas upang magtrabaho. Ngunit hindi ba kamangha-mangha na ang mga taong nagpapakita ng kahanga-hangang pagtanaw sa mga bagay na panlupa ay lubusang nakalilimot na maghanda para sa

walang katapusang kawalang-hanggan na bawat sandali ay lalong lumalapit sa kanila?

Nakalilimot sa mga panahong susunod sa maikling buhay na ito sa lupa, hinahayaan nilang lumipas ang mga gintong pagkakataon, na hindi na muling babalik. Pabaya silang nagmamadali, hindi pinapansin ang pangangailangan ng kanilang mga kaluluwa at ang kakila-kilabot na panganib na naghihintay sa kabila ng kamatayan. “At kung paanong itinakda sa mga tao ang mamatay nang minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom; Gayon din si Cristo, na inihandog nang minsan upang dalhin ang mga kasalanan ng marami; at sa mga naghihintay sa kanya ay magpapakita siya sa ikalawang pagkakataon, na hiwalay sa kasalanan, tungo sa kaligtasan” (Hebreo 9:27-28). Dito natin natututuhan ang mabilis na papalapit na panganib at ang Isa na tanging makapagliligtas mula rito. Ngunit ang karamihan sa sangkatauhan ay baliw na baliw sa pag-aalala sa lumilipas na kasalukuyan kaya lubusan nilang hindi pinapansin ang walang hanggang hinaharap.

Sa lahat ng ganito, ang munting hamak na langgam ay malakas na nangangaral, sumisigaw sa tainga ng sinumang makikinig, “Tumakas kayo mula sa poot na darating” (Mateo 3:7); “Humanda ka sa pakikipagkita sa iyong Diyos” (Amos 4:12)! Ang langgam ay praktikal ding mangangaral, sapagkat nagtuturo ito sa pamamagitan ng gawa. Tumatangging sayangin ang mga gintong oras ng tag-araw, tapat na ginagamit ng langgam ang kasalukuyan dahil sa hinaharap. Hindi ito katulad ng mga tao na sinasayang ang mga araw ng pagkabata, kabataan, at katanghaliang-gulang sa mga walang halagang bagay, at iniiwan ang kanilang sarili na hindi handa para sa kawalang-hanggan,

Inilalarawan ng langgam ang karunungang dapat isapuso ng lahat. Kung ang mambabasa ay hindi pa ligtas, kung hindi pa niya naaayos ang kanyang mga bagay na walang hanggan sa paglapit kay Cristo, hayaang isigaw ko sa kanyang tainga ang sigaw ng kapitan ng barko sa tumatakas na propeta: "Ano ang ibig mong sabihin, O ikaw na natutulog? bumangon ka, tumawag ka sa iyong Diyos" (Jonas 1:6)! Kung hindi ka magigising sa lalong madaling panahon, magigising ka nang huli na; malalaman mong tapos na ang mga araw ng paghahanda at nagsimula na ang kawalang-hanggan habang ang iyong kaluluwa ay hindi pa ligtas, at mananatili ka magpakailanman na walang Cristo!

Sa nagnanais tumakas mula sa darating na paghuhukom, ang kuneho rin ay may mensaheng nagsasabi tungkol sa tanging ligtas na kanlungan. Sa totoo, ang maliit na hayop sa ika-26 na talata ay hindi talaga kuneho; isa itong lubhang mahiyain at walang panlaban na nilalang na kauri ng marmot, na kilala sa mga naturalista bilang Syrian hyrax o rock badger. Ang tunay na kuneho ay kabilang sa pamilya ng mga rabbit at hindi naninirahan sa mga bato. Ngunit ang hyrax ay naninirahan doon. Inilalarawan ito bilang "isang maliit na hayop na matatagpuan sa Lebanon, Palestina, Arabia Petra, Itaas na Ehipto, at Abyssinia. Halos kasinlaki, kasinghugis, at kasingkayumanggi ito ng rabbit, na may mahahabang hulihang binti na angkop sa pagtalon, ngunit mas pangit ang pangangatawan kaysa sa hayop na iyon. Wala itong buntot, at may mahahabang matitigas na balahibong nakakalat sa pangkalahatang balahibo nito; tungkol sa mga tainga nito (na maliliit at pabilog sa halip na mahaba, gaya ng sa rabbit), sa mga paa nito, at sa nguso, kahawig nito ang hedgehog. Dahil sa pagkakabuo ng mga paa nito, na bilog, at may malambot,

